# DAAN KATOTOHANAN BUHAY

Pagdidisipulo Bilang Paglalakbay Sa Kagandahang-Loob Ng Diyos

**David A. Busic**

Ang buhay na pagsunod kay Jesus ay hindi dapat nakababagot o tumitigil, at hindi ginagawa nang mag-isa lang. Habang hinahangad nating maging higit na kawangis ni Jesus, natutuklasan natin na ang pagdidisipulo ng mga Kristiyano ay isang patuloy na paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Sa *Daan Katotohanan Buhay,* inaanyayahan tayo ni David Busic na tingnan ang iba't ibang kaparaanan ng naghahanap, nagliligtas, nagpapabanal, nagpapanatili, at sapat na kagandahang-loob ng Diyos upang matugunan kung nasaan tayo sa ating buhay. Kapag tumugon tayo nang matapat sa isang taong buong pagmamahal na tumatawag at naghahanda sa atin para sa Paglalakbay sa Kagandahang-loob ng Diyos, magkakaroon tayo ng kagalakan para sa isang mas malalim na pakikipag-ugnayan kay Jesu-Cristo, na siya mismo ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay.

Si David A. Busic (DMin, DD) ay nagsisilbing *General Superintendent* sa *Church of the Nazarene.* Dati siyang pangulo ng *Nazarene Theological Seminary* sa Kansas City (USA), at naging pangunahing pastor ng mga iklesia sa California, Kansas, at Oklahoma. Isinulat din ni Busic ang *The City: Urban in the Wesleyan-Holiness Tradition,* at dalawang volumes ng *Perfectly Imperfect,* mga pag-aaral tungkol sa mga tauhan ng Luma at Bagong Tipan.

CHURCH OF THE NAZARENE

ISBN 978-1-63580-218-4
90000
9 781635 802184

# DAAN
# KATOTOHANAN
# BUHAY

## Pagdidisipulo Bilang Paglalakbay Sa Kagandahang-Loob Ng Diyos

**David A. Busic**

CHURCH OF THE NAZARENE
Philippines/Micronesia Field Office
Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary
Ortigas Ave. Ext., Kaytikling
Taytay, 1920 Rizal, Philippines

Copyright © 2021 by The Foundry Publishing
The Foundry Publishing
PO Box 419527
Kansas City, MO 64141 (USA)

Orihinal na inilathala sa Ingles sa ilalim ng pamagat na
*Way Truth Life*
Ni David A. Busic
Inilathala ng The Foundry Publishing

Ang edisyong ito ay may pagsasaayos na inilathala sa
The Foundry Publishing.
Nakalaan ang lahat ng mga karapatan

ISBN 978-1-63580-218-4

Walang bahagi ng publikasyon na ito ang maaaring kopyahin, maiimbak sa isang lugar na maaaring kunin, o mailipat sa anumang anyo o paraan nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng tagapaglathala, halimbawa ay pag-scan, pagkopya, at pagtala. Ang tanging eksepsyon lamang ay ang maikling mga sipi sa mga nakalimbag na pagsusuri.

Disenyo ng Harapan:
Disenyong Panloob: Sharon Page
Pagsasalin: Helen Hernandez Caparas
Patnugot: Jason Valeriano Hallig, PhD

Ang lahat ng mga sipi sa Banal na Kasulatan ay mula sa salin ng Magandang Balita Biblia.

Ang mga *internet address* sa aklat na ito ay tama sa panahon ng paglalathala, ngunit maaaring hindi magamit sa lahat ng iba pang mga wika. Maaaring gamitin ang mga *link* na ito. Hindi ito pinagtitibay ng tagapaglathala at walang pananagutan sa mga nilalaman at pananatili nito.

*Sa alaala ni Robert E. Busic, isang ama na nagturo sa akin na ang pagdidisipulo ay isang paglalakbay na umaapaw sa kagandahang-loob ng Diyos at tayo ay tinawag upang maging kawangis ni Cristo.*

•

*Ang kalooban mo'y ituro sa akin, at tapat ang puso ko na ito'y susundin; turuang maglingkod nang buong taimtim.*

*—Awit 86:11*

# MGA NILALAMAN


Pagkilala

Panimula

1. Ang kagandahang-loob ng Diyos, nagpapamangha sa atin

**Ang Daan**

2. Ang kagandahang-loob ng Diyos, naghahanap sa atin

**Ang Katotohanan**

3. Ang kagandahang-loob ng Diyos, nagliligtas sa atin

**Ang Buhay**

4. Ang kagandahang-loob ng Diyos, nagpapabanal sa atin
5. Ang kagandahang-loob ng Diyos, nagpapanatili sa atin
6. Ang kagandahang-loob ng Diyos, sapat para sa atin

Panghuling Salita: Si Jesu-Cristo ay Panginoon

# PAGKILALA

Ang mga pagkilala at pasasalamat ay sumasaklaw mula sa mga taong ginawa ang lahat ng kanilang makakaya na hindi kayang bayaran upang ito ay maisakatuparan.

Nang ako ay nahalal na *General Superintendent* ng *Church of the Nazarene*, alam ko na malaki ang magiging bahagi sa aking buhay ng aking mga kamanggagawa sa *Board of General Superintendent*s na may napakahalagang impluwensya. Bagaman magkaka-iba ang aming mga opinyon sa hindi mabilang na pag-uusap at pagpupulong bilang mga tagapanguna, mananatiling matatag ang kanilang pangako sa patuloy na pananalangin upang gawin kung ano ang makabubuti para sa iklesia—ano pa man ang kapalit—at ang buo kong pagtitiwala sa kanilang karakter at sa kadalisayan ng kanilang mga puso. Salamat kay Filimao Chambo, Gustavo Crocker, Eugenio Duarte, David Graves, Jerry Porter, Carla Sunberg, at J. K. Warrick. Ang inyong impluwensya ang nagbigay inspirasyon upang maisulat ang aklat na ito para sa paglilingkod sa iklesia at sa pagtupad ng ating misyon na "gawing alagad ang mga tao sa lahat ng bansa."

Salamat kay Scott Rainey, direktor ng *global discipleship ministries* sa *Church of the Nazarene* sa paanyaya na sumulat ng isang simpleng aklat na binibigyang-diin ang pagdidisipulo na may kabanalan bilang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Salamat kay Bonnie Perry, direktor ng editoryal sa *The Foundry Publishing* para sa kanyang hindi matitinag na paniniwala na ang mabuting teolohiya na naisulat at naipasa sa aming mga anak ay sapat na upang ipuhunan

ang kanyang buhay. Salamat kay Audra Spiven sa kanyang masusing pag-patnugot at sa palagiang pagtatanong ng, "Ano kaya kung dapat ganito ang pagkakasabi nito." Panghuli, salamat sa mapagmahal na kongregasyon ng *Church of the Nazarene* noong aking kabataan na nagturo na ang kabanalan ay hindi lamang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo para sa atin, ngunit kung ano pa ang kanyang patuloy na gagawin kapag isinuko natin ang ating karapatan at hayaan na si Jesus ay maging Panginoon.

## Tala mula sa may Akda

Tulad ng naging istilo ko sa mga nakaraang pagsusulat, hinihimok ko ang mga mambabasa na basahin din ang *footnotes* upang lalong maunawaan ang tungkol sa pagdidisipulo at paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Ang mga anotasyon ay pasasalamat sa mga kaisipan na nagmula sa iba at ng aking pagnanais pa ng mga karagdagang pananaw para sa kalinawan ng buong bahagi ng aklat na ito. May mga pagsipi sa panimula ng bawat kabanata, kahit nabanggit na ito ng may akda.

# PANIMULA

Inaanyayahan tayo ni Jesus sa isang paglalakbay. "Halika, sumunod ka sa akin." Isang simpleng paanyaya sa isang makulay na paglalakbay kasama ang isang minamahal na kaibigan. Higit pa sa tamang paniniwala at kaisipan lamang ang buhay Kristiyano. Isa itong paanyaya sa isang paglalakbay kasama si Jesus.

Ang isa pang salita para sa paglalakbay kasama si Jesus ay ang *pagdidisipulo*. Ang pagdidisipulo ay pagsunod sa pamamaraan ni Jesus habang kasama siyang naglalakbay. Maraming mga hadlang na hindi inaasahan sa paglalakbay. Minsan madali at minsan naman ay mahirap. Gayunpaman, ang pinaka layunin (sa Griyego, *telos*) ng pagdidisipulo ay nananatili: ang maging kawangis ni Cristo.

Kung sa tingin mo ay hindi ito maaaring mangyari, ito na ang magandang pagkakataon upang ikaw ay magsimula. Sa katunayan, maaaring imposibleng mangyari kung hindi lang sa katiyakan na magagawa ang paglalakbay kasama si Jesus. Isang paglalakbay sa kagandahang loob ng Diyos.

Nang sinabi ni Jesus, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14.6), tinutukoy niya ang higit pa sa isang intelektuwal na bagay na nangangailangan ng kaayusan at pagkakasunud-sunod, o isang pakikipagkasundo sa Diyos. Inilalarawan niya kung paano mangyayari ang pagdidisipulo sa pamamaraan ng pakikipag-ugnayan. Sa katunayan, hindi pilosopiko o mga alituntunin sa buhay ang aklat na ito na *Daan Katotohanan Buhay*. Ang Daan, Katotohanan, at Buhay ay pawang tumutukoy sa isang persona.

Tinutukoy ni Jesus ang tamang *telos* (layunin) tungo sa paglalakbay: ang tunay na buhay ayon sa nais ng Diyos at ito ay ang daan at ang katotohanan, na nagkaroon ng katuparan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanyang sarili.[1] At ito ay may mahalagang kaugnayan sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

Inilalarawan ni James K. A. Smith ang pagdidisipulo tulad ng "isang uri ng imigrasyon, mula sa kaharian ng kadiliman patungo sa kaharian ng bugtong na Anak ng Diyos (Mga Taga-Colosas 1.13)."[2] Ganito ang mga salitang ginagamit sa isang paglalakbay—paglipat mula sa isang kinaroroonan patungo sa iba.[3] Tungkol ito sa pagbabago ng pagkamamamayan at katapatan. Sa pagdidisipulo, hindi maaaring mangyari kung hiwalay sa kagandahang-loob ng Diyos kay Jesu-Cristo na siyang Daan. Sa kanyang pagpapatuloy, sinabi ni Smith: "Kay Cristo nabigyan tayo ng pagkakataon upang makapasok sa kanyang kaharian; kasama ang mga kasapi ng katawan ni Cristo, natuto tayong mamuhay tulad ng 'mga lokal' ng kanyang kaharian. Hindi tayo na tele-port na parang biglang nawala mula sa isang lugar at napunta sa iba; kailangan nating masanay sa isang bagong paraan ng pamumuhay, malaman ang salita, mapag-aralan ang mga bagong gawi—at tanggalin ang mga nakasanayang kapangyarihan ng kalaban."[4]

Pinaniniwalaan kong tunay ang sinabi ni Jesus, "Maghahanda ako ng lugar para sa inyo" (Juan 14), kasama sa pangakong iyon na

1. Tinukoy ni Richard John Neuhaus ang mga *telos* bilang "sukdulang katapusan na nagbibigay-kahulugan sa bagay na pinag-uusapan." Neuhaus, *Death on a Friday Afternoon: Meditations on the Last Words of Jesus from the Cross* (New York: Basic Books, 2000), 127.

2. James K. A. Smith, *You Are What You Love: The Spiritual Power of Habit* (Grand Rapids: Brazos Press, 2016), 66.

3. Ang *The Pilgrim's Progress* (1678) ni John Bunyan ay isang kathang-isip ng sinaunang bersyon ng parehong konseptong ito ng paglalakbay na ginagawa ng isang tao upang magpalit ng bansa o tirahan na kaharian.

4. Smith, *You are What You Love*, 66.

siya mismo ang naghahanda at naglalaan para sa ating paglalakbay, kasama na ang mga tirahan sa ating pagdating. Sa pamamagitan niya makararating tayo sa ating maluwalhating paroroonan upang maging mga mamamayan ng isang bagong lugar—ng kanyang kaharian. Higit sa lahat, ipinangako niyang sasamahan tayo hanggang makarating sa kanyang kaharian na ating tahanan. Si Jesus ang daan sa ating paroroonan. Ito ang hatid na pag-asa ng paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

## Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay

Nang sabihin ni Jesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay," hindi niya tinutukoy ang isang prinsipyo sa buhay na mahirap unawain at laging dapat tandaan. Sa halip, tugon ito sa isang katanungan mula sa mga takot at walang katiyakang mga alagad. Mula sa isang bahagi ng Ebanghelyo ni Juan, tinukoy ito ng mga iskolar ng Biblia bilang "ang huling diskurso" (Juan, mga kabanata 14 hanggang 17). Ang apat na mga kabanatang ito ng Ebanghelyo ni Juan, higit sa tatlong iba pang mga Ebanghelyo ng Bagong Tipan, ay nagbibigay sa atin ng pananaw kung ano ang iniisip ni Jesus nang mga sandaling iyon, at kung ano ang kanyang itinuturo sa kanyang mga alagad bago ang kanyang paghihirap at kamatayan sa krus. Mailalarawan natin ito bilang huling habilin ni Jesu-Cristo.[5]

Alalahanin natin na nakarinig ng hindi magandang balita ang mga alagad. Nagtipon at nagsisiksikan ang bawat isa sa isang hiram at masikip na silid. Hinugasan ni Jesus ang mga paa ng kanyang labindalawang alagad at hindi sila komportable doon. Kanyang sinabi na hindi magtatagal magtataksil laban sa kanya ang isa sa kanila

5. Tinutukoy ni Frederick Dale Bruner ang Juan 14–16 bilang mga pangaral ni Jesus tungkol sa pagdidisipulo, kung saan ang kabanata 17 ay nagsisilbing isang pangwakas na panalangin at, sa kabuuan, "ang malaman at sistematikong teolohiya ni Jesus para sa kanyang iklesia." Bruner, *The Gospel of John: A Commentary* (Grand Rapids: Eerdmans, 2012), 78.

(13.21). At ang lalo pang nagpalala, pagkatapos ng maraming taon ng paglalakbay sa iba't ibang lugar kung saan sila ay magkakasama, sinabi sa kanila ni Jesus na siya ay aalis at hindi sila maaaring sumama sa kanya (13.33).

Nakababagabag ang lahat nang ito! Nadama ni Jesus ang bigat ng kanyang mga sinabi sa kanila. Kaya hindi nakapagtataka na sinabi niya, "Huwag kayong mabalisa" (14.1). Ang salitang "mabalisa" ay ang parehong salita na ginamit upang ilarawan ang mga tubig ng Dagat ng Galilea sa panahon ng isang malakas na bagyo. Kapag umiihip nang malakas ang hangin, nagiging malikot at maalon ang tubig. Ganoon ang pakiramdam ng mga alagad. Umiikot ang kanilang mga sikmura at tila sila ay hilong-hilo. Hindi nila makayanan ang kanilang emosyon. Sinubukang aliwin ni Jesus ang kanilang mga bagabag na puso: "Huwag na kayong mabalisa; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya din kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan? At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon. At alam na ninyo ang daan papunta sa pupuntahan ko" (Juan 14:1-3).

Pagkatapos ay nagsalita si Tomas. Ayon sa kasaysayan, pinangalanan siyang si Tomas na ang kahulugan ay Mapag-alinlangan, ngunit natutuwa ako na siya ay nandoon sapagkat mayroong isang naglakas-loob na nagtanong ng isang katanungan na naghihintay ng kasagutan para sa lahat. Para siyang isang estudyante sa isang silid-aralan na pinahinto ang propesor sa gitna ng pagtuturo nito at sinabing, "Pasensya na. Maaaring walang kwenta ang tanong na ito, ngunit wala kaming nalalaman kung ano ang ibig sabihin ng sinasabi mo ngayon." Sa katunayan, hindi ito isang walang kuwentang tanong. Hinahangaan ko na mayroong ganoong pag-iisip si Tomas upang alamin ang isang suliranin na hindi pinag-uusapan nang lantaran

at magtanong ng isang napakahalagang katanungan na iniisip ng lahat: "Panginoon, hindi po namin alam kung saan kayo pupunta, paano namin malalaman ang daan?" (14.5).

Ganoon ang buhay, hindi ba? May mga pagkakataong nagtataka tayo sa ating sarili kung aling daan ang tatahakin. Minsan, akala natin ay alam na natin kung saan tayo pupunta—ngunit tayo pala ay naligaw na. Tila maraming mga interseksyon, pagliku-liko at iba't ibang daan. Maraming mga tao ang hindi nakahahanap ng tamang direksyon kaya nagpasya na pumunta na lang kahit saan, pumili ng ibang direksyon na hindi gaanong mahirap daanan.

Salamat na lang at sinagot ni Jesus ang tanong ni Tomas (at nating lahat): "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makararating sa Ama kundi sa pamamagitan ko." (14.6). Kapansin-pansin na ang binibigyang-diin ni Jesus ay ang salitang "ang daan." Ang daan ay nasa una sa pagkaka sunud-sunod sa kanyang sinabi. Hindi ibig sabihin na hindi mahalaga ang katotohanan at ang buhay. Nangangahulugan lamang ito na ang katotohanan at ang buhay ay nagpapaliwanag kung paano at bakit si Jesus ang Daan.[6]

Siya ang Daan sapagkat siya ang Katotohanan—ang kapahayagan ng Diyos. Siya ang Daan sapagkat ang buhay ng Diyos na ibinigay sa bawat tao ay nasa kanya at sa kanya lamang at ang daan patungo sa Diyos na nagbibigay ng buhay. Ang mabuting balita ng Ebanghelyo ni Juan ay nakatuon kay Jesus—ang nagkatawang-taong Salita at natatanging Anak ng Diyos—at maaari nating makita at makilala ang Diyos sa paraan na hindi nararanasan sa iba. Siya ang kapahayagan

6. Maraming tao ang itinuturing si Raymond Brown na pinakapangunahing iskolar ng Johannine ng kanyang henerasyon. Naniniwala siya na "ang daan ang pangunahing panaguri [ng pahayag ni Jesus], at ang katotohanan at ang buhay ay tumutukoy lamang sa daan." Brown, *The Gospel According to John XII-XXI, The Anchor Bible Commentary* (New York: Doubleday, 1970), 621. Kung ito ay tama, ang katotohanan at ang buhay ay nagpapaliwanag tungkol sa daan—o sa ibang pagkakasabi, si Jesus ang Daan sapagkat siya ang Katotohanan at Buhay. Na kay Jesus ang tatlong ito.

ng Diyos.[7] Sa madaling salita, si Jesus ay hindi lamang isang daan—ngunit ang daan mismo—sapagkat siya ay katangi-tangi, maliwanag na kapahayagan ng hindi nakikitang Diyos na kilala natin bilang Ama (1.14, 18; 6.46; 8.19; 12.45).[8]

Walang makararating sa Ama maliban sa pamamagitan ko" (14.6). Marami sa atin ang maaaring makaunawa sa tanong ni Tomas, "Paano namin malalaman ang daan?" (14.5), sapagkat ang bawat tao, matalino man o hindi, ay naghahanap ng mga kasagutan sa mga espirituwal na katanungan. Sa ngayon, ang ating lipunan ay higit na bukas na sa mga espirituwal na bagay kaysa sa mga nakaraang panahon, subalit ang hadlang ay ang iba't ibang mga bukas na kaparaanan upang ito ay makamit.

Ang makabagong pananaw sa mundo ng mga Kanluranin ay mula sa isang malawak na kaisipan ng mamimili. Iniugnay ito sa politika para sa pagyakap ng pluralismo. Tinitingnan ng mga tao ang espirituwal na landas bilang mahalaga at lehitimo hangga't natutugunan ang kanilang mga personal na hangarin at pangangailangan at tapat sila sa kanilang mga sarili. Kaya sa tingin ng iba—piliin man nila ang Budismo, Hinduismo, Islam, Scientology, Hudaismo, Kristiyanismo, o anumang iba pang relihiyon—na hangga't sila ay taos-puso at nasisiyahan sa kanilang pinili, kasing ganda ang alternatibang iyon ang katulad ng iba pa, sapagkat para sa kanila, ang lahat ng mga landas ay humahantong (ayon sa pananaw ng mundo) sa iisang Diyos.

Ang isa sa maraming mga suliranin sa gayong pananaw at magkakaibang paniniwala ay madalas na sumasalungat sa bawat isa at gumagawa ng pansariling mga pag-aangkin. Kung titingnan

---

7. Bruner, *The Gospel of John,* 811. Ipinaaalala sa atin ni Bruner na tunay na napakainam at kailan pa man "ang pagsisiwalat ni Jesus sa Diyos Ama at nagbibigay din sa atin ng malaking pag-asa sa Ama [kagaya ni Jesus]."

8. Nakakuha ako ng inspirasyon para sa pangungusap na ito mula sa isang patula na *footnote* sa The *Wesley Study Bible: New Revised Standard Version*, Joel B. Green at William H. Willimon, eds. (Nashville: Abingdon Press, 2009).

ang Kristiyanismo ayon sa iba pang magkakaibang sistemang panrelihiyon, ito ay ang nag-iisang pananampalataya na may tiyak na pag-angkin na si Jesus ay ang natatanging daan patungo sa Diyos. Hindi makapaniwala ang iba sa pag-angking ito ni Jesu-Cristo, "Walang sinumang makararating sa Ama maliban sa pamamagitan ko," at manindigan pa rin na may iba pang mga paraan upang makarating sa Ama. Kapag gayon ay tinatanggihan mismo ang Cristo na siyang nagsabi ng mga salitang iyon. Hindi sinabi ni Jesus, "Isa ako sa mga daan patungo sa Ama." Hindi niya sinabi, "Puwede kang pumili na sumunod kung nanaisin mo, subalit may iba pang maaaring pagpipilian." Hindi rin sinabi ni Jesus, "Kahit anong espirituwal na daan ang piliin mo ay ayos lang sa akin, basta taos-puso ka lang." Kailanman hindi ipinahiwatig iyon ni Jesus. Malinaw niyang sinabi na siya lamang ang daan patungo sa Ama.[9]

Hindi pa natatagalan nang lumipat ang aking pamilya sa isang bagong lungsod, kailangan naming pumunta ng aking asawa sa kabilang bayan. Magkahiwalay kami ng sasakyan. Dahil mas mahusay siya kaysa sa akin pag dating sa direksyon, siya ay nauna. Bigla kaming naipit sa trapiko, at hindi ko na siya nakita. Ang buong akala ko ay sasakyan niya ang nasa harapan ko kaya sumunod ako. Maling sasakyan pala ang sinusundan ko—at mali na pala ang dinadaanan ko—kaya nahuli na ako sa aking pupuntahan. Bumalik ako at umuwi. Simple ang moral ng kwento: Maaaring sigurado ka sa daang pinili mo pero maaaring mali ka din pala.[10] Maaaring magaling

9. Hindi nito nililimitahan ang soberanya ng Diyos upang maabot nang may habag ang mga tagasunod ng iba pang mga relihiyon at mga tradisyon ng pananampalataya na maaaring mamatay nang hindi alam o marinig man lamang ang pangalan ni Jesus. Palaging malaya ang Diyos na gawin nang may kapangyarihan kung alin ang kanyang piliing gawin. Namamangha ako sa nagagawa ng kagandahang-loob ng Diyos na magsaayos o pagkasunduin ang lahat ng mga bagay.

10. Walang sinumang mas tapat pa pag dating sa ipinaglalaban nilang katotohanan kaysa sa mga *suicide bombers*. Gayunpaman, ang sinseridad—gaano man katindi ang

ang isang tao sa direksyon, subalit kung mali ang sinusundan niyang daan, bale wala kahit gaano pa siya kabilis na nakarating.

Ang mga salita ni Jesus ay walang halong pagtatangi at paghuhusga sapagkat inaanyayahan ang lahat na sumunod sa daan, subalit sa isang banda, ang makasusumpong lang ng tanging Daan ang makararating sa nag-iisa at tunay na Diyos.

Ang bawat tao—bawa't isa sa atin—ay nagkasala. Ang kinahinatnan nito, nahiwalay tayo sa Diyos. Ayon kay propeta Isaias: "Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawat isa sa kaniyang sariling daan" (53.6). Inulit-ulit ito ni apostol Pablo sa Mga Taga-Roma, "Sapagkat ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios." (3.23). Bakit? Sapagkat pinili nating lahat ang maling daan sa buhay. Pinili nating sundin ang sarili nating pamamaraan sa halip na sumunod sa kalooban at paraan ng Diyos para sa ating buhay.

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ay ang pagdating ni Jesus para sa mga taong katulad natin. Sinasabi sa atin ni Lucas, isa pang manunulat ng Ebanghelyo, na ang misyon ni Jesus ay "upang hanapin at iligtas ang nawala" (19.10). Sa halip na iwan tayo na hindi alam kung ano ang gagawin, o mas masahol pa, maling daan ang ating sinusundan, dumating si Jesus upang ipakita sa atin nang malinaw ang tanging daan patungo sa Diyos, sa bagong kaharian, at sa buhay na walang hanggan.

Isang komentarista ang nagbigay ng ibang pakahulugan sa ibang pangungusap sa mga sinabi ni Jesus: "Ako, ako ang Daan patungo doon, at Ako, Ako ang katotohanan na maghahatid sa iyo sa Daan patungo doon, at Ako, Ako ang Buhay na magbibigay sa iyo ng kapangyarihang sundin ang Katotohanan sa Daan patungo doon."[11]

---

pagtupad sa pangako ng isang tao sa kanilang pinaniniwalaan—ay hindi sapat kung hindi ito nakabatay sa tunay na katotohanan.

11. Bruner, *The Gospel of John*, 823.

Ang "Ako[12] ang Daan" ay hindi mga direksyon, hindi isang mapa ng daan, hindi pahulaan—Ako ang Daan. Ang "Ako ang Katotohanan" ay hindi isang hanay ng mga prinsipyo sa pag-aayos ng buhay o mga opinyong pilosopikal—Ako ang Katotohanan. Ang "Ako ang Buhay" ay hindi isang kahaliling paraan upang mabuhay nang may higit na positibong pananaw—Ako lang ang tangi at tunay na Buhay, ang tanging paraan na nagkatawang tao.

Ang pahayag ni Jesu-Cristo ay hindi lamang siya ang daan, katotohanan, at buhay, ngunit siya ang tunay at natatanging Anak ng Diyos—ang matibay na pundasyon ng Kristiyanismo. Iyon ay hindi upang siraan at ipahiya ang ibang mga sistema ng pananampalataya; ang tanging ipinapahayag ay may isang daan lamang patungo sa Ama, at ito ay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Siya lamang ang paraan upang tayo ay maligtas. Tulad nang binanggit ni Frederick Bruner, "Ang Silangan ay matagal nang naghahangad sa 'Daan' (ang *Tao*), sa Kanluran para sa 'Katotohanan' (*Veritas*), at ang buong mundo (silangan, kanluran, hilaga, at timog) para sa '(tunay) na Buhay.' Sa kanyang persona, si Jesus ay ang tatlo."[13]

Isipin mo na ikaw ay nasa isang bayan na hindi pamilyar sa iyo at nagtanong ka ng direksyon ng isang lugar na mahirap hanapin. Puwedeng magsabi ang taong napagtanungan mo nang ganito, "Kailangan mong kumanan sa susunod na interseksyon. Pagkatapos ay tumawid ka sa liwasan, dumaan sa simbahan, manatili sa gitnang daanan ng kalsada at doon ay makararating ka sa pangatlong kalye sa kanan, hanggang makahinto ka sa isang kalsada na may apat na

12. Ang panghalip na ["Ako"] ay may pagbibigay-diin patungo sa isang Persona. Ito ay mahalaga at binigyan ng pansin nang hindi mabilang na beses, na ang mga sinasabi ni Jesus na "Ako Nga" sa mga sulat ni Juan ay may kaugnayan sa nagniningas na puno nang magpahayag kay Moises ang Diyos, "Ako Yaong Ako Nga" (Exodo 3.14). Ang "Ako Nga" ay ginamit bilang *Yahweh* sa buong kasulatan ng Mga Hebreo.

13. Bruner, *The Gospel of John*, 812.

daanan." Kahit na may malinaw na direksyon, kung kumplikado ang daan, malaki ang posibilidad na ikaw ay magkamali o maligaw.

Ipagpalagay naman na ang taong iyong napagtanungan ay ganito ang sinabi, "Alam mo, walang madaling daan upang makarating doon sa patutunguhan mo. Ang daan patungo doon ay kumplikado kung hindi ka pa nakarating doon. Sundan mo lang ako. Mabuti pa kaya, sumama ka sa akin, at dadalhin kita doon." Ang taong iyon ay hindi lamang naging gabay mo, siya rin ang naging daan, at hindi ka maliligaw sa kailangan mong puntahan.

Iyon ang ginagawa ni Jesus para sa atin. Hindi lamang niya tayo tinuturuan sa dapat gawin at sa tamang direksyon. Lumalakad tayong kasama siya sa isang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Sa katunayan, hindi niya sinabi sa atin ang tungkol sa daan—siya ang naging Daan!

Malinaw na ipinaliwanag ng *British theologian* at kilalang *missiologist* na si Lesslie Newbigin ang pananaw na ito: "Hindi sa siya [Jesus] ang siyang nagtuturo ng daan, o gumagabay sa atin sa daan: kung ganoon, maaari nating pasalamatan siya para sa kanyang itinuturo at pagkatapos ay gawin ito sa sarili nating pamamaraan. Siya mismo ang daan. … Ang pagsunod sa daang ito, sa katunayan, ang tanging daan patungo sa Ama."[14]

Sa libro ni Lewis Carroll na may pamagat na *Alice's Adventures in Wonderland*, dumating si Alice sa isang sangang daan at tinanong si Cheshire Cat nang ganito: "Maaari mo bang sabihin sa akin kung alin ang dapat kong daanan kung dito ako manggagaling?"

"Depende yan kung saan mo gustong pumunta," sagot ni Cat.

"Wala akong pakialam kung saan ako pupunta," sagot ni Alice.

"Kung gayon hindi mahalaga kung aling daan ang susundan mo," sabi ni Cat.

---

14. Lesslie Newbigin, *The Light Has Come: An Exposition of the Fourth Gospel* (Grand Rapids: Eerdmans, 1987), 181.

Marahil wala nang mas gaganda pa sa pahayag sa maikling pangungusap ni Tomas à Kempis sa kanyang debosyonal na klasiko *Of the Imitation of Christ* tungkol sa walang katulad na sinabi ni Jesus.

> Sumunod ka sa akin. Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Kung wala ang Daan, walang patutunguhan. Kung wala ang Katotohanan, walang kaalaman. Kung wala ang Buhay, walang pagkabuhay. Ako ang Daan na dapat mong sundin, ang Katotohanang dapat mong paniwalaan, ang Buhay na dapat mong asahan. Ako ang hindi matitinag na Daan, ang tiyak na katotohanan, at ang walang hanggang Buhay. Ako ang tuwid na Daan, ang sukdulang Katotohanan, ang tunay na Buhay, ang pinagpala, ang walang hanggang Buhay. Kung mananangan ka sa aking Daan, malalaman mo ang Katotohanan, ang Katotohanan ang magpapalaya sa iyo, at makakamtan mo ang buhay na walang hanggan.[15]

Kay Jesus, matatagpuan natin ang Daan patungo sa Ama. Siya ang daan sa tahanang paroroonan.

Kay Jesus, matatagpuan natin ang Katotohanan. Nasa kanyang buong katauhan ang hindi nagbabago at tunay na katotohanan ng katangian at kalikasan ng Ama.

Kay Jesus, matatagpuan natin ang Buhay - masaganang buhay, ngayon at sa kanyang ipinangakong bagong pagkatao.

Ito ang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

15. Thomas à Kempis, *Of the Imitation of Christ,* Book 3, chapter 56 (c. 1418–1427).

# 1

# KAMANGHA-MANGHANG KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

*Masusumpungan ang kagandahang-loob ng Diyos kahit saan.*
*-Georges Bernanos, The Diary of a Country Priest*

Isa sa mga tanyag at paboritong kanta sa buong mundo ngayon ay ang "Kamangha-manghang Kagandahang-Loob ng Diyos." Bagaman mahigit sa dalawang daang taon na ito, patuloy itong inaawit sa iba't ibang mga wika at dayalekto.[1] Kahit na iba't ibang mga lahi at henerasyon na ang dumaan, hindi kumukupas ang katanyagan at kagandahan ng mga salita nito, at Kristiyano man o hindi ay hindi maaaring hindi maantig sa kahulugan ng mga salitang ginamit dito.

Si John Newton, isang pastor mula Englatira ang sumulat ng kantang ito. Noong unang bahagi ng kanyang buhay, naging

---

1. Habang sinusulat ko ito sa isang *airport lounge* sa Johannesburg, South Africa, naririnig ko ang isa sa mga nagtatrabaho na hinihimig ito nang mahina sa salitang Afrikaans. Si Bill Moyers, isang Amerikanong mamamahayag ay dumalo sa isang pagtatanghal sa Lincoln Center kung saan kinanta ng mga manonood ang "Kamangha-manghang Kagandahang-loob ng Diyos." Humanga siya sa kapangyarihan ng kanta habang ito ay inaawit ng Kristiyano man o hindi, at ito ang nagbigay inspirasyon sa kanya na gumawa ng isang dokumentaryo hango dito.

kapitan siya ng isang barko para sa mga alipin at personal niyang pinangasiwaan ang pagdadala ng daan-daang mga alipin mula Kanlurang Bahagi ng Africa patungong Britanya. Kasunod ng isang pangyayari hatid ng isang malakas na bagyo sa gitna ng dagat na halos kanilang ikamatay, nagkaroon siya ng karanasang radikal na nagpabago ng kanyang buhay. Dahil dito, hindi na siya magiging gaya nang dati.

Hindi lamang siya nagsimula ng isang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos na kasama ang Diyos, pinagsisihan din niya nang lubusan ang kanyang personal na pagkakasangkot sa pangangalakal ng mga alipin. Nagbitiw siya sa pagka-kapitan, naging pastor ng Simbahan ng *Anglican*, at kalaunan ay naging tagapayo o *mentor* kay William Wilberforce na siyang namuno sa kampanya upang wakasan ang pangangalakal ng mga alipin sa Emperyo ng Britanya. Sa edad na walumpu't dalawa, habang naghihintay ng kanyang kamatayan, sinabi ni Newton, "Halos wala na akong maalala maliban sa dalawang bagay: ako ay isang dakilang makasalanan, at si Cristo ay isang dakilang Tagapagligtas." Hindi nakapagtataka na marami pang magagandang kanta ang kanyang naisulat—sapagkat natanggap niya at naranasan ang kamangha-manghang kagandahang-loob ng Diyos na nakapagpabago sa kanya.

Ang aklat na ito ay tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos—sa isang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos—at dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, patuloy tayong ginagawang kawangis ni Jesu-Cristo na siyang "Daan, Katotohanan, at Buhay." Maraming anyo ang kagandahang-loob ng Diyos ayon Banal na Kasulatan at ayon sa mga naranasan na natin sa buhay, at hindi nagbabago ang katangian nito. Nakakamit natin ito nang personal bilang isang kaloob mula sa Diyos at nakikiisa tayo sa kanya sa isang kaugnayan na nakapagpapabagong tunay.

## Ano ang kagandahang-loob ng Diyos

Ano ang kagandahang-loob ng Diyos? Paano ito dumarating sa ating buhay, nakaaapekto, bumabago, at nagbibigay ng kapangyarihan na mabuhay kawangis ni Cristo? Maraming mga kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos:

- Ang kagandahang-loob ng Diyos na hindi pinaghihirapan.
- Ang hindi natin pagiging karapat-dapat sa pag-ibig ng Diyos.
- Ang kagandahang-loob ng Diyos na ibinigay sa isang tao bagaman hindi siya karapat-dapat.
- Ang ganap na kalayaan na ipinahahayag ng pag-ibig ng Diyos na ang tanging hangad ay magbigay ng kasaganahan at kabutihan.[2]
- Ang kabutihang ginawa ng Diyos na walang hinihiling na kapalit.

Ang mga kahulugang ito para sa salitang 'kagandahang-loob ng Diyos' ay naglalarawan ng mga kahanga-hangang aspeto at mapagmahal na tugon ng Diyos para sa hindi karapat-dapat na sangkatauhan. Ito ang dahilan kung bakit ginagamit natin ang salitang "kamangha-mangha." Sinasalungat nito ang pamantayan ng tao kaugnay sa mga pagtutukoy sa mga relasyon at transaksyon.

Alam ng mga nagtatrabaho sa pananalapi kung ano ang ibig sabihin ng salitang *grace period* o pagbibigay palugit. Ang pagbibigay palugit ay ang pagdating ng takdang oras o araw ng pagbabayad upang hindi magkaroon ng multa o karagdagang bayad. Gayunpaman, ang pagbibigay palugit ay may mga kapalit o kondisyon. Tumatagal lamang ito nang maikling panahon at kapag natapos na ito at hindi pa rin nakapagbabayad ang mga umutang, papatawan sila ng mga karagdagang multa. Wala itong bayad—subalit may kondisyon.

---

2. Ito ay isang hiwalay na pagbibigay-buod ng kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos na iniugnay mula sa pumanaw na New Testament iskolar, dalubhasa sa wika, at namumuno sa misyon na si Spiros Zodhiates.

Kakaiba ang kagandahang-loob ng Diyos. Wala itong bayad (hindi ito dapat ikalito sa salitang "walang halaga"—marami ang patungkol dito sa bandang hulihan ng kabanatang ito), at mabuti na lang ay ganoon sapagkat ang kagandahang-loob ng Diyos na ito ay mula sa Diyos na hindi natin kayang bayaran. Hindi tayo karapat-dapat dito at iyan ang nagtutulak sa atin para sumunod kay Jesus nang lubos kaugnay sa pagdidisipulo.

Ang pinakasimpleng kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos ay ang salitang "kaloob." Sa salitang Griyego, ginamit ni apostol Pablo ang *charis* para sa salitang "kaloob" o "papabor" upang ilarawan ang malawak na kahulugan ng lahat na ginawa ng Diyos para sa atin kay Jesu-Cristo (2 Corinto 8.9; 9.15; Galacia 2.21; Efeso 2.4–10).[3] Mahalaga ding tandaan na ang *charis* ay nagmula sa salitang ugat na *char*—"na nagdudulot ng kagalakan."[4] Sa gayon, ang idinidulot ng kagandahang-loob ng Diyos sa nagbigay at tumanggap ay ang pukawin nang pareho ang kagalakan at pasasalamat. Sa puntong iyon, bilang kapalit para sa mga tatanggap ng kagandahang-loob ng Diyos, kailangan ang pasasalamat at isang buhay na malinis na isinuko kay Jesus. Hindi ito nangangahulugan na ang kagandahang-loob ng Diyos na nagmumula sa Diyos ay isang kasunduan na may kapalit. Kapag binayaran ang isang kaloob, sasalungatin nito ang kapangyarihan ng pagbibigay.[5] Ang kaisipan na palaging may kapalit sa tuwing magbibigay ay magpapahina at magpapababa sa hangarin ng isang regalo.

Kung bibigyan ko ng regalo ang aking kaibigan, maaari kong sabihin, "Gusto kong ibigay ang regalong ito bilang tanda ng aking pagmamahal sa iyo."

---

3. Ang *charis* na salitang Griyego ay isinalin sa Latin na *gratia* at mula dito maraming wika ang gumamit ng salitang "kagandahang-loob ng Diyos."

4. Thomas A. Langford, *Reflections on Grace* (Eugene, OR: Cascade Books, 2007).

5. Philip Yancey, *What's So Amazing about Grace?* (Grand Rapids: Zondervan, 1997), 70.

Ang normal na magiging tugon ng aking kaibigan kapag tinanggap na niya ang regalo ay ang simpleng pagsabi ng, "Salamat."

Paano kung sa halip ay sinabi ng aking kaibigan, "Napakabait mo naman. Magkano ang babayaran ko sa iyo?" Mangyari na kanilang sinukat ang salitang 'kaloob' sa lenggwahe ng 'pakikipagpalitan' na ang ibig sabihin nito ay: "Gumagawa ka ng isang bagay na maganda para sa akin. Utang ko sa iyo ito."

May isa pang suliranin kapag pinagsama ang kagandahang-loob ng Diyos at mga unawaang may kapalit na kabayaran. Ang kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos ay wala tayong magagawa upang higit na ibigin tayo ng Diyos, at wala rin tayong magagawa upang mabawasan ang pag-ibig ng Diyos sa atin na ipinadama na niya sa simula pa lang.[6] Walang mabuti sa panig natin, dahilan para tayo maging karapat-dapat o makamit ang kanyang pag-ibig, at gaano man tayo kasama ay hindi ito makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos kay Cristo Jesus na ating Panginoon (Roma 8.35–39). Hindi tayo iniibig ng Diyos dahil tayo ay mabuti, at hindi tayo kinamumuhian ng Diyos dahil tayo ay masama. Nagtataglay ang Diyos ng pag-ibig na may kabanalan na naglalarawan ng pagbibigay ng kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob.[7]

Kinilala ito ni Philip Yancey sa kanyang isinulat: "Ang ibig sabihin ng kagandahang-loob ng Diyos ay inibig niya tayo nang

---

6. Philip Yancey, *What's So Amazing about Grace?* (Grand Rapids: Zondervan, 1997), 70.

7. Ang pinakamahalagang katangian ng Diyos ay ang pag-ibig. 'Ang Diyos ay pag-ibig,' ito ay simpleng sinabi ni Apostol Juan ngunit may kalaliman. Maaari nating baguhin ang salitang pag-ibig ng Diyos at palitan ng salitang 'banal.' Subalit hindi ito gaanong makatutulong sa pag-unawa tungkol sa Diyos sapagkat sa kanyang likas na katangian, ang pag-ibig ng Diyos ay banal. Ang salitang 'banal' ay nagpapaalala sa atin, gayunpaman, na ang Diyos ay mas higit at mas mataas pa sa atin. Ang Diyos magpakailan pa man ay laging naiiba sa katangian natin." Diane Leclerc, *Discovering Christian Holiness: The Heart of Wesleyan-Holiness Theology* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press ng Kansas City, 2010), 274.

gayon na lamang tulad ng pag-ibig ng isang walang hanggang Diyos."[8] Dahil hindi tayo inibig ng Diyos batay sa mabubuti nating pag-uugali, papaano magagawa ng mabuting pag-uugali ang higit na ibigin tayo ng Diyos? Gayun din, paano mababawasan ng masamang pag-uugali ang pag-ibig sa atin ng Diyos? Hindi maaari ang mas higit mong panalangin, pagbibigay, paglilingkod, o pagsasakripisyo nang mas higit pa upang masabi ng Diyos na, "Mas mahusay ang ginagawa niya. Mas lalo ko na siyang iniibig ngayon kaysa sa dati." Hindi ganoon. Inibig ka na niya sa iyong kasalukuyang katayuan. Hindi nakabatay ang pag-ibig ng Diyos sa kung ano ang iyong ginagawa o inaasal—hindi dahil karapat-dapat ka sa pag-ibig na ito, kundi likas na katangian na niya ang pag-ibig na ito.

Ganito ang isang pangkaraniwang paghahambing sa pagitan ng katarungan, habag, at kagandahang-loob ng Diyos: Sa katarungan, nakakamit mo ang mabuting nararapat sa iyo. Sa habag, hindi mo nakakamit ang parusa na nararapat sa iyo. Sa kagandahang-loob ng Diyos nakakamit mo ang kaloob ng Diyos na hindi karapat-dapat para sa yo.

Maraming mga talinghaga ang ikinuwento ni Jesus para matulungan tayong muling isipin ang buhay alinsunod sa pananaw ng kaharian ng Diyos. Hindi lamang mga kuwentong may moral ang mga talinghaga upang ipakita sa atin kung paano makapamuhay nang mas maayos. Tinutulungan tayo nitong mas maunawaan at maitama ang konsepto natin pag dating sa katangian at kalooban ng Diyos katulad ng mga talinghaga ng nawawalang tupa, nawawalang pilak, at mga alibughang anak na lalaki (Lucas. 15).[9] Inilarawan ni Jesus ang Diyos bilang isang pastol na labis na nagalak hindi dahil

---

8. Yancey, *What's So Amazing about Grace?*, 70.

9. Sinadya ko ang paggamit ng mga "anak na lalaki" bilang maramihan. Ang turo ni Jesus sa talinghagang ito ay tila malinaw na ang parehong anak na lalaki ay nawala sa iba't ibang mga kadahilanan—ngunit iisa lamang ang umalis ng tahanan.

sa siyamnapu't siyam na tupa ang hindi humiwalay, kundi muling natagpuan ang isang tupang naligaw. Inilarawan niya ang Diyos bilang isang babae na naghalughog sa buong bahay upang makita ang nawawalang pilak at nang nahanap niya ito, labis siyang nasiyahan, at nagdaos pa ng isang salu-salo upang ito ay ipagdiwang kasama ang kanyang mga kaibigan. Inilarawan din niya ang Diyos bilang isang mapagmahal na ama na tumanaw sa kapaligiran upang makita ang alibughang anak. Nang natanawan niya ang paparating na alibughang anak "habang malayo pa siya" (Lucas 15.20), napuno siya ng kahabagan at tumakbo upang siya ay salubungin sa pag-uwi. Ang lahat nang ito ay mga pananaw tungkol sa kalikasan at kalooban ng Diyos. Ang "masumpungan" ay nakalulugod sa kalooban ng Diyos! Napagtatagumpayan ng kagandahang-loob ng Diyos ang katayuan ng pagiging-lagalag, pagkawala, at pagtalikod sa katapatan.

Isa pang talinghaga tungkol sa mga manggagawa sa isang ubasan ang ikinuwento ni Jesus na kung saan ang may-ari ay nagbayad sa lahat ng mga manggagawa ng kaparehong sahod kahit na ang ilan ay nagtrabaho ng ilang oras pa lamang kaysa sa iba (Mateo 20.1–16). Walang katuturan ang kwentong ito pag dating sa paghahanapbuhay at mukhang hindi pinag-isipan. Ang ganitong uri na mentalidad ng may-ari sa kanyang negosyo ay hindi pinapahalagahan ang mga masisipag na manggagawa at naghihikayat ng katamaran at pagkawala ng ganang magtrabaho. Gayunpaman, hindi ito isang talinghaga tungkol sa pinakamahusay pagdating sa negosyo; ito ay isang talinghaga tungkol sa labis-labis na kagandahang-loob ng Diyos. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi tulad ng isang panatayan sa matematika na binabantayan ang bilang ng mga oras ng empleyado, sumusunod sa tamang mga prinsipyo sa pagbibilang, o ginagantimpalaan ang pinakamasisipag na manggagawa. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi tungkol sa kung sino ang karapat-dapat makatanggap ng bayad; ito ay tungkol sa mga hindi

karapat-dapat subalit nakatatanggap pa rin ng mga kaloob mula sa Diyos. Kung hindi maganda ang dating nito sa iyo at sa tingin mo ay katawa-tawa, nagsisimula mo nang maunawaan ang kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos.

## Ang kagandahang-loob ng Diyos ay personal

Maaari nating pag-usapan ang karanasan ng kagandahang-loob ng Diyos sapagkat ito ay sadyang malalim na personal at isang pakikipag-ugnayan. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay personal sa dalawang mahahalagang kadahilanan. Una, ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi isang bagay. Hindi ito kalakal o paninda. Hindi ito isang banal na sangkap na ibubuhos sa atin tulad ng isang "langis pang Kristiyano" upang makatulong sa pagdidisipulo natin at mas maayos itong magawa. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay personal sapagkat ito ay dumating sa atin sa persona ni Jesu-Cristo na nagsabing, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay."[10]

Si Thomas Langford, isang *Wesleyan* na teologo, ay nanindigan na sa buong kasaysayan ng iklesia ay nagkaroon ng pagtatalo sa pagitan ng dalawang pag-unawa sa kagandahang-loob ng Diyos:

Para sa iba, ipinapalagay ang kagandahang-loob ng Diyos na isang bagay na pag-aari ng Diyos na maaaring ibigay, tanggapin at taglayin ng mga tao; o sa mas malawak pa na pakahulugan, mga nakapaligid sa atin, enerhiya, o kapangyarihan na kumakatawan sa pagkilos ng Diyos at sa kapaligiran upang mabuhay ang isang tao. Sa isang banda naman, ang kagandahang-loob ng Diyos na nakilala bilang "persona," at ang gayong Kagandahang-loob ay ang Diyos—ang Diyos na maaaring manahan sa mga tao. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay presensya at pagkalinga ng Diyos sa kanyang nilikha. Sa kaunawaang

10. Nang binanggit ng Ebanghelyo ni Juan ang Banal na Espiritu bilang "isa pang" Tagapamagitan, nangangahulugan ito na ang Espiritu ng Katotohanan ay magpapatuloy sa ministeryo ni Jesus na siyang Katotohanan (14.6, 16–17).

ito, ang mga konsiderasyon tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos ay nakabatay sa buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus. Si Jesu-Cristo ay kagandahang-loob ng Diyos; uulitin ko, ang kagandahang-loob ng Diyos ay si Jesu-Cristo.[11]

Nakatawag ng aking pansin ang mabibigat na pahayag ni Diarmaid MacCulloch sa kanyang napakalawak na kaalaman sa kasaysayan ng Kristiyanismo: "Isang tao, hindi isang sistema ang nakapukaw kay [Pablo] sa mahiwagang nangyari sa kanya sa daan patungong Damasco."[12] Sa maraming paraan, si Saul ng Tarsus—na kalaunan ay pinangalanang apostol Pablo—ay hindi naging handa sa kamangha-manghang kaganapan na ito. Ang kanyang tungkulin ay sa isang relihiyon, sa isang matibay na sistema, sa isang tradisyon, at sa isang Kautusan. Alam niya ang lahat nang ito. Sinanay at naging tagapagtanggol siya nito—ngunit isang tao ang nakapagpabago sa kanya. Ang taong iyon ay si Jesus na taga-Nazareth, na kalaunan ay makikilala ni Pablo bilang si Cristo at Panginoon.

Dating paniniwala ni Pablo ang ganap na pagsunod sa Batas. Matapos ang karanasan sa daan sa Damasco (Mga Gawa 9.1–22), nag-iba ang kaniyang pananaw sa mga bagay-bagay. Naniwala pa rin siya na mabuti ang Kautusan—subalit hindi ito sapat. Nang nakatagpo niya si Jesus sa daan sa Damasco, ibinaling niya ang kanyang pansin mula sa kung ano ang mabuti (ang kanyang paniniwalang Judio) patungo sa kung ano ang mas tunay na mainam: si Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng isang bukod-tanging karanasan nang makatagpo niya sa Cristo, natuklasan niya na ang pagiging matuwid ng isang tao ay hindi sa pamamagitan ng kanyang sarili.[13] Naniniwala si Pablo na ang kaugnayan ng mananampalataya kay Cristo (ang tao)

---

11. Langford, *Reflections on Grace*, 18.

12. Diarmaid MacCulloch, *Christianity: The First Three Thousand Years* (New York: Penguin Books, 2009), 9.

13. *Dikaioun*, "upang gawing matuwid" (o sa isang sipi na pinasikat ng Protestanteng Repormasyon noong ika-labing anim na siglo, "upang ituring na matuwid"), ay

ay maaaring maging bukod-tangi, na tinawag niyang "pakikipag-isa kay Cristo," na nagpapakita ng ganap na pakikiisa. Ayon kay Pablo, ang pakikiisa ay hindi isang mahirap unawain gaya ng paniniwala ng mga Griyego-Romano ayon sa katuruan ni Plato. Si Jesu-Cristo ay (isang) tunay na tao na nabuhay sa hindi malayong kasaysayan ng mga pangyayari sa mundo. Hindi lamang siya naging taong katulad natin—kundi isang karanasan na nakatagpo ni Pablo sa daan sa Damasco—nabuhay na muli, nakahihigit sa lahat ng nilalang kung saan ang kanyang kamatayan, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ay nakapagliligtas sa atin mula sa kapahamakan at pagkahulog sa kasalanan (1 Corinto 15.22).

Higit pa sa isang pagbabago at pagbabalik-loob ang pagpapalit ng pangalang Saulo sa pangalang Pablo—ito ay isang pagkagising: "parang mga kaliskis ng isda mula sa mga mata ni Saulo, at nakakita siyang muli" (Mga Gawa 9.18). Ito ay isang pagbabagong-buhay. Napagkalooban siya ng isang tunay at dalisay na kaloob na hindi karapat-dapat para sa kanya at hindi niya rin kailangang paghirapan. Malinaw niyang naunawaan ngayon na ang Kautusan ay tumutukoy sa isang persona, kung kaya't isinulat niya: "Ngunit ang ipinapangaral namin ay si Cristo na ipinako sa krus, na para sa mga Judio ay isang katitisuran at para sa mga Hentil ay isang kahangalan, subalit sa mga tinawag ng Diyos, maging Judio man o Griyego, si Cristo ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos" (1 Mga Taga-Corinto 1.23–24). Kahiya-hiya ito sa mga nagpapasailalim at nagpapasakop sa kautusan at tradisyon ng mga Judio, at malaking kalokohan para sa mga piling tao sa kultura ng Griyego at sa pananaw ng mga pilosopikong Kanluranin. Ngunit para sa mga naniniwala na si Jesus ang Cristo ng Diyos (sa Griyego, ang ibig sabihin ng *christos* ay "ang

---

nangangahulugang mayroong kagandahang-loob ng Diyos na nagmumula sa labas ng ating sarili.

may basbas") at sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, siya ay naging kanilang kaligtasan.[14]

Hindi ipinangaral ng mga unang Kristiyano ang isang sistema o isang relihiyon kundi ipinahayag nila ang isang natatanging persona. Para sa *Islam* ang Salita ay naging isang aklat (*Qu-ran*); para sa Kristiyanismo ang Salita ay naging tao (Juan 1.14).[15] Isang pangkaraniwang tao, ang walang hanggan, isang Diyos, naging isang persona—nagkatawang-tao. Hindi sumuko ang mga unang Kristiyano para sa isang teorya, prinsipyo, o puwersa sapagkat naniniwala sila na ang kanilang ginagawa ay para sa isang persona—isang personang ipinakong tunay sa krus, inilibing, muling nabuhay mula sa mga patay bilang kauna-unahan sa bagong nilikha, umakyat sa langit, at muling babalik.

Wala akong alam na naglarawan nito nang higit na mas maliwanag pa kaysa kay Dietrich Bonhoeffer: "Maaaring makamit ang isang pormal na kaalaman mula sa isang kaparaanan, maging masigasig dito, at maisagawa ito; subalit maaaring hindi ito personal na gawin at sundin. Ang Kristiyanismo na hindi nakaranas ng Cristong nabuhay ay Kristiyanismo na walang pagdidisipulo, at ang Kristiyanismo na walang pagdidisipulo ay Kristiyanismo na walang Cristo."[16]

Samakatuwid, ang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ay hindi tungkol sa pagsunod sa isang sistema, aklat, Manwal o alituntunin, denominasyon, o tradisyon. Sumusunod tayo, sumasamba, at naglilingkod kay Jesu-Cristo. Ang kagandahang-loob

---

14. Ipinapakita ng *Strong's Concordance of the New Testament* na ang *charis,* "kagandahang-loob ng Diyos," ay lumilitaw nang hindi bababa sa walumpu't walong beses sa mga liham ni Pablo sa mga iklesia sa unang siglo.

15. Ang aking pasasalamat kay Daniel Gomis, *Regional Director* ng *Church of the Nazarene* Africa, para sa mahalagang pagkakaiba-iba na ito.

16. Dietrich Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship* (New York: Macmillan Company, 1949), 63-64.

ng Diyos ay bunga ng naging buhay ni Jesus, ng kanyang ministeryo, kamatayan, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit, na siyang Cristo at Panginoon.

Ang isang paliwanag tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos na nakasentro kay Jesus ay hindi dapat nagwawalang-bahala sa isang matatag na turo ng kagandahang-loob ng Diyos batay sa Trinitaryang teolohiya (Diyos bilang Manlilikha at Ama, at ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang mananampalataya). Ang pang-unawa sa kagandahang-loob ng Diyos bilang isang persona ay nangangailangan ng ating pag-alala na ano man ang ating mapagdaanan upang makilala at mapalapit sa Diyos ay malinaw na naihahayag sa buhay ng isang tao, sa mga naituro sa kanya, at karanasan ng taong pinili ng Diyos upang ipakilala ang kanyang sarili. Ang nais abutin ng lahat na maka-Kristiyanong pagdidisipulo ay ang hubugin ang mga nakaranas ng kagandahang-loob ng Diyos tungo sa imahe at wangis ni Jesu-Cristo. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi isang bagay—ang kagandahang-loob ng Diyos ay isang persona.

Ang pagpapatunay na ito ay naghahatid sa atin sa pangalawang dahilan na ang kagandahang-loob ng Diyos ay *personal*: dumarating ang kagandahang-loob ng Diyos sa bawat tao ayon sa kanyang partikular na pangangailangan o sa kakayahang tanggapin ito. Katangi-tanging tumatanggap at angkop na tumutugon sa kagandahang-loob ng Diyos ang bawat tao.

Marami akong mga kaibigan at nakikipag-ugnay ako sa kanila sa iba't ibang paraan sapagkat ang bawat isa sa kanila ay magkakaiba. Ako ay mayroong tatlong anak, at habang pantay-pantay ang aking pagmamahal sa kanila, hindi ko sila maaaring tratuhin sa pare-parehong pamamaraan. Silang tatlo ay magkakaiba, kaya ang pamamaraan ng aking pagiging magulang ay dapat ayon sa bawat isa

sa kanila. Ito ang pamamaraan na may pag-ibig upang ituring nila ako na isang kaibigan at isang magulang.

Gayundin, ang kagandahang-loob ng Diyos ay naaangkop at tinatanggap nang magkakaiba ng bawat tao sapagkat nararanasan natin ang kagandahang-loob ng Diyos sa isang personal na kaugnayan sa isang Diyos na may tatlong persona, mula sa Diyos Ama sa pamamagitan ni Jesu-Cristo at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Personal ang kagandahang-loob ng Diyos sapagkat personal itong dumating at naranasan ayon sa ating mga pangangailangan. Habang patuloy na ibinibigay ng Diyos ang kanyang sarili sa atin, mas higit na kagandahang-loob din nya ang kanyang ibinibigay.

## May halaga ang kagandahang-loob ng Diyos

Ipinaaalala sa atin ni Dietrich Bonhoeffer na bagaman walang bayad ang kagandahang-loob ng Diyos, hindi ito nakakamit nang walang kapalit. Sa isang mahalagang talata mula sa kanyang kilalang aklat, *The Cost of Discipleship,* binigyang-diin ni Bonhoeffer ang pagkakaiba sa pagitan ng kagandahang-loob ng Diyos *na walang halaga* at kagandahang-loob ng Diyos *na may halaga* upang makita ang kakulangan ng tunay na pagdidisipulo: "Ang kagandahang-loob ng Diyos na walang halaga ay kagandahang-loob ng Diyos na walang pagdidisipulo, kagandahang-loob ng Diyos na wala ang krus, kagandahang-loob ng Diyos na walang Jesu-Cristo na nabuhay at nagkatawang-tao."[17]

Dagdag na tahasang sinabi ni Bonhoeffer na ang kagandahang-loob ng Diyos na walang halaga ay ang "nakamamatay na kalaban ng ating iklesia," "ang pinakamalupit na kalaban ng pagdidisipulo," at "ang pagbagsak ng maraming mga Kristiyano kaysa sa anumang utos ng mga gawain."[18] Maaaring sabihin na sila ay itinuring na matuwid sa

17. Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship*, 47-48.
18. Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship*, 45, 55, 59.

pamamagitan lamang ng kagandahang-loob ng Diyos bilang kaloob, subalit ang bunga ng pagiging matuwid ay ang pagtalikod sa lahat ng kasalanan at pagsunod kay Cristo.[19] Diin pa ni Bonhoeffer, kapag naririnig ng isang tao ang tawag ni Jesus na sumunod sa kanya, ang nararapat na tugon ng isang alagad ay ang agarang pagsunod bago pa ang pagpapahayag ng pananampalataya (Marcos 2.14).[20]

Sa paglalarawan pa ni Bonhoeffer, binanggit niya kung gaano pinahahalagahan ang kagandahang-loob ng Diyos at kung bakit ang isang ganap at lubos na pagtugon sa pagdidisipulo ang nararapat.

> Ang kagandahang-loob ng Diyos ay mahal o pinahahalagahan sapagkat tinatawag tayo nitong sumunod kay Jesu-Cristo. Ito ay mahal o pinahahalagahan sapagkat may nagbuwis ng buhay, at ito ay kagandahang-loob ng Diyos sapagkat tunay na buhay ang ipinagkakaloob nito. Ito ay mahal o pinahahalagahan sapagkat hinahatulan nito ang kasalanan, at ito ay kagandahang-loob ng Diyos sapagkat ginagawang matuwid nito ang makasalanan. Ito ay mahal o pinahahalagahan sapagkat ang naging kapalit nito ay ang buhay ng bugtong na Anak ng Diyos: "binili kayo nang may halaga," at anumang may halaga sa Diyos ay hindi natin dapat ituring na walang halaga. Higit sa lahat, ito ay kagandahang-loob ng Diyos sapagkat hindi nya ipinagkait ang pinakamamahal nyang anak kapalit ng ating buhay, ngunit ipinagkaloob nya ito para sa atin. Mahal o may halaga ang kagandahang-loob ng Diyos sapagkat nagkatawang-tao ang Diyos.[21]

Ang buhay na may pagdidisipulo ay isang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Pinasisimulan ito ng kagandahang-loob ng Diyos, binibigyang kapangyarihan ng kagandahang-loob ng Diyos, at pinupuspos ng kagandahang-loob ng Diyos mula sa

19. Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship*, 55.
20. Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship*, 61.
21. Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship*, 47-48.

simula hanggang sa wakas. Walang tunay na pagdidisipulo maliban kung sumunod tayo sa pamamaraan ni Jesus. Maaring tanggapin ang kagandahang-loob ng Diyos bilang isang kaloob—nang walang bayad—ngunit hindi ito maaaring ihiwalay sa pagdidisipulo.

## Kamangha-mangha ang kagandahang-loob ng Diyos

Ikinuwento ni Philip Yancey ang isang eksena mula sa pelikulang *The Last Emperor*, tungkol sa isang batang lalaki na hinirang na huling emperador ng China. Namuhay siya nang marangya kasama ang maraming tagapaglingkod sa ilalim ng kanyang pamamahala.

"Ano ang nangyayari kapag ikaw ay nagkakamali?" tanong ng kanyang kapatid.

"Kapag ako'y nagkakamali, may ibang pinarurusahan," tugon ng batang emperador. Upang ipakita sa kapatid niya kung ano ang ibig sabihin nito, sinira niya ang isang mahalaga at mamahaling kagamitan, at ganoon nga, isa sa mga tagapaglingkod ang pinarusahan para sa kasalanang iyon ng emperador.[22]

Ito ang sinaunang kaugalian ng mga hari at emperador. Hindi ito makatarungan o nagpapakita ng awa o habag. Pagkatapos ay may dumating nga mula sa ibang kaharian. Isa siyang Hari na nagdala ng bagong pakahulugan sa kapangyarihan. Sinalungat niya ang lumang paraan ng kaparusahan at nagkaroon ng isang bagong kaharian. Kapag nahuhulog sa kasalanan ang kanyang mga lingkod, ang Haring ito ang siyang umaako ng nararapat na kaparusahan para sa kanila. Sabi ni Yancey, "Walang kabayaran ang kagandahang-loob ng Diyos sapagkat ang nagbigay mismo nito ang umako ng nararapat na kabayaran."[23]

Hindi ito hustisya o awa—ito ay kagandahang-loob ng Diyos. Kagandahang-loob ng Diyos na may halaga. Marahil ito ang dahilan

22.Yancey, *What's So Amazing About Grace?*, 67.
23. Yancey, *What's So Amazing About Grace?,* 67.

kung bakit nais pa rin nating awitin ang awit na ginawa ni Newton: "Kamangha-mangha ang Kagandahang-Loob ng Diyos."

Kung gayon, paano kumikilos ang mayamang kagandahang-loob ng Diyos sa ating pang-araw-araw na pamumuhay? Isang bagay na malaman ang kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos sa atin. Napakainam na malaman na gayun na lamang tayo iniibig ng Diyos, ngunit ano ang pagbabagong idinudulot nito sa aking buhay? Ano ang pagsasalarawan ng kagandahang-loob ng Diyos kapag ito ay aking nakikita? Ano ang nagagawa ng kagandahang-loob ng Diyos kapag ito ay aking nararanasan? Ano ang pagbabagong ginagawa ng kagandahang-loob ng Diyos sa aking pang-araw-araw na buhay?

Nararanasan ang kagandahang-loob ng Diyos sa marami at magkakaibang paraan. Ang nalalabing bahagi ng aklat na ito ay tutuklas sa iba't ibang mga pahayag ng paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

# ANG DAAN

*Sa pamamagitan ng naghahanap na kagandahang-loob ng Diyos (tinatawag ding naghahandang kagandahang-loob ng Diyos), nauna na ang Diyos sa atin upang maghanda ng daan at dalhin tayo sa isang pakikipag-ugnayan sa kanya.*

# 2

# ANG NAGHAHANAP NA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS*

*Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito*
*upang hanapin at iligtas ang nawala.*
*—Lucas 19:10*

Ang pagdidisipulo ay katulad sa isang pangmatagalang pagsunod sa iisang direksyon—kasama si Jesus bilang gabay at ating kasama.[1] Tinatawag natin itong paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos at ito ay puno ng sigla kung kaya ito ay mahalaga. Ang paglalakad nang may pananampalataya ay isang kagalakan at isang magandang karanasan kaysa sa isang tungkulin, na sa bawat ginagawang pagdidisipulo ay napapaloob sa kagandahang-loob ng Diyos. Nararanasan natin sa ating buhay ang kagandahang-loob ng Diyos sa iba't ibang paraan at panahon. Bagaman ang mga anyo ng kagandahang-loob ng Diyos ay hindi magkakasunud-sunod, ang

---

*Ang ilang mga bahagi ng kabanatang ito ay hinango mula sa kabanata ng may-akda na pinamagatang "*The Grace That Goes Before: Prevenient Grace in the Wesleyan Spirit,*" ni David A. Busic, sa *Wesleyan Foundations for Evangelism*, ed. ni Al Truesdale (Kansas City, MO: The Foundry Publishing, 2020). Ginamit nang may pahintulot.

[1] Ang mga salitang "isang pangmatagalang pagsunod sa iisang direksyon" ay hiniram mula sa isang aklat tungkol sa pagdidisipulo na sinulat ng pastor-theologian na si Eugene Peterson, *A Long Obedience in the Same Direction: Discipleship in an Instant Society*: (Downers Grove, IL: InterVarsity Press, 1980).

mga ito ay nagkakaiba-iba ayon sa kanilang layunin para sa mga paglalakbay natin sa ating pagdidisipulo.[2]

Mayroong hindi bababa sa limang paksa mula sa Banal na Kasulatan na pawang naglalarawan kung paano natin nararanasan ang kagandahang-loob ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na may iba't ibang uri ng kagandahang-loob ng Diyos, na para bang ang kagandahang-loob ng Diyos ay maaaring hati-hatiin sa iba't ibang mga kategorya o uri.[3] Tulad ng binigyang-diin ni Jack Jackson, sinabi niya na "Iisa lang ang kagandahang-loob ng Diyos,[4] at para naman kay John Wesley, ang kagandahang-loob ng Diyos ay ang simpleng "pag-ibig ng Diyos."[5] Upang maiwasan ang ganitong pag-uuri ng kagandahang-loob ng Diyos, tumuon lang si Wesley sa nararanasang kagandahang-loob ng Diyos: "Depende sa yugto ng pagdidisipulo, iba't

2. Habang maaaring hindi maranasan ang kagandahang-loob ng Diyos nang sunud-sunod, tinukoy ng mga teologo ang tinatawag na pagkakasunud-sunod ng kaligtasan (*ordo salutis*). Gayunpaman, binigyang diin ni Diane Leclerc ang isang mahalagang punto: "Dahil madalas itong itinuturing na isang hanay sa mga hakbang sa buhay Kristiyano, mas pinili ng ilang mga iskolar ang *via salutis*, o daan sa kaligtasan, upang bigyang-diin ang pagkakaugnay ng isang pangyayari sa isa pa." In *Discovering Christian Holiness: The Heart of Wesleyan-Holiness Theology* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press ng Kansas City, 2010), 315.

3. Ito ay isang pangunahing punto sa huling kabanata. Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi isang bagay—ang kagandahang-loob ng Diyos ay isang persona at nararanasan nang personal. Ayon kay Tom Noble, ang pagtingin sa kagandahang-loob ng Diyos bilang isang lakas o puwersa ay nagmula sa medyebal na *Augustinianism*. Iba't ibang uri ng kagandahang-loob ng Diyos ang lumitaw na maaaring pumuspos sa mga Kristiyano. Ang ganitong kaisipan ay lumawak noong ikalabimpito-siglo ng Protestanteng iskolarismo. "Ang iskolastikong modelong iyon ng kagandahang-loob ng Diyos ay nagdulot ng sarili nitong mga suliranin, upang hindi maranasan nang personal ang pagkilos ng Diyos at ng kanyang Espiritu at palitan ito ng isang 'kagandahang-loob ng Diyos' na hindi nararanasan nang personal." T. A. Noble, *Holy Trinity: Holy People: The Theology of Christian Perfecting* (Eugene, OR: Cascade Books, 2013), 100.

4. Jack Jackson, *Offering Christ: John Wesley's Evangelistic Vision* (Nashville: Kingswood Books, 2017), 53.

5. John Wesley, Sermon 110, "Free Grace," *Sermons III:* 71–114, vol. 3 in *The Bicentennial Edition of the Works of John Wesley* (Nashville: Abingdon Press, 1986), 3.544, par. 1.

iba ang nagiging karanasan ng mga tao pagdating sa kagandahang-loob ng Diyos. Iyong hindi pa mga mananampalataya (bago maging Kristiyano) ay nakadama na ng kagandahang-loob ng Diyos sa simula pa lang, bago pa sila makakilala sa Diyos ay ipinadama na ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa kanila; at sa kanilang paggising, nararanasan nila ang kagandahang-loob ng Diyos sa isang kapani-paniwala at makatwirang pamamaraan; at sa kahuli-hulihan, sa sandaling sila ay maituring na matuwid, nararanasan nila ang kagandahang-loob ng Diyos na nagpapabanal ng kanilang isipan at puso."[6] Ang paglalarawan ni Jackson sa teolohiyang ito ni Wesley ay maayos niyang isinulat, lohikal, makatwiran ngunit maaari pang mabago. Binigyan niya ng pagkakaiba ang kagandahang-loob ng Diyos bilang isang bagay at ang kagandahang-loob ng Diyos bilang isang paglalakbay na may kaugnayan o relasyon, pati na ang mga pangyayari at karanasan sa buhay, at mga panahon na Dios ang nagtakda. Isang persona ang kagandahang-loob ng Diyos at ipinaaabot nang personal.

Dahil diyan, narito ang mga sumusunod na paksa upang lalo tayong matulungan na maunawaan kung paano natin mararanasan nang madalas ang pag-ibig ng Diyos sa paglalakbay ayon sa kanyang kagandahang-loob. Ang mga ito ay hindi magkakaibang *uri* ng kagandahang-loob ng Diyos, kundi ito ay magkakaibang *paraan* upang maranasan natin ang Diyos bilang isang kagandahang-loob na Nagkatawang Tao sa takbo ng ating mga buhay.[7]

---

6.Jackson, *Offering Christ*, 53.

7. Kasunod sa pagka-unawa nina William Greathouse at H. Ray Dunning tungkol sa "kaligtasan" bilang isang salitang teolohiko na may malawak na kahulugan: "Ang [Kaligtasan] ay sumasaklaw sa buong gawain ng Diyos na nagdadala sa pagpapanumbalik ng tao sa kanyang kaugnayan sa Diyos na nawala. Simula sa paunang kaligtasan, kasama dito ang lahat ng aspeto ng pagpapanumbalik na iyon hanggang sa at kabilang ang panghuling kaligtasan o 'pagluwalhati.' "William M. Greathouse at H. Ray Dunning, *An Introduction to Wesleyan Theology* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press ng Kansas City, 1982), 75. Dagdag pa, ipinaliwanag ni Greathouse at Dunning na ang kaligtasan ay hindi matatagpuan sa nag-iisang kaganapan o karanasan: "Ang Bagong

- Naghahanap na Kagandahang-Loob ng Diyos
- Nagliligtas na Kagandahang-Loob ng Diyos
- Nagpapabanal na Kagandahang-Loob ng Diyos
- Nagpapanatiling Kagandahang-Loob ng Diyos
- Sapat na Kagandahang-Loob ng Diyos

Sa mga sumusunod na kabanata, susuriin nating mabuti ang bawat isa sa biblikal, teolohikal, at sa karanasan. Simulan natin sa naghahanap na kagandahang-loob ng Diyos.

## Ang kagandahang-loob ng Diyos na nauna na sa atin

Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi nagsisimula sa sandali ng ating kaligtasan. Bago pa ang ating kaligtasan ay naranasan na natin ang kamalayan na kailangan natin ang Diyos. Hindi natin likas na hinahanap ang Diyos; sa halip, ang Diyos ang naghahanap sa atin. Ang salitang teolohikal para dito kung saan hinahangad ng Diyos na mailapit tayo sa kanyang sarili ay tinatawag na naghahandang kagandahang-loob ng Diyos (*prevenient grace*), bago pa naging mananampalataya ang isang tao ay ipinadama na ng Diyos ang kanyang pag-ibig. Ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos ay nangangahulugan lamang na lumapit na sa atin ang Diyos bago pa tayo lumapit sa kanya. Hinahanap tayo ng kagandahang-loob ng Diyos kung nasaan tayo.

Kung minsan, ganito ang patotoo ng mga Kristiyano sa karanasan nila ng pagbabago at sasabihin kung paano sila "lumapit kay Cristo" sa gayong pagkakataon o edad. Tama naman sila kung paano nila naranasan ang Diyos at nagkaroon ng bagong buhay kay Cristo. Subalit ang salitang "lumapit kay Cristo" ay hindi tama sapagkat walang sinuman kailan pa man ang lumapit kay Jesu-Cristo. Si Jesu-Cristo ang lumapit sa atin. Sa napakahalagang liham para sa mga unang Hentil

---

Tipan ay tumutukoy sa kaligtasan sa tatlong panahunan: pangnakaraan (naging), pangkasalukuyan (nagiging), at panghinaharap (magiging)."

na Kristiyano, sinabi ni apostol Pablo, "Noong una'y patay kayo dahil sa inyong mga pagsuway at mga kasalanan. Sinusunod ninyo noon ang masamang takbo ng mundong ito, at napailalim kayo sa prinsipe ng kasamaan, ang espiritung naghahari sa mga taong ayaw pasakop sa Diyos. Subalit napakasagana ng habag ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin. Tayo'y binuhay niyang kasama ni Cristo noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob." (Efeso 2:1-2; 4-5). Tingnan nang mabuti ang salitang inulit at binigyang-diin ni Apostol Pablo: patay. Hindi niya sinabi na tayo ay "may karamdaman" dahil sa ating mga kasalanan o "hindi na makaalis" sa ating mga kasalanan, kundi patay tayo dahil sa ating mga kasalanan.

Ayon sa Biblia, mayroong tatlong uri ng kamatayan: pisikal, espirituwal, at walang hanggan. Ang inilalarawan ni Pablo ay ang kamatayan sa espiritu. Nabubuhay tayo, humihinga at gumagalaw ngunit patay sa espiritu dahil sa kasalanan. Maaaring buhay sa pisikal at kumikilos ang isang tao ngunit hindi makatugon sa mga bagay na espirituwal at walang pagkaunawa dito sapagkat wala silang kamalayang espirituwal. Iyon ang dahilan kung bakit ang isang taong patay sa espiritu ay walang pagkaunawa sa espirituwal na katotohanan. Patay sila, walang pakiramdam, walang koneksyon sa kapaligiran nila, at walang pakialam sa mga nangyayari sa paligid nila.

Ayon kay Pablo, lahat tayo ay nasa ganitong mala-*zombie* na kalagayan at parang mga patay na naglalakad. Dahil ang patay ay hindi maaaring tumugon sa mga nakapaligid sa kanya, walang taong patay sa espiritu ang maaaring "makalapit kay Cristo" sa pamamagitan ng sarili niyang lakas. Kailangan niya ng tulong. Samakatuwid, ayon kay Pablo at iba pang mga talata sa Biblia na tumutukoy dito, namamagitan ang Diyos sa ganitong kalagayan natin na wala nang pag-asa at gumagawa ng bagay na hindi natin kayang gawin para sa

ating sarili: Lumalapit sa atin ang Diyos kung ano ang ating kalagayan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, kumikilos ang Diyos sa atin at pinupukaw ang espirituwal nating kamalayan. Dinadala tayo ng reyalidad tungo sa isang malalim na kaisipan: Bagaman tinatanggihan natin ang mga pag-uudyok at pangungusap ng Diyos ay naranasan na natin noon pa man ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos. Malaya lamang tayong nakatutugon sa Diyos dahil pinalaya na tayo ng espirituwal nating kamalayan at anumang pagkilos ng kagandahang-loob ng Diyos sa atin ay nauuna na sa pagtugon natin sa Diyos.

Ang sikat na kwentong enkantadya na "*Sleeping Beauty*" ay tungkol sa isang prinsesa na napasailalim sa kapangyarihan ng isang masamang reyna. Mahimbing na pinatulog ang prinsesang ito at ang tanging paraan lamang upang siya ay magising ay kung darating ang kanyang prinsipe at hahalik sa kanya. Ang halik na ito ang makapagpapagising mula sa malalim at mahimbing niyang pagkatulog upang iligtas siya sa kanyang kalagayan na parang wala nang pag-asa. Kahit na ito ay isang kwentong enkantadya lamang, ipinakita nito kung paano gumana ang kagandahang-loob ng Diyos na sa simula pa lang ay naranasan na. Sinasabi ng Biblia na ang bawat kaluluwa ng tao ay nasa isang uri ng mahimbing na espirituwal na pagkatulog tulad ng kamatayan, at wala tayong kakayahan sa ating sarili upang magising patungo sa espirituwal na kamalayan. At dumating si Jesus tulad ng isang Prinsipe, nawasak ang sumpa, ginising tayo ng mga bagong katotohanan na dati ay wala tayong kamalayan. Tulad ng ama sa Lucas 15 na gayon na lang ang pagkasabik sa pagmamahal ng kanyang alibughang anak, na habang ito ay paparating mula sa malayo ay kanyang natanaw, niyakap at hinalikan, at ang halik na iyon ay naglalarawan ng kagandahang-loob nito na ipinadama na sa una pa lang. Basahin muli ang nakaaantig na talinghagang ito mula sa pananaw ng kagandahang-loob ng Diyos na ipinadama na sa atin

sa simula pa lang: "Kaya bumalik siya sa kanyang ama. Malayo pa ay natanaw na siya ng kanyang ama at naawa ito sa kanya, kaya patakbo siya nitong sinalubong, niyakap at hinalikan. Dahil ang anak ko na akala ko'y patay na ay bumalik na buhay. Nawala siya, pero muling nakita.' Kaya nagsimula silang magdiwang" (Lucas 15.20, 24).

## Si John Wesley at ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos

Maraming sinabi ang ating teolohikong ninuno na si John Wesley tungkol sa naghahandang kagandahang-loob ng Diyos. Habang hindi siya naniniwala na ang tunay na pagdidisipulo ay kaagad nangyayari matapos ang pagsisisi sa kasalanan at pagbabalik-loob sa Diyos, pinanatili ni Wesley na ang kagandahang-loob ng Diyos ay una nang kumilos at gumising sa mga taong may pagnanais na simulang hanapin ang Diyos na siyang pasimula ng paggising at kamalayan sa katotohanan.[8] Tayo ay tumugon sapagkat ang Diyos ang unang naghanap at nakasumpong sa atin.

Hindi si John Wesley ang unang yumakap sa ideya ng kapangyarihan ng naghahandang kagandahang-loob ng Diyos na iniaabot sa lahat ng tao, subalit ang kanyang kaibahan ay ang ideya ng pagkakasunud-sunod ng kaligtasan.[9] Ito ay minsang tinatawag na pumipigil na kagandahang-loob ng Diyos (*preventing grace*) na sa paniniwala ni Wesley, simula pa lang sa kapanganakan ng tao, ay aktibo nang kumikilos ang kagandahang-loob ng Diyos upang sila ay ilapit kay Jesu-Cristo at magkaroon ng buhay na walang hanggan kahit hindi pa nila narinig ang pangangaral ng mabuting balita. Ang presensya ng Diyos sa simula pa lang at pagkilos ng Banal na

8. Jackson, *Offering Christ,* 43–44. Tingnan din: Randy Maddox, *Responsible Grace: John Wesley's Practical Theology* (Nashville: Kingswood, 1994), 8.

9. Sa tradisyon ng Katoliko, ang "aktwal na kagandahang-loob ng Diyos" ay nahahati sa dalawang bahagi: "ang kumikilos na kagandahang-loob ng Diyos" at ang "nakikiisang kagandahang-loob ng Diyos."

Espiritu ay ang kagandahang-loob ng Diyos na "nauna na" bago pa man makarinig ng mabuting balita, kamalayan sa espiritu, at pagsisisi sa kasalanan ng isang tao.

Walang sinumang tao ang hindi nakararanas ng kagandahang-loob ng Diyos at ito ay sa paanyaya ng Espiritu ni Jesus. Bilang mga makasalanan, "noong una'y patay tayo dahil sa ating mga pagsuway at mga kasalanan" (Mga Taga-Efeso 2.1), at wala tayong kakayahang lumapit sa Diyos sa ating sariling lakas. Samakatuwid, ang Diyos ang palaging unang umaabot upang tayo ay magkaroon ng kamalayan sa katotohanan, magbalik-loob sa kanya, at baguhin ang ating buhay. Tinatawag natin ang paunang pagkilos ng Banal na Espiritu na paghahanda (*prevenient*) sapagkat bago pa man tayo tumugon ay kumikilos na at nangungusap na ang Banal na Espiritu. Maaaring manampalataya kay Jesu-Cristo ngunit walang sinuman ang "makalalapit kay Cristo" maliban kung ang Diyos ang unang lumapit, at iyon ay gawain ng Banal na Espiritu ayon kay Jesus na sinabi niya sa kanyang mga alagad (Juan 16.5-15; tingnan din sa Juan 6.44).

Tulad nga ng pagkakasabi nang ganito ni Lovett Weems, "Hinahanap na tayo ng Diyos bago pa natin hanapin ang Diyos. Ang unang hakbang ng kaligtasan ay nagmumula sa Diyos sa simula pa lang. Bago pa tayo gumawa ng ano mang hakbang, nariyan na ang Diyos."[10] Ang kagandahang-loob ng Diyos ay hindi napipigilan at walang sinumang tao ang hindi makararanas ng pagkakataon na magkaroon ng personal na kaugnayan sa Diyos. Ang ibig sabihin nito sa tradisyon ng mga *Wesleyan-Holiness*, kapag nagbabahagi tayo ng mabuting balita sa isang tao, ay hindi tayo tumitingin kung ano ang kanyang moralidad. Walang sinumang tao na nakilala natin ang hindi nakararanas ng naghahandang kagandahang-loob ng Diyos.

---

10. Lovett H. Weems, Jr., *John Wesley's Message Today* (Nashville: Abingdon Press, 1991), 23.

May mga ilan na ating nabahaginan tungkol sa kaligtasan ang hindi sasang-ayon o tutugon sa alok na kaligtasan ng Diyos, ngunit maaari tayong makatiyak na naging tapat ang Diyos sa kanilang buhay bago pa tayo magbahagi sa kanila ng salita ng Diyos. Nauna nang dumating si Jesus sa kanilang buhay bago pa tayo dumating.

Hindi sapilitan ang alok na kaligtasan ng Diyos. Sa likas nitong katangian, ang pag-ibig na may pagbibigayan (ang batayan ng tunay na pakikipag-ugnayan) ay nangangailangan ng kalayaan na tanggapin o tanggihan ang iniaalok na pag-ibig. Gayunpaman, bago pa tayo tumugon sa paanyaya ng Diyos, nauna na ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos. Ganito ang pagkakasunud-sunod ng paraan ng pagtubos sa kasalanan at pagkatapos ay ang simula ng pagdidisipulo. Pinasimulan ng Diyos; tayo ay tumugon. Palaging nauuna ang kagandahang-loob ng Diyos.

## Pagsumikapang ipamuhay kung ano ang ginagawa ng Diyos sa loob natin

Nagpapatotoo ang Bagong Tipan sa pagbibigay-diin sa mga liham ni apostol Pablo na “kapag ang isang tao ay nanampalataya kay Jesus bilang kanyang Panginoon na nabuhay muli, iyon ay tanda ng pagkilos ng Espiritu ayon sa mabuting balitang kanyang narinig, at kapag sinimulan na ng Espiritu ang ‘paggawa ng mabuti’ na kung saan ang pananampalataya ang unang bunga, maaari kang magtiwala na tatapusin ng Espiritu ang gawain nito.”[11] Gayunpaman, hindi nito sinasalungat ang kahalagahan ng pakikilahok ng tao. Ang pakikipag-ugnayan ay nangangailangan ng pakikiisa.

Ito ang sinabi at binigyang-diin ni Pablo, na inumpisahan at tinapos ang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos: “Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Jesu-Cristo. (Mga Taga-

11. N. T. Wright, *Paul: A Biography* (San Francisco: HarperOne, 2018), 96.

Filipos 1.6).[12] Bukod dito, sinabi ni Jesus sa mga alagad (at iklesia) na "pagsumikapan ninyong maging ganap ang inyong kaligtasan nang may lubusang paggalang at pag-ibig sa Diyos; sapagkat ang Diyos ang kumikilos sa inyo upang inyong naisin at isagawa ang kanyang kalooban" (2:12-13).[13] Sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, kailangan nating gawin at pagbutihin ang mga bagay na pinagagawa ng Diyos sa atin. Marami pang makatutulong na mga halimbawa sa Biblia tungkol dito.

Tinawag ng Diyos si Abraham sa isang lugar na tinatawag na Ur ng mga Chaldeans (ngayon ay Iran). Ang Diyos ang nagpasimulang tumawag: "Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami." (Genesis 12.2). Sino ang nauna? Ang Diyos. Sino ang nagpasimulang gumawa ng mabuti kay Abraham? Ang Diyos. Gayunpaman, kinailangang tumugon ni Abraham bilang pagsunod at gawin kung ano ang ipinagagagawa ng Diyos sa kanya. Nagpakita ang Diyos kay Jacob sa isang panaginip at pagkatapos ay nakipagbuno siya sa Diyos sa ilog ng Jabbok (Genesis 28.10-22). Sino ang nauna? Ang Diyos. Sino ang nagpasimulang gumawa ng mabuti kay Jacob? Ang Diyos. Gayunpaman, kinailangang gawin ni Jacob kung ano ang ipinagagagawa ng Diyos sa kanya.

Si Moises ay nagmula sa napakalayong lugar. Nakatagpo niya ang Diyos sa pamamagitan ng isang nagniningas na maliit na puno at siya ay tinawag upang iligtas ang kanyang bayan mula sa pagkaalipin sa Ehipto (Exodo 3.1–4.17). Sino ang nauna? Ang Diyos. Sino ang nagpasimulang gumawa ng mabuti kay Moises? Ang Diyos. Gayunpaman, kinailangan ni Moises na gawin kung ano ang ipinagagagawa ng Diyos sa kanya.

---

12. Pansinin na ang Diyos ay kapwa nagsisimula at nagbibigay kakayahan sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

13. Idinagdag ko dito ang "iklesia" sapagkat ang salitang "inyo" ay nasa maramihan.

Nagpakita ang muling nabuhay na Cristo kay Saulo sa daan patungo sa Damasco (Mga Gawa 9.1-19). Hindi hinanap ni Saulo ang Diyos. Ang kanyang misyon ay para usigin ang mga Kristiyano. Sino ang nauna? Ang Diyos. Sino ang nagpasimulang gumawa ng mabuti kay Saulo (na sa kalaunan ay naging Pablo, misyonero sa mga Hentil). Ang Diyos. Gayunpaman, tulad ng sinabi ni Pablo sa kalaunan sa kanyang liham sa iklesia sa Filipos, kinailangan niyang gawin kung ano ang ipinagagagawa ng Diyos sa kanya.

Ang pinunong taga-Etiopia sa isang disyertong daan sa Judea (Mga Gawa 8), si Cornelio sa pamamagitan ng isang pangitain ng alas tres ng hapon (Gawa 10), si Lydia sa tabi ng ilog (Gawa 16): ano ang iisa sa kanilang lahat? Ang mga ito at iba pang mga pangyayari ay nagpapakita ng mga tao na tumugon nang may pananampalataya sa Diyos na siyang unang lumapit sa kanila. Ginawa nila kung ano ang ipinagagawa ng Diyos sa kanila.

Mayroong pare-parehong paraan ang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng naghahandang kagandahang-loob ng Diyos sa mga taong tumutugon nang may pananampalataya. Sinabi ng isang tanyag na British *missiologist* na si Lesslie Newbigin, “Ang pananampalataya ang mahigpit na humahawak sa natapos na ni Cristong gawin para sa akin.” Hindi ibig sabihin na hindi na kailangang tumugon; nauna na ang kagandahang-loob ng Diyos bago pa ang pagtugon. Kahit na si Augustine na may matibay na paniniwala sa predestinasyon ay nagpatunay: “Siya na lumikha sa atin kung saan hindi tayo kasali, ay hindi tayo ililigtas nang hindi tayo kasali.”[14]

---

14. Sinipi sa John Wesley, *The Works of the Rev. John Wesley* (Kansas City, MO: Nazarene Publishing House, n.d .; at Grand Rapids: Zondervan Publishing House, concurrent editions 1958, ), VI, 513.

## Ang pangangalaga ng Diyos at ang paghahanda ng Diyos

Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng *nag-aalagang* kagandahang-loob ng Diyos at *naghahandang* kagandahang-loob ng Diyos. Ang pangangalaga ng Diyos ay kung paano tumutugon at tumutustos ang Diyos para sa kanyang mga nilalang.[15] Pinagkakalooban ng Diyos ng pangangailangan ang bawat isa at ito ay kanyang tinitiyak (Genesis 22.8, 14). Tunay na mahiwaga kung paano kumikilos ang pangangalaga ng Diyos sa buhay ng bawat tao. Kung kailan, saan at sa anong uri ng pamilya ipinanganak ang isang tao ay isang katanungan ng pangangalaga ng Diyos. Kung bakit ang isang tao ay ipinanganak sa isang pamilyang Hindu sa India noong 1765, habang ang isa naman ay ipinanganak sa isang pamilyang Kristiyano sa Mozambique noong 2020, ay mga bagay na may kaugnayan sa pangangalaga ng Diyos. Ang pangangalaga ng Diyos ay may iba't ibang antas ng pananagutang espirituwal. Ang isang binigyan ng pagkakataon na makarinig ng mabuting balita sa buong buhay nila ay hahatulan sa ibang pamamaraan kaysa sa hindi pa nakaririnig ng pangalan ni Jesus. Ang talinghaga ni Jesus tungkol sa tapat at matalinong lingkod ay higit pa sa pagkakaroon ng materyal na bagay at pag-aari—pinangangasiwaan dapat ito ng kagandahang-loob ng Diyos. "Ang pinagkalooban ng maraming bagay ay hahanapan ng maraming bagay; at ang pinagkatiwalaan ng lalong maraming bagay ay pananagutin ng lalong maraming bagay." (Lucas 12:48). Hindi lahat ay binibigyan ng pantay at parehong pagkakataon. Mas higit pa ang ibinibigay sa ilan, at sa iba naman ay mas kaunti.

---

15. Ang salitang "*providence*" ay nagmula sa dalawang salitang Latin: *pro*, na nangangahulugang "pasulong" o "para sa;" at, *videre*, na nangangahulugang "upang makita." Ang *providence* minsan ay nakikilala sa dalawang kategorya: "pangkalahatang pangangalaga," pag-aalaga ng Diyos para sa sansinukob; at "espesyal na pangangalaga," ang interbensyon ng Diyos sa buhay ng mga tao.

Sa pinagkakalooban ng "higit pa" ay mas mataas ang inaasahang pagtugon. Ito ang maluwalhating pangangalaga ng Diyos.

Kung ang pangangalaga ng Diyos ay kung saan tayo inilalagay ng Diyos, naglalarawan naman ang paghahanda ng Diyos ng iba't ibang kaparaanan kung papaano tayo katatagpuin ng Diyos. Ang bawat isa ay nakatatanggap ng kaparehong kagandahang-loob ng Diyos bago pa man ang kaligtasan. Magkakaiba ang mga pagkakataon upang tumugon. Patuloy at matiyagang iniaabot ng Diyos ang kanyang sarili sa lahat. Nakikilala sa paniniwalang iyan ang kaibahan ng Kristiyanismo sa ibang mga relihiyon sa daigdig na nagtuturo na ang Diyos ay tutugon kung ang mga tao ang unang lalapit sa Diyos. Kabaligtaran sa Kristiyanismo: Palaging nauunang kumikilos ang Diyos na nagbibigay-daan sa pagtugon ng tao.

Sa Diyos unang nagsisimula ang kagandahang-loob ng Diyos na nagdudulot ng mabuting gawa at pagkakaroon ng kapayapaan. Ang katubusan sa kasalanan at pagiging bagong nilalang kay Cristo ay pinasisimulan lagi ng Diyos. Wala nang makapagpapahayag nito nang higit pa sa paniniwala na ang Ama ang nagsugo kay Jesu-Cristo sa sangkatauhan. Palaging nauunang kumikilos ang Diyos. Ginigising ng Banal na Espiritu ng Diyos ang mga tao upang makita nila ang pangangailangang maligtas mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pagkamatay ni Cristo, at ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya.

Para kay John Wesley, higit pa sa konsensya ang pagpukaw sa espiritu: "Walang sino man maliban kung pinatay niya ang ningas ng Espiritu ang hindi makararanas ng kagandahang-loob ng Diyos. Walang sino mang nabubuhay ang hindi alam ang tinatawag na likas na pag-iisip. Nakararanas ang bawat tao ng kaliwanagang iyon dito sa mundo. At ang bawat isa kahit paano ay nababagabag kapag sinasalungat niya ang sarili niyang pag-iisip. Kung gayon, hindi nagkakasala ang isang tao dahil wala sa kanya ang kagandahang-loob ng Diyos kundi dahil hindi niya ginagamit ang kagandahang-loob ng

Diyos na mayroon siya."[16] Ang isang nababagabag ang budhi, na may mataas na kamalayan sa tama at mali, at paggising sa kamalayan ng espiritu ay mga kaloob ng Diyos ayon sa kagandahang-loob nito para sa lahat. Ang pag-asang ito ay may mahalagang implikasyon para sa pag-eebanghelismo ng mga *Wesleyan*.

## Ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos at ang pangangaral ng mabuting balita

Minsan ay nakilala ko ang isang grupo ng mga pastor na Kristiyano na nakatira sa isang lugar kung saan mahirap maging isang tagasunod ni Cristo. Ligal naman ang maging isang Kristiyano, ngunit may mga mahigpit na alituntunin laban sa pagpapalit ng isang relihiyon o pananampalataya. Mabigat ang parusa tulad ng pagkabilanggo at kamatayan sa nangangaral ng mabuting balita. Tinanong ko ang mga pastor kung paano sila nangangaral ng mabuting balita sa gayong masama at mapanganib na kalagayan. Ito ang sagot ng isang pastor, "Mga Panaginip." Hindi ko maunawaan kaya hiniling ko na ipaliwanag niya ito sa akin. "Hindi dose-dosena, ngunit daan-daang mga kapit-bahay namin ay nananaginip sa gabi. Ang buhay na Cristo ang nagpapakita sa kanila sa kanyang kagandahan at kapangyarihan. Sila ay nagtatanungan sa kanilang paggising. 'Sabihin mo sa amin ang tungkol sa lalaking iyon na nakita namin sa aming panaginip kagabi.' Kapag sila ay nagtanong, obligasyon naming sumagot, hindi sa pamamagitan ng pangangaral, kundi sa mga pangyayari mula sa aming karanasan upang ipaliwanag sa kanila ang nangyari. Marami sa kanila ang nagsusuko ng kanilang buhay kay Cristo sa paraang iyon."

Sa mga lugar kung saan sarado ang mga iklesia, nauna nang kumilos ang Espiritu ng Diyos sa atin. Walang mga hangganan o hadlang ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos. Walang

16.[16] Wesley, *Works*, VI, 512.

tigil na umaabot ang pag-ibig ng Diyos kahit na sa mga taong sumasalungat at mahirap abutin ng mabuting balita. Maaaring hindi sila tumugon at manampalataya, ngunit hindi nila matatakasan ang presensya ng Diyos na hindi tumitigil upang sila ay ibigin at ilapit sa kanya.

Iyon ang paulit-ulit na kwento ng *The Jesus Film*. Madamdaming isinalaysay ng pelikulang ito ang buhay ni Cristo na naging mabisang pamamaraan ng kagandahang-loob ng Diyos sa buhay ng libu-libong tao sa mundo. Ipinalalabas ito sa mga liblib na lugar kung saan hindi pa naririnig ang pangalan ni Jesus. Ayon sa isang kwento, may pinuno ng isang tribo na tumayo habang ito ay ipinapalabas at sinabing, “Itigil iyan! Kilala namin ang lalaki sa palabas na iyan! Nagpakita siya sa aming mga ninuno maraming taon na ang nakalilipas upang sabihin ang kuwentong ito tungkol sa kaligtasan. Sinabi niya na isang araw ay may darating upang sabihin sa amin ang kanyang pangalan. At ngayon alam na namin na ang kanyang pangalan ay Jesus.” Bagaman ito ay isang halimbawa lamang ng iba pang magkakatulad na mga kwento, ipinapakita nito na ang Espiritu ng Diyos ay nauna na sa iklesia tulad ng laging nangyayari. Inihahanda ng Banal na Espiritu ang puso ng mga tao sa pagtanggap ng mabuting balita. Nagtagpo ang naghahandang kagandahang-loob ng Diyos at ang may pangangalagang layunin ng Diyos bago pa magkaroon ng iklesia upang ipahayag ang mabuting balita. Dahil dito, buong tribo ang kumilala at nanampalataya kay Cristo.

Hindi kayang gawin sa sarili lang o nag-iisa ang pangangaral ng mabuting balita. Nangyayari ito sa pakikipag-ugnayan sa iba sa udyok ng Banal na Espiritu na palaging nauuna. Walang Kristiyano ang maaaring palagpasin at hindi makita nang malinaw ang mga kamangha-manghang paraan ng pagkilos ng Diyos upang gisingin ang mga tao, magsisi at manampalataya kay Cristo Jesus.

Naging Kristiyano ang aking ama noong kanyang kabataan nang may nag-alaga sa kanya na mga Nazarene na tumayong kanyang mga magulang. Ako naman ay naging Kristiyano sa pamamagitan ng mga halimbawa na ipinakita sa akin ng mga Kristiyano kong magulang at grupo ng mga kalalakihan na matapat na nagtitipon tuwing Miyerkules ng umaga upang manalangin para lang sa aking kaligtasan. Ang karanasan mo naman sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ay natatangi para lang sa iyo. Isa lang ang pareho sa bawat karanasan, palaging nauuna ang Diyos.

Isang ateista o hindi naniniwala sa Diyos ang kaibigan kong si Stephane na pumapasok sa isang unibersidad sa Germany sa kursong *robotic science*. Sinabi ng kanyang tiyuhin, na isa ring ateista, ang tungkol sa isang pelikula na pinamagatang *The Mission*. Hinimok siya ng kanyang tiyuhin na panoorin ang pelikula dahil sa "kahusayan ng mga nagsiganap at sa magagandang tanawin nito." Kinunan ang pelikula noong ikalabing walong siglo sa hilagang-silangan ng mga gubat ng Argentina. Isang misyong Espanyol na Heswita ang itinatag upang maabot ang mga katutubong tribo ng Guarani para kay Cristo.

Nirentahan ni Stephane ang palabas. Lalo siyang naantig sa isang eksena kung saan isang negosyanteng mersenaryo at nangangalakal ng mga alipin na nagngangalang Rodrigo Mendoza ang umakyat sa isang matarik na bundok na may talon. Nakatali sa likuran niya ang mga kasangkapan para sa pangangalakal—ang kanyang baluti at mga espada. Gumagawa siya ng pagpapakasakit para sa kanyang mga kasalanan. Nang marating ni Mendoza ang gilid ng bangin, isang mandirigma mula sa tribo na dinukot dati ni Mendoza at ipinagbili bilang alipin, ang biglang tumalon sa kanya, may hawak na kutsilyo na parang gigilitan siya sa leeg. Matapos mag-alinlangan ng ilang sandali, pinutol ng lalaki na galing sa tribo ang lubid mula sa balikat ni Mendoza at inihulog ang mabibigat niyang gamit at bumagsak sa ibaba ng talon. Naisip bigla ni Mendoza na may nagbago sa batang

mandirigmang ito, mula sa pagkauhaw sa paghihiganti hanggang sa pagpapakita ng awa.

Pagod na pagod at putikan, napaupo si Mendoza sa lupa. Hindi niya napigilang tumangis, hindi dahil sa pagsisisi, kundi dahil sa kagalakan na may kapayapaan na kanyang nadama. Binigyan siya ng ligtas na matutuluyan at tinanggap sa kanilang komunidad. Kalaunan, naging isa siyang paring Heswita.

Hindi nagtagal, binigyan si Mendoza ng isang aklat kung saan kanyang nabasa ang isang talata tungkol sa kahulugan ng pag-ibig. Hindi alam ni Stephane ang pinanggalingan ng mga salita sa aklat na iyon, ngunit para sa kanya, pinakamaganda iyon sa lahat na kanyang narinig. Napahanga siya nito kaya pinanood niyang mabuti ang eksena sa palabas nang paulit-ulit. Upang hindi makalimutan, isinulat niya ang mga sinabi sa eksena at pagkatapos ay nagpunta siya sa isang silid aklatan upang hanapin ang pinagmulan ng mga salitang iyon sa aklat na nabasa ni Mendoza. Nagulat siya sapagkat hango ang mga salitang iyon sa Biblia. Paulit-ulit niyang binasa ang 1 Mga Taga-Corinto 13—"ang kabanata tungkol sa pag-ibig."

Hindi nagtagal, nagkagusto si Stephane sa isang estudyanteng dalaga kung saan siya nag-aaral. Isang gabi ay inanyayahan niya si Stephane sa tinawag niyang "*club*." Isang *Bible study* pala ito. Natutunan ni Stephane ang *The Lord's Prayer*. Bilang isang siyentipiko, naniniwala siyang kailangang dumaan sa eksperimento ang isang bagay upang malaman kung ano ang kalalabasan nito. Naranasan ni Stephane na sa tuwing nagdarasal siya ng *The Lord's Prayer* sa gabi bago matulog, mahimbing ang kanyang pagtulog. Hindi nagtagal, lagi na siyang nananalangin sa gabi bago matulog. Nagising siya ng pag-ibig na walang humpay at ng kagandahang-loob ng Diyos na nauna na.

Tinugon ng Diyos ang mga panalangin ng isang batang ateista. Natuklasan niya ang kaningningan ng pag-ibig ng Diyos

sa pamamagitan ng isang palabas dahil "sa kahusayan ng mga nagsiganap at sa magagandang tanawin nito." Tumugon si Stephane sa kagandahang-loob ng Diyos na nauna na. Ipinagsabi niya ang pananampalataya na natagpuan niya kay Cristo at sinimulang gawin kung ano ang pinagagawa ng Diyos sa kanya. Isa na ngayong misyonero si Stephane sa *Church of the Nazarene*. Ganyan ang kagandahang-loob ng Diyos na sa simula pa lang ay ipinadama na niya ang kanyang pag-ibig na humahantong sa pagsisisi at pagbabago.

Ang paniniwala sa kapangyarihan ng naghahandang kagandahang-loob ng Diyos ay nag-aalis sa kawalan ng pag-asa sa sinumang hindi pa naging mananampalataya. Huwag tayong mawalan ng pag-asa sapagkat hindi sumusuko ang Diyos sa atin. Ang kakayahan ng mga nangangaral ng mabuting balita ng kaligtasan ay hindi dahil sa kanilang sariling lakas o kung paano tumutugon ang mga nakarinig nito. Ito ay sa ganap na pagtitiwala sa pag-ibig ng Diyos para sa bawat isa. Ito ay labis-labis (Efeso 1.7), walang hupa, at hindi nagbabago. Sapat na upang tapusin kung ano ang sinimulan ng Diyos. May inilalaan ang Diyos para atin.

Hanggang saan ang gagawin ng Diyos para abutin ang isang tao? Hinahangaan ko ang awitin ni Cory Asbury noong 2017 na pinamagatang "*Reckless Love*," patungkol sa naghahanap na kagandahang-loob ng Diyos. Ito ay tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos sa buhay ng mang-aawit. Inilalarawan nito ang "nag-uumapaw, walang katapusan, walang takot na pag-ibig ng Diyos" na "humahabol sa akin hanggang ako ay matagpuan, kahit iwanan pa ang siyamnapu't siyam." Ganito ang koro:

Walang aninong iyong di mabibigyang liwanag
Bundok na di mo kayang akyatin
Sa paghahanap sa akin
Walang muog na di mo gigibain
Kasinungalingang di mo sisirain

Sa paghahanap sa akin.[17]

Nag-uumapaw. Walang katapusan. Ganyan kalawak ang gagawin ng Diyos para lang maabot ang isang tao.

17. Ang ilan ay nagpahayag ng pagkabahala sa paggamit ng salitang "*reckless*" sa kantang ito. Kung nangangahulugang walang ingat, ito ay may problema. Kung nangangahulugang matapang, nakakamangha, at labis na mapagbigay, malapit ito sa paglalarawan ng pag-ibig ng Diyos.

△□

# ANG KATOTOHANAN

*Sa pamamagitan ng nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos, tayo ay iniligtas ni Jesus mula sa ating mga kasalanan at dinala tayo sa katotohanan na nagpalaya sa atin.*

3

# ANG NAGLILIGTAS NA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

*Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.*
*—Mga Taga-Roma 6:23*

Minsan tinanong ng isang *reporter* sa palaro o palakasan ang kilalang kampeonato na manlalaro ng *golf* na si Jack Nicklaus upang malaman ang pinaka karaniwang suliranin ng mga baguhang *golfers.* Ang akala kong isasagot niya ay kakulangan sa pagsasanay o hindi maingat at hindi tamang pagpalo sa bola. Nagulat ako nang sa halip ay sinabi ni Nicklaus, "labis na kumpiyansa." Akala nila ay napakahusay na nila. Sa tingin ko, kaya kong palusutin ang bola ng golf sa pagitan ng dalawang puno kapag tumira ako. Kaya kong paluin ang bola para padaanin sa ibabaw ng tubig. Ang tawag diyan ay labis na kumpiyansa.

Ganito ang karaniwang ginagawa ng mga tao. Labis ang tiwala at pagtingin sa kanilang mga kakayahan at minamaliit ang kanilang mga limitasyon. Gayunpaman, wala nang mas hihigit pa sa problema ng labis na tiwala at kumpiyansa na kung saan ito ay madalas na mangyari sa larangang espirituwal. Labis-labis ang kumpiyansa natin

pag dating sa kalakasang espirituwal at minamaliit naman natin ang ating espirituwal na kahinaan.

## Moralismo

Ang ganitong pagtingin sa labis na kumpiyansa sa sarili pag dating sa espirituwal na mga bagay ay tinatawag na *moralismo.* Ang moralismo ay ang paniniwalang ang tao ay matuwid sa ganang kanyang sarili at ang lahat ay maayos pagdating sa espirituwal sapagkat siya ay namumuhay na may pagkakaunawa kung ano ang tama at mali at may maayos na pag-uugali. Sa ibang pagkakasabi, ang isang moralista ay isang taong naniniwala na sila ay naligtas sa pamamagitan ng mabubuting gawa at ng pag-iwas sa masasama.

Pareho ang sinasabi ng lahat na mga moralista: "Hindi ako si Mother Teresa, ngunit hindi rin ako masama. Matapat akong namumuhay. Binabayaran ko ang aking mga utang. Hindi ko niloloko ang aking asawa. Responsable akong bumoboto. Nagbibigay ako ng kaunting pera sa kawanggawa. Hindi ako isang espirituwal na panatiko, ngunit hindi rin ako masama." Sa madaling salita, sinusunod ng mga moralista ang kaisipan na sisingilin sila ng Diyos sa Araw ng Paghuhukom sa katotohanan na gumawa sila ng mas mabubuti kaysa sa masasama, lalo na kung ihahambing sila sa "ibang" mga tao (mga *serial killer, rapists, drug dealers*, atbp.) na mas masasahol pa. Laganap ang moralismo sa mundo natin ngayon.

Noong 2004, nagsagawa ng isang botohan ang organisasyong Gallup upang malaman kung ano ang paniniwala ng mga Amerikano tungkol sa langit. Ang nakakuha ng aking pansin ay ang bilang ng mga taong naniniwala na pupunta sila sa langit: 77 porsyento ng mga nagsabing naniniwala sila sa langit ay inihanay ang kanilang tsansa na makarating doon bilang "pinakamataas." Gayunpaman, ayon sa *survey*, anim lamang sa sampu sa kanilang mga kaibigan ang pupunta sa langit. Subalit ang talagang nakakuha ng aking pansin, lalo na patungkol sa isang pananaw sa moralismo, ay ang marami sa

mga tao sa survey na nagpatibay ng paniniwala na "mayroong isang langit kung saan ang mga tao na namuhay nang mabubuti ay may walang hanggang gantimpala.[1] Binigyang-diin ko ang "namuhay nang mabubuti" upang mabigyang punto na ang karamihan sa mga tao ay naniniwala na pupunta sila sa langit kapag sila ay namatay dahil sa kanilang "mabubuting pamumuhay" at "pag-uugali na may moralidad."

Si Diana, *Princess of Wales*, ay namatay noong 1997. Ito ay isang malungkot na pagkawala para sa marami. Malawak ang naging atensyon ng *media* at pagdadalamhati ng publiko dahil sa kanyang katanyagan sa buong mundo. Naaalala ko habang ako ay nakikinig sa mga tao na pinag-uusapan kung gaano nakapagbibigay sa kanila ng kaaliwan ang malaman na si Diana ay nasa langit na ngayon, na siya ay isang anghel na nagbabantay sa kanila, at ang langit ay isang mas mabuting lugar para sa kanya kaysa sa mundong ito. Hindi ko sinasabi na si Diana ay wala sa langit, ngunit napapaisip ako sa pangangatuwiran ng maramimg mga tao na nagsasabing nandoon siya sa langit. Sa mga obserbasyon ko, isa siyang mabait at mahabaging tao na ginamit ang kanyang malawak na impluwensya para sa kabutihan. Nakasama niya ang mga mahihirap, naging tagapagtanggol ng mga taong may AIDS, at ang pagiging aktibo niya at pakikilahok sa iba't ibang gawain at organisasyon ay nakatulong sa pagtaas ng kamalayan para sa mga bata at kabataan. Magandang malaman ng lahat ang mga ito, ngunit ang mga iyon ba ang makapagliligtas sa atin? Ang pagiging mabuti ba o paggawa ng mabuti ang magdadala sa kaligtasan, sa langit, at sa walang hanggang gantimpala?

Nabubuhay tayo sa isang panahon ng mga magkakaibang opinyon mula sa iba't ibang mga katanungan. Maraming mga tao

1. Albert L. Winseman, "Eternal Destinations: Americans Believe in Heaven, Hell," May 25, 2004, https://news.gallup.com/poll/11770/eternal-destinations-americans-believe-heaven-hell.aspx.

ang nagsasabing binababa ng Diyos ang pamantayan upang iyon ay maabot ng mga tao at maging kapuri-puri sa iba at sa gayon ay makarating nang malayo ang kaunting kabutihan na kanilang nagawa. Kung maaari lamang nating tipunin ang mga bagay na ginawa natin at ilagay sa hanay ng "mabuti" at ikumpara sa hanay ng "masama," papabor nang mas marami ang mabuti, at ang ating mabuting pamumuhay at matapat na pagsisikap ay pupunan ang ating mga pagkukulang. Iyan ay Moralismo.

Malinaw ang sinasabi ng Salita ng Diyos sa puntong ito: hindi tayo maliligtas ng ating mga pagsisikap; hindi tayo maliligtas ng ating kabutihan; hindi tayo maliligtas ng ating mga intensyon.

Tayo ay maliligtas lamang sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, at ang kagandahang-loob na ito ng Diyos ay hindi mula sa ating sarili. Ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos ay nagmumula mismo sa Diyos sa persona ni Jesu-Cristo.

## Ang Pagbabayad-Sala

Ang krus marahil ang pinaka-kinikilala at tinatanggap na simbolo sa mundo ngayon. Kapag nakita natin ang krus, tayo ay pinaaalalahanan ng buhay at kamatayan ni Jesus sa pamamagitan ng pagpapako sa krus. Ang pagpapako sa krus ay ang pinaka-kakila-kilabot, kahiya-hiya at pinaka-nagpapahirap na uri ng kamatayan na naisip at isinagawa ng tao. Sa kadahilanang iyon, kakaiba para sa isang tao sa unang siglo kapag nakakita siya ng mga tao na may suot na krus upang gawing kuwintas sa kanilang mga leeg. Kung sa ngayon ay makakakita tayo ng isang tao na nakasuot ng isang kuwintas na may palawit na maliit na silya elektrika, maiisip natin na kakaiba iyon sapagkat iyon ay sumasagisag sa isang paraan ng parusang kamatayan para sa mga kriminal. Iyon ang ibig sabihin ng krus para sa mga tao noong unang siglo. Nakahihiya at nakasusuya ang maipako sa krus katulad ng mga kriminal at rebelde. Ang pagpapako sa krus ay tunay

na nakapanlulumo na naglalarawan ng "matinding sakit" na may literal na katumbas ng salitang "ipinako sa krus."

Dahan-dahan ang paraan ng kamatayan sa pamamagitan ng pagpapako sa krus na nagdudulot ng labis na hirap sa tindi ng sakit. Ito ay isinasapubliko at hindi maaaring ilihim. Madalas, kinukutya at hinahamak ang mga ipinapako sa krus. Binabato at pinagtatawanan sila ng mga nanonood habang nakabitin sa isang krus at dahan-dahang nalalagutan ng hininga. Namamatay sila dahil sa kakapusan sa hangin sapagkat habang sila ay nakabitin, nahihirapan ang kanilang mga baga na gumana upang makahinga. Minsan ay tumatagal pa ng ilang araw bago sila malagutan ng hininga at hindi sila binibigyan ng isang makataong libing. Sa halip, madalas silang iniiwan upang kainin ng mga ibon ang kanilang mga laman. Matapos ang sapat na oras upang ipakita sa publiko ang maaaring mangyari para sa sinumang lalaban sa Emperyo ng Roma, ibababa mula sa krus ang natitira sa kanilang bangkay at itatapon sa basurahan ng siyudad.

Huwag nating kalimutan na si Jesus ay ipinako sa krus tulad ng mga kriminal at ito ay nagdala sa akin sa isang kaisipan na kung titingnan ay tila kakaiba hanggang ngayon: Ipinahahayag ang pagpakong ito ng mga Kristiyano na Mabuting Balita. Sa katunayan, sinasabi natin na ito ang pinakamagandang balita na ating narinig. Ang salitang ginamit ng Biblia upang ipahayag ang mabuting balita na ito ay "ebanghelyo." Ang krus ay ang ating ebanghelyo—ang ating Mabuting Balita.

Sa pinakamaikling buod ng ebanghelyo sa Bagong Tipan, ipinahayag ni apostol Pablo, "Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang katuruan na tinanggap ko rin: si Cristo'y namatay…" (1 Mga Taga-Corinto 15.3). Kung ang mga salita lang na iyan ang titingnan, hindi iyan Mabuting Balita, subalit nagbigay si Pablo ng isang teolohikal na kahulugan sa kamatayan ni Cristo sa pamamagitan ng isang mahalagang salita, "sapagkat," upang dalhin

tayo mula sa isang malungkot na trahedya ng kasaysayan patungo sa mahalagang paglalakbay natin sa kagandahang-loob ng Diyos: "na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan alinsunod sa Banal na Kasulatan." Kapag idinagdag ang salitang "sapagkat" ito ay nagbibigay ng kahulugan sa isang mabuting balita—ang pinakamagandang balita na ating narinig.

Sa usaping teolohiko, tinawag ng Banal na Kasulatan ang "namamatay para sa ating mga kasalanan" na pagbabayad-sala. Ang pagbabayad-sala ay sa pamamagitan ng krus ni Jesu-Cristo. Ang doktrina ng pagbabayad-sala ay nagmula sa Lumang Tipan. Ang Araw ng Pagbabayad-sala na tinatawag ding *Yom Kippur*,[2] ay ang pinakabanal na araw sa sinaunang Judaismo. Itinalaga ito bilang isang araw ng pagsisisi at kapatawaran.

Ilarawan ito sa iyong isipan. Isipin ang libu-libong mga sumasamba na nagsasama-sama upang simulan ang taon para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan at alalahanin ang habag ng Diyos. Sa araw na iyon ang dakilang saserdote, na kumakatawan sa lahat ng mga tao, ay nagdala ng dalawang kambing. Pinatay ang unang kambing—inihain bilang handog upang mahugasan ang kanilang mga kasalanan. Bumuhos ang dugo. Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 6.23 na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan," at pinapaalalahanan tayo ng Hebreo 9.22 na "walang kapatawaran ng kasalanan kung hindi sa pamamagitan ng pag-aalay ng dugo."

Pinatay at inialay ang unang kambing ayon sa kautusan. Hindi naman papatayin ang pangalawang kambing ngunit pakakawalan ito at magsisilbing sangkalan o pinakawalang kambing. Ilalagay ng mataas na saserdote ang kanyang mga kamay sa ulo ng kambing na pakakawalan at ipagtatapat dito ang lahat ng kasamaan at kasalanan ng mga Israelita. Sa simbolo, inililipat at inilalagay sa ulo ng kambing

2. Yom = "araw;" Kippur = "pag-bayad sala; paglinis."

ang lahat ng kanilang mga kasalanan. Pagkatapos, itataboy at pakakawalan ito patungo sa isang ilang at malayong lugar dala ang mga kasalanan ng mga tao hanggang ang kambing ay mawala sa paningin.[3]

Ang ritwal na iyon ay nagpatuloy sa loob ng maraming taon at dekada (tingnan ang Hebreo 10.3-4). Dumanak ang dugo. Libu-libong mga hayop ang isinakripisyo sa isang walang katapusang pauli-ulit na pagbabayad-sala upang mahugasan ang mga kasalanan ng mga tao. Iyon ang dahilan kung bakit si Jesus ay nabuhay at nagministeryo. Bago natin tingnan kung paanong ang kamatayan ni Jesus sa krus ay naging kabayaran para sa lahat ng kasalanan at maaaring matamo ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos, tingnan muna natin ang dalawang mahalagang katanungan: Ano ang kasalanan? Bakit kailangan natin ng pagbabayad-sala para sa kasalanan?

## Ano ang kasalanan?

Una, ang kasalanan ay paglabag. Marahil ang pinaka-kinikilalang kahulugan ng kasalanan ay nagmula kay John Wesley: "isang kusang-loob na paglabag sa isang batid na utos ng Diyos."[4] Ang kasalanan ay isang bagay na alam natin at sinasadyang gawin—isang bagay na batid nating mali ngunit ginagawa pa rin dahil kaya nating gawin. Ito ay sadyang pagsuway.

Nang sinabi sa atin ng 1 Juan 3.4 na "ang bawat nagkakasala ay lumalabag sa kautusan ng Diyos, sapagkat ang kasalanan ay paglabag sa kautusan," hindi ito tumutukoy lamang sa pang-ligalistang kaunawaan, tulad ng "nilabag mo ang batas." Ito ay may kinalaman sa ugali sa likod ng paglabag sa batas. Maaaring makatulong sa atin na maunawaan ito sa isang analohiya. Kung ang isang tao

---

3. Sinasabi sa atin ng tradisyon na ang binibigyan ng tungkulin na palabasin ang kambing ay isang Hentil na walang koneksyon sa mga tao ng Israel.

4. Wesley, *The Works of John Wesley,* vol. 12 (Kansas City, MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 1978), 394. Tingnan din ang Santiago 4.17.

ay nagmamaneho ng sasakyan, posibleng siya ay nagmamaneho nang mabilis nang hindi namamalayan kung ano ang kanyang takbo. Maaaring teknikal na nilabag niya ang batas, ngunit hindi nangangahulugan na hindi niya kinikilala ang batas. Iyan ay ibang-iba sa isang tao na nagsasabing, "Kalimutan iyang mga walang saysay na regulasyon na iyan kung gaano dapat kabilis ang takbo ng sasakyan. Kinokontrol lang ako ng mga regulasyon na iyan. Gagawin ko ang gusto ko dahil ako ang bahala sa buhay ko." Ang hindi pagsunod sa batas ay pagsuway mula sa isang mapanghimagsik at mapanglabang espiritu.

Nang maliit pa ang aking bunsong anak na babae, ayaw niyang sumunod sa nakatatanda niyang kapatid na babae at lalaki kapag wala kami ng aking asawa. Minsan nang umalis kaming mag-asawa at iwanan namin silang magkakapatid, ang aming bunsong anak ay sumigaw nang matining na may pagsuway laban sa kanyang mga kapatid, "Hindi kayo ang amo ko!" Bagaman isang maliit na bata na walang muwang ang nagsabi, ito ay kasalanan mula sa puso: sarili ang nangingibabaw at nasusunod. Ang kasalanan bilang pagsuway ay katulad ng pagtaas natin ng ating mga kamao sa harapan ng makapangyarihang Diyos at sumisigaw ng: "Hindi ikaw ang amo ko! Gagawin ko ito sa paraan ko sapagkat kaya ko ito! Walang iba kundi ako ang mangangasiwa ng aking buhay."

Ito ay hindi pag-ako ng ating tungkulin bilang kanyang mga nilalang. Ito ay isang kapahayagan ng pagsasarili upang tayo ang tumayong diyos. Ang ugaling ito na sarili ang nangingibabaw at nasusunod ay sinabi sa Banal na Kasulatan. "Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap" (Isaias 53:6). Ang kasalanan ay isang pag-uugaling rebelyon.

Pangalawa, ang kasalanan ay pagkaalipin. Higit pa nito ang sarili ang nasusunod. Ang *Hamartia* ay isang salitang Griyego na ang kahulugan ay kasalanan, nagmula sa pandiwang *hamartano*, na nangangahulugang "hindi nakamit ang dapat makamit" o "lihis sa marka."[5] Bagaman ito ay unang ginamit ni Aristotle at partikular na tumukoy sa nakalulungkot na kamalian ng isang pangunahing tauhan sa sinaunang teatro ng Griyego (tulad ng maling paghatol, kamangmangan, kawalan ng kamalayan, atbp.), at tinukoy ding trahedya, inilarawan ng mga sinaunang manunulat at iskolar ng iklesia ang mga salitang ito bilang kasalanan. Kaya sa biblikal na aspeto, ang *hamartia* ay maaaring mangahulugan ng isang bagay o kasalanan na sinadya o hindi sinadyang gawin, sa isip man, sa salita, o sa gawa: "Alam kong hindi ko ito dapat ginawa, ngunit ginawa ko pa rin" (tingnan sa Mga Taga-Roma 6.1–2); o maaari itong mangahulugan ng paggawa ng isang bagay na tama na dapat sana ay ginawa, ngunit pinili na huwag itong gawin: "Alam ko kung ano ang dapat kong gawin, ngunit hindi ko ito ginawa" (Mga Taga Roma 7.19; Santiago 4.17). Ang pagsuway at hindi pagsunod ay parehong lihis sa marka.

Ganito ang pag-iisip o pamamaraan sa mundo ng komersyo at negosyo. Nais kong pagpalain ng Diyos ang aking kabuhayan o negosyo, ngunit nais ko ring makasiguro na ito ay magiging matagumpay. Samakatuwid, magsisimula akong gumawa ng ilang mga bagay nang palihim na hindi tama para lang makapagpatuloy at maging matagumpay ang aking negosyo kahit na alam ko na ang mga gagawin ko ay hindi etikal o ligal. Sumasalungat ang aking mga hangarin sa aking mga ikinikilos at hindi sila nagtutugma. Hindi ko

5. William Barclay, *The Gospel of Matthew,* vol. 1 (Louisville, KY: Westminster John Knox Press, 1956), 253. Tingnan din ang H. G. Liddell, *A Lexicon: Abridged from Liddell and Scott's Greek-English Lexicon* (Oak Harbor, WA: Logos Research Systems, Inc., 1996), 4.

maaaring hilingin sa Diyos na pagpalain ang aking ginagawa habang alam kong nasa labas ako ng moral na kalooban ng Diyos. Ang tawag dito ay gawaing pagsuway. Maaari akong maging matagumpay sa maikling panahon, ngunit hindi ito magkakaroon ng pabor mula sa Diyos. Sa isang banda naman ay nais kong pagpalain ng Diyos ang aking negosyo, ngunit nagpasya ako na huwag magbigay ng patas na mga benepisyo para sa aking mga empleyado upang madagdagan pa lalo ang aking kikitain. Ito ay gawaing hindi pagsunod. Gayunpaman, kahit na alam ko na hindi ko dapat ginawa ang isang kasalanan subalit ito ay ginawa ko pa rin, o kahit alam ko na dapat ay gawin ang isang bagay ngunit hindi ko ito ginawa, pareho itong kasalanan sa paningin ng Diyos.

Mayroon pang higit na malalim na kahulugan ang *hamartia*. Likas na sa atin ang kasalanan—isang kalagayan kung nasaan tayo.[6] Tayo ay silo sa kasalanan. Hindi lang tayo likas na rebelde, wala rin tayong laya na gumawa ng nararapat. Hindi lang tayo lihis sa marka, hindi rin natin mahagip ang marka. Bilang mga makasalanan, wala tayong layang gawin ang gusto natin. Isa tayong bihag ng kasalanan.

Madalas nating iniisip na ang ating pagsuway ay nangangahulugan na walang sinuman maliban sa atin ang bahala at masusunod sa ating buhay, ngunit hindi natin nauunawaan na wala tayong pagpipilian. Maaari nating paglingkuran ang Diyos nang buong puso, o maging alipin ng ating mga hilig at makasalanang pag-uugali. Alin man dito ay magiging panginoon pa rin natin.

---

6. Nauunawaan ng mga *Wesleyan-Holiness* na ang kasalanan ay higit pa sa isang aksyon na ginawa. Kilala si Susanna Wesley sa kanyang sinabi sa isang liham para sa kanyang anak na si John noong Hunyo 8, 1725: "Tandaan mo at gamitin ang patakarang ito: anuman ang nagpapahina sa iyong kaisipan, humahadlang sa paglambot ng iyong budhi, kumukubli sa iyong pang-unawa sa Diyos, o pagtanggal ng iyong pagkagana sa mga espirituwal na bagay; sa madaling salita, kung magiging higit na malakas at makapangyarihan ang iyong katawan sa iyong isipan, ang bagay na iyon ay kasalanan sa iyo, kahit hindi mo ito namamalayan."

Aminin natin: maaaring maging masaya sa pakiramdam ang paggawa ng kasalanan. Masaya itong gawin at katukso-tukso. Hindi basta-basta mapapaniwala ang mga tao na tigilan na nila ang paggawa ng kasalanan sapagkat sa tingin nila, masaya ang paggawa ng kasalanan—pansamantala. Subalit sa kalaunan, ang landas kung saan humahantong ang kasalanan ay palaging mapanira at nakasasakit. Ang kasalanan ay maaaring gawin nang paulit-ulit.

Ang pagdalo sa mga kasayahan na walang habas ay masaya, subalit ang *hangover* ay hindi. Ang labis na pagkalasing sa alkohol ay hindi. Wala ring kasayahang maidudulot ang mga adiksyon sa droga at *detox centers*, pati na ang mga aksidente sa trapiko na sanhi nito. Ang pang-aabuso ng asawa at pagkakawatak-watak ng pamilya ay walang maidudulot na kasayahan. Ang kasalanan ay isang masama at paulit-ulit na ginagawa na humahantong sa masakit na pagkawasak.

Ang pakikipisan sa hindi mo asawa ay maaaring magdulot ng saya, ngunit ang kahihinatnan nito katulad ng binabagabag na konsensya o maging ang makakuha ng nakahahawang sekswal na sakit dulot nito ay hindi nagdudulot ng saya. Ang paghihiwalay ng mag-asawa ay hindi rin nagdudulot ng saya. Ang saktan ang damdamin ng isang tao ay hindi nagdudulot ng saya. Ang kausapin ang iyong mga anak at sabihin kung bakit mo iiwan ang kanilang ina o ama ay hindi nagdudulot ng saya. Ang kasalanan ay isang masama at paulit-ulit na gawain na humahantong sa masakit na pagkawasak.

Isang pangunahing halimbawa ng kasalanang paulit-ulit na ginagawa ay ang kuwento ni Jesus tungkol sa alibughang anak (tingnan ang Lucas 15.11-24). Nagpasiya ang suwail na anak na siya na ang bahala sa kanyang buhay. Sinabi niya sa kanyang ama na nais na niyang makuha ang kanyang mana nang mas maaga (ang katumbas nito noong unang siglo ay nais na niyang mamatay na ang kanyang ama), at ang lahat ng kanyang pera upang gugulin sa marangyang pamumuhay. Nagustuhan niya ang ganitong uri ng pamumuhay—

pansamantala. Pagkatapos ay naubos ang kanyang pera at iniwanan ng kanyang mga kaibigan. Napunta siya sa isang lugar na hindi niya pinangarap kailanman: wasak, pinahiya, at nakatira sa isang kulungan ng baboy. Ang kasalanan ay isang masama at paulit-ulit na gawain na humahantong sa masakit na pagkawasak.

Ito marahil ang ibig sabihin ni Jesus, "Pumasok kayo sa makipot na pintuan. Sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang papunta sa kapahamakan, at ito ang dinaraanan ng marami" (Mateo 7.13).

Ito ang malaking hamon sa ating pagiging likas na makasalanan: hanggang sa magbago ang ating likas na katauhan, mas nanaisin natin ang paggawa ng kasalanan kaysa ibigin ang Diyos dahil tayo ay alipin ng kasalanan—ng kapangyarihan nito.[7] Walang mabubuting hangarin o pagsusumikap, walang makataong moralismo ang ganap na magpapalaya sa atin. Ang kasalanan ay pagkaalipin.

Panghuli, ang kasalanan ay pagkahiwalay. Ang salitang "Pagkahiwalay" ay hindi natin madalas na ginagamit, subalit kapag ito ay ginamit, ipinahihiwatig na may isang bagay na naging mali sa isang relasyon. Hindi lamang paglabag sa isang patakaran o kautusan ang kasalanan; sinisira din nito ang kaugnayan. Pinaghihiwalay ng kasalanan ang mga tao sa Diyos at sa bawa't isa. Ang ating mga espirituwal na ninuno na sina Adan at Eba ay sumuway sa Diyos na siyang unang naitalang kasalanan. Sa kanilang pagsuway, agad nilang nalaman na sila ay lumabag sa kanilang kaugnayan sa Diyos at sa bawa't isa. Nabuksan ang kanilang mga mata at nagkaroon ng kamalayan na sila ay hubad at nakalantad, higit pa sa pagkawala ng damit at saplot. Nakaramdam sila ng kahihiyan at kahinaan.

7. Tinukoy ni Geoffrey Bromiley ang kapansin-pansin na katotohanan na kadalasan ay "binibigyan ng katauhan" ng Biblia ang kasalanan upang bigyang-diin ang kapangyarihan at kontrol na maaaring idulot nito sa ating mga buhay. Bromiley, *Theological Dictionary of the New Testament: Abridged in One Volume* (Grand Rapids: Eerdmans, 1985), 4.

Hanggang sa pangyayaring iyon lamang nila naisip ang mapagmahal na pakikiisa ng Diyos. Naramdaman nila na sila ay nalayo at nahiwalay. Nasira ang kaugnayan na dama sa kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa dahil sa bigat ng kanilang kasalanan. Upang mabawasan ang kanilang kahihiyan, tinakpan nila ang kanilang mga hubad na katawan at nagtago mula sa Diyos. Nasubukan mo na bang pagtakpan ang iyong pagkakasala o itago ang iyong kasalanan mula sa Diyos?

Batid ng Diyos na nasira na ang pakikiisa at pakikipag-ugnayan, at sa pinakamapagkalingang tinig na naitala sa banal na kasulatan, tinawag sila ng Diyos, "Saan ka naroon?" (Genesis 3.9). Hindi ba talaga alam ng Diyos kung nasaan sila? Ganoon ba sila kahusay sa pagtatago sa likod ng mga puno na hindi sila mahanap ng Diyos? Nakapaglaro na ba kayo ng taguan sa isang bata na tatlong taong gulang? Siyempre alam ng Diyos kung nasaan sila! Gayunpaman, nais niyang malaman nila na nadama ng Diyos ang kanilang pagkahiwalay.

Sumagot ang lalaki, "Natakot po ako nang marinig kong kayo'y nasa halamanan; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad," sagot ng lalaki." (3.10). Ito ang kauna-unahang pagkakataong nabanggit ang takot sa Biblia. Nakikita mo ba ang ginagawa ng kasalanan? Nagdudulot ng takot at kahihiyan ang kasalanan, paglayo ng damdamin, paghatol, at pagkahiwalay. Nagiging magkaaway ang mga dating magkaibigan dahil sa kasalanan. Nagdudulot ng poot ang kasalanan mula sa pagiging malapit sa isa't isa. Sinisira ng kasalanan ang pakikiisa.

Ito ang ating masamang kalagayan. Ang kasalanan ay pagsuway. Ang kasalanan ay pagkaalipin. Ang kasalanan ay paglayo. Paano natin lahat maitatama ang mga ito? Ano ang dapat nating gawin sa lahat ng kasalanang ito?

Nais kong ipaalala sa inyo muli ang pinakadakilang balita na ating narinig: "Sapagkat ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang

katuruan na tinanggap ko rin: si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan sa sinasabi sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan" (1 Mga Taga Corinto 15.3-4). Ito ang pinakamataas na pag-ibig na iniaalay ang kanyang sarili.

"Ngunit ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa" (Roma 5.8). Habang tayo ay nagkakasala, si Cristo ay namatay. "Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos." (2 Corinto 5.21). Ito ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos.

Si Martin Luther, nagsimula ng Protestantismo, ay kilala sa pagtawag niya dito na "ang dakilang palitan." Ang ating kamatayan kapalit ng kanyang buhay; ang ating kasalanan kapalit ng kanyang pagiging matuwid; ang paghatol sa atin kapalit ng kanyang kaligtasan; ang ating mga kabiguan kapalit ng kanyang mga nakamit; ang ating pagkatalo kapalit ng kanyang pagtagumpay. Ang pagbabayad-sala ay nagmula sa Diyos sa kanyang tatlong persona na nag-aalis sa lahat ng mga hadlang at pagitan dulot ng ating pagsuway at kasalanan. "Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos, kundi tayo ang inibig niya at isinugo niya ang kanyang Anak upang maging handog para mapatawad ang ating mga kasalanan." (1 Juan 4.10).

Ano ang ibig sabihin nito? Ang pagbabayad-sala ay ang naisin ng Diyos sa simula pa lang. Ang lahat ng mga kordero, mga pari, at mga sakripisyo sa templo ay nagdadala sa atin kay Jesus na ating dakilang Mataas na Saserdote sa pamamagitan ng kanyang dugo para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Ganito ito maayos na ipinahayag ni NT Wright: "Sa buong Bagong Tipan, ang pagkamatay na ito samakatuwid ay isang pagpapakita ng pag-ibig, kapwa pag-ibig ni Jesus (Mga Taga-Galacia 2.20) at pag-ibig

ng Diyos na nagsugo sa kanya na siyang kapahayagan ng kanyang sarili (Juan 3.16; 13.1, Roma 5.6–11; 8.31–39; 1 Juan 4.9–10)."[8] Ang Diyos Ama, sinugo si Cristo na kanyang Anak, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, upang gawin para sa atin ang hindi natin magagawa para sa ating sarili.

Inako ni Jesus ang ating mga kasalanan—sa nakaraan, sa kasalukuyan, at maging sa hinaharap. Hindi na iyon inaalala ng Diyos. "Kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran, gayon din niya inalis sa atin ang ating mga kasalanan." (Awit 103.12). Tinapos na ng kamatayan ni Jesus sa krus ang kapangyarihan ng kasalanan sa ating buhay. Naging alipin tayo ng kasalanan, at "napailalim kayo sa prinsipe ng kasamaan," (Mga Taga-Efeso 2.2) at ng diyos ng kasamaan sa daigdig na ito" (2 Mga Taga-Corinto 4.4). Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, napagtagumpayan niya ang mga puwersa ng kadiliman at ang kapangyarihan ng kamatayan, ang impiyerno, at libingan nang may kaganapan para sa lahat.[9] Sa katagumpayan ni Cristo sa krus, napalaya na tayo mula sa pagkaalipin sa kasalanan; napasailalim tayo sa kanyang kagandahang-loob at tuluyan ngang

8. N. T. Wright, *Evil and the Justice of God* (Downers Grove, IL: InterVarsity Press, 2006), 9.

9. Ang paniniwala na napagtagumpayan na ni Jesus sa krus ang mga kapangyarihan ng kasamaan ay tinukoy na *Christus victor* na teorya ng pagbabayad-sala. Ayon sa komento ni NT Wright, "ako ay may paniniwala na makita ang tema ng *Christus victor*, ang tagumpay ni Jesu-Cristo laban sa lahat ng mga kapangyarihan ng kasamaan at kadiliman, bilang pangunahing tema sa teolohiya ng pagbabayad-sala, kung saan ang lahat ng iba pang magkakaibang kahulugan ng krus ay matatagpuan." Wright, *Evil and the Justice of God*, 114. Sa kabaligtaran, si Fleming Rutledge ay may isang malakas na paniniwala na ang lahat ng mga tema sa Biblia ng pagbabayad-sala ay nagtutulungan upang magkaroon ng isang magandang kabuuan na maunawaan ang lalim at misteryo ng krus. "Ang tunay na paraan upang matanggap ang mabuting balita ni Cristo na ipinako sa krus ay sa pamamagitan ng isang malalim na pagpapahalaga sa paraan ng pakikipag-ugnay sa mga paksa sa Biblia. Lahat, hindi lang isa, ay may bahagi sa kaligtasan." Rutledge, *The Crucifixion: Understanding the Death of Jesus Christ* (Grand Rapids: Eerdmans, 2015), 6–7.

napalaya (tingnan ang karagdagan patungkol dito sa kabanata 4 tungkol sa nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos).

Dahil sa pagbabayad-sala ni Jesus, tayo ay napagkasundo na sa Diyos. Ang ating pagkahiwalay ay naalis na. Nawala na ang anumang pagitan sa atin. Natawid na ang bangin. Inalis na ni Jesus, na ating kapayapaan, ang pader na naghihiwalay sa kanya at sa atin. (Efeso 2.14). Nahati na ang tabing ng templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba (Mateo 27.51). Ang ating pagkakasala, at kahihiyan at takot sa parusa ay nabura. Ang pagkakaibigan natin sa Diyos ay naipanumbalik. “Ngunit ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus, kayo na dati’y malayo sa Diyos ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo.” (Mga Taga-Efeso 2.13). Ito ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos. Mayroon ka bang ideya kung gaano ka iniibig ng Diyos? Kinuha ng Diyos Ama ang ating kasalanan nang buong puso sa pamamagitan ng kanyang Anak. Bagaman marami at mabibigat ang ating mga kasalanan kasama na ang mga diyos-diyosan sa ating puso, tinubos tayo ng ating Diyos na may tatlong persona, at kinupkop upang maging kabahagi ng kanyang pamilya. Iyon ang dahilan kung bakit ang pagpapatawad ay hindi dapat ipagwalang-bahala! Ang sinumang magsasabi, “Siyempre patatawarin ako ng Diyos—gawain ng Diyos iyon” ay hindi kailanman mauunawaan ang matinding sakit na idinulot ng iba ang umako. Ang Diyos Ama, sa pamamagitan ng kanyang bugtong na Anak na si Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng Espiritu ay nagbigay ng daan para sa ating kaligtasan. Naging ganap na bahagi si Jesus ng layunin ng Ama. Kusa niyang ibinuwis ang kanyang buhay para sa atin. Ang Walang Kasalanan para sa mga makasalanan. Ang Walang Sala para sa mga nagkasala. Ang walang bahid na Kordero ng Diyos ay dumating upang mabigyan tayo ng buhay, at umako sa kamatayan na para sa atin.

Naging bago ang lahat sa pamamagitan ng buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Wala nang mas mahalaga pa kaysa sa

katotohanang ito. Ito ang pinakamahalaga sa kasaysayan ng tao at ang pundasyon ng ating pananampalataya. Kung wala si Jesus, walang kapatawaran sa kasalanan, walang buhay na walang hanggan, at walang kaugnayan sa isang mabuti, banal, at mapagmahal na Diyos. Maaari mong parusahan ang iyong sarili para sa iyong mga kasalanan sa habang panahon. Maaari mong basagin ang iyong espiritu upang makipagkasundo sa Diyos, ngunit ang tanging paraan lamang upang maranasan mo ang ganap na pagtubos sa kasalanan at patuloy na kapayapaan ay tanging kay Jesus na ating pag-asa.

Makakamit natin ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos na kaloob sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo at ng kanyang habag. Nagtitiwala tayo na napagtagumpayan na niya ang krus; nagtitiwala tayo na napawalang-sala na; nagtitiwala tayo na nawasak na ang mahigpit na hawak ng kasalanan; nalinis na ang ating konsiyensya; nakasumpong tayo ng kapatawaran mula sa Diyos.

Mayroong dalawang paraan kung paano natin titingnan ang pagbabayad-sala. Maaari mong sabihin, "Kung ang Diyos ay pag-ibig, bakit kailangan natin ng pagbabayad-sala?" Sa kabilang banda, maaari nating sabihin, "Tinubos ng Diyos ang ating mga kasalanan—gayon ang pag-ibig!"

## Paano gumagana ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos?

Sinabi ni Pablo na ang isang tao na dumaan sa tunay na pagbabago ay isang Kristiyano. Sa Mga Taga-Efeso 2.1-10 inilalarawan nito ang makahulugang pagbabago—mula sa pagkaalipin sa kasalanan tungo sa kalayaan kay Cristo—na nangyayari kapag ang isang tao ay naniwala kay Cristo at naligtas. Isang tao na nagkaroon ng buhay mula sa kamatayan, mula sa pagkaalipin patungo sa kalayaan, mula sa paghatol patungo sa pagtanggap, mula sa pagkahiwalay patungo sa pagkupkop. Sa mga talata 8-10 ng mga Taga-Efeso 2, sinabi ni Pablo kung paano tayo makararating mula sa dati nating kalagayan patungo

sa kalagayan nang tayo ay naligtas—kung paano tayo tunay na naging isang Kristiyano o mananampalataya. Ito ay isang natural na pamamaraan na may tatlong bahagi: tayo ay naligtas sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, na humantong sa pananampalataya, na nagdulot ng mabubuting gawa. Ang pagkakasunud-sunod na ito ay dapat bigyan ng pansin sapagkat ito ay mahalaga. Kung hindi tama ang pagkakasunud-sunod, magiging mali na ang lahat.

Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos. Malawak nating tiningnan ang kahulugan ng kagandahang-loob ng Diyos sa kabanata 1. Mainam na mapaalalahanan tayo na ang palaging simula at nauuna ay ang kagandahang-loob ng Diyos. Ginigising tayo ng kagandahang-loob ng Diyos, binabago, at dinadala sa tamang ugnayan sa Diyos at sa bawa't isa. Maraming tao ang nag-iisip na sila ay mga Kristiyano dahil sa kanilang nagawa; sa palagay nila ang kailangan lang nilang gawin ay maging isang mabuting tao at sundin ang mga katuruan ng Biblia at pagkatapos ay pagpapalain sila ng Diyos. Iyon ay hindi kagandahang-loob ng Diyos—iyon ay moralismo. Hindi sinasabi sa ebanghelyo na ang ating pag-asa ay sa mga bagay na maaari nating gawin. Wala tayong maaaring gawin upang paghirapan ang ating kaligtasan. Diyos ang gumawa nito para sa atin. Ang ating pagkagising at pagkakaroon ng masiglang buhay ay ayon sa lahat ng ginagawa ng Diyos. Hindi tayo naligtas ng ating ginagawa para sa Diyos; naligtas tayo sa pamamagitan ng ginagawa ng Diyos para sa atin. Ito ay isang lubusang kaloob o regalo.

Narinig ko ang isang kwento tungkol sa isang estudyante sa seminario na naghahanda na kumuha ng kanyang huling pagsusulit. Pagdating niya sa klase, lahat ay nagmamadali. Pagpasok ng propesor, sinabi niyang magkakaroon muna ng maikling pag-aaral bago ang pagsusulit. Karamihan sa pinag-aralan ay nagmula sa *study guide* ngunit maraming mga karagdagan ang hindi nila napag-aralan kaya sila ay nagulat. Nang tinanong ang propesor tungkol sa mga

karagdagang aralin para sa pagsusulit, ipinaliwanag niya na lahat nang ito ay kinuha sa kanilang mga binasa at napag-aralan kaya wala silang puwedeng idahilan. Mahirap makipagtalo sa ganyang katwiran.

Dumating ang oras ng pagsusulit. Sinabi ng propesor, "Iwanan ninyong nakataob ang mga ibibigay kong papel ng pagsusulit sa inyong mesa hanggang sa magkaroon ang lahat. Sasabihin ko kung kailan puwede nang magsimula." Nang baligtarin nila ang mga papel, nagulat sila at nagtaka sapagkat napunan na ng sagot ang mga tanong. Kahit na ang kanilang mga pangalan ay nakasulat na sa pulang tinta sa bandang itaas ng papel. Sa ilalim ng pinaka-huling pahina ay nakasulat, "Dito natatapos ang pagsusulit. Ang lahat ng mga sagot sa tanong ay tama. 'A' ang iyong grado. Sinagutan na para sa iyo ang gumawa ng pagsusulit na ito at ikaw ay ipinasa na. Hindi nakatulong ang lahat ng iyong paghahanda upang makakuha ng 'A.' Naranasan mo lang ang kagandahang-loob."

Ikinuwento ni Tim Keller ang tungkol sa kanyang pakikipag-usap sa isang mas matandang babae na paminsan-minsang dumadalo sa kanyang iklesia. Maayos at matino siyang kumilos—ang ilan ay nagsasabi pa nga na siya ay disente at may mabuting asal. Hindi niya basta-basta tinatanggap ang isang bagay o ideya lalo na kung sa palagay niya ay wala itong ikabubuti o walang-kabuluhan. Subalit hindi siya kumbinsido na hindi maililigtas ng mabubuting gawa ang isang tao kahit gaano pa siya kabuti. Sa patuloy nilang pag-uusap, may pag-aalinlangang sinabi ng babae, "Gusto ko lang malinawan. Ang sabi mo sa akin ay kahit na tunay akong namumuhay nang mabuti at maayos, at kahit na palagi akong nagsisimba, subalit kung hindi ko kinikilala si Cristo bilang aking Tagapagligtas, mas higit na mabuti pa ang isang taong nakapatay. Iyon ba ang sinasabi mo?"

Sumagot si Keller, "Oo, ganoon nga."

Sagot niya, "Iyan ang pinaka-hangal na relihiyon na aking narinig!"

Kung saan tumugon si Keller, "Alam mo, marahil sa tingin mo iyon ang pinaka-hangal na relihiyon na iyong narinig, ngunit para sa isang mamamatay-tao na nagsisi, iyon ang pinakamainam sa lahat na kanyang narinig sapagkat ang taong iyon na dating mamamatay-tao ay hindi makapaniwala na mayroong isang relihiyon na nagbibigay ng pag-asa para sa isang tulad niya."

Bagaman medyo mabigat ang dating ng kwentong ito, nagpapakita ito ng isang mahalagang punto. Ang babaeng iyon na maayos kumilos at may moral na tunay na nakatitiyak na siya ay mas mabuti kaysa sa ibang tao, at sa palagay niya na ang pinakadiwa ng ebanghelyo ay nakaiinsulto, kung hindi man hangal o estupido, ay nasa mahigpit na pagkakahawak ng "pita ng laman."[10] Sinisikap niyang maging disente at matuwid, ngunit pinipilit niyang gawin ito sa pamamagitan ng kanyang sarili sa halip na magtiwala kay Cristo para sa kanyang kaligtasan. Iyon ang napipintong bitag ng pagiging matuwid sa sarili. Dahil sa malaking panganib na maidudulot nito, mahusay na inilarawan ni Dietrich Bonhoeffer ang pag-uugali at pagkilos ng isang Kristiyano na niyakap ng kagandahang-loob ng Diyos: "Ang mga Kristiyano ay mga taong hindi naghahangad ng kanilang kaligtasan, paglaya mula sa kasalanan, pagiging matuwid sa pamamagitan ng kanilang sarili kundi kay Jesu-Cristo lamang. Nalalaman nila sa pamamagitan ng Salita ng Diyos kay Jesu-Cristo na sila ay napalaya at itinuring na matuwid kahit na wala silang makitang kabutihan sa kanilang mga sarili." [11]

---

10. Para sa isang malalim na paliwanag tungkol sa kahulugan ng "laman," tingnan ang kabanata 4, "Nagpapabanal na Kagandahang-loob ng Diyos."

11. Dietrich Bonhoeffer, *Life Together* (New York: HarperCollins Publishers, 1954), 21–22.

Hindi natin mauunawaan ang mabuting balita hangga't hindi natin nauunawaan na ang pagtanggap sa atin ng Diyos ay hindi nakabatay sa kung ano ang ating nagawa o gagawin pa. Ito ay mahigpit na nakabatay sa kanyang kalikasan at katangian kung kaya isinugo niya si Jesus sa mundo at mamatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan at makamit ang ating kaligtasan.

Naligtas tayo sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos. Sinabi ni Pablo, humahantong ang kagandahang-loob ng Diyos sa pananampalataya. Ano ang pananampalataya? Ang pananampalataya ay isang mahalagang kamalayan at tugon natin sa Diyos sa kanyang pagbibigay-buhay sa atin.[12] Kritikal at mahalagang maunawaan natin ito: ang pananampalatayang nagliligtas sa atin ay ang pananampalataya kay Cristo. Ang pananampalatayang Kristiyano ay hindi pangkalahatang paniniwala batay sa ilang mga prinsipyo. Ito ay ang pananampalatayang mayroong isang sanggol na isinilang sa mundong ito, Diyos na nagkatawang tao, namatay sa krus, at nabuhay mula sa mga patay. Matibay ang paninindigan ni Pablo sa puntong ito: "At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, walang kabuluhan ang aming pangangaral at walang katuturan ang inyong pananampalataya. At kung hindi muling binuhay si Cristo, kayo'y hindi pa nalilinis sa inyong mga kasalanan at walang katuturan ang inyong pananampalataya" (1 Mga Taga-Corinto 15.14, 17). Kung si Jesus ay hindi tunay na namatay para sa ating mga kasalanan at hindi tunay na nabuhay mula sa mga patay, ang ating pananampalataya ay bunga ng mapangaraping pag-iisip lang, isang moralismo, o terapeutikong naaayon sa paniniwala sa isang diyos na walang pakialam sa atin.[13] Sa ganitong uri ng pangkalahatan at

12. Kinuha ko ang kahulugang ito mula sa isang sermon na ipinangaral ni Tim Keller ngunit hindi ko matandaan kung aling sermon iyon.

13. Ang "*Moralistic therapeutic deism*" ay isang *phrase* mula kina Christian Smith at Melinda Lundquist Denton upang ilarawan ang mga *teenager* ng Amerika sa pagsisimula ng ikadalawampu't isang siglo, at ang resulta ng kultural na istraktura kung paano

kalat-kalat na paniniwala, ang pananampalataya ay puntong walang kabuluhan.

Kung si Pablo ay buhay ngayon, maaari niyang sabihin ang ganito: Kung hindi talaga siya si Jesus, kung hindi siya ang Anak ng Diyos na nagkatawang tao, kung talagang hindi siya namatay sa krus para sa ating kaligtasan, kung hindi siya pisikal na nabuhay mula sa mga patay, kung hindi talaga siya umakyat sa langit at nakaupo ngayon sa kanang kamay ng Diyos Ama, samakatuwid tigilan na natin ang pagpapanggap ng pagdalo sa iklesia at pagsamba sa Diyos. Magiging walang katuturan ang mga prinsipyong ito. Pananampalataya sa iyong pinanampalatayaan? Pananampalataya tulad ng sa nakararami? Hindi ganoon. Dahil ang pananampalataya sa pinaniniwalaang katotohanan, pananampalataya sa pag-ibig, at pananampalataya sa katarungan ay hindi makapagpapabago sa atin o makapagbibigay ng bagong buhay maliban sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Jesus. Hindi tayo iniligtas ng ating mabubuting gawa, ng ating mga kabutihan, o ng ating mga prinsipyo. Naligtas tayo dahil kay Cristo at sa kanyang ginawa lamang. Ang pananampalataya sa kanya ang mahalaga sapagkat siya lamang ang ating pag-asa.

Pagkatapos ay magbubunga ng mabubuting gawa ang pananampalataya, subalit hindi tayo maliligtas ng mga mabubuting gawa—kahit katiting. Hindi maaaring sabihin na natanggap natin ang kagandahang-loob ng Diyos at mayroon tayong tunay na pananampalataya ayon sa Biblia kung walang pagbabago sa ating buhay. Praktikal ang Biblia sa puntong ito. Naligtas tayo sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, ngunit kung walang tunay na pagbabago sa ating umiiral na pag-uugali, hindi ito tunay na mananampalataya. Sapagkat habang humahantong ang

---

ang pagtingin ng mga postmodernong tao tungkol sa Diyos. Smith and Denton, *Soul Searching: The Religious and Spiritual Lives of American Teenagers* (New York: Oxford University Press, 2005).

kagandahang-loob ng Diyos sa pananampalataya, humahantong ang pananampalataya sa mabubuting gawa. "Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man" (Mga Taga-Efeso 2.10).

Ang mga Kristiyano ay bukod-tanging mga nilikha ng Diyos. Ang *Poiem*a ay ang salitang Griyego na tumutukoy sa "kung ano ang pagkagawa nya sa atin," o "obra-maestrang nilikha." Ang salitang *poiema* ay mula sa salitang ugat ng Ingles na "*poem*." Ang mga Kristiyano ay ang mga *obra-maestra* ng Diyos—mga natatanging nilikha ng Diyos. Maganda ang sining, mahalaga, at isang pagpapahayag ng tunay na saloobin ng pagkatao ng isang artista o pintor. Ano ang ibig sabihin para kay Pablo nang kanyang sinabi na ang mga Kristiyano ay nilikha ng Diyos? Kay Cristo, tayo ay tinitingnan na isang maganda at mahalagang nilikha na pagpapahayag ng ating Manlilikha, ng Diyos na malikhain.

Subalit tayo na kanyang mga nilikha ay nadungisan ng kasalanan. Nakakita ka na ba ng nasira o napinsalang *obra maestra*—na likha ng isang maestro bilang kanyang pinakamahalaga at pinakamahusay na gawa? Isang napakalaking trahedya kapag nawasak o nasira ang orihinal na kagandahan ng isang *obra maestra*. Kung kukuha ng krayola ang isang bata at guguhitan ang mga kabinet sa kusina, hindi ito magiging maganda. Subalit mas masahol kung sisirain ng bandalismo ang larawan ni *Mona Lisa* na likha ni Leonardo da Vinci. Kung gaano kalaki at kalawak ang naging pinsala ay ganoon din kalaki ang magiging basehan ng ating tugon sa pangyayari o sa trahedya.

Ilang taon na ang nakalilipas, nagkaroon ako ng pagkakataong bisitahin ang Roma. Sabik akong makita ang *Pietà* sa St. Peter's Basilica. Nalalaman kong ito ay inukit ni Michelangelo mula sa isang bloke ng marmol (ang tanging piraso na personal na nilagdaan ni

Michelangelo), at nais kong pag-aralan ito nang personal. Nalungkot ako nang malaman kong inilayo ito sa publiko ng ilang distansya, nilagyan ng mga lubid at inilagay sa isang lalagyan na hindi tinatablan ng bala. Bakit gayon na lamang ang pag-iingat dito? Sapagkat noong 1972, Linggo ng Pentekostes (pistang Kristiyano na ipinagdiriwang ang pagbaba ng Banal na Espiritu sa mga alagad ni Jesus pagkatapos niyang umakyat sa langit, na inaalala tuwing ikapitong linggo pagkatapos ng Pasko ng Pagkabuhay), isang geologo na may diperensya sa pag-iisip na nagsasabing siya si Jesus ang sumira sa iskultura gamit ang martilyo. Dinampot at ninakaw ng mga nakasaksi ang marami sa mga nagliparang piraso ng marmol. Naibalik ang ilan, ngunit ang ilan ay hindi na kasama ang ilong ni Maria na kalaunan ay muling binuo at itinayo mula sa isang seksyon ng marmol sa bandang likuran ng istruktura. Nanlumo ang mga Italyano sa pangyayaring iyon kasama ang iba pang may kinalaman sa mundo ng sining mula sa ibang bahagi ng mundo. Paano ito maibabalik sa orihinal nitong kagandahan? Hinanap nila sa buong mundo ang mga dalubhasa upang maibalik sa dati at orihinal na kaanyuan nito. Matapos ang maraming panahon, kasanayan, kaalaman, pagsusumikap upang maibalik sa dati ang istruktura na gawa ni Michelangelo, natapos ang proyekto.[14] Iilan lamang ang makapapansin na iyon ay nasira.

Ganoon ang ginagawa ng Diyos para sa bawat isa na kanyang iniligtas sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos. Tayo ang kanyang pinakamamahal na *obra maestra* at hindi niya hahayaan

---

14. Idinetalye ng isang artikulo sa *New York Times* ang isang pangkat ng mga mamamahayag na pinahintulutang umakyat sa *scaffold* upang maingat na suriin ang inayos na iskultura sa harap ng publiko. "Ang pagbuo muli ng napinsalang belo, mata, ilong, braso at kamay ay tila walang kadepe-depekto, maliban sa mga maliliit na linya na mahahalata lamang kapag nilapitan at sinuri. Walang mapapansin na pagkakaiba sa kulay ng mga naayos na bahagi ng marmol na iskultura. 'Nagtrabaho kami tulad ng mga dentista,' sabi ni Deoclecio Redig de Campos." Paul Hoffman, "Restored Pieta Show; Condition Near Perfect" New York Times, January 5, 1973, https://www.nytimes.com/1973 /01/05/archives/restored-pieta-shown-condition-near-perfect-marks-on-marys-cheek.htm.

hanggang sa huli na tayo ay mapinsala ng kasalanan. Upang mapatunayan ang ating kahalagahan, hindi lamang tayo muling binuo ng Diyos sa larawan ni Jesu-Cristo, binibigyan din niya tayo ng mga gawain sa mundo na kanyang nilikha sapagkat may ginawa sa atin ang Diyos na muling bumuo sa atin. Kapag ito ay tunay nating naunawaan, hindi na natin masasabi na ang ating mabubuting gawa ang nagligtas sa atin. Hindi maaaring maging pinakamainam na tugon o katwiran ang moralismo. Ang ating mabubuting gawa ay ang resulta ng ginawa sa atin ng Diyos. Sinasalamin ng mga ito ang kaluwalhatian ng Diyos, hindi ang sa atin.

Hinahangaan ko ang mga pananaw ni Eugene Peterson nang kanyang binigyan ng pakahulugan sa ibang pangungusap ang kagandahang-loob ng Diyos na tinutukoy ni Pablo:

> Ngayon tayo ay nasa Diyos kung saan niya tayo nais sa lahat ng pagkakataon sa mundong ito at sa kabilang buhay upang ibuhos ang kanyang kagandahang-loob at kabutihan sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Ang pagliligtas ay nagmumula lahat sa kanyang pag-iisip at lahat sa kanyang ginawa. Ang kailangan lang natin gawin ay lubusang magtiwala sa kanya upang magawa niya ang pagliligtas. Kaloob ito ng Diyos sa simula pa lang, hanggang sa katapusan. Hindi tayo ang gumaganap ng pangunahing papel. Kung tayo ang gumawa nito, marahil ay ipinagmayabang na natin ito at sinabi na tayo ang gumawa ng lahat! Hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili. Ang Diyos ang gumgawa nito at ang nagliligtas sa atin. Nilikha niya ang bawa't isa upang makiisa sa pamamagitan ni Cristo-Jesus sa mabuting gawain na inihanda niya para sa atin, gawain na dapat tayong makiisa.[15]

Inililigtas tayo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo mula sa pagkahatol, paghuhukom, at impiyerno.

---

15. Peterson, Eugene. *The Message,* Ephesians 2.7–10.

Tinutubos tayo ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at ganap tayong napagkasundo.

Ginagawa tayong matuwid ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, na itinatama ang mali.

Binubuo tayo muli ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at tayo ay ipinanganak muli.

Kinukupkop tayo upang maging kabahagi ng pamilya ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo.

Hindi tayo naliligtas dahil sa paniniwala sa isang doktrina. Hindi tayo naliligtas ng ating pinaniniwalaan. Naligtas tayo sapagkat may isang taong dumating sa atin. Binuo tayong muli tulad ng isang taong ipinanganak na muli ayon sa naisulat sa Ebanghelyo. Inilarawan ito ng mga manunulat sa aklat ng Mga Hebreo bilang isang karanasan tulad ng pagliligtas mula sa isang hukay. Tayo ay nasa pagka-alipin at ngayon ay lumaya na. Hindi na tayo alipin ng takot. Naging anak na tayo ng Diyos. Dati ay hindi tayo kabilang sa pamilya ng Diyos subalit ngayon ay tunay na bahagi na ng kanyang pamilya. Tayo ay itinuring na matuwid sa harap ng Ama, na nangangahulugang inilagay na sa tama ang mga bagay-bagay sa ating buhay.

Huwag nating kalilimutan na ang kaligtasan ay hindi mula sa ating sarili. Hindi tayo naligtas sapagkat tayo ay mabuti; naligtas tayo sapagkat ang Diyos ay mabuti. Iyon ang kaligtasan. May ginagawa ang Diyos para sa atin na hindi natin kayang gawin para sa ating mga sarili. Ito ay ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos.

Naging isang *obra maestra* niya tayo at nagkaroon ng bagong buhay kay Cristo sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos.

# ANG BUHAY

*Sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos, binibigyan tayo ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang mamuhay nang may kabanalan sa harapan ng Diyos.*

*Sa pamamagitan ng nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos nakikipagtulungan sa atin ang Banal na Espiritu upang maging matapat at mamuhay nang may disiplina sa paglilingkod sa Diyos.*

*Sa pamamagitan ng sapat na kagandahang-loob ng Diyos, pinagkalooban tayo ng kapangyarihan ng Diyos sa panahon ng ating kahinaan.*

## 4

# ANG NAGPAPABANAL NA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

*Nawa'y lubusan kayong gawing banal ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Tapat ang tumawag sa inyo, at gagawin niya ang mga bagay na ito.*
*—1 Mga Taga-Tesalonica 5:23-24*

Ayon kay John Wesley ang apat na pinakamahalagang doktrina na matatagpuan sa Banal na Kasulatan ay ang orihinal na kasalanan, pagtuturing na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, bagong kapanganakan, at panloob at panlabas na kabanalan.

Ang pagtuturing na matuwid ay isang pangunahing tema ng Protestanteng Repormasyon na nauna kay Wesley ng halos dalawandaang taon. Ang mga Repormador kasama na si Martin Luther ay nagpahayag na tayo ay itinuturing na matuwid sa harapan ng Diyos sa pamamagitan lamang ng pananampalataya.[1] Matibay

---

1. Ang pagiging-matuwid ay ang pagiging matuwid sa Diyos sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, kung saan pinatawad at naalis ang ating mga kasalanan dahil sa sakripisyo ng pagbabayad-sala at kamatayan ni Jesus sa krus. Tingnan ang kabanata 3, "Nagliligtas ng Kagandahang-loob ng Diyos."

ang pagbibigay-diin ni Wesley ng pangangailangan ng pagtuturing na matuwid, ngunit sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bagong kapanganakan sa kanyang listahan ng pinakamahalagang mga doktrina ng Biblia. Ipinarating niya ang mahalagang ideya na ang krus at muling pagkabuhay ang tiyak na katugunan para sa ating mga kasalanan at sa mga sanhi nito. Kaya para kay Wesley ang bagong kapanganakan ay ang simula ng banal na pamumuhay o ang tinatawag nating "pagpapabanal" o kabanalan.

Sa huling kabanata tinalakay natin ang kalikasan ng kasalanan at ang mga nakapipinsalang dulot nito sa mundo at sa ating buhay, ngunit saan nga ba nagmula ang kasalanan? Ano ang pinagmumulan ng kasalanan sa ating mga puso?

Sinasabi ng Biblia na ang kasalanan ay nagmula pa sa ating kapanganakan. "Ang totoo, tayong lahat ay dati ring namumuhay ayon sa ating laman, at sumusunod sa masamang hilig ng katawan at pag-iisip. Kaya't sa ating likas na kalagayan, kabilang tayo sa *mga* taong kinapopootan ng Diyos" (Mga Taga-Efeso 2.3, may idinagdag na pagdiin sa mga salitang nakahilig). Ang talatang ito ay nagbibigay pansin sa dalawang pangunahing mga salita na hindi nauunawaan ng karamihan at kailangang tuklasin upang mas higit na maipaliwanag at maunawaan.

## Ayon sa kalikasan ng tao

Sa kabuuan ng kanyang mga liham sa Bagong Tipan, malinaw na itinuro ni Pablo na ang mga tao ay likas na ipinanganak na may isang masuwayin at makasalanang kalikasan (Mga Taga-Roma 7.18, 35; Mga Taga-Efeso 2.1-3; Mga Taga-Colosas 3.5). Hindi tayo natututo na magkasala. Walang sinumang nagturo sa atin na magkasala. Walang klase sa unibersidad na tinatawag na "Pagkakasala 101." Ito ay natural na dumarating at mahusay tayo rito. Ang pananaw na ito ay hindi tinatanggap o tatanggapin ng nakararami kahit na kailan.

Ipinanganak noong ika-apat na siglo, si Pelagius ay isang monghe ng Ireland na kalaunan ay naging mamamayan ng bansang Romano. Itinuro niya na walang makasalanang kalikasan ang mga tao ngunit likas na natututong magkasala ang mga bata sa pamamagitan ng mga masasamang halimbawa na kanilang nasaksihan noong sila ay bata pa. Ipinaliwanag ni Pelagius na tayo ay may kalikasan na walang kinikilingan, at nagiging mabuti o masama ang mga bata dahil sa mga modelo o halimbawa na kanilang nakikita. Samakatuwid ayon kay Pelagius, ang kasalanan ay mga sinadyang kilos ng kalooban, subalit kung pagsisikapan at gugustuhin natin, maaari tayong mabuhay nang malinis na hiwalay sa kasalanan.

Nabuhay si Pelagius sa panahon ng isa pang kilalang teologo, si Augustine ng Hippo, na itinuturing na isa sa pinaka maimpluwensya pagdating sa Kristiyanismo sa kasaysayan ng iklesia sa Kanluranin. Malawak ang isinulat ng obispong ito mula sa Hilagang Africa tungkol sa pagkakaroon ng orihinal na kasalanan na ating minana mula sa ating unang mga espirituwal na magulang at ang mga nakapanlulumong epekto na bunga nito.

Mariing tumutol si Augustine laban sa pananaw ni Pelagius na tinawag niyang salungat sa Banal na Kasulatan at sentido komun. Si Augustine ay naging instrumento sa pagpapatalsik sa iklesia ni Pelagius sa kasong pagpapakalat ng maling pananampalataya. Bagaman tinawag ng iklesia bilang isang pagtuturo ng maling pananampalataya mula pa noong ika-apat na siglo, ang Pelagianismo ay nananatiling buhay pa rin sa maraming iklesia ngayon.

Sa isang paglalakbay sa New York City, dumalo kami ng aking asawa sa palabas sa Broadway na *Wicked,* tungkol kay Elphaba, ang "Masamang Mangkukulam ng Kanluran" (*The Wizard of Oz*) at sa pakikipagkaibigan niya kay Glinda, ang Mabuting Mangkukulam ng Hilaga. Isinalaysay ng kwento kung paano nagpumilit ang bawa't babae na mahanap ang kanilang pagkakakilanlan, ngunit kalaunan

ay pinili ni Elphaba na maging masama, at si Glinda naman ay pinili na maging mabuti—dahil sa mga pangyayari sa kanilang buhay. May mga hindi magagandang bagay na nangyari kay Elphaba kaya siya ay naging masama; si Glinda naman ay may mga bagay na tama at maayos para sa kanya kaya siya ay naging mabuti. Ito ay isang musikal na kathang-isip lamang, ngunit hindi mabilang ang mga tao sa kasalukuyan na may ganyang pag-iisip tungkol sa kasalanan.

Gayunman, hindi sumasang-ayon si Jesus: "Ngunit ang lumalabas sa bibig ay nanggagaling sa puso. Iyan ang nagpaparumi sa tao. Sapagkat sa puso nanggagaling ang masasamang kaisipan, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, pagiging saksi para sa kasinungalingan, at paninirang-puri" (Mateo 15.18-19). Ang puso ang pinagmumulan ng karumihan; mula sa puso nagmumula ang kasalanan.

Nakakita ka na ba ng isang maliit na bata na hindi pa halos makalakad dahil sa kanyang murang edad at hindi pa niya kaya? Bakit sila kumikilos na kung ano ang kanilang magustuhan ay kailangan nilang makuha? Bakit sila makasarili? Bakit sila nag-aalboroto kapag hindi nila nakukuha ang kanilang gusto? Hindi nagiging makasalanan ang isang maliit na bata dahil sa pagpapalaki sa kanila. Hindi pa sila nabubuhay nang ganoon katagal upang makaapekto sa kanila ang kanilang mga ginagawa. Nagiging makasalanan ang isang bata dahil ang kasalanan ay nagmumula sa puso—ito ay likas sa kanya. Hindi nila kailangang turuan na maging makasarili—ginagawa nila ito nang natural o likas. Ang ipinakikitang kasalanan ay isang pagpapahayag ng kung ano ang nasa loob ng isang tao. Ikinumpisal ito ni David: "Ako'y masama na buhat nang isilang, makasalanan na nang ako'y iluwal" (Awit 51.5). Ito ang katotohanan ng orihinal na minanang kasalanan.

Ano ang pagsasalarawan nito pag dating sa teolohikal na usapin? Ang bawat tao ay nilikha sa wangis ng Diyos na banal at mabuti.

Nang nilikha ang tao, sumasalamin sa kanya ang maka-Diyos na katangian, subalit ang kabanalan at kabutihang iyon ay hindi nagmula sa kanyang sarili—iyon ay mula sa walang hanggan at nag-iisang Diyos na nagkatawang-tao. Tulad ng ipinaliwanag nina William Greathouse at Ray Dunning: "Tanging ang Diyos lamang ang tunay na banal. Magiging banal lamang tayo kung tama ang ating kaugnayan sa Diyos at puspos ng kanyang Espiritu na nagpapabanal sa atin." Samakatuwid, simula nang mahulog ang tao sa kasalanan na nagdulot ng iba't ibang kinahinatnan, ang ating pangunahing kalikasan mula sa imahe ng Diyos ay nananatiling buo, habang ang moral na imahe ng Diyos ay nasira.[2] Patuloy pa ni Greathouse at Dunning, "Ang tao ay likas na mabuti, nilikha para sa Diyos. Ngunit sa pamumuhay ang tao ay makasalanan at masuwayin na lumayo sa Diyos kaya ang tao ay nagpatuloy sa kanyang kasamaan.[3] Ito ay ang orihinal na kasalanan.

Mayroon na tayong kalikasang taglay kasama ng ating kapanganakan. Hindi ito isang "bagay" sa atin na maaaring tanggalin tulad ng isang pantog na may problema. Ito ay ang ating pagkiling sa pagmamataas at pagiging makasarili. Ito ay ang ating likas na pagkahilig sa karahasan, sa sarili, at paniniwala sa sariling kasapatan.

---

2. Ang *Imago Dei* ay ang salin sa Latin para sa "imahe ng Diyos." Habang ang moral na imahe ng Diyos sa sangkatauhan ay nasira dahil sa pagkahulog sa kasalanan, pinanatili ng Diyos ang kahalagahan ng bawat tao na nilikha ayon sa kanyang imahe. Ayon kay Diane Leclerc, ang teologo ng *Nazarene* na si Mildred Bangs Wynkoop, na tapat sa katuruan ni John Wesley, "ay tumutukoy sa imahe ng Diyos sa sangkatauhan bilang kakayahang magmahal ayon sa konteksto ng isang relasyon sa Diyos, sa iba pa, sa sarili, at sa lupa." Leclerc, *Discovering Christian Holiness: The Heart of Wesleyan-Holiness Theology* (Kansas City: MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 2010), 312. Tingnan din ang huling bahagi ng kabanatang ito, "Defining Entire Sanctification."

3. Greathouse and Dunning, *An Introduction to Wesleyan Theology* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 1982), 52. Tinukoy nila ang detalye tungkol sa kahulugan ng orihinal na kasalanan ayon sa kasaysayan (Mga Taga-Roma 5.12-21) at ang orihinal na kasalanan ayon sa aktwal nitong kahulugan (Mga Taga-Roma 7.14-25), 53-54. Ang pananaw ng mga *Wesleyan* sa orihinal na kasalanan ay naiiba mula sa doktrina ng mga *Calvinist* pagdating sa kasalanan.

Ito ay narsismo o mataas na paniniwala sa sarili sa pinakamataas na antas nito at walang ingat sa paggawa ng kasalanan. Ito ay pagwawalang-bahala sa mga panuntunan ng Diyos (Exodo 20.2) at ang kabiguan sa pagsamba sa iisang Diyos lamang. Ipinaalala sa atin ni N. T. Wright kung gaano kalalim ang ating pagkalubog sa kasalanan:

> Ang resulta ng pag-aaral sa katayuan ng tao ay hindi lang tumutukoy sa simpleng paglabag ng tao sa moral na kautusan ng Diyos, pagsuway at pag-insulto sa Dakilang Manlilikha, na kung saan ang Kanyang imahe ay tinataglay nila—bagaman ito ay totoo din. Ang paglabag sa kautusan ay sintomas ng isang mas malubhang sakit. Mahalaga ang moralidad, ngunit hindi ito naglalarawan ng kabuuang kwento. Tinawag sa responsibilidad at awtoridad na sumasaklaw at sumasakop sa mga nilikha, binago at binaliktad ng tao ang kanyang bokasyon o tawag nitong tungkulin, sa halip siya ay sumamba at nagpasakop sa mga pwersa at kapangyarihan ng nilikha. Ang tawag dito ay idolatriya o pagsamba sa diyos-diyosan. At naging bunga nito ang pagkaalipin na humantong sa kamatayan.[4]

Higit pa sa masamang mga nakaraan kung anong mayroon tayo. Taglay natin ang likas na pagiging makasalanan. Kinakailangan ng kagandahang-loob ng Diyos upang tayo ay mapalaya at mapatawad sa kasalanan—orihinal at aktwal na kasalanan. Ang mga ito ay kapwa nangangailangan ng pagtuturing na matuwid at pagpapabanal. Kailangan tayong mabuo muli bilang isang tao at makatanggap ng radikal na pagbabago ang ating mga puso. Iyon ang dahilan kung bakit pantay na binigyang diin ni Wesley ang panloob na kabanalan at panlabas na kabanalan. Kailangang mapatawad ang ating mga kasalanan, muling mabuhay kay Cristo, at dalisayin ang ating puso

---

4. N. T. Wright, *The Day the Revolution Began: Reconsidering the Meaning of Jesus's Crucifixion* (New York: HarperCollins Publishers, 2016), 76–77.

sa pamamagitan ng pananampalataya upang muling mabuo ang nasirang imahe ng Diyos.

## Mga gawa ng laman

Tulad ng dati nang nabanggit, ang mga nakasulat sa Bagong Tipan partikular ang mga iniugnay mula kay apostol Pablo ay madalas na tumutukoy sa isang aspeto ng malaking pinsala na idinulot ng orihinal na kasalanan bilang "mga gawa ng laman." Ang salitang "laman" ay nagmula sa isang salitang Griyego na *sarx*.[5] Hindi ito dapat ikalito sa salitang katawan, ang laman ay ginagamit sa isang pang-espirituwal na kahulugan upang tumukoy sa paghahangad na bigyang-kasiyahan ang labis na pagmamahal sa sarili na "ako" kaysa sa ganap na pagsuko sa kalooban at hangarin ng Diyos.[6] Inilarawan ito ni Martin Luther at ni Augustine bilang katayuan na "may pag-ayon sa sarili" (*incurvatus in se*). Isipin nang malalim ang sinabi ni Luther patungkol sa pagbibigay ng halaga para lang sa sarili: "Ang ating masamang kalikasan na dulot ng orihinal na kasalanan ay may malalim na pag-aayon sa sarili, na hindi lamang nito binabaliko ang mga magagandang kaloob ng Diyos na nagpasaya sa kanila, kundi ginagamit pa mismo ang Diyos upang makamit ang mga kaloob na iyon, ngunit bigong matanto nito na ito ay sadyang masama, baliko,

5. Ang dalawang uri na teorya ng buhay Kristiyano ay ipinakilala sa pamamagitan ng malawak at tanyag na pananaw ng 'dispensasyon' mula sa huling bahagi ng ikalabinsiyam at unang bahagi ng ikadalawampung siglo, na nagkaroon ng malawak na impluwensya sa maraming mga ebanghelikal na iklesia, kasama na ang ilang mga kilalang mangangaral at guro. Ang impluwensyang ito ay humantong sa pagbuo ng komite para sa pinakaunang (1973) pagsasalin ng *New International Version*, at isinalin ang "laman" (*sarx*) bilang "likas na makasalanan." Binigyang-diin ni Dunning na iminungkahi ni Greathouse na "hindi maaaring gamitin [ang bersyon na iyon ng pagsasalin] bilang batayan para sa isang tunay na interpretasyon ng orihinal na Griyego." Binago ng komite ng tagapagsalin ng 2011 para sa *NIV* ang pagsasalin sa salitang "laman." Dunning, *Pursuing the Divine Image: An Exegetically Based Theology of Holiness* (Marrickville, New South Wales: Southwood Press, 2016), Kindle Location 786.

6. Tinukoy ni Greathouse at Dunning ang laman bilang "'Ako' na nabubuhay para sa aking sarili." Greathouse at Dunning, *An Introduction to Wesleyan Theology*, 53.

at may masamang paghahangad sa lahat ng bagay, maging sa Diyos, para sa sariling kapakanan."[7]

Nang sabihin ni Pablo, "Kaya kong naisin ang mabuti, ngunit hindi ko nga lamang magawâ ang mabuting ninanais ko" (Mga Taga-Roma 7.18), tinutukoy niya ang kawalan ng kapangyarihan sa kanyang laman na mahalin at sundin ang Diyos nang buong puso. Siya at tayo ay alipin ng "Ako" na gagawin ang nais nating gawin. Pinalawak pa ni Pablo sa kanyang liham sa mga taga-Galacia na nakikipaglaban ang laman sa Espiritu: "Sapagkat ang mga nasa ng laman ay laban sa kalooban ng Espiritu, at ang kalooban ng Espiritu ay laban sa mga nasa ng laman. Laging naglalaban ang dalawang ito kaya't hindi ninyo magawâ ang nais ninyong gawin" (Mga Taga-Galacia 5.17). Sinundan niya ito sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga malinaw na halimbawa ng mga gawa ng laman at mga kilos at ugali ayon sa laman na salungat sa bunga ng Espiritu (vv. 19–23). Upang lalo itong maunawaan, binigyang-diin ito ni Pablo: "Ang pagsunod sa hilig ng laman ay naghahatid sa kamatayan, ngunit ang pagsunod sa Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan" (Mga Taga-Roma 8.6). Ito naman ang aking ibang pakahulugan dito: Alinman sa dalawa ang maaaring mangyari—ang patayin natin ang mga maling gawain ng hilig ng laman, o sila ang papatay sa atin. Ito ang hayagang kabigatan ng hilig ng laman.

Ang Biblikal na ideya ng 'laman' ay hindi naunawaan o may maling pag-unawa sa pangkalahatan sa maraming mga nagdaang taon. Nakalulungkot, iniisip ng ilan na ang laman at Espiritu ay tumutukoy sa katawan at kaluluwa ng tao, at ang "laman" ay tumutukoy lamang sa balat ng ating mga katawan.[8] Bilang resulta, ipinalalagay ng ilan na kung ang laman ay siyang pinagmumulan

---

7. Martin Luther, *Lectures on Romans,* WA 56.304.

8. Ang "laman" at ang "katawan" ay dalawang magkakahiwalay na mga salita sa Bagong Tipan: *sarx* and *soma.*

ng kasamaan at kasalanan, kung gayon ang ating mga pisikal na katawan ay tunay na masama. Samakatuwid ayon sa pag-iisip ng iba, hindi dapat pahalagahan ang mga pisikal na aspeto ng ating buhay, dapat pahirapan ang ating mga katawan upang sumunod, at huwag pahintulutan ang anumang pisikal na kasiyahan o kaaliwan.[9] Bagaman may kalabisan ang pananaw na ito, maaari itong mangyari kapag ang pinag-uusapan ay ang herarkiya ng kasalanan tulad ng mga kasalanan na ginagawa ng katawan at mga kasalanan sa espiritu, at kapag pinipilit natin ang ideya na ang isang kasalanan ay mas masahol kaysa sa isa pang kasalanan (halimbawa, ang *sexual immorality* ay mas masahol kaysa sa tsismis o poot; ang pagkalasing ay mas masahol kaysa sa pagmamataas o pagtatangi ng ibang lahi). Dahil dito, kung ang isang tao ay nakagawa ng kasalanan sa katawan—na tinatawag ding "mortal" na kasalanan—ito ay walang kapatawaran, ngunit ang mga kasalanan naman ng espiritu ay mas magaan at sasabihin na "walang perpekto." Ang paghiwalayin at uriin ang kasalanan sa ganitong pamamaraan ay isang malinaw ng hindi pagkakaunawa ng kabanalan ayon sa Banal na Kasulatan, at binigyan pa ng linaw ni Pablo na ang lahat ng kasalanan ay may iisang antas (halimbawa, tingnan ang Mga Taga-Galacia 5.16-21: ang idolatriya at mga pag-aaway ay kapwa kinilala bilang "mga gawa ng laman").

Malinaw na hindi masama ang katawan ng tao sapagkat nilikha ng Diyos ang katawan ng tao at nagkatawang tao si Jesus. Kapag

9. Karamihan sa maling katuruan ng pananampalataya ng G*nosticism* ay batay sa maling pakahulugan ng laman na tumutugma sa katawan. Ang *Platonic* na ideya ng '*abstract supreme soul*" o ng di maipaliwanag na pinakamataas ng kaluluwa ay nagiging sanhi para sa ilan magpahanggang ngayon na tingnan ang katawan nang may paghamak, at bigyang-diin ang mortalidad ng isang walang hanggang kaluluwa na walang katawan. Gayunpaman, ang kamaliang ito ay salungat sa doktrina ng Banal na Kasulatan tungkgol sa pagkabuhay na muli ng katawan. Upang salungatin ang maling pagkaunawang ito na laganap na, binigyang-diin ng mga pinakaunang mga kredo ng Kristiyano ang kahalagahan ng pagkabuhay na muli ng katawan (halimbawa, "Naniniwala tayo sa muling pagkabuhay ng katawan, at sa buhay na walang hanggan," *Apostles' Creed*).

tinutukoy ni Pablo ang pisikal na katawan, pinipili niya ang salitang Griyegong *soma*, hindi *sarx*, na kanyang binanggit ng labintatlong beses sa mga Taga-Roma pa lamang. Maaaring mangahulugan ang salitang *soma* ng alinman sa pisikal na katawan ng tao o sa kabuuan ng isang tao, tulad ng sa Mga Taga-Roma 12.1: "ako'y nakikiusap na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos," na isang malinaw na tawag sa pagpapakabanal ng ating buong pagkatao kasama na ang ating mga pisikal na katawan.

Kaya, ano ang laman at bakit kailangan ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos? Ang laman ay nasa buong katauhan ng tao (katawan, isipan, at espiritu) upang maging diyos ng ating mga sarili sa halip na mapasailalim sa kapangyarihan ni Jesus. Ito ang makasalanang anyo ng ating sarili na nais na mabuhay nang malaya at hiwalay sa Diyos—maging hari at tagapagligtas sa sarili kaysa umasa kay Jesus. Bago tayo maligtas sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, tayo ay kinokontrol ng laman sa halip ng Espiritu. Mayroon tayong makasalanang likas mula sa ating mga puso na naniniwalang maililigtas natin ang ating sarili na lubos na nabalot at pinangungunahan ng laman. Gayunpaman, sa sandali na tayo ay mapatawad sa ating mga kasalanan at makaranas ng bagong kapanganakan, ibinibigay sa atin ang Banal na Espiritu bilang kaloob.[10] Tinatawag ito ng mga grupo ng *Wesleyan-Holiness* na "paunang kabanalan" sapagkat hindi tayo maaaring pagkalooban ng

10. Habang ang "bagong kapanganakan" ay hindi isang biblikal na salita *per se*, lumikha ang mga teologo ng salita upang ilarawan ang bagong buhay na ibinigay sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos sa isang tao bilang resulta ng kanilang bagong kapanganakan kay Cristo. Sa isang tunay na kahulugan, ang tao ay pinagkalooban ng isang bagong buhay, isang espirituwal na pagkabuhay na mag-uli, at ang mga tunay na pagbabago ay nagaganap sa mga paraan na nakikita man o hindi.

banal na Espiritu ni Jesus nang hindi tayo nagsisimula sa paglalakbay sa banal na pamumuhay.[11]

Dito nagsisimula ang labanan para sa soberenya. Sino ang magiging hari ng aking buhay? Bago tayo maging mga Kristiyano ay walang nagaganap na labanan kahit na sa mga paminsan-minsang pagtatalo o pakikipag-away. Nangingibabaw sa atin ang kapangyarihan ng laman at makasariling mga hangarin. Kapag napasa-atin na ang Espiritu, binibigyan tayo ng mga bagong hangarin, motibasyon, at nagkakaroon ng pag-iisip tulad ng kay Cristo (Mga Taga-Roma 12.2; 1 Mga Taga-Corinto 2.16; Mga Taga-Filipos 2.5). Ang dalawang puwersang ito, laman at Espiritu ay salungat na at ngayon ay nakikipaglaban para sa kataas-taasang kapangyarihan. Napasimulan na ang kabanalan ngunit dapat itong lumago at maging ganap.

Nang sumulat si Pablo sa iklesia sa Corinto, "hindi niya sila makausap bilang mga taong nagtataglay ng Espiritu" (1 Mga Taga-Corinto 3.1). Nangangahulugan ba na hindi sila mga Kristiyano? Hindi, sila ay mga Kristiyano na ipinanganak na muli. Sa katunayan, sinimulan ni Pablo ang liham sa pamamagitan ng pagtawag sa kanila na "yaong mga pinapaging banal kay Cristo Jesus," at "tinawag na mga santo o banal" (1.2). Naganap ang pagbabagong-buhay, pagtuturing na matuwid, at pagtubos ng kasalanan. Nagsimula na ang kanilang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Nagpatuloy ang kanilang suliranin na labanan ang laman. Nakikita pa rin ang inggit sa kanila, ang tunggalian, pagmamataas, at paghahati-hati. Sila ay mga Kristiyano ngunit "mga tao pa rin na nasa laman" (3.1) na ipinantay ni Pablo tulad ng mga bata pa sa pananampalataya. Sila ay mga Kristiyano ngunit "mga sanggol pa sa pananampalataya kay Cristo" (3.1). Kailangan pa nilang lumago. Mayroon pa rin silang

11. "Hindi talaga ginamit ni Wesley ang salitang ito [paunang pagpapabanal], ngunit nangangahulugan ito ng kanyang paniniwala na ang kaligtasan ay nagsisimula sa proseso ng pagiging matuwid." Leclerc, *Discovering Christian Holiness*, 318.

antas ng pagsuway at hindi pa ganap na naisuko ang mga kalooban at pag-iisip sa Diyos.[12]

Muli, nagbigay si John Wesley ng isang malalim na pananaw sa konteksto ng mga pahayag ni Pablo. Kung tatanungin kung nawalan na ba ng pananampalataya ang mga taga-Corinto, iginiit ni Wesley, "Hindi, malinaw na sinabi niya [Pablo] na hindi sila nawalan ng pananampalataya; sapagkat hindi sana sila naging 'mga sanggol sa pananampalataya kay Cristo.' Tinukoy niya na ang pagiging 'karnal' at 'mga sanggol sa pananampalataya kay Cristo' ay iisa at magkatulad; malinaw na ipinakikita na ang bawat mananampalataya ay (sa isang antas) 'karnal' habang siya ay isang 'sanggol pa lamang sa pananampalataya kay Cristo[13].' Ang pagiging karnal para kay Wesley, ay katumbas ng "pagiging makalaman," at kumakatawan ng hindi pa lubos at ganap sa pamumuhay sa pananampalataya, na kailangan pang lumago tungo sa pagiging kawangis ni Cristo—na ibinigay ang kanyang sariling buhay sa krus.[14] Ito ay nangyayari sa bawat mananampalataya. Ang tanong ay hindi ang kanilang kaligtasan—kundi ang malalim na pagkilala nila kay Jesu-Cristo

12. Ang salitang Griyego na isinalin na 'isipan' ay isa sa mga pinakamahalagang antropolohikal na katawagan na ginamit ni Pablo. Ito ay tumutukoy sa aspeto ng pangangatwiran ng isang tao kapag ang mga kapangyarihan ng paghahatol ay ginamit." Dunning, *Pursuing the Divine Image* Kindle Location 814. Ang bigay ng Diyos na kakayahan para sa bawat tao na mag-isip at gamitin ang talino sa pang-unawa ay isang aspeto ng mga *Wesleyan Quadrilateral* na tinatawag na "rason o pag-iisip na may pagsusuri."

13. Wesley, Sermon 13: "On Sin in Believers," in *The Complete Works of John Wesley: Vol. 1, Sermons 1–53* (Fort Collins, CO: Delmarva Publications, 2014), 3.2.

14. Binigyang-diin at halaga ni Dunning na "ang karnalidad ay isang mapanlinlang na salita na ginagamit bilang isang pangngalan (*noun*) samantalang ang banal na kasulatan ay laging gumagamit ng salitang karnal [makalaman] sa isang pang-uri (*adjectival*) na paraan." Dunning, *Pursuing the Divine Image*, Kindle Location 2076. Tinatanggihan din nito ang ideya na "ang laman" ay isang uri ng bagay mula sa labas, tulad ng isang "cancerous tumor na tumutubo sa ating katawan" na dapat alisin. Ibid., Kindle Location 801. Ang mga tagataguyod ng konseptong ito na kailangang alisin ang isang bagay, kabilang ang ilang mga mangangaral ng kabanalan ng labing-siyam na siglo, ay tinukoy ito bilang pag-aalis o pagpuksa.

bilang kanilang Panginoon. Dapat patuloy na lumago ang pinabanal upang maging kawangis ni Jesus. Dapat mamatay sa kanila kung ano ang mga bagay na dating naghahari sa kanilang sarili.[15] Hindi sapat ang mga kredensyal sa relihiyon at mga pamantayang moral lamang. Dapat mamatay ang tao sa makalamang pamumuhay na kanyang pinanghahawakan.

Sa isang pagkakataon, matapat na sinabi ni Pablo, "Ang totoo, ako'y may sapat na dahilan upang panghawakan ang mga panlabas na seremonya. Kung iniisip ninuman na siya'y may katuwirang umasa sa ganitong gawain, lalo na ako. Ako'y tinuli nang ikawalong araw mula nang ako'y isilang. Ako'y isang tunay na Israelita, buhat sa angkan ni Benjamin at katutubong Hebreo. Kung pagsunod naman sa Kautusan ang pag-uusapan, ako'y isang Pariseo. Dahil sa masugid kong pagsunod sa Kautusan, inusig ko ang iklesia. Kaya't kung sa pagiging matuwid ayon sa Kautusan ang pag-uusapan, wala ring maisusumbat sa akin" (Mga Taga-Filipos 3.4-6).

Nasa kanya na ang lahat ng mga katangian at katungkulan pagdating sa relihiyon upang ituring na matuwid, ngunit nakatuon ang mga iyon sa pagiging makalaman. Nagpatuloy si Pablo, "Ngunit dahil kay Cristo, ang mga bagay na pinahahalagahan ko noon ay itinuring kong walang kabuluhan ngayon" (3.7). Sinunod niya ang mga patakaran at batas na naging sentro ng kanyang buhay, namuhay nang makalaman, at umasa sa kanyang pagiging matuwid upang maligtas o maging banal. Samakatwid, kailangan niyang mamatay sa mga iyon upang makilala si Cristo. Bukod pa diyan, ipinagpalit niya ang kanyang mga pinagsikapan ayon sa moral na pamantayan kay Cristo na puspos ng katuwiran [ni Cristo] at kabanalan: "ang aking pagiging matuwid ay hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa

15. William H. Greathouse with George Lyons, *New Beacon Bible Commentary, Romans 1–8: A Commentary in the Wesleyan Tradition* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 2008), 182.

kautusan, kundi sa pananalig kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ngayo'y buhat sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya" (3.9).

Marami sa mga tao ang mabubuti, may moral at relihiyoso, ngunit kung may mga nakikita pa ding mga panlalait sa kanila, katigasan ng damdamin, pagtatangi, kalupitan at pagiging malamig sa espiritu, nagpapakita na ginagamit ng laman ang relihiyon bilang isang mahusay na pamamaraan upang maiwasang umasa kay Jesu-Cristo para sa kabanalan. Ang isang negosyanteng sakim na pinagsasamantalahan ang mga mahihirap upang kumita nang mas malaki pa ay nasa ilalim ng pagkaalipin sa laman at walang pinagkaiba sa mga masamang "Pariseo" noon. Sa paningin ng Diyos, sila ay pareho. Pareho ang kanilang mga pamamaraan na mabuhay para sa sarili lamang at hiwalay sa Diyos.

Ito ang mapait na katotohanan: maging ang mga Kristiyano na ay maaaring magpatuloy na mamuhay ayon sa laman. Bago pa maranasan ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos, hindi nakikipaglaban ang laman sa Espiritu sapagkat tayo ay patay dahil sa ating mga kasalanan. Ngunit kahit nabubuhay na ang Espiritu ng Diyos atin, maaari pa rin tayong mamuhay ayon sa laman, gumawa ng mga bagay na mahalaga lang sa atin, mamuhay sa sariling lakas at kapangyarihan, sa halip na umasa sa Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan natin ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos. Kailangan natin ang kagandahang-loob ng Diyos upang ipako sa krus ang makalamang pamumuhay na nais mamalagi sa atin—patayin ang bahagi na nagtutulak na gumawa ng makalamang bagay na umaalipin sa atin upang mapangunahan ng Espiritu ni Jesus ang ating mga buhay.[16]

---

16. Tinutukoy ni Oswald Chambers ang paniniwala na namamatay sa sarili bilang pagkilala sa pagkamatay ni Jesus at pagpayag sa "kapwa-pagpako sa krus." Sa katulad na paraan, maaaring maging kaisa ni Jesus ang Kristiyano sa kanyang pagkabuhay na muli at maging kabahagi ng "kapwa-muling pagkabuhay" patungo sa bagong buhay. Ang muling pagkabuhay ni Jesus ay nararanasan ngayon sa pamumuhay na may kabanalan.

Ang kinikilalang guro sa Scotland at manunulat ng debosyonal na aklat na si Oswald Chambers ay nagbigay ng isang malinaw na kahulugan ng namamatay sa sarili upang higit na makilala si Cristo:

> Dapat kong tanggalin ang aking mga madamdaming opinyon at paniniwalang pangkaisipan at maging handang gawin ang mga ito na isang moral na paghahatol laban sa kalikasan ng kasalanan, na ang ibig sabihin—ay laban sa anumang karapatan mayroon ako sa aking sarili. … Kapag naabot ko na ang pasyang moral na iyon at aking tinugunan, ang lahat ng nagawa para sa akin ni Cristo sa krus ay nangyari nga sa akin. Ang aking malayang pangako na sumunod sa Diyos ay nagbibigay sa Banal na Espiritu ng pagkakataon na pagkalooban ako ng kabanalan mula kay Jesu-Cristo. … Ang aking pagkatao ay nananatili, ngunit ang aking pangunahing motibasyon sa pamumuhay at ang katangian na namumuno sa akin ay radikal na nagbago.[17]

Hindi kailangang manguna ang pagiging makalaman sa ating mga buhay. Kalayaan ang iniaalok ng isang banal na pamumuhay. Ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos ay ang paraan at ang kalutasan. Sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos, papaano gumagana nang tunay ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos? Nasa natitirang bahagi ng kabanata ang tungkol dito.

## Ang maging kawangis ni Jesus

Nais kong magkwento tungkol sa isang tao na tatawagin kong George, hindi niya tunay na pangalan. Miyembro si George ng aking iklesia at isang taong hindi masaya. Palagi siyang naiinis at hindi nasisiyahan sa kahit anong bagay. Hindi niya gusto ang uri ng musika o ang aking pangangaral. Sinabi niya na hindi ko ipinangangaral

Chambers, *My Utmost for His Highest* (Uhrichsville, OH: Barbour and Company, 1935), 73.

17. Chambers, *My Utmost for His Highest*, 58.

ang tungkol sa pamumuhay na may kabanalan sa paraang narinig niya noong siya ay bata pa. Bukod dito, hindi niya partikular na nagugustuhan ang mga tao—lalo na ang mga bago sa iklesia. Sinulat sa akin ni George ang pitong-pahinang liham na naglalaman ng ilan sa mga pinakapangit na komento na maiisip mo, hindi lamang ang pag-atake sa bawat kilos na ginawa ko sa aking pagpapastor pati na din ang palagay niya sa aking mga hangarin.

Sa una, ang kanyang mga reklamo ay ang pagtutuon lang ng iklesia sa mga panloob na gawain at hindi inaabot ang mga taong nasa labas nito. Pagkatapos, nang magsimula namang mapuno ng tao ang iklesia, hindi rin niya iyon gusto sapagkat anya, wala na kaming pakialam sa mga taong matatagal na sa iklesia sa loob ng maraming taon na siyang nagpatatag dito. Sinabi niya na lumalago lamang kami dahil kinukuha namin ang mga kristiyano mula sa ibang mga iklesia (na walang katotohanan). Higit sa lahat, ayaw ni George na magbago ang mga bagay.

Inubos ni George ang aking emosyonal na lakas bilang isang pastor. Paulit-ulit siyang nagbanta na aalis sa iklesia. Sa tingin ko, alam niya na alam naming lahat na walang ibang iklesia ang tatagal sa kanya. Kaya isang araw tinawagan ko siya at sinabi, "George, alam mo mahal kita, ngunit nakikiusap ako na tigilan na ang mga sulat o e-mail. Hindi ko mababasa ang nasa puso at kalooban mo sa isang e-mail, at hindi mo rin maririnig ang nasa puso at kalooban ko. Mula ngayon, kung mayroong bumabahala sa iyo o kung mayroon kang reklamo, sasabihin mo ang mga iyon nang harapan sa akin."

Tila naging maayos ang mga bagay-bagay—kahit panandalian lang. Hindi na siya nagpadala pa sa akin ng isa pang liham, ngunit patuloy siyang gumagawa ng mga negatibong bagay sa loob ng iklesia. Dumating sa punto na mas katulad na ni George ang lamok kaysa sa isang asong sinanay upang umatake—mas nakayayamot kaysa mapanganib.

Ang pinakamalungkot na bahagi para sa akin ay hindi nagkaroon ng tunay na pagbabago si George. Isa siyang taong mainitin ang ulo at iyon ang naaalala ng mga tao sa kanya. Hindi lamang sa loob ng iklesia. Hindi siya naging mabuting asawa; ayaw siyang makasama ng kanyang mga anak; at wala siyang kagalakan sa kanyang buhay. Ang pinaka nakagugulat, dumadalo siya sa iklesia sa buong edad niya na mahigit animnapung taon. Marahil ang pinakamalala sa lahat, walang sinuman ang nagulat na walang pagbabagong naganap sa kanya at wala kahit sino na nabahala dito. Tanggap na nila ito. "Naku, ganoon na talaga si George," sasabihin nila. Walang umasa na magiging mas kawangis niya ni Jesus.

Habang iniisip ko ang tungkol kay George, napaniwala ako na mali ang katanungan na tinatanong tungkol sa katayuan ng isang iklesia kung lumalago, "Ilan ang dumadalo?" Ang mas tamang tanong, o ang mas tamang direksyon sa pagtatanong ay, "Sino ang kawangis ng mga tao dito sa iklesia?"[18] Kapag ang isang tao ay naging isang Kristiyano, ang layunin ay hindi lamang upang malaman kung paano sumunod kay Cristo ngunit kung paano mamuhay na kawangis ni Cristo. Ito ang layunin ng lahat ng pagdidisipulo sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

## Ang layunin ng Pagdidisipulo

Nang ipinahayag ni Pablo ang mga kaloob para sa ministeryo, sinabi niya na may pinagkalooban upang maging mga apostol, propeta, ebanghelista, pastor, at guro ngunit ang kanilang pinag-isang layunin ay "upang ihanda sa paglilingkod ang lahat ng mga binanal, para sa ikatitibay ng katawan ni Cristo, ang iklesia" (Mga Taga-Efeso 4.12). Marami sa mga salitang iyon na nauugnay sa pagdidisipulo ang kailangang maunawaan, ngunit magsimula muna tayo sa konsepto ng "katawan."

---

18. Bill Hull, *The Disciple-Making Pastor* (Old Tappan, NJ: Revell, 1988), 13.

Ang katawan ay isang nakaiintrigang analohiya sapagkat sa tuwing nababanggit ang paglagong espirituwal, ipinapalagay na mayroong bagay na buhay. Ang mga nabubuhay na bagay lamang ang lumalaki. Ang mga patay na bagay ay nananatiling walang pagbabago, hindi lumalaki, o di kaya ay nabubulok. Ang isang piraso ng kasangkapan ay hindi lumalaki. Ang isang bato ay hindi lumalaki. Ang mga organismo lamang ang lumalaki.

Ang isang organismo ay maaaring (1) isang nabubuhay na bagay tulad ng isang halaman, hayop, o tao, o (2) isang sistemang gumagana na may magkakaugnay na mga bahagi na binubuo ng isang nabubuhay na nilalang o bagay. Ang mga halaman ay mga organismo. Ang mga halaman ay hindi maaaring lumaki nang walang sikat ng araw, tubig, at mga pataba. Kailangan nila ng isang lugar upang mapanatili ang kanilang paglago, kung hindi sila ay mamamatay. Ang ating mga katawan ay mga organismo din. Ang anatomya ng tao ay isang sistemang gumagana na may magkakaugnay na mga bahagi—isang sistema na idinisenyo upang magtulungan: "Si Cristo'y tulad ng isang katawan na may maraming bahagi" (1 Mga Taga-Corinto 12.12). Kung ang isa sa mga bahagi ng ating katawan ay hindi gumagana nang tama, kahit na sa tingin natin ay tila wala itong kahalagahan, maaari itong makaapekto sa ating buong sistema at maging sanhi upang hindi tayo maging malusog.

Nang sabihin ni Pablo na tayo ay katawan ni Cristo, binibigyan niya ng punto ang iklesia bilang isa ring organismo na binubuo ng mga taong nabubuhay na magkakaugnay, na may bahagi at nagtutulungan at umaasa sa bawa't isa upang maging masigla at malusog sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu: "Ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi at hindi ng iisang bahagi lamang" (1 Mga Taga-Corinto 12.14). Kapag ang mga bahagi ay hindi nagtutulungan nang magkakasama sa isang kaparaanan, ito ay nagkakaroon ng sakit at nagiging mahina. Sa kabaligtaran,

kapag ang mga bahagi ay konektado at lumalago nang magkakasama sa pamamagitan ng mga nakapagpapalakas na paraan, sigla at kalusugan ang nagiging bunga, nagsisimulang magkaroon ng maayos na kalagayan at nakakamit ang layunin (*telos*). Binubuo natin ang katawan "hanggang sa ang lahat sa atin ay magkaroon ng pagkakaisa ng pananampalataya at ng pagkakilala sa Anak ng Diyos, hanggang maging ganap sa pag-iisip, at maging ganap ang ating pagkatao ayon sa pagiging-ganap ni Cristo" (Mga Taga-Efeso 4.13, may idinagdag na pagbibigay-diin.) Ang layunin ng Kristiyano na maging ganap sa paglago ay ang buong persona ni Cristo–ang maging kawangis niya. Wala nang ibang hangarin pa maliban dito. Sa gayon, ito ay tumutukoy para sa iklesia. Kapag ang bawa't isang kabahagi ay nagsasama-sama, sila ay nagiging isang katawan ni Cristo. Bilang karagdagan at upang muling ipaalala sa atin, inulit ni Pablo na "sa pamamagitan ng pagsasalita ng katotohanan sa diwa ng pag-ibig, tayo'y dapat maging lubos na katulad ni Cristo na siyang ulo nating lahat (v . 15).

Ang layunin ng lahat na espirituwal na paglago, isa-isa man at sama-sama, personal at pangmaramihan man, ay maging higit na kawangis ni Jesus. Ang proseso ng pagiging kawangis ni Jesus ay pagpapabanal at maaari lamang mangyari sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos.

## Ang kabanalan ay hindi opsyonal

Sa wikang Griyego, ang pagpapakabanal ay nauugnay sa salitang "banal" (*hagios*). Pinananatili ng teolohiya ng *Wesleyan-Holiness* na ang mabuting balita ng ebanghelyo ay hindi lamang natin makakasama ang Diyos isang araw kapag tayo ay namatay, ngunit matatamo din ang masaganang buhay sa kaharian ng Diyos sa kinalalagyan natin ngayon. Ang plano ng Diyos ay maibalik sa dati ang kanyang wangis sa atin na napinsala nang mahulog ang tao sa kasalanan, at maibabalik ito sa kanyang kagandahan at kaluwalhatian, at maging

*obra maestra* at sasalamin sa pagiging kawangis ni Cristo sa ating pag-iisip, pagsasalita, at ginagawa. Tinawag iyon na pagpapabanal, at siya rin namang gusto nating maging. Hindi ito opsyonal para sa isang Kristiyanong lumalago.

Kapag ang isang tao ay bumili ng bagong sasakyan, tatalakayin ng nagbebenta ng sasakyan ang mga gamit at mga aksesorya. Ang bawat sasakyan ay may manibela, mga *seatbelts,* mga salamin, motor, at iba pa. Gayunman, kung nais ng bumibili ng sasakyan ng mga awtomatikong bintana, espesyal na gulong, at isang *satellite stereo system*, dapat niyang tanungin ang tungkol sa presyo para sa mga opsyonal na aksesoryang iyon, na nangangahulugang hindi lahat ng sasakyan ay mayroong ganoon.

Ang pagpapabanal ay hindi isang opsyonal na aksesorya para sa isang alagad ni Jesus. Ito ang ating pamantayan. Inaasahan sa paglago ang pagiging kawangis ni Jesus at ang paglago ay hindi opsyonal. Lumalago tayo patungo sa isang bagay—palaging nasa proseso ng paghubog sa espiritu.

Muli, pinagtibay ito ni Pablo sa Mga Taga-Roma 12 nang sabihin niya, "Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kalooban ng Diyos; kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban niya" (12.2). Umayon sa, o magbago—ang dalawang iyon lang ang ating pagpipilian. Kung hindi tayo nabago (mula sa loob palabas) ng kapangyarihan ng Diyos, tayo ay nakikiayon (hinubog at hinulma) sa mga puwersa na kalaban ng Diyos na malayang gumagala sa mundong ito. Ang tanong ay hindi kung ikaw ay nahuhubog sa espiritu; ang tanong ay ano ang humuhubog sa iyo? Kung hindi ang Diyos ang humuhubog sa atin, mayroong espirituwal na kaaway—isang kalaban, ang kasamaan at kadiliman—na masayang magpapatakbo ng ating mga buhay.

Sa madaling salita, nasisira at nawawasak ang mga taong hiwalay sa Diyos. Ang Diyos ay nakapagbabago at iyon ang dahilan kung bakit ang pagpapabanal—pagiging kawangis ni Jesus—ay napakahalaga. May ilang mga sinabi mula sa Banal na Kasulatan ang nagbibigay ng mas mahusay na buod tungkol sa kalooban ng Diyos para sa mga tao: "Kalooban ng Diyos na kayo'y magpakabanal at lumayo sa lahat ng uri ng kahalayan" (1 Mga Taga-Tesalonica 4.3); at "Sikapin ninyong makasundo ang lahat, at magpakabanal sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo mamumuhay nang ganito" (Mga Hebreo 12.14). Ang utos na sikapin na makasundo ang lahat at magpakabanal ay nagpapahiwatig ng aktibong pagkilos at pagsunod kaysa sa pagwawalang-kibo. Ang espirituwal na paglago ng isang tao ay tinatawag na pagpapabanal, o kabanalan. Magkaiba ang paunang pagpapabanal at ang lubusang pagpapabanal, ngunit ang layunin ng lahat ng pagpapabanal ay maging kawangis ni Jesus. Ito ang kalooban ng Diyos para sa buhay ng bawat Kristiyano sapagkat kung hindi tayo "magiging lubos na kawangis ni Cristo na siyang ulo nating lahat," tayo ay hinuhubog ng isang bagay na hindi mula sa banal na pag-ibig (Efeso 4.15).

## Isang panatayan *(equation)* para sa paglagong espirituwal

Ang pagdidisipulo ay hindi isang opsyon. Karamihan sa mga Kristiyano ay hindi pagtatalunan ang puntong iyon. Ang totoong tanong ay, paano nagaganap ang paglago na ito? Sa kanyang aklat na *Rethinking the Church*, ipinaliwanag ni James Emery White kung ano ang paniniwala ng maraming tao tungkol sa proseso ng pagdidisipulo. Itinulad niya sa isang panatayan sa matematika ang pamamaraan ng pagdidisipulo:

Kaligtasan + Panahon + Indibidwal na
Aplikasyon = Pagbabago ng Buhay

Binuo ang pormula batay sa apat na mga palagay: (1) sa kaligtasan ay nagkakaroon ng pagbabagong buhay; (2) nagaganap ito nang natural sa paglipas ng panahon; (3) higit na nakakamit ito sa pamamagitan ng isang pagkilos mula sa kalooban; at (4) pinakamainam na nakakamit ito sa sariling pagpapasya.[19] Suriin natin nang mabuti ang iminungkahing mga hipotesis o palagay na pag-iisip na mga sumusunod.

Una, "kaligtasan." Ang kaligtasan ay isang radikal na pagbabago ng ating pagkatao ("ipinanganak na muli") na mayroong agarang pagbabago ng puso, himalang pagbabago ng pagnanasa, gawi, saloobin at pag-uugali. Ang pagiging Kristiyano ay isang kapanganakan, hindi ito isang bagay na ginawa. Dahil binago ng kaligtasan ang katayuan ng ating pakikipag-ugnayan sa Diyos, ang ating walang hanggang patutunguhan, at nalaman ang kapangyarihan at gawain ng Banal na Espiritu sa ating buhay, inaasahan ang agaran at pangunahing paglago. Iyan ang palagay na pag-iisip tungkol sa kaligtasan.

Pangalawa, "panahon." Habang ang proseso ng pagbabago ay nagaganap sa pamamagitan ng pagbabalik-loob sa Diyos, malinaw na hindi agad ganap sa paglago ang isang tao kapag siya ay naging isang Kristiyano. Mayroon pa ring ilang mga pagsuway at pagiging makasarili na kailangang baguhin, ayon kay White, ngunit ang mga iyon ay matutugunan sa paglipas ng panahon.[20] Samakatuwid, ayon sa pormula, ang isang Kristiyano na limang taon nang nakakilala sa Diyos ay may limang taong paglagong espirituwal, at ang Kristiyanong sampung taon nang nakakilala sa Diyos ay may sampung taong paglagong espirituwal, at patuloy pa. Hindi maiiwasang lumago ng pananampalataya sa paglipas ng panahon, kaya ang kailangan lamang nating gawin ay basahin at aralin ang Biblia at makiisa sa

19. James Emery White, *Rethinking the Church: A Challenge to Creative Redesign in an Age of Transition* (Grand Rapids: Baker Books, 1997), 55.

20. White, *Rethinking the Church*, 56.

buhay at mga gawain ng iklesia, at ating mararanasan ang bunga ng Espiritu at magiging mas kawangis tayo ni Jesus. Iyan naman ang palagay na pag-iisip tungkol sa panahon.

Pangatlo, "aplikasyon para sa sarili." Ito ay may kinalaman sa paghahangad ng isang tao na gawin ang isang bagay. Ang ideya ay ang anumang hindi natural na nagaganap sa paglipas ng panahon ay magagawa sa pamamagitan ng determinasyon at pagsisikap ng tao. Ang dapat lamang gawin ay magpasya na mabuhay at kumilos sa isang tiyak na paraan (at haluan ng kaunting pagtitiyaga)—sapagkat mapapanatili ng paghahangad na gawin ang isang bagay ang pamumuhay Kristiyano. Sapat na panahon kasama ang ating paghahangad ay magdudulot ng bunga ng Espiritu. Iyan naman ang palagay na pag-iisip tungkol sa aplikasyon para sa sarili.

Panghuli, "pinakamahusay na nagagawa ito nang personal at sa sarili." Ang panghuling palagay na pag-iisip ng panatayan ng pagdidisipulo ay ang pagkakaroon nito ng kalayaan, o ang isang personal na pakikipag-ugnayan kay Jesu-Cristo katulad ng isang pribadong relasyon.[21]

At gayon nga ang kinalabasan ng panatayan, ngunit nagtanong ba tayo kung ang mga palagay na iyon ay tama. Ganyan ba ang nangyayari sa pagdidisipulo? Awtomatiko ba tayong nagsisimulang lumago sa ating buhay espirituwal pagkatapos ng kaligtasan? Kapag ang isang tao ay naging isang Kristiyano mayroon bang agaran, malalim na pagbabagong nagaganap sa kanyang mga gawi, saloobin, at ugali? Ang mga Kristiyano ba ay lumalago sa pagdaan lang ng panahon at sa kanyang paghahangad? Dahil ang ating kaugnayan sa Diyos ay personal, mas mabuti bang mag-sarili ang mga alagad ni

21. Ang ideya ng isang personal na ugnayan kay Cristo na magkasingkahulugan sa isang pribadong relasyon kay Jesus ay mas laganap sa lipunang Kanluranin kaysa sa ibang mga bahagi ng mundo. Ang indibidwalismo ay itinuturing na isang mahalagang birtud ng buhay sa Amerika.

Jesus? Kung ang mga pagpapalagay na ito ay tama, mayroong dapat na sapat na katibayan nito sa iklesia. Kung totoo ang mga pinuntong ito ni White, kung gayon, upang gumana ang panatayan, dapat na patuloy na nagkakaroon ng parehong mga resulta: ang mga indibidwal na Kristiyano at ang katawan ni Cristo ay nagiging mas kawangis ni Jesus sa pag-iisip, pagsasalita, at pagkilos.[22] Gayunpaman, may mga mahahalagang kadahilanan kung bakit ang pormula ay hindi ganap na buo at totoo.

Sa pagsisimula, ang mga alagad ni Jesus ay kapwa ipinanganak at ginawa. Binabago ng nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos ang ating katayuan sa pakikipag-ugnay sa Diyos, ang ating kahihinatnan sa walang hanggan, at ipinakikilala ang kapangyarihan at gawain ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Subalit tulad ng nakikita natin mula sa mga katuruan ng Bagong Tipan, hindi pa magulang sa pag-uugali ang mga bagong Kristiyano. Hindi awtomatikong nagiging kawangis ni Cristo ang isang Kristiyano. Kailangan ng paglago. Lumalago ang kabutihan sa pamamagitan ng mga gawaing nakapagpapalago sa paglipas ng panahon.[23] Tingnan natin ang isang istraktura hango sa Biblia kung paano nagaganap ang paglagong espirituwal sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos.

**1. Ang paglagong espirituwal ay nagsisimula sa kaligtasan, ngunit patuloy itong lumalago sa ating buhay sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos habang-buhay**. Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng salitang pagpapabanal lang sa ganap o lubos na pagpapabanal. Ang pagtatalo ay palagi sa kung ang pagpapabanal ay agarang nagaganap o unti-unti. Mayroon bang isang kritikal na sandali kung kailan ito ay nagaganap, o isa ba itong proseso? Ang

22. White, *Rethinking the Church*, 57.

23. Tinutukoy ni N. T. Wright ang Kristiyanong konsepto ng kabutihan bilang pagbabago ng pag-uugali. Wright, *After You Believe: Why Christian Character Matters* (New York: HarperCollins Publishers, 2010). Mas marami pang paliwanag tungkol sa pag-unawa sa kabutihan sa kabanata 5, "Nagpapanatiling Kagandahang-loob ng Diyos."

sagot ay pareho.[24] Ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos ay nagsisimula sa sandaling maranasan natin ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos. Tinutukoy ito ng mga teologo bilang "paunang pagpapabanal" na sinusundan ng paglagong espirituwal sa kagandahang-loob ng Diyos hanggang sa isang ganap o lubos na pagtatalaga ng buhay sa Diyos at ganap o lubos na pagsuko ng buhay bilang ating bahagi, at ang Diyos naman ang magpapadalisay at maglilinis ng puso. Ang karanasang ito ay tinutukoy na ganap o lubos na pagpapabanal, o "Kristiyanong Kasakdalan."[25] Gayunpaman, sa

24. Ang paksa ng agaran o progresibo, krisis o proseso, pagdating sa karanasan ng ganap na pagpapabanal ay makasaysayang naging paksa ng mahalagang debate sa mga samahan ng *Wesleyan-Holiness*. Si John Wesley mismo ay palaging binibigyang-diin ang pangangailangan para sa parehong ito, at ang mga naunang lider ng *Nazarene* ay pangkalahatang maingat na nagmungkahi na maging balanse. Inilahad ni *General Superintendent* RT Williams ang sumusunod sa *General Assembly* ng *Church of the Nazarene* noong 1928: "Dapat bigyang-diin ng iklesia pareho ang krisis at ang proseso sa relihiyon. Sa loob ng maraming taon, ang mga tao na naniniwala sa kabanalan ay nadama na ang gawain kung saan sila tinawag ay humantong sa altar, nang ang mga taong lumapit ay nakatanggap ng pagpapala ng pagbabagong-buhay at pagpapabanal, ngunit naging maliwanag na ang ating gawain ay nagsisimula pa lamang sa puntong ito. Pinagsasama ng *Church of the Nazarene* ang dalawang mahahalagang prinsipyong ito, lalo na ang krisis at ang proseso. Inaakay ang [mga tao] sa Diyos at ang pagpapatibay ng katawan ni Cristo sa naunang karanasan sa kaligtasan at sa pagbabago ng karakter ng Kristiyano." *General Assembly Journal*, 1928, referenced in Dunning, *Pursuing the Divine Image*, Kindle Location 2176, footnote 26.

25. Ang kristiyanong kasakdalan ay isang biblikal at madalas na ginagamit na mga salita sa buong kasaysayan ng Kristiyanismo. Ipinantay ng mga naunang ama at ina ng iklesia ang pagiging sakdal sa ideya ng *theosis*, o pagka-diyos: pakikibahagi sa banal na kalikasan. Gayunpaman, iba-iba ang pagkakaunawa ng modernong konsepto ng pagiging sakdal. Hindi kailanman malinaw na itinuro ito bilang isang "kasakdalan na walang kasalanan," o, tulad ng isinulat ni Thomas Noble, "ang ideya na sa loob ng buhay na ito, maaabot ng mga Kristiyano ang panghuli at ganap na estado ng pagiging sakdal kung saan sila ay walang kasalanan at ganap na banal." T. A. Noble, *Holy Trinity, Holy People: The Historic Doctrine of Christian Perfecting* (Eugene, OR: Cascade Books, 2013), 22. Upang maiwasan ang pagkalito ng modernong interpretasyon, at upang bigyang-diin ang mga buhay na aspeto ng paglago na may kagandahang-loob ng Diyos, ipinaglaban ito ni Noble, "Dahil sa buhay na konseptong iyon ng pagiging sakdal sa pagkilos, kaysa sa kahihinatnan, maaaring mas mainam na ipahayag ang kahulugan ng salitang Griyego na hindi sa pamamagitan ng paggamit ng salitang 'kasakdalan,' kundi isinalin ito bilang 'patuloy sa pagiging sakdal." Ibid., 24.

sandaling iyon ng ganap na pagtatalaga ng sarili sa Diyos, patuloy tayong lumalago sa kagandahang-loob ng Diyos at hindi tumitigil na lumago habang tayo ay nabubuhay.

Ang mga artikulo ng pananampalataya ng *Church of the Nazarene* ay nagsasaad: "Naniniwala tayo na mayroong isang maliwanag na pagkakaiba sa pagitan ng may isang dalisay na puso at isang may ganap na pag-iisip. Ang una ay agarang nakakamit, na bunga ng ganap na pagpapabanal; ang isa naman ay bunga ng paglago sa kagandahang-loob ng Diyos." Kapag tayo ay tumugon sa naghahandang kagandahang-loob ng Diyos sa atin, natatamo natin ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos. Nagkakaroon ng isang radikal na reoriyentasyon sa ating mga prayoridad, pagpapalit ng mga hangarin, at ang kapangyarihan at gawain ng Banal na Espiritu ay malayang kikilos sa ating buhay. Sa halip na agarang paglaya mula sa bawat masamang ugali, kapintasan sa karakter, o hindi maayos na disposisyon na tinataglay natin, patuloy na kumikilos ang Diyos sa atin upang tayo ay hubugin ayon sa nais niya para sa atin. Ang layunin ng lahat ng pagdidisipulo ng Kristiyano ay maging mas kawangis ni Jesus. Iyon ang dahilan kung bakit binibigyang katwiran ni Pablo, tulad ng inaasahan natin na hindi dapat manatiling sanggol ang mga sanggol, kundi sila ay lumago at magkaroon ng sapat na pag-iisip, at hindi manatiling mga sanggol sa pananampalataya. Ang paglagong espirituwal ay nagsisimula sa kaligtasan, ngunit patuloy tayong lumalago sa kagandahang-loob ng Diyos sa ating buhay. Dapat tayong maging kawangis, kumilos at mag-isip nang katulad ni Cristo sa susunod na taon kaysa sa ngayon, samakatuwid tayo ay lumalago sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos.

**2. Ang paglagong espirituwal ay higit pa sa pangangailangan ng panahon.** Alinman sa karamihan sa aking mga kaibigan ay hindi alam, o nakalimutan na, na marunong akong tumugtog ng piano. Tumutugtog ako ng piano nang higit na sa apatnapung taon. Nang

ako ay sampung taong gulang, halos araw-araw ay nagsasanay ako (maraming pagkakataon na ako ay ginagabayan ng aking ina, na mas nabigyan ko ng prayoridad ang pagsasanay ko sa piano kaysa sa *football*). Ngayon, hindi na ako ganoon kadalas tumugtog—isang beses na lang sa isang taon. Kung may nagtatanong sa akin kung gaano katagal akong tumutugtog, totoong sasabihin ko na apat na dekada, ngunit hindi ko talaga ginugol ang lahat ng apat na dekada na iyon sa intensyonal na pagsasanay at pagtugtog. May mga bata sa iklesia na tumutugtog ng piano sa loob ng ilang taon pa lamang, ngunit mas mahusay pa sila kaysa sa akin, kahit na mas matagal na akong tumutugtog kaysa sa kanila.

Hindi ito naiiba sa ating mga espiritwal na buhay. Ang simpleng impormasyon na nakukuha ng mga tao ay hindi nangangahulugang iyon ay kanilang tinatanggap, naiintindihan, niyayakap, at ipinamumuhay. Bagama't totoo na ang paglagong espirituwal ay nangangailangan ng panahon, hindi totoo na ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos ay likas na dulot ng panahon o nagmula sa kulturang Kristiyano.[26] Ang mga iklesia ay puno ng mga taong gumugol ng maraming taon sa pagiging mga Kristiyano—ngunit hindi lubusang nakikita sa kanilang mga buhay ang Espiritu ni Jesus. Sila ay mapamintas, mainitin ang ulo, mapangutya, negatibo ang pag-iisip, at makasarili. Marami sa kanila ay katulad ni George na isa sa mga dating miyembro ng aking kongregasyon: hindi sila nagiging mas kawangis ni Jesus sa bawa't taon. Alam na natin ang napaka-simpleng dahilan.

**3. Ang espirituwal na paglago ay higit pa sa pangangailangan ng panahon, sapagkat ito ay pakikipagtulungan sa Diyos at may intensyonal na pagsasanay**. Sinabi sa Mga Hebreo, "Dapat sana'y mga tagapagturo na kayo, subalit hanggang ngayo'y kailangan pa

26. White, *Rethinking the Church*, 59.

kayong turuan ng mga panimulang aralin tungkol sa mga Salita ng Diyos. Dapat sana'y kumakain na kayo ng matigas na pagkain ngunit hanggang ngayon, gatas pa lamang ang inyong kaya. Ang isang sanggol ay nabubuhay sa gatas at kulang pa ang kaalaman sa salita ng katuwiran. Ang matigas na pagkain ay para sa may sapat na gulang na nahasa sa pamamagitan ng pagsasanay at marunong nang kumilala ng mabuti't masama. Kaya't iwanan na natin ang mga panimulang aralin tungkol kay Cristo at magpatuloy na tayo sa mga araling para sa may mga sapat na pang-unawa na" (Mga Hebreo 5.12–6.1, idinagdag ang pagbibigay diin).[27] Batay sa mga salitang "hanggang ngayo'y," maaari nating ipalagay na ang bahaging ito ng Banal na Kasulatan ay isinulat para sa mga matatagal nang mananampalataya. Sa halip na maging mga guro ng paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga salita at halimbawa, kumakain pa rin sila ng pagkain para sa sanggol. Ang pagkaing espirituwal para sa mga husto ang gulang upang maging isang ganap na Kristiyano ay sa pamamagitan ng pagsasanay sa kanilang sarili sa katuwiran—pagsasanay na makatutulong sa kanila na makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng tama at mali at malaman ang mabuti at mas mabuti. Nagpapatuloy ito patungo sa pagiging sakdal ng Kristiyano, na

27. Mithiin lagi ni Wesley na ilarawan ang pagpapabanal bilang pagiging ganap o walang kapintasan ng Kristiyano, at binigyan pa niya ng titulo ang kanyang pinakatanyag na katekismong doktrinal na *A Plain Account of Christian Perfection.* Sa pagpapaliwanag na ang karanasan ng pag-ibig na ganap o sakdal, o "Diyos na ganap sa pag-ibig," ay maisasakatuparan sa buhay na ito, sinabi niya: "(1) mayroong isang bagay tulad ng pagiging ganap o sakdal; sapagkat ito ay paulit-ulit na binabanggit sa Banal na Kasulatan. (2) Ito ay hindi nauna tulad ng pagiging matuwid; sapagkat ang mga taong itinuring na matuwid ay dapat na 'magpatuloy sa pagiging ganap o sakdal.' (Heb. 6.1) (3) Hindi huli tulad ng kamatayan; sapagkat tinukoy ni Apostol Pablo ang tungkol sa mga taong nabuhay na ganap o sakdal. (Mga Taga-Filipos 3.15)." Wesley, *A Plain Account of Christian Perfection, Annotated,* eds. Randy L. Maddox and Paul W. Chilcote (Kansas City, MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 2015).

nagsisi na sa kanilang mga kasalanan at tumalikod sa hilig ng laman bagaman mayroon pa ring nananatili sa kanilang mga puso.[28]

Ang mga salitang "nahasa sa pamamagitan ng pagsasanay" sa aklat ng Mga Hebreo ay nakatatawag ng pansin. Nagpapahiwatig ito ng intensyonal na pagsisikap at paglahok ng mga Kristiyano sa espirituwal na paglago kay Cristo. Iba pang mga halimbawa nito: "Ihanda ang iyong sarili! Palakasin ang iyong pananampalataya! Takbuhin ang karera! Bantayan ang iyong puso!" Ang mga mandatong ito mula sa Biblia ay nagsasabi na kailangan nating pagbutihin kung ano ang pinagagawa ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng mga tiyak na kasanayan—o mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos—na tinawag ni John Wesley na mga gawa ng kabanalan at mga gawa ng awa.[29] Kasama sa mga gawa ng kabanalan ang mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos tulad ng pagdarasal, pagbabasa at pag-aaral ng Biblia, pag-aayuno, pagtanggap ng Huling Hapunan, bautismo, at paggugol ng oras kasama ang ibang mga Kristiyano. Ang mga gawa ng awa ay isa ring paraan ng kagandahang-loob ng

---

28. Binigyang-diin ni John Wesley sa isang sermon na pinamagatang *"The Repentance of Believers,"* ang patuloy na pangangailangan ng pagsisisi para sa mga Kristiyanong nais magpatuloy ng banal na pamumuhay. Sa isang dokumento na binasa sa isang komperensya tungkol sa kabanalan, sinabi ng isa sa aking mga propesor sa teolohiya mula sa seminaryo na si Rob L. Staples, "Ang ganap na pagpapabanal ay maaaring maunawaan bilang isang lubusang pangako sa ating patutunguhan sa *theosis* [pagbabago ayon sa kawangis ng Diyos] na may patuloy na pagsisisi para sa, at resulta ng paglilinis mula sa, anumang bagay na pumipigil o bumabawas ng naturang pangako, o ang tinawag ni Wesley na 'pagsisisi ng mga mananampalataya' na ayon sa kanya ay 'kinakailangan sa bawat susunod na yugto ng ating landas bilang mga Kristiyano.' Staples, "Things Shakable and Things Unshakable in Holiness Theology," *Revisioning Holiness Conference*, Northwest Nazarene University, February 9, 2007.

29. Sa pamamagitan ng 'paraan ng kagandahang-loob ng Diyos' nauunawaan ko ang mga panlabas na palatandaan, salita, o aksyon, na itinalaga ng Diyos para sa layuning ito, upang maging mga ordinaryong daluyan kung saan maaaring maiparating niya sa mga tao ang naghahanda, nagliligtas, o nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos." Wesley, "Sermon 16: The Means of Grace," II.1, http://wesley.nnu.edu/john-wesley/the-sermons-of-john-wesley-1872-edition/sermon-16-the-means-of-grace/. Tinatawag ding minsan na mga disiplinang espirituwal.

Diyos habang naglilingkod sa iba, tulad ng "pagpapakain sa mga nagugutom, pagbibigay ng maisusuot sa mga walang kasuutan, pagtanggap sa estranghero, pagbisita sa mga nakakulong o maysakit, at pagtuturo sa mga walang alam.[30] Isinasagawa natin ang mga paraan ng kagandahang-loob ng Diyos bagaman natanggap natin ang mga iyon bilang mga kaloob; kinakailangan ang ating pakikilahok.[31]

Gayunpaman, dapat tayong maging maingat na huwag ikalito ang salitang pakikilahok sa salitang kontrol. Hindi natin hawak ang ating paglagong espirituwal—o papangyarihin ito. Mayroong ilang mga bagay na kontrolado natin. Maaari tayong magpadala ng isang text message, sumakay sa bus, o mag-grocery. Mayroon ding mga bagay na wala tayong magagawa. Hindi natin mababago ang panahon. Hindi natin mababago ang ating mga *genes*. Mayroong mga bagay na maaari nating kontrolin at mga bagay na hindi—na kapwa umiiral.

Subalit mayroon ding pangatlong kategorya: ang mga bagay na hindi natin kontrolado ngunit maaari tayong makipagtulungan. Isipin ang tungkol sa pagtulog. Kung mayroon kang mga anak, sinasabihan mo sila kapag oras na ng tulog na matulog na. Minsan ang isasagot nila ay, "Hindi pa ako inaantok!" Tama naman sila sa isang banda. Hindi nila maaaring patulugin ang kanilang mga sarili sa parehong paraan ng pagtawag mo sa telepono. Bilang mga magulang, sinasabi natin sa ating mga anak na maaari silang gumawa ng ilang mga paraan upang sila ay makatulog. Maaari silang mahiga sa kama at magpaantok, patayin ang mga ilaw, ipikit ang kanilang mga mata, makinig sa mahinang musika, at unti-unti na silang makakatulog! Hindi nila iyon mapipigilan, ngunit may magagawa sila. Maaari

30. Joel B. Green and William H. Willimon, eds., *Wesley Study Bible New Revised Standard Version* (Nashville: Abingdon Press, 2009), 1488, *footnote* "Patungo sa Kasakdalan."

31. Para sa higit pa sa mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos, tingnan ang kabanata 5, "Nagpapanatiling Kagandahang-loob ng Diyos."

silang gumawa ng mga paraan upang dalawin ng antok hanggang sa makatulog. Ganito rin sa paglagong espirituwal. Hindi natin kayang pabanalin o maging kawangis ni Jesus sa pamamagitan ng ating mga sarili. Ang Diyos na tunay na banal ang nagpapabanal sa atin. Katulad ng ating kaligtasan, kinakailangan ang kooperasyon. Hindi tayo ang nagliligtas sa ating sarili, ngunit dapat tayong makipagtulungan at tumugon sa nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos.

Sinabi ng tanyag na guro ng pagdidisipulo na si Dallas Willard, "Hindi salungat ang kagandahang-loob ng Diyos sa pagsisikap; salungat ito sa pinaghihirapan."[32] "Ang kagandahang-loob ng Diyos ay higit pa sa pagbabagong-buhay, pagbibigay-katwiran, at kapatawaran. Kailangan ang kagandahang-loob ng Diyos para sa pagdidisipulo. Sa kabila nito marahil ang malaking panganib ng ating kapanahunan ay hindi ang pag-iisip na labis na ang ating ginagawa para sa pagdidisipulo, kundi ang sabihin na wala na tayong dapat gawin. Mapanganib ang pagkawalang-bahala tulad ng ligalismo. Nang sinabi ni Pablo na hubarin na ang dating pagkatao at isuot ang bagong pagkatao, ibig niyang sabihin na kailangan natin itong gawin sa tulong ng Diyos. Matatag niyang sinabi: "Pagsumikapan mong maging maka-Diyos" (1 Timoteo 4.7), at muli, "Alam ninyong ang mga kalahok sa paligsahan ay tumatakbong lahat, ngunit iisa lamang ang nagkakamit ng gantimpala! Kaya't pagbutihin ninyo ang pagtakbo upang kamtan ninyo ang gantimpala" (1 Mga Taga-Corinto 9.24).

Sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, ginawa ng Diyos ang lahat nang hindi natin makakayang gawin para sa ating mga sarili, ngunit hindi ito nangangahulugan na bilang tagatanggap ng kagandahang-loob ng Diyos ay wala na tayong gagawin. Ang maling ideyang ito ay mula sa pamamaraan na hindi na kailangang tutukan

32. Dallas Willard, *The Great Omission: Reclaiming Jesus's Essential Teachings on Discipleship* (New York: HarperCollins, 2006), 61.

at bigyang-pansin ng mga Kristiyano ang pagdidisipulo, kaya ang resulta ay kakulangan ng paglagong espirituwal at hindi ganap na pag-iisip. Sa gayon, sinabi din ni Dallas Willard, "Alam natin, tulad ng sinabi ni Jesus, 'Sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin' (Juan 15.5)… subalit kung sasabihin ang talatang ito sa ibang paraan, ganito ang magiging pagkabasa, 'Wala kayong magagawa kung wala ako.' At ang bahaging ito ang pinakamahirap na pakinggan."[33] Nakikipagtulungan tayo sa aktibong kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng muling pag-aayos ng ating mga buhay sa ating mga ginagawa, disiplina, at kasanayan na kung saan si Jesu-Cristo ang ating halimbawa. Bukod dito, tayo ay nakikilahok hindi upang makamit ang kabanalan kundi upang maisakatuparan sa pamamagitan ng pagsasanay ang hindi natin magagawa sa pamamagitan lamang ng ating "higit pang pagpupumilit."

**4. Ang espirituwal na paglago ay pagsisikap na komunal.** Magugulat ang mga mambabasa mula sa Kanluranin sa pagbibigay-diin ni Pablo bilang komunidad sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos, bagaman maraming mga kultura na hindi mula sa Kanluran ang nakababatid na hindi kayang makapaglakbay ng mga Kanluranin nang nag-iisa. Kung babasahin muli ang sinulat ni Pablo na may kaugnayan sa iklesia: "Sa pamamagitan niya, ang mga bahaging pinag-ugnay-ugnay ng kasukasuan ay magiging isang katawan; at kung maayos na gumaganap ng tungkulin ang bawat bahagi, *nakatutulong ito sa paglago ng ibang mga bahagi*, ang buong katawan ay lalago at lalakas sa pamamagitan ng pag-ibig" (Mga Taga-Efeso 4.16, idinagdag ang diin). Maaaring hindi inaasahan ang mga talatang ito sa mga kulturang sanay sa indibidwalismo, kabilang ang pansariling kabanalan. Hindi humingi ng paumanhin si Pablo nang sinabi niya na ang ating pagdidisipulo ay hindi para sa iisa lamang.

---

33. Willard, "Spiritual Formation: What It Is, and How It Is Done," n.d., http://www.dwillard.org/articles/individual/spiritual-formation-what-it-is-and-how-it-is-done.

Ang bawat "bahagi" (indibidwal) ng katawan ay mahalaga at may natatanging gawain na dapat gawin, ngunit ang lahat ng indibidwal na gawain ay may pinagsamang layunin: upang matulungan ang ibang mga bahagi na lumago.

Ito ay maka-Diyos na pakikipagtulungan o kolaborasyon. Ang "Synergy" o pagsasanib-lakas ay hango sa salitang Griyego na *synergos*, na nangangahulugang "sama-samang nagtatrabaho." Sinasabi na mas malaki ang nagagawa ng kabuuan ng pangkalahatan kaysa sa indibidwal na pinagsama-sama, o ang pinagsamang indibidwal na bahagi ay mas malaki ang epekto kaysa sa nagagawa nang nag-iisa. Ang pagsasanib-lakas ay makikita sa kalikasan, negosyo, palakasan, at mga ugnayan ng pamilya. Ito ay ang kapangyarihan ng pagdadamayan, pagtutumbasan, at pagtutulungan.[34]

Ang isang magandang halimbawa ng pagtutulungan ay ang relasyon sa pagitan ng mga *zebra* at mga maliliit na ibon na tinatawag na *oxpeckers*. Kinakain ng mga *oxpecker* ang mga garapata sa likod ng mga *zebra* na parang isang pagkontrol sa mga peste; kapag natatakot, lumilikha ng sumisitsit na tunog ang mga *oxpecker* na nagsisilbing isang sistema ng alarma para sa mga *zebra* kapag dumarating na ang mga maninila. Patuloy na binibigyan ng maraming pagkain ng mga *zebra* ang mga ibon; ang mga ibon naman ang nangangalaga sa kalusugan at naglilinis ng katawan ng mga *zebra*. Ang dalawang hayop na ito ay ganap na magkakaiba sa maraming paraan, ngunit kailangan nila ang bawa't isa upang mabuhay.

Ang pagsasanib-lakas din ang sukatan ng isang malusog at lumalagong samahan na puno ng pag-ibig na nagmumula sa Diyos (*agape* sa Griyego). Ang pananagutan, pagbibigay ng lakas at pag-

---

34. Para sa higit pa sa pag-unawa sa biblikal na pagdadamayan, tingnan ang katuruan ni Pablo sa Bagong Tipan tungkol sa katawan ng tao bilang isang talinghaga para sa iklesia (1 Mga Taga-Corinto 12, Mga Taga-Efeso 4). Para sa higit pa tungkol sa pagtutulungan, tingnan ang kanyang katuruan tungkol sa Kristiyanong kasal at pagsasama (Mga Taga-Efeso 5).

asa sa bawa't isa, pagpapaalala, panalangin para sa iba, at suporta ay hindi magaganap kung magkakahiwalay at malayo sa isa't isa. Tayo ay nagiging maka-Diyos kapag magkakasamang nagtitipon-tipon bilang mga mananampalataya. Naririnig natin nang mas malinaw ang tinig ng Diyos bilang komunidad. Mababaw at panlabas ang pag-ibig hanggang hindi natin ito tunay na ipinadadama at ipinakikita sa ating mga relasyon. Ang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ay isang kaganapang koponan![35]

Kaya heto ang dalawang natatanging mga panatayan para sa paglago sa pagdidisipulo:

Ang kinikilalang panatayan:

Kaligtasan + Panahon + Indibidwal na Lakas-loob =
Paglagong Espirituwal

Ang panatayan ng kabanalan:

Kagandahang-loob ng Diyos + Pakikipagtulungan sa Diyos +
Kristiyanong Komunidad = Pagiging Kawangis ni Cristo

Tinatawag ang mga Kristiyano upang lumago sa kagandahang-loob ng Diyos na isang paraan upang sabihing tayo ay nagiging kawangis ni Jesus. Nakatatanggap tayo ng bagong buhay mula kay Cristo upang lumago. Ang Diyos ang nagbabago at nagsasaayos ng ating buhay. Ang pagbabagong ito ang tinutukoy na nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos. Wala akong alam na nagsabi nang mas kakatuwa at katangi-tangi tungkol dito kaysa kay C. S. Lewis:

> Isipin ang iyong sarili bilang isang bahay na tinitirahan. Pumasok ang Diyos upang muling itayo ang bahay na iyon. Marahil sa una ay nauunawaan mo kung ano ang kanyang ginagawa. Inaayos niya ang mga sirang alulod at kinukumpuni ang mga pagtagas sa bubong, at iba pa; alam mo na kailangang gawin ang mga iyon

---

35. White, *Rethinking the Church*, 61.Tingnan din ang kabanata 5 at ang pag-bibigay-diin sa pananagutan ng Kristiyano at sa nagpapanatiling Kagandahang-loob ng Diyos.

> at hindi ka nagtataka. Ngunit unti-unti nakikita mong ginigiba niya ang bahay at hindi mo iyon nagugustuhan. Ano ang balak niyang gawin? Nagtatayo siya ng kakaibang bahay na malayo sa naiisip mo—nagdadagdag ng karugtong na silid, naglalagay ng dagdag na palapag, gumagawa ng mataas na tore, naglalagay ng mga patyo. Akala mo ay ginagawaan ka ng isang maliit at maayos na bahay: iyon pala ay nagtatayo siya ng isang palasyo. Layunin niyang siya mismo ang tumira doon.[36]

Hindi lamang tayo inililigtas ng Diyos, tayo din ay kanyang binabago. Tinatanggap niya kung ano ang ating kalagayan sapagkat sapat ang kanyang pagmamahal at hindi niya tayo iiwan. Pinag-iisipan, binabago, at inaayos nya tayo nang mabuti. Kapag inialay natin ang ating mga sarili at isinuko sa Diyos Ama, nililinis at dinadalisay ng Diyos na Banal na Espiritu ang ating mga puso, muli tayong ginagawang kawangis ng Diyos Anak. Nagiging kawangis tayo ni Cristo sa ating mga saloobin, mga pananalita, at mga gawa. Ang ating "bahay" ngayon ay napapasa ilalim na ng bagong pamamahala.

"Ang kabanalan ay nangangahulugang walang bahagi ng iyong buhay ang nakasara sa kontrol ni Jesu-Cristo."[37] Inaalis natin ang ating mga kamay sa manibela at hinahayaan na si Jesus ang manguna. Sasabihin natin, "Kayo ay naging aking Tagapagligtas (kaligtasan); ngayon ay lumuluhod ako at ginagawa ko kayo na aking Panginoon (kabanalan)." Tayo ay ihiniwalay para sa isang banal na layunin, at ang ganap na pag-ibig ng Diyos ay nagsisimulang dumaloy sa atin.

---

36. C. S. Lewis, *Mere Christianity* (New York: Touchstone, 1996), 175-76.

37. Una kong narinig na ginamit ni Dennis Kinlaw ang mga salitang ito sa isang *sermon* sa *seminary chapel*. Ito rin ang kauna-unahang pagkakataon na naalala ko ang pagkaunawa na ang pagkontrol ng Diyos sa aking buhay ay hindi isang pagnanais para sa pagmamanipula sa bahagi ng Diyos, ngunit isang hangarin upang lalong mapalapit sa kanya. Sa aking palagay, isa sa mga magagaling na mangangaral ng kabanalan ay si Kinlaw noong huling bahagi ng ikadalawampung siglo at sa unang bahagi ng dalawampu't isang siglo, hanggang sa kanyang kamatayan noong 2017.

Nagsisimula tayong umibig sa Diyos nang buong puso, isip, at lakas, at sa ating mga kapwa katulad ng ating mga sarili.

## Pagbibigay kahulugan sa ganap na pagpapabanal

Narito ang ilang mga panghuling salita kung ano ang ibig sabihin ng ganap na pagpapabanal. Ang "ganap" ay hindi tumutukoy sa isang natapos na na gawain ng Diyos sa atin; sa isang tunay na kahulugan, ito ay tumutukoy na pagiging-lubos. Patuloy na kumikilos ang Diyos sa atin bilang kanyang *obra maestra* hanggang sa pagkabuhay na muli ng lahat ng mga bagay, pati na ang ating pagluwalhati.[38] Tayo ay nagiging-buo at "lubusang lubos" sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos. Ang *Shalom* ang mithiin ng Diyos sa kanyang mga nilikha at sya ring hangarin nya sa atin. Kapayapaan ang *Shalom*, ngunit nangangahulugan din ito ng pagkabuo, pagkalubos, pakikiisa, at ang bawat isa ay gumagawa alinsunod sa layunin (*telos*) ng pagkalikha sa atin.

Ang ganap na pagpapabanal, tulad ng tinalakay na natin, ay naghahatid sa isang panghabang buhay na paulit-ulit na pagtanggi sa pag-iral ng sarili (laman) at walang tutol na patuloy na pagsunod sa mga kaparaanan at kalooban ng Diyos. May katiyakang sinabi ni Jesus: "Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin araw-araw ang kanyang krus, at sumunod sa akin." (Lukas 9.23).[39] Ang resulta ng isang buhay na

38. Ang "Pagluwalhati" ay tumutukoy sa estado ng isang mananampalataya pagkamatay at ang pagkabuhay na muli. "Sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos tayo ay maluluwalhati—muling mabubuhay na kasama ni Cristo sa kanyang pagbabalik, at babaguhin ayon sa kanyang ganap na wangis, upang tamasahin ang kanyang kaluwalhatian magpakailanman." Greathouse and Dunning, *An Introduction to Wesleyan Theology*, 54. Bukod pa rito, tinukoy ni Diane Leclerc ang pagluwalhati bilang panghuling pagpapabanal "na ang isang tao ay naaalis mula sa pinaka-presensya ng kasalanan." Leclerc, *Discovering Christian Holiness*, 318.

39. Bilang pagtukoy sa ideya na ang ganap na pagpapabanal ay nagpapahiwatig ng isang panghabang buhay na pagtatakwil sa sarili (laman) at pagpapasan ng krus ng iba, "Si J. O. McClurkan, pinuno ng isa sa mga sangay ng sinaunang *Holiness Movement* sa

nakatuon sa krus ay ang pagiging kawangis ni Cristo na naghahayag ng lubos na pag-ibig sa Diyos at sa kapwa.

Malinaw na ipinaliwanag ang ibig sabihin ng Ganap na Pagpapabanal sa ikasampung artikulo ng Pahayag ng Pananampalataya ng *Church of the Nazarene*:

> Tayo ay naniniwala na ang ganap na pagpapabanal ay isang gawa ng Diyos, kasunod ng pagbibigay-buhay, na kung saan ang nananalig ay pinalalaya sa orihinal na kasalanan, o pagkasira, at inihahatid sa kalagayan ng ganap nang pagkatalaga sa Diyos, at ang banal na pagsunod ng pag-ibig ay nagiging sakdal.
>
> Nagaganap ito dahil sa bautismo sa o pagpuspos ng Banal na Espiritu, at nauunawaan sa isang karanasan—ang paglilinis ng puso mula sa kasalanan, at ang nananatili at nananahang presensya ng Banal na Espiritu, na siyang nagbibigay ng kapangyarihan sa nananalig upang mamuhay nang may paglilingkod. Ang ganap na pagpapabanal ay nakakamit sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, na agad-agad na nakamtan mula sa kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng pananalig, na sinundan ng lubusang pagtatalaga; at ang gawain at katotohanang ito ng kagandahang-loob ng Diyos ay pinatototohanan ng Banal na Espiritu.
>
> Naniniwala tayo na ang nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos ay mayroong pag-uudyok mula sa Diyos upang lumago sa kagandahang-loob ng Diyos bilang isang alagad na kawangis ni Cristo. Gayunpaman, dapat pangalagaan ang pag-uudyok na ito

---

timog na lugar, ay tumutukoy sa binanggit na aspetong ito ng pinabanal na buhay bilang 'isang mas malalim na pagkamatay sa sarili,' na sa katotohanan ay dapat mangyari sa buong buhay Kristiyano. Mula sa mga karanasan, kinilala niya na hindi lahat ng pangyayari sa buhay ay maaaring maipon sa isang sandali ng karanasan. "Dunning, *Pursuing the Divine Image,* Kindle Location 853. Para sa karagdagang talakayan tungkol dito, tingnan ang William J. Strickland at H. Ray Dunning, *J. O. McClurkan: His Life, His Theology, and Selections from His Writings* (Nashville: Trevecca Press, 1998).

at maingat na bigyan ng pansin ang mga bagay na kailangan sa mga proseso ng paglagong espirituwal upang maging kawangis ni Cristo sa pag-uugali at pagkatao. Kung walang gayong pagsisikap, maaaring mapahina ang ating patotoo at ang kagandahang-loob ng Diyos mismo ay mabibigo at tuluyang mawawala.

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos, lalo na ang sama-samang pagtitipon bilang mga mananampalataya, mga disiplina, at mga sakramento ng iklesia, lumalago ang mga nananalig sa kagandahang-loob ng Diyos na may buong pusong pagmamahal sa Diyos at sa kapwa.[40]

Tatapusin natin ang ating talakayan tungkol sa nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos sa isang simpleng tanong: Para sa anong layunin? Bakit kailangang makamtan ang kabanalang ito? Ano ang katibayan ng pagiging kawangis ni Cristo?

Bumalik tayo sa sakdal na pag-ibig. Ang ganap na pagpapabanal ay hindi tugatog ng moralidad. Ito ang pinakamataas na anyo ng pag-ibig at pagbibigay ng sarili. Ang ganap na pagpapabanal ay banal na pag-ibig na bumuo sa atin, na tinukoy ni Wesley bilang sakdal na pag-ibig, isang tanggap na kahulugan para sa marami. Ito ang palaging laman ng kanyang pagtuturo tungkol sa kabanalan. Pinunto ito ni Mildred Bangs Wynkoop at sinabi: "Ang mga talakayan ni Wesley sa anumang katotohanan tungkol sa Kristiyano ay palaging napupunta sa pag-ibig. 'Ang Diyos ay pag-ibig.' Ang bawat aspeto ng pagbabayad-sala ay isang pagpapahayag ng pag-ibig; ang kabanalan ay pag-ibig; ang kahulugan ng 'relihiyon' ay pag-ibig. Ang Kristiyanong kasakdalan ay kasakdalan ng pag-ibig. Ang bawat hakbang ng Diyos patungo sa tao, at ang tugon ng tao sa bawat hakbang na iyon, ay mga aspeto ng pag-

40. *Church of the Nazarene*, *Manual: 2017-2021*, "X. Christian Holiness and Entire Sanctification" (Kansas City, MO: Nazarene Publishing House, 2017), 31-32.

ibig."[41] Para lalong mabigyang-diin ang puntong ito, idinagdag pa ni Wynkoop, "Upang sabihin na ang Kristiyanong kabanalan ay ang ating *raison d'être* [likas na dahilan ng ating pagkatao] ay sabihin din na tayo ay nakatuon sa lahat ng pag-ibig, at iyan ay isang tunay na malawak na pamantayan."[42]

Sa madaling sabi, ang pag-ibig ang pinakapuso ng lahat. Ang anumang bagay na mababa sa pag-ibig ay hindi umaabot sa mataas na markang itinakda para sa "dahilan ng buhay" ng isang banal na buhay. Ang anumang pagkakaunawa sa ganap na pagpapabanal na walang pag-ibig ay malupit, ligalista, mapanghusga, at hindi maka-Diyos. Ang *agape* (pag-ibig na mula sa Diyos) ay ang pag-ibig na humahawak sa lahat ng iba pang natural na pag-ibig.[43] Gumagabay ang *agape*, nagbibigay-kahulugan, at nangingibabaw sa lahat ng iba pang mga hangarin. Dahil hinihimok tayong mapuno ng pag-ibig na nagmumula sa Diyos, mayroon tayong pagkakaunawa na ito ay ibinibigay at pinalalawak; ito ay kapwa kaloob at tayo ay pinalalago sa pananatili ng presensya ng Banal na Espiritu. Kailangan ng pagsisikap, ngunit kalakip ang kagandahang-loob ng Diyos.

---

41. Mildred Bangs Wynkoop, *A Theology of Love: The Dynamic of Wesleyanism* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 1972), 36.

42. Wynkoop, *A Theology of Love*, 36.

43. Para sa isang maliwanag na buod ng apat na salitang Griyego tungkol sa salitang pag-ibig—*eros, storge, philia, at agape*—lubos kong inirerekumenda ang maikling *exegesis* ni Wynkoop sa ilalim ng pamagat na "*Love and Fellowship*." Ipinaliliwanag niya na ang lahat ng pag-ibig maliban sa *agape* ay natural na pag-ibig na nangangailangan lang ng kaunting pagsisikap. Ang *agape* ay hindi lamang isang kakaibang dimensyon ng pag-ibig, ngunit ito rin ay isang katangian kung saan inaayos ng isang tao ang kanyang buhay na maaari lamang sa pagiging ganap kay Cristo. "Ang pag-ibig na tinatawag nating Kristiyanong pag-ibig, kung gayon, ay hindi isang kapalit ng iba pang mga pag-ibig, at hindi rin ito isang karagdagan sa mga pag-ibig na iyon, kundi ito ay isang uri ng pagkatao na nakatuon kay Cristo. Ang sariling pamamaraan na baluktot na kung saan ay may kahinaan pagdating sa iba pang mga relasyon na ginagamit sa personal na kapakinabangan (madalas sa mapanira at masalimuot na paraan), ay naitama at nabuo muli dahil sa nananatiling presensya ng Banal na Espiritu. Sa ganitong uri ng ugnayan, lahat ng iba pang mga ugnayan sa buhay ay inayos at pinabanal." Wynkoop, *A Theology of Love*, 38.

Inilalapit tayo ng banal na pag-ibig sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos na nasa atin na sa simula pa lang. Niyayakap tayo ng banal na pag-ibig sa pamamagitan ng nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos. Nililinis tayo at inilalaan sa banal na pag-ibig sa pamamagitan ng nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos. Lumalago tayo sa kagandahang-loob ng Diyos habang tayo ay sagana sa banal na pag-ibig. Ganito natin nararanasan ang masaganang buhay kay Cristo.

5

# ANG NAGPAPANATILING KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

*Sa kanya na makapag-iingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makakapagharap sa inyo nang walang kapintasan at may malaking kagalakan sa kanyang kaluwalhatian, sa iisang Diyos na ating Tagapagligtas, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Panginoon natin, sa kanya ang kapurihan, karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan, mula pa noong una, ngayon at magpakailanman! Amen.*

*—Judas 1:24-25*

Dumarating sa buhay ng bawat Kristiyano ang pagkakataon na kung saan may mga pangyayaring panimula sa buhay nila. Minsan kaagad itong nangyayari, kung minsan nama'y kasabay ito ng paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos: mga aspeto ng ating buhay na hindi pa naisusuko sa kapangyarihan ni Cristo. Mayroong mga silid sa aking bahay na kailangang ayusin at baguhin (balikan ang ilustrasyon ni C. S. Lewis) subalit nananatiling nakasara sa pagkilos ng Diyos.

Sapagkat hindi tumitigil ang Diyos upang tayo ay patuloy na pabanalin, maging kawangis ni Jesus, ang Banal na Espiritu ay

nagsisimulang magtanong, "Isinuko mo na ba ang lahat sa akin? Ako ba ang nagmamay-ari ng bawat bahagi ng iyong buhay? Mayroon bang pumipigil sa iyong pagsuko?"

Ang una nating tugon ay maaaring ganito: "Sa iyo na ang anumang bagay maliban sa ____ (punan ang patlang). Ibinigay ko na sa iyo ang aking 99 na porsyento. Wala bang matitira para sa sarili ko? Inaasahan mo bang ibigay ko ang lahat?"[1]

Sa matiyagang pag-ibig at hindi natitinag na dedikasyon sa pagganap ng pinakalayunin (*telos*) ng ating pagdidisipulo, bumubulong sa atin ang Espiritu ni Jesus, "Oo, lahat nang ikaw. Isang daang porsyento. Walang maaaring itago o ilihim."

Ang pagiging buo sa Diyos ay pagiging kabahagi ng lahat na kanyang ipinangako. Habang higit nating tinatalikuran ang ating sarili at iniaalay ito sa Diyos, nakakamtan natin ang higit na kapayapaan at kagalakan. Naniniwala si Oswald Chambers na ang buhay na walang-hanggan ay hindi isang kaloob *mula* sa Diyos ngunit isang kaloob *ng* Diyos. Dagdag pa, ang espirituwal na kapangyarihan na ipinangako ni Jesus sa kanyang mga alagad pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na muli at pag-asa sa Pentekostes ay hindi isang kaloob *mula* sa Banal na Espiritu—ang kapangyarihan ay mismo *ang* Banal na Espiritu (Mga Gawa 1.8). Ang resulta ay isang walang katapusang karanasan ng masaganang buhay na nakakamit sa bawat pagsuko sa Diyos. Muli, ang pananaw ni Chambers ay nagbibigay ng kaliwanagan: "Kahit na ang pinakamahinang mananampalataya o banal na lingkod ng Diyos ay maaaring makaranas ng kapangyarihan ng Anak ng Diyos, kung handa siyang 'bumitiw.' Ngunit ang anumang pagsisikap na 'manatili' sa kahit anong paghahangad sa kapangyarihan para sa

---

1. Mag-ingat kailanman na isipin at sabihin, 'Oh, ang bagay na iyon sa aking buhay ay hindi mahalaga.' Maaaring hindi ito mahalaga sa iyo ngunit sa Diyos ito ay mahalaga. Walang anumang maliit na bagay sa anak ng Diyos. Walang bahagi ng ating buhay na walang kabuluhan sa Diyos." Chambers, *My Utmost for His Highest,* 76–77.

sariling kapakanan ay magpapahina lamang sa presensya ni Jesus sa atin. Kailangan nating bumitiw, at dahan-dahan pero sigurado, at ang masaganang buhay ng Diyos ang aangkin sa atin at siyang pupuno sa bawat bahagi ng ating buhay."[2]

Ang puso ang 'pook' o 'lugar' ng kasalanan at pagsuway, ngunit ito rin ang 'pook' ng kagandahang-loob ng Diyos at kabanalan. Ayon sa naghahanap na kagandahang-loob ng Diyos, sinusuyo ng Diyos ang ating puso; sa nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos, inaangkin ng Diyos ang ating puso; sa nagpapabanal na kagandahang-loob ng Diyos, nililinis ng Diyos ang ating puso. Nababago ang ating pananaw mula sa isang puso ng pagiging lingkod patungo sa puso tulad ng sa isang paslit. Natutuklasan natin na hindi natin pinaglilingkuran ang Diyos dahil sa takot kung hindi tayo susunod; sa halip, binigyan tayo ng pusong may pag-ibig na nagbibigay ng hangaring sumunod. Ang naisin ni Cristo sa buong paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ay walang iba kundi ang kabuuan natin—lahat, buo, at ganap o lubos.

Sa kabanalan, itinatalaga tayo para sa isang malinis na hangarin at pinupuspos ng Espiritu ni Jesus upang ang ating pag-iisip, mga motibo, at pag-uugali ay maging kawangis ni Cristo. Kinakalimutan natin ang ating sarili at isinusuko ang karapatang pansarili na "ako." Pinapasan natin ang ating krus na nangangahulugang nililipat natin ang ating mga karapatan kay Jesus. Narito ang nakagugulat na 'kabalintunaan' o 'paradoksya': sa pagsuko ng ating karapatan sa "sarili ko" at pagbibigay ng karapatang ito kay Jesus, nakasusumpong tayo ng buhay. Kapag itinakwil natin ang ating buhay alang-alang kay Cristo, makakamtan natin ang buhay, ngunit ano man ang ating ipagkait sa Diyos, ito ay mawawalang tunay; ang ano mang isinuko na sa Diyos ay hindi maaangkin ninuman. "Sapagkat namatay na

2. Chambers, *My Utmost for His Highest*, 74–75.

kayo at ang inyong tunay na buhay ay natatago sa Diyos, kasama ni Cristo" (Colosas 3.3). Lubos ang pagtatalaga para sa Diyos.

Ang pagtatalaga ng ating buhay sa Diyos ay hindi nagsisilbing pinanggagalingan ng ating pagpapabanal. Hindi tayo mapababanal sa pamamagitan ng ating sarili. Ang Espiritu ni Jesus ang gumagawa nito. Hindi sapat ang pagnanais na maging kawangis ni Jesus para lang masabi na tinutularan natin siya; hindi malayo ang mararating nang ganito. Sumasaatin o nananahan dapat ang Espiritu ni Jesus, o katulad ng sinabi ni Pablo, hanggang sa ganap kayong mahubog kay Cristo (Mga Taga-Galacia 4:19).

Sa maraming aspeto, pinakamagaling na mga tao ang mga Pariseo noong panahon ni Jesus. Sila ay may moralidad, sa tingin nila sila ay malinis mula sa kasalanan, at mabubuti. Ngunit ang kanilang pagiging mabuti ay nakasalalay sa pansariling pagbabago ng kanilang pag-uugali at sa sariling mga pagsusumikap na maging banal sa pamamagitan ng isang sistema kung paano nila tinitingnan ang kasalanan, na hindi kailanman sumusuri sa kanilang mga puso. Nais nilang maging maka-Diyos at mamuhay nang malinis, subalit ang kanilang mga pagpapasakit ay naging makasarili at nagkulang sa tunay na pag-ibig. Kung ano man ang nasa iyong puso, kusa itong lalabas. Ang Kristiyanong 'Pariseo'—sumusubok mamuhay sa kabanalan sa pamamagitan ng sariling pagsisikap, ay hindi makaaabot sa tunay na pag-ibig upang maging kawangis ni Jesus. Nasa atin dapat ang espiritu ni Jesus. Ito ang katotohanan ng kabanalan mula sa puso. Kailangan ang kagandahang-loob ng Diyos upang tayo ay palakasin, makapagpatuloy, at mamuhay nang may kabanalan.

Ipinaliwanag ni Dallas Willard na ang banal na pamumuhay ay tunay na nangangailangan ng higit na kagandahang-loob ng Diyos kaysa sa anumang pagnanais na tularan si Jesus sa pamamagitan ng mga pagsisikap mula sa sarili: "Kung talagang gugustuhin mong makamit ang kagandahang-loob ng Diyos, mamuhay ka lamang sa

kabanalan. Ginagamit lahat ng tunay na mananampalataya ang lahat ng kagandahang-loob ng Diyos tulad ng isang 747 na eroplano na gumagamit ng gasolina kapag papalipad na ito. Maging katulad ng mga taong ipinamumuhay araw-araw ang pananalita at mga ginawa ni Jesus. Taglayin mo ang higit pang kagandahang-loob ng Diyos para sa banal na pamumuhay kaysa sa pagkakasala, sapagkat ang bawat pagkilos sa kabanalan ay pinatotohanan at itinataguyod ng kagandahang-loob ng Diyos. At ang pagtataguyod na iyon ay lubos na kagandahang-loob ng Diyos na walang kapalit."[3] Dapat nating maranasan ang walang humpay, nagmamalasakit at nagtataguyod na kagandahang-loob ng Diyos—ang kagandahang-loob ng Diyos na naglalayo sa atin sa pagkahulog o pagkakasala (Jud 1.24).

Sa mga binanggit na iyan, hindi tinatanggihan ng nagpapanitiling kagandahang-loob ng Diyos ang pangangailangan ng ating pakikilahok. Sa kabanata 4, nakita natin na ang kagandahang-loob ng Diyos ay nangangahulugang ginawa ng Diyos ang lahat na hindi natin magagawa para sa ating sarili, ngunit hindi ibig sabihin nito na tayo ay "tagatanggap na lang ng kagandahang-loob ng Diyos" at walang maiaambag sa ugnayang ito. Nakikipagtulungan tayo sa aktibong kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng muling pag-aayos ng ating buhay sa paligid ng mga aktibidad, disiplina, at kasanayan mula kay Jesus. Nakikilahok tayo sa mga ito hindi para sa ating pagpapabanal kundi para magawa sa pamamagitan ng pagsasanay ang hindi natin magagawa sa pamamagitan ng sariling pagpapagal.

## Ibinigay na pagiging matuwid

Maaaring makatulong ang ilang mga paliwanag sa pagkakaiba ng 'ibinilang' (*imputed*) na pagiging matuwid at 'ibinigay' (*imparted*) na pagiging matuwid. Ayon kay Diane Leclerc, ang ibinilang na

---

3. Willard, *The Great Omission*, 62.

pagiging matuwid ay "ang pagiging matuwid ni Jesus ay nailipat sa isang Kristiyano upang siya ay maituring na matuwid. Tinitingnan ng Diyos ang tao dahil sa pagiging matuwid ni Cristo, ngunit hindi ito nangangahulugan ng panloob na pagbabago ng tao at paglilinis ng Diyos sa kasalanan ng isang indibidwal." Ang ibinigay na pagiging matuwid, sa isang banda, ay "isang masaganang pagbibigay na kaloob ng Diyos na nangyayari sa mismong sandali ng bagong kapanganakan ng isang indibidwal. Ang Diyos ang nagsisimula ng proseso upang tayo ay pabanalin."[4]

Hindi ganoon kahirap unawain ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawa, tulad ng naiisip mo. Ang isa (ibinilang na pagiging matuwid) ay ang pagiging matuwid na inilipat—na agad nakamit kung ano man ang kalagayan ng isang tao; ang isa (ibinigay na pagiging matuwid) naman ay ang pagiging matuwid na ibinigay at ito ay nananatili. Maaaring maunawaan ang ibinigay na pagiging matuwid bilang kaloob ng Diyos na tumutulong at nagbibigay kapangyarihan sa isang alagad o taga-sunod ni Cristo na magsikap tungo sa kabanalan at pag-ibig na walang kapintasan. Ang pagkakaibang ito ay malinaw na ipinaliwanag ni Timothy Tennent upang lalo pang maunawaan: "Bilang mga Kristiyano, alam natin na tinatanggap ng Diyos ang mga makasalanan at dinaramtan ng pagiging matuwid ni Cristo. At sa gayon ang Diyos ay kumikilos sa atin sa bawat mabuting gawa upang ang pagiging matuwid ni Cristo na sa atin ay inilipat ay agad nating maranasan nang totoo patungo sa ibinigay na pagiging matuwid, upang ating taglayin ito at higit na mapagyaman."[5]

---

4. Leclerc, *Discovering Christian Holiness*, 312. Ito ang dahilan kung bakit tinukoy ni John Wesley ang bagong kapanganakan bilang paunang pagpapabanal. Habang hindi tinatanggihan ang isa, ang mga nasa *Reformed tradition* ay binibigyang-diin ang ibinilang na pagiging matuwid, habang ang teolohiya ng *Wesleyan-Holiness* ay pangunahing binibigyang-diin ang ibinigay na pagiging matuwid.

5. Timothy Tennent, "Living in a Righteousness Orientation: Psalm 26" Seedbed Daily Text, September 1, 2019, https://www.seedbed.com/

## Ang pagiging positibo ng kagandahang-loob ng Diyos

Ang ibinigay na pagiging matuwid ang naghatid kay John Wesley sa pagkakaroon ng positibong pananaw patungkol sa pagbabago. Dahil sa pagkawasak o pagkasira na idinulot sa tao ng orihinal na kasalanan, nawalan ng positibong pananaw si Wesley sa likas na kakayahan ng tao. Gayunpaman, lubos ang kanyang paniniwala na maaaring literal na makapagpabago sa buhay ng isang tao ang kagandahang-loob ng Diyos.

Narinig ko minsan ang kaibigan kong si Wesley Tracy na tinawag itong "radikal na positibong pananaw sa kagandahang-loob ng Diyos." Inilarawan niya ito sa isang kuwento: Isipin mo na may isang batang babae na may edad 11 o 12 na palakad-lakad sa likuran ng iklesia. Marumi at gusot ang kanyang damit, manipis at gulo-gulo ang kanyang buhok, at para siyang amoy panis na tila hindi naligo nang ilang araw. Bahagya lang ang alam mo sa kanyang nakaraan. Hindi naging maayos ang kanyang pag-aaral at hindi makahabol sa klase kaya bagsak ang kanyang mga grado. Tiyak ka na hindi sa kakulangan sa talino ang kanyang problema kundi maaaring ang nangyayari sa kanilang tahanan. Hindi niya alam ang tunay niyang ama at ang kanyang ina naman ay iba-iba ang mga kinakasama. May mga bulung-bulungan pa na siya ay inaabuso dahil sa mga pasa sa kanyang mga braso.

Sinabi ni Tracy, "Kung susuriin ng isang dalubhasa sa pag-aaral ng pag-uugali ng isang tao ang batang babae, ito ang kanyang sasabihin, 'Nasaktan ang kanyang kalooban at damdamin na nag-iwan ng malalim na pilat sa kanyang buhay; wala nang pag-asa ang magulo niyang buhay. May mga bagay na maaari pang maisalba, ngunit

---

living-in-a-righteousness-orientation-psalm-26/. Dagdag ni Tennent: "Sa bagong nilikha lamang ito naging ganap at natatapos, ngunit ang pagpapabanal ay ang tawag ng bawat mananampalataya—na itinalaga para sa kabanalan—upang sa buong puso, pupurihin natin ang Panginoon 'sa malaking kapulungan' (Awit 26.12).

mahihirapan na siyang makabangon, at kung naging maganda lang sana ang naging pagtrato sa kanya ng nakapaligid sa kanya, hindi aabot sa ganyan ang kanyang kalagayan.' Iyan ang sasabihin ng isang dalubhasa sa pag-aaral sa pag-uugali." Ngunit patuloy ni Tracy, "Alam mo ba kung ano ang sasabihin ng isang taong naniniwala sa radikal na positibong pananaw sa kagandahang-loob ng Diyos? 'Hindi mahalaga kung ano ang nagawa sa kanya, o kung ano ang gusto nyang gawin sa sarili nya, may pag-asang maligtas ang batang babaeng iyon. Maaari siyang kunin ng Diyos kung ano man ang kanyang kalagayan at gawin ng Diyos ang nais sa kanya.' O para kay Wesley, ganito ang sasabihin nya, "Iharap mo sa akin ang pinakamasamang tao sa buong London, at ipakikita ko sa iyo ang mga taong nakaranas ng lahat ng kagandahang-loob ng Diyos, na mga apostol mismo."

Pinahahalagahan ng pagiging positibo ng kagandahang-loob ng Diyos ang ating makasalanang kalagayan, ngunit higit na pinahahalagahan ng kapangyarihan ng kagandahang-loob ng Diyos na tanggapin ang sinuman, saan man ang kanyang pinagmulan, at kahit ano pa ang kanyang kalagayan, at gawin ng Diyos kung ano ang nais niyang gawin sa kanila.[6] Walang kirot na napakahapdi, walang sakit na napakatindi, walang sugat na napakalalim, walang kasalanan na napakalaki na hindi maaaring mabago ng kagandahang-loob ng Diyos upang ang tao ay maging buong muli.

## Kapatawaran at kapangyarihan

Ang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ay ang pagbabago ng buong katauhan ng isang tao. Ibinigay ang pagiging matuwid; ipinagkaloob ang kabanalan. Hindi ito, "subukan mo

6. "Tulad ng sabi ni Wesley, kung tatanggihan ang naturang pagiging positibo ng kagandahang-loob ng Diyos ay gagawing mas malawak ang kapangyarihan ng kasalanan kaysa sa kapangyarihan ng kagandahang-loob ng Diyos—isang opsyon na hindi sukat maisip na teolohiya ng *Wesleyan-Holiness*." Leclerc, *Discovering Christian Holiness*, 27.

pa" o "maging handa ka sa sarili mo," ngunit isang tunay na pagbabago na nagdudulot ng pamumuhay na may kapangyarihan at kalakasan. Kinakailangan ang kagandahang-loob ng Diyos para sa kapatawaran at kapangyarihan. Kailangan natin ng kapatawaran sa ating mga kasalanan at kalakasan upang maparangalan ang Diyos. Kung wala ang isa ay lubhang mapanganib. Kung sasabihin nating, "Patatawarin tayo ng Diyos dahil wala siyang pakialam kung paano tayo mamumuhay sa kamalian, tutal naman, lahat ay sakop ng kagandahang-loob Nya." Kung ganito ang ating pag-iisip, nasa panganib tayo ng kawalan ng pamantayan. Sa kabaligtaran, kung ipinapalagay natin na ang kagandahang-loob ng Diyos ay kinakailangan lamang upang mapatawad ang ating mga kasalanan ngunit nasa sa atin na kung tatanggapin natin ito, nasa panganib tayo ng ligalismo. Pareho itong mapanganib at hadlang sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Tinukoy ni apostol Pablo ang dalawang labis na pananaw na ito nang sabihin niya, "Pagsumikapan ninyong maging ganap ang inyong kaligtasan nang may lubusang paggalang at pag-ibig sa Diyos, sapagkat ang Diyos ang kumikilos sa inyo upang inyong naisin at isagawa ang kanyang kalooban" (Mga Taga-Filipos 2.12-13). Sino ang may tungkulin para sa ating paglagong espirituwal? Trabaho ba natin ito o ng Diyos? Ang sagot ni Pablo ay parehong oo, at iyon ay hindi isang magkasalungat. Tingnan natin ang labis na pananaw ng ligalismo. Ang ligalismo sa teolohikal na kahulugan ay ang labis na pagbibigay-diin sa paniwala na ang pagsunod sa mga patakaran, regulasyon, partikular ang mga alituntunin sa pag-uugali, ay kinakailangan para sa kaligtasan. Kapag pinag-usapan ito sa praktikal na pamamaraan, sasabihin ng ligalismo na alam natin na ang Diyos ay nag-alay sa atin ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagkamatay ni Jesus sa krus, ngunit upang makamit ito ay nakasalalay kung gaano karami ang ating mga panalangin, kung nagbabasa tayo ng ating Biblia araw-araw, at maingat na nakikisalamuha sa ilang

mga tao at umiiwas sa mga piling lugar. Sa pusod nito, sinusubukang gawin ng ligalismo para sa ating sarili ang mga bagay na Diyos lamang ang makagagawa. Ang resulta ng isang taong hindi sumusunod sa mga patakaran ay may pakiramdam na siya ay nagkasala, may takot, pagkabigo, at kawalan ng kapanatagan at hindi nakararanas nang lubos na kagandahang-loob ng Diyos, walang kapayapaan, o katiyakan. Ito ay pagdidisipulo na walang kagandahang-loob ng Diyos, at ito ay nagkakaroon ng isang mataas na uri ng pagiging matuwid sa sarili at nagiging mapagmataas. Mataas ang inaasahan ng mga ligalista para sa kanilang sarili ngunit mas mataas ang pamantayan nila para sa iba, na nagtataboy sa mga tao palayo sa iklesia.

Ang kasalungat ng ligalismo ay ang kabaligtaran ng labis na kawalan ng pamantayan (*antinomianism*). Ang kawalan ng pamantayan o *antinomianism* ay isang teknikal na salita na nagmula sa dalawang salitang Griyego: *anti*, nangangahulugang "laban," at *nomos*, nangangahulugang "batas." Kapag pinagsama, ipinapahayag ang ideya ng kawalan ng pamantayan or batas. Habang ito ay totoo—gumugol kami ng maraming oras sa pagtatalo sa puntong ito—na ang isang Kristiyano ay naliligtas lamang sa kagandahang-loob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng mabubuting gawa o ng sariling mga pagsisikap, hindi tayo pinalalaya ng katotohanang ito mula sa mga obligasyong moral at espirituwal. Sa praktikal na pananalita, sinasabi ng taong *antinomian*, "Dahil ang kagandahang-loob ng Diyos ay sagana bakit hindi pa ako magkasala upang lalo akong makaranas ng kagandahang-loob ng Diyos? Dahil sakop ako ng kagandahang-loob ng Diyos, wala akong obligasyong sumunod sa anumang pamantayang etikal o moral. Napalaya ako mula sa pasanin ng responsibilidad. Sinasaklaw ng pag-ibig ang lahat." Bagaman ito ay *illogical* (at hindi praktikal), ganito ang pag-iisip ng ilang mga Kristiyano. "Huwag ninyo akong hilingan ng anumang seryosong obligasyon o pagsasakripisyo sa sarili. Tapos na ako sa pagbibigay ng

isang mabigat na pasaning espirituwal sa mga balikat ng sinuman sapagkat humahantong lamang ito sa pagkakasala at ligalismo. Sakop ako ng kagandahang-loob ng Diyos."[7] Kapansin-pansin, kahit na hindi ligalista si John Wesley, naniniwala siya na ang *antinomian* na paraan ng pag-iisip ay mas higit na panganib kaysa sa ligalismo at itinuturing na pinakamalala sa lahat ng mga kalapastanganan sa Diyos dahil pinahina ng *antinomianism* ang sakdal na pag-ibig. Ang pag-ibig na walang kabanalan ay masyadong maluwag; ang kabanalan na walang pag-ibig ay malupit.

Noong 1751, sumulat si John Wesley ng isang liham sa isang kaibigan, na sa paniniwala ng nakararami ay tugon sa mga akusasyon laban sa kanyang pangangaral na masyadong ligalista o di kaya ay masyadong maluwag (*antinomian*). May paglilinaw ang kanyang tugon: "Hindi ko ipinapayong ipangaral ang kautusan na wala ang mabuting balita nang higit sa pangangaral ng mabuting balita na walang kautusan. Walang alinlangan, kapwa dapat ito ipangaral kapag kinakailangan; pareho nang minsanan, o pareho na magkasama." Ipinahayag ni Wesley sa maikling pangungusap kung ano ang ibig niyang sabihin sa "pareho magkasama o iisa": "Mahal ka ng Diyos; at dahil dito, mahalin at sundin mo siya. Namatay si Cristo para sa iyo; at dahil dito, dapat ka ring mamatay sa kasalanan. Nabuhay na muli si Cristo; at dahil dito, mamuhay ka ayon sa wangis ng Diyos. Nabubuhay si Cristo magpakailanman; at dahil dito, mamuhay ka sa Diyos hanggang sa makasama mo siya sa kaluwalhatian. … Ito ang pamamaraan sa Banal na Kasulatan, at siya ring inangking paraan ng

7. Sa isang pakikipag-usap sa isang Wesley iskolar na si Cliff Sanders hinggil sa ligalismo at *antinomianism*, binigyang-diin ni Sanders ang mahalagang puntong ito: "Limampung taon na ang nakalilipas, ang ligalismo ay ang higit na hamon para sa mga iklesiang ebanghelikal. Ngayon ay mukhang *antinomianism* na, bilang partikular na suliranin ng maraming mga kabataan na lumaki sa iklesia at nagnanais na iwanan ang mga taong namumuhay sa kabanalan dahil nawala ang pag-ibig."

mga Metodista, ang tunay na paraan. Ipinagkaloob ng Diyos na hindi natin maaaring talikuran, kumanan man o kumaliwa.[8]

Kaya alin ba dito? Ang atin bang kaligtasan at paglagong espirituwal ay gawain ng Diyos o natin? Nilinaw ni Pablo: hindi ito "alinman … sa" ngunit "pareho ... at." Ang lubos na kaligtasan ay gawain ng Diyos mula sa simula hanggang wakas. Hinanap tayo, iniligtas, pinabanal, at pinanatili ng kagandahang-loob ng Diyos. Gayunpaman, pinaaalalahanan din tayo nang paulit-ulit na gawin ang lahat ng pagsisikap na makipagtulungan sa pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating buhay (Lukas 13.24; Mga Taga-Filipos 2.12-13; 2 Timoteo 2.15; Mga Hebreo 12.14; 2 Pedro 1.5-7; 3.13-34).[9]

Ang kagandahang-loob ng Diyos ay para sa parehong kapatawaran at kapangyarihan. Ganito ang paraan ng nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos na tumutulong sa ating pagdidisipulo—isang pakikipagtulungan ng Diyos at tao. Ang Diyos ang nagpapasimula; tumutugon tayo. Ang Diyos ang tumatawag; nakikinig tayo. Gumagabay ang Diyos; sumusunod tayo. Nagbibigay ng kapangyarihan ang Diyos; kumikilos tayo. "Una muna, kumikilos ang Diyos, samakatuwid maaari kang kumilos," ayon kay Wesley. "Pangalawa, kumikilos ang Diyos; samakatuwid dapat kang kumilos."[10]

## Ang pangangailangan ng malayang pagpili

Ang paksa ng kabanatang ito ay tungkol sa nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos, ang kagandahang-loob ng Diyos na nagbibigay-daan upang gawin ang pinagagawa ng Diyos sa atin at mamuhay nang may kabanalan. Sa benediksyon sa aklat ni Judas

---

8. John Wesley, "Letter on Preaching Christ," *The Works of the Rev. John Wesley*, Volume 6.

9. Tingnan ang pagbibigay-diin ng kabanata 2 sa "pinagbubuti natin kung ano ang ipinagagawa sa atin ng Diyos."

10. John Wesley, "Sermon 85: On Working Out Our Own Salvation," 3.2, http://wesley.nnu.edu/john-wesley/the-sermons-of-john-wesley-1872-edition/sermon-85-onworking-out-our-own-salvation.

sa Bagong Tipan, tinutukoy ang kagandahang-loob ng Diyos na ito bilang kapangyarihan ng Diyos na pumipigil sa atin na mahulog sa kasalanan at humarap sa kanya nang walang kapintasan sa huling araw. Naghahatid ng napakahalagang katotohanan ang nasabing deklarasyon tungkol sa ating pagdidisipulo: maaari tayong mahulog mula sa kagandahang-loob ng Diyos, ngunit dahil sa nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos, maaaring hindi ito mangyari.

May isang pagkakataon kung kailan sinabi ng ilang mga mangangaral na nagbibigay-halaga sa kabanalan na kapag ang isang tao ay pinabanal na ay hindi na sila magkakasala pa. Ang pahayag na ito ay nagdulot ng labis na pagkalito at pagkagulat sa mga Kristiyano na masigasig sa kanilang pamumuhay kasama si Cristo, ngunit natuklasan din nila na posible din na maaaring madalas na madapa at mahulog sa kasalanan, lalo pa sa mensahe na kanilang narinig na ang ganap na pagpapabanal ay makapagbibigay lunas sa suliraning ito. Hindi ganoon ang tinutukoy patungkol dito, sapagkat ang malayang pagpili ay hindi tinanggal sa panatayan. Ang malayang pagpili ay mananatili magpakailanman sa buhay ng isang mananampalataya sapagkat kailangan ito sa ano mang maayos na relasyon. Nakatatak ang imahe ng Diyos sa atin at ang nasirang relasyon na naibalik sa kaganapan ni Cristo ang nagbibigay ng kakayahan sa pagkakaroon ng ugnayan na may kabanalan at pag-ibig.

Ang kasaysayan tungkol sa paglikha mula sa aklat ng Genesis ay malinaw sapagkat sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan at mga salita, nagkaroon ng buhay sa kalawakan: "Magkaroon ng…" Ang pamamahala ng Diyos ay ganap at ang kanyang kapangyarihan ay walang katulad—subalit binigyan niya ng kalayaan ang tao sa simula pa lang nang sila ay kanyang nilikha. Dahil sa walang kapantay na kapangyarihan ng Diyos na lumikha, hindi inaasahan ang kalayaang ito sapagkat sa paglaon ay nalaman natin na ang kalayaan ng mga taong pumili ay hindi lamang pinahintulutan, ngunit mayroon din

silang kakayahang mahalin o pinsalain ang magandang mundo na nilikha ng Diyos. Pinahihintulutan ng nag-iisang makapangyarihang Diyos ang ating kalayaang pumili bagaman nagdudulot ito ng panganib.

Sa paraiso, iniutos ng Panginoong Diyos sa tao, "Maaari mong kainin ang bawat bunga ng puno ng hardin maliban sa bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Huwag na huwag mong kakainin ang bungang iyon, sapagkat sa araw na kainin mo iyon ay mamamatay ka" (Genesis 2.17). Binigyan sila ng kalayaang pumili ayon sa utos. Sa una, maaaring isipin na hindi patas ang Diyos. Bakit mag-uutos ang Diyos ng isang bagay na alam niya na sa oras na sabihin mo sa isang tao kung ano ang dapat at hindi niya dapat gawin ay wala na silang iisipin kung hindi iyon? Isa ba itong plano upang mahulog sila sa tukso? Hindi: Hindi sila tinukso ng Diyos. Binigyan sila ng kalayaang pumili. Magkaiba ang dalawang bilin na iyon ng Diyos. Sa utos ng Diyos sa paraiso iyon ay isang pagkilala sa malayang pagpili.[11] Kailangan ng malayang pagpili upang manatili ang pag-ibig sa isang relasyon.

Kung sapilitan akong mamahalin ng aking asawa at walang siyang kalayaang mamili sa bagay na ito, magkakaroon pa rin kami ng isang relasyon, ngunit hindi ito pagiging mag-asawa. Bakit? Sapagkat kung ako lamang ang may ganap na kontrol ng aming pagsasama, ito ay hindi na pag-ibig. Siya ay magiging isang *automaton* o isang robot na walang kalayaang kumilos maliban kung ito ay didiktahan.

---

11. Pinaaalalahanan tayo ni Mildred Bangs Wynkoop na ang pangunahing diin ni John Wesley ay sa isang malayang kagandahang-loob ng Diyos kaysa sa malayang pagpili. Samakatuwid, ang mga nasa tradisyon ng *Wesleyan* ay tinutukoy ito na "kalayaan sa pagpili" na tumutukoy sa kagustuhan na binigyan ng kapangyarihan at pinalaya ng Banal na Espiritu, na ginagawang posible para sa isang tao na aktibong ipahayag ang kanyang pananampalataya kay Jesu-Cristo. Sa lahat nang ito, ang kaligtasan ay sa Diyos, sa pamamagitan lamang ng kagandahang-loob Nya. Wynkoop, *Foundations of Wesleyan-Arminian Theology*, 69.

Ang tanging paraan lamang upang kapwa kami maging kabahagi ng isang masaya at maayos na pagsasama ay kung pareho kaming may kalayaang pumili na mahalin ang bawa't isa sa amin. Dito nakasalalay ang panganib sa pag-iibigan: maaari niyang piliin na hindi ako mahalin.

Nang nilikha ng Diyos ang mga tao, inilagay niya sila sa isang magandang hardin na puno ng buhay at mabubuting bagay. Ito ay busilak na kagandahang-loob ng Diyos sapagkat ito ay ibinigay ng Diyos na walang kapalit. Gayunpaman, hindi sila ginawang mga robot ng Diyos na pinilit na gawin ang kanyang kalooban. Maaari silang pumili sa pagitan ng mabuti o masama. Maaari silang pumili kung mamahalin nila ang Diyos o hindi. Para bang sinasabi ng Diyos, "Gawin mo ang isang bagay na ito dahil ako ang Diyos. Nasa iyo kung susunod ka. Nais kong maging batay sa pag-ibig ang relasyong ito, hindi ayon sa kontrol." Binibigyan tayo ng Diyos ng isang malayang pagpili hindi dahil sa nais niyang tuksuhin tayo kundi dahil nais niyang piliin natin siya pabalik mula sa kasalanan. Saka lamang ito magiging isang kusang-loob na relasyon na naka-ugat sa pag-ibig.

Naniniwala si Soren Kierkegaard na ang isang isinukong kalooban ay tanda ng isang malinis na puso: "Ang kalinisan ng puso ay isang pagnanais." Ang kabaligtaran ng isang malinis na puso ay ang may pabago-bagong pag-iisip mula sa kalooban. Ang tugon sa kung ang isang taong pinabanal na nang lubusan ay maaaring magkasala muli ay oo. Posibleng mahulog mula sa kagandahang-loob ng Diyos sapagkat ang isang tao ay palaging malayang tumugon sa Diyos, o sa isang tukso na nasa kanyang tabi na. Alang-alang sa pag-ibig, nasa atin palagi ang malayang pagpili. Gayunpaman narito ang pangunahing pagkakaiba ng isang buhay na pinanatili ng kagandahang-loob ng Diyos: mayroon tayo ngayong kapangyarihan na huwag piliin na magkasala. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos, maaari nating sabihing *oo* sa Diyos at

*hindi* sa tukso. Ang ating pananampalataya ay nasa pangangalaga ng kapangyarihan ng Diyos na may pananggalang ng buhay na pag-asa sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo mula sa mga patay (1 Pedro 1.3–4).

Sa isang tahasang pagtatapat, inamin ni Pablo na dati, ang kanyang buhay ay nasa ilalim ng kasalanan tulad ng isang alipin sa kanyang panginoon. "Sapagkat hindi ko ginagawa ang mabuting gusto ko, ang masamang hindi ko gusto ang siya kong ginagawa" (Mga Taga-Roma 7.19). Nakakulong siya sa paggawa ng isang bagay na ayaw niyang gawin nang paulit-ulit ngunit hindi niya ito kayang labanan, at ng pagnanais na gumawa ng isang bagay ngunit hindi niya magawang maisakatuparan ito. "Sino kaya ang magliligtas sa akin sa katawang ito na nagdudulot sa akin ng kamatayan?" (7.24). Subalit ngayon na nasa ilalim na siya ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, nagpatuloy si Pablo, masasabi niyang oo sa Diyos at hindi sa tukso. "Wala nang iba pa kundi ang Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon! Salamat sa kanya! Wala na ako sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan sapagkat pinalaya na ako ng kapangayarihan ng Espiritung nagbibigay-buhay sa pamamagitan ni Cristo Jesus" (7.25; 8.2). Hiwalay sa presensya ng Banal na Espiritu, wala tayong lakas ng loob bilang tao at walang kapangyarihan na sumunod; sa presensya ng Banal na Espiritu, binibigyan tayo ng kapangyarihang sumunod. Hindi dahil sa ang mga pinaging banal ay hindi na maaaring magkasalang muli, ngunit ngayon ay may kapangyarihan nang huwag magkasala. Ang kaibahan ay dahil sa nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos mula sa Diyos upang huwag tayong mahulog sa kasalanan.

Nakabatay ang katapatan sa pananampalataya at pagkapuspos. Tulad ng sinabi ni Wesley, pinalalakas ng Banal na Espiritu ang ating kalooban, upang makagawa tayo ng "bawat mabuting hangarin, na

nauugnay sa ating mga pag-ugali, mga salita, o mga pagkilos, patungo sa panloob at panlabas na kabanalan."[12]

## Nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos bilang pagbabago ng pag-uugali

Sa kanyang komprehensibong aklat na tunay na nakatutulong pagdating sa pagdidisipulo, *After You Believe*, inilahad ni N. T. Wright kung paano nagiging kawangis ni Cristo ang mga tao at ang iklesia. Tinukoy niya ito bilang pangmatagalan ngunit matatag na paglago sa kagandahang-loob ng Diyos bilang bunga ng mga gawaing pang-espirituwal sa buhay ng isang tao upang maging kawangis ni Jesu-Cristo. Tinawag ng mga sinaunang manunulat ang pagkakaroon ng ganitong paghubog ng pag-uugali na birtud (*virtue*).

Sinimulan ni Wright ang aklat sa pamamagitan ng muling pagsasalaysay ng totoong kwento ni Chesley Sullenberger, na mas kilala bilang "Sully." Huwebes ng hapon noon, Enero 15, 2009, at parang isang ordinaryong araw lang sa New York City. Lumipad ang komersyal *jet* sa himpapawid nang 3.26 ng hapon patungo sa Charlotte. Si Sully ang kapitan. Ginawa niya ang lahat ng mga regular na pagsusuri, at ang lahat ay tila normal hanggang, dalawang minuto pa lamang pagkatapos ng *take-off*, bumangga ang eroplano sa isang kawan ng mga gansa. Malubhang napinsala ang parehong makina at nawalan ng kuryente. Patungo ang eroplano sa hilaga sa ibabaw ng *Bronx*, isa sa pinaka-makapal na populasyon na bahagi ng lungsod. Kailangang gumawa si Sully at ang kanyang kapwa piloto ng mga pangunahin at mabilis na desisyon. Nakataya ang buhay ng higit sa 150 mga pasahero, at ang libu-libo pang nasa lupa.

Masyadong malayo ang pinakamalapit na mas maliit na mga paliparan, at malaking kapahamakan ang mangyayari kapag lumapag sila sa *New Jersey Turnpike*. Isa na lamang ang kanilang pinagpipilian:

---

12. Wesley, "Sermon 85: On Working Out Our Own Salvation," III.2.

ang lumapag sa *Hudson River.* Sa loob lamang ng tatlong minuto bago ang paglapag, kailangang gumawa ng ilang mahahalagang bagay si Sully at ang kanyang kapwa piloto upang hindi bumagsak ang eroplano. (Binanggit ni Wright ang siyam na teknikal at iba pa na kanilang ginawa). Kahanga-hanga, nailapag nila ang eroplano sa *Hudson River.* Lahat ay ligtas na bumaba, kasama si Kapitan Sully na tiningnan nang paulit-ulit ang lahat sa loob ng eroplano upang matiyak kung ang lahat ng pasahero ay nakalabas na sa eroplano bago siya bumaba.[13]

Maraming tao ang nagsabi na iyon ay isang himala at iyon ay totoo nga. Ngunit nasaan ang himala doon? Nangyayari ang mga himala sa iba't ibang mga kaparaanan. Ang himala ba ay nasa pag-iingat at paggabay ng kamay ng Diyos? Iyan ay isang katiyakan. Gayunpaman, may isa pang paraan upang makita ito. Marahil ang himala ay ang pagkakaroon ng birtud ni Sully dahil sa kanyang mabilis na pagtugon sa teknikal na kaparaanan sa kabila ng matinding takot. Kung tila kakaiba ang paggamit ng salitang "birtud" sa pangyayaring iyon, ito ay dahil ang birtud ay hindi lamang upang masabi na "mabuti" o "moral." Ipinaliwanag ni Wright na ang birtud sa pinakamalalim na kahulugan, "ay kung ano ang nangyayari kapag ang isang tao ay gumagawa ng iba't ibang mga pagpipilian na nangangailangan ng pagsisikap at pagtutok, upang gumawa ng isang bagay na mabuti at tama na hindi 'natural na dumarating'—at sa gayon, kapag hinihingi ng pagkakataon, ay kusa nilang nagagawa kung ano ang dapat gawin."[14]

Sa madaling salita, kapag ang isang bagay ay mukhang "nangyari lang," napagtatanto natin na hindi pala ito "basta nangyari lang." Tulad ng binanggit ni Wright, kung ang sinuman sa atin ang

13. Wright, *After You Believe: Why Christian Character Matters* (New York: HarperCollins, 2010), 18–20.

14. Wright, *After You Believe*, 20.

nagpalipad ng eroplano sa araw na iyon, at ginawa lamang ang kung ano ang natural na kailangang gawin, babagsak ang eroplano sa isang gusali. Ang birtud, ang paghubog ng pag-uugali—o, para sa ating layunin, ang pagdidisipulo na lumalago sa kagandahang-loob ng Diyos upang higit na maging kawangis ni Jesus ay hindi natural na nangyayari; nangyayari din ang mga nasabing birtud kapag pinag-isipang mabuti kung ano ang gagawin, at ang tawag dito ay 'pangalawang kalikasan.' Hindi ipinanganak si Sully na may kakayahan agad na makapagpalipad ng isang komersyal na eroplano, at hindi rin siya ipinanganak na may mga katangian na maipakita agad ang tapang, kamay na matatag, agarang pagpapasya, at pag-aalala para sa kaligtasan ng iba kahit na may panganib sa kanyang sarili. Ang mga iyon ay mga nakuhang kasanayan at katangian na nangangailangan ng tiyak at paulit-ulit na pagsasanay sa paglipas ng panahon—na sa simula ay mahirap hanggang sa makasanayan na habang tumatagal, hanggang maitanim sa ating isipan at matandaan, na agarang kikilos at tutugon kaysa sa mag-isip. Ito ang pangalawang kalikasan.

Hindi upang masaktan ang sinumang mga piloto na maaaring makabasa nito, ngunit kung ako ang naging pasahero sa eroplanong iyon na pabulusok na bumababa, hindi ko nanaisin ang isang baguhang piloto na gagawin lamang kung ano ang natural na dapat gawin. Dapat alam ang manwal ng makina, tingnan sa internet o alalahanin muli ang kanilang natutunan sa paaralan ng pagpapalipad ng eroplano para sa gayong biglaang pangyayari sa oras ng krisis na hindi pa nila nahaharap. Hindi sapat ang kaalaman, tapang ng loob at determinasyon. Giit ni Wright, ang kinailangan sa sandaling iyon ng krisis ay ginawa agad kung ano ang likas na dapat gawin na makabubuti—isang pagbabago ng isipan at pag-uugali kung ano ang dapat gawin, "na nahubog ng natatanging lakas ng loob, 'mga birtud,' na alam nila nang eksakto kung paano magpalipad ng isang

eroplano."[15] Nais kong idagdag na hindi basta-basta ang pangyayaring iyon sapagkat nasubok si Sully na alamin kung ano agad ang dapat gawin para sa lahat ng detalye sa situwasyong iyon.

Ang ideya ng "pangalawang kalikasan" ay nakakuha ang aking pansin, lalo na kung iuugnay ito sa pagdidisipulo, kabanalan, at paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. May mga ilang hindi sasang-ayon na ang mga katangian tulad ng tapang ng loob, pagtitiis, kahinahunan, karunungan, matalinong paghuhusga, at katiyagaan ay hindi natural na napapasa-atin. Iyon ay mga bagay na natututunan at naihuhubog sa ating katauhan, minsan sa pamamagitan ng masasakit at mahihirap na mga pangyayari ngunit palaging sa pamamagitan ng mga natutunang pag-uugali. Ang isang matatag na katauhan—ayon sa Bagong Tipan, at tulad ng tinukoy ni Wright—ay "ang paraan ng pag-iisip at pagkilos ng isang tao, kaya't sa tuwing makakasalamuha mo ang taong iyon, nakikita mo ang kanyang parehong kabuuan."[16]

Ang kabaligtaran ng isang matatag na katangian ay kababawan. Maraming mga tao ang maaaring magpakita ng kanilang sarili sa una bilang matapat, mabait, positibo, at iba pa, ngunit kapag mas nakilala mo na sila, lalabas ang totoo nilang kulay. Ang mga gayong tao ay nagpapanggap lang. "Kapag nahaharap sa isang krisis, o kapag pinanghihinaan ng loob, nawawala ang kanilang katapatan, nagiging matampuhin, at nawawalan ng pagtitimpi tulad ng ibang mga tao."[17] Ano ang problema? Ginagawa lang nila nang natural kung ano ang dumarating; alam nila na dapat maganda ang kanilang pag-uugali, ngunit hindi nila nakamtan ang bagong pangalawang kalikasan upang makatugon nang maayos sa mga biglaang mga hamon at pagkabigo sa buhay. Ang katangian ng isang tao ay hindi nabubuo sa pamamagitan ng krisis; ito ay nakikita sa oras ng krisis. Kapag

15. Wright, After You Believe, 21.
16. Wright, *After You Believe*, 27.
17. Wright, *After You Believe*, 27.

wala tayong pagkakataon upang mag-isip nang maayos, madalas nalalantad kung sino talaga tayo.

Ipinakita ni H. Ray Dunning kung paano naiiba ang paggamit sa ilan sa mga salitang ginamit ni Wesley noong ikalabing-walong siglo kung ihahambing sa kasalukuyan. Halimbawa, patungkol sa ating tinalakay sa malayang pagpapasya, ang "pagiging malaya" ang salitang ginamit niya para sa malayang pagpili, samantalang ang "kalooban" ay ang salitang ginamit niya upang tumukoy sa tinawag niyang "mga pagpapakita ng mabuting damdamin" o mga inklinasyon na nag-uudyok sa tao ng anumang pagkilos o paggawa. Ang mga pagpapakita ng mabuting damdamin ay hindi tumutukoy sa mga damdaming nararamdaman pagkatapos ay mawawala na, o kaya ay sa pagbabago na dulot ng pansamantalang pag-iiba ng pag-uugali. Patungkol ito sa mas malalim na antas kung bakit pinipili ng isang tao ang nasabing aksyon. Malapit sa salitang pagpapakita ng mabuting damdamin ay ang paggamit ni Wesley ng salitang timplada (*temper*). Ang salitang timplada noong ikalabing-walong siglo ay hindi nangangahulugang ang isang tao ay *iritable* o madaling magalit. Sa halip, ito ay higit na naaayon sa kung paano natin ginagamit ang salitang "pag-uugali" sa ngayon. Gumamit si Wesley ng salitang timplada sa pagtukoy sa "isang tumatagal o nakagawiang ugali ng isang tao."[18] O kung itatama, ang mga pagpapakita ng timplada ng isang tao na nakatuon sa at nabuo sa matibay na mga aspeto ng ugali ng isang tao at nalinang ng mga pamamaraan ng kagandahang-loob ng Diyos, hanggang sa hindi na sila panandaliang nananatili kundi nagiging pangmatagalan at nagiging matatag na mga birtud, at kapag ginawa nang may matuwid na hangarin ay tinatawag na mga "banal na timplada."

Ang "mga banal na timplada" ay madalas na mga salitang ginagamit sa pagtuturo ni Wesley tungkol sa pagdidisipulo, lalo na

18. Maddox, *Responsible Grace*, 69.

sa kanyang pagmumuni-muni tungkol sa bunga ng Espiritu ayon sa Mga Taga-Galacia. "Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili" (Mga Taga-Galacia 5.22–23). Maraming mahahalagang aspeto sa talatang ito sa Biblia ang maaaring mabigyang-diin. Una, binanggit ni Wesley na ang bunga ay pang-isahan, hindi pang-maramihan ("bunga"). Kung maramihan ito, maaaring ituon lang sa isang "bunga" kaysa sa iba pa, na parang ang katapatan ay ang ating tinutuunan at huwag bigyang-pansin ang kabutihang-loob. Ang bunga sa kabuuan ay katibayan na kumikilos ang Espiritu ng Diyos. Hindi sila magkahiwa-hiwalay at habang tayo ay lumalago, lahat ng siyam na pagkakaiba-iba ng bunga ng Espiritu ay nagtutulungan upang bumuo ng isang nakahihimok na larawan ng kung ano ang hitsura kapag ang Banal na Espiritu ay may kontrol sa isang itinalagang buhay. Binigyang-diin ni N. T. Wright na "hindi hinuhulaan ni Pablo kung paano magiging mahusay o magaling sa isang bagay."[19] Tulad ng pagkakakilanlan sa isang puno ng peras sa pamamagitan ng bunga nito, sa gayon ang isang Kristiyano ay makikilala rin sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu—mga "banal na timplada" na naipakikita ng isang tao. Hindi nakapagtataka, kasama sa agad na idinagdag ni Wesley ang pag-ibig sa listahan ng banal na timplada dahil lahat ng siyam na bunga ay pagpapahayag ng pag-ibig. Gayunpaman, kasama sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ang lahat ng mga katangian ni Cristo upang maihayag sa ating buhay.

Marahil pinakamahalagang maunawaan para sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos ang mga banal na timplada na hindi kaagad nararanasan. Sa halip, tulad ng paliwanag ni Randy Maddox, "Ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos ay gumigising sa mga

19. Wright, *After You Believe*, 195.

naniniwala sa mga gayong mga 'binhi' ng birtud. Ang mga binhing ito ang siyang nagpapalakas at humuhubog habang tayo ay 'lumalago sa kagandahang-loob ng Diyos.' Dahil sa kalayaan, ang paglagong ito ay nangangailangan ng kooperasyon na may pananagutan, sapagkat sa halip ay maaaring mapabayaan o kaya ay mapigilan natin ang kagandahang-loob at kapangyarihan ng Diyos."[20] Napakarami ang maaaring maihayag mula sa paliwanag ni Maddox. Gayunpaman, ang pangunahing ideya na hindi natin dapat palampasin: ang birtud ay dapat pangalagaan upang lumawak.

Sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, tayo ay naligtas at pinabanal sa ating kasalukuyang kalagayan at napasimulan natin ang paglalakbay patungo sa pagiging kawangis ni Cristo—naitanim na ang mga binhi para sa kabanalan. Sa isang kahanga-hangang gawa ng kagandahang-loob ng Diyos, nabigyan tayo ng kalayaan na iwan ang buhay na puno ng kasalanan at pamumuhay para sa sariling interes lamang upang sa gayon ay mahalin natin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, lakas, at pag-iisip. Magkagayunman, ang tatlong sumusunod na mga birtud na pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig (1 Mga Taga-Corinto 13.13) at ang siyam na iba't ibang bunga ng puspos ng Espiritu ay kapwa ipinagkaloob at pinalago sa atin. Ang bunga ng Espiritu ay hindi biglaang nakikita, o tulad ng wastong pagkakasabi ni Wright, na "awtomatikong lumalago." Walang pag-aalinlangan na may mga indikasyon na ang bunga ng Espiritu ay magaganap na. "Maraming mga bagong Kristiyano, lalo na sa kanilang biglaang pagbabago o pagbabalik-loob, ay nagkakaroon ng isang makabuluhang pagtalikod mula sa isang pamumuhay na puno ng 'mga gawa ng laman," at nagsasabi ng kanilang pagkamangha sa pagnanais na magpakita ng pag-ibig, magpatawad, maging banayad, at magkaroon ng malinis na puso. Ang tanong nila, saan nagmumula

---

20. Randy Maddox, "Reconnecting the Means to the End: A Wesleyan Prescription for the Holiness Movement," *Wesleyan Theological Journal,* vol. 33, No. 2 (Fall 1998), 41.

ang lahat nang ito? Hindi naman ako ganito dati. Napakainam kung may pagbababagong nagaganap katulad nang ganyan, isang tiyak na tanda ng Espiritu na kumikilos."[21]

Ang hindi kapani-paniwalang mga pagbababagong ito na dulot ng pagpapakita ng mabuting damdamin ay isang dalisay na kaloob ng kagandahang-loob ng Diyos. Gayunpaman, hindi maaaring manatiling nagwawalang-bahala ang bagong Kristiyano. Kailangan nilang gawin nang maayos at mabuti kung ano ang ipinagagagawa ng Diyos sa kanila. Ang parehong kagandahang-loob ng Diyos na nagdulot ng pagbabago na likha ng pagpapakita ng mabuting damdamin ay dapat na lumago patungo sa "banal na timplada," na nalinang sa pamamagitan ng mga bagong gawi at mga kasanayang nakamit. Muli, malalim na tinukoy ni Wright nang may katiyakan ang puntong ito ng pagdidisipulo: "Ang mga [bagong pagnanais] na ito ay tulad ng mga halamang umuusbong; upang magkaroon ng maayos na bunga, kailangan mong malaman kung paano maging isang hardinero. Kailangan mong tuklasin kung paano alagaan at palaguin ang halaman, kung paano diligin ang lupa, kung paano itaboy ang mga ibon at iba pang mga hayop. Kailangan mong bantayan upang huwag itong malanta at matuyo, tanggalin ang mga damo at iba pang mga insekto na sumisipsip tulad ng mga parasito upang mamatay ang halaman, at tiyakin na ang halaman ay maaaring makatayo nang matatag laban sa malakas na hangin. Saka lamang ito mamumunga."[22]

Ang mga palatandaan tulad ng mga halamang umuusbong ay tunay na tanda ng "si Cristo ay nasa inyo, ang ating pag-asa na tayo'y makakabahagi sa kaluwalhatian ng Diyos" (Mga Taga-Colosas 1.27). Upang makamit ang tiyak na bunga ng pagiging kawangis ni Cristo, dapat tayong maging katulad ng mga hardinero. Dapat nang magsimulang mamunga ang mga binhi. Ang mga

21. Wright, *After You Believe*, 195–196.
22. Wright, *After You Believe*, 196.

isinukong mabuting damdamin ay namumunga na ng mga banal na timplada, isang bagong disposisyon na nagbubunga ng pag-iisip kawangis ng kay Cristo, at mga aksyon na nagsisimulang gumana bilang pangalawang kalikasan.[23] "Napaparangalan ang aking Ama kung kayo'y masaganang nagbubunga bilang aking mga alagad" (Juan 15.8). Ang mga halaman ay namumunga—ang mga binhi ay nagiging kabutihan. Ang nagpapalakas na kapangyarihan ng Diyos ay pinananatili ng kagandahang-loob ng Diyos.

## Bisyo at Birtud

Pinaalalahanan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Corinto: "Subukin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo'y namumuhay ayon sa pananampalataya. Suriin ninyo ang inyong sarili. Hindi ba ninyo nalalamang nasa inyo si Cristo Jesus?" (2 Mga Taga Corinto 13.5). Sa kanyang nakaugaliang istilo ng pagkaunawa sa isang bagay, naaangkop na sinabi ni Eugene Peterson ang mga ito sa isang buod: "Subukan ang inyong sarili upang matiyak na matatag kayo sa inyong pananampalataya. Huwag kayong madaling magpadala sa agos at magwalang-bahala. Palaging suriin ang inyong mga sarili. Tiyakin na nasa inyo si Jesu-Cristo ayon sa iyong karanasan. Subukan ito. Kung ikaw ay nabigo sa pagsubok, gawin ang tama at nararapat" (talata 5–9).

Mas mainam ang mga regular na pagsusuri sa kalusugan ng katawan kaysa makaranas ng atake sa puso o *stroke*. Natutugunan kaagad ang isang suliranin kapag nalalaman ito nang mas maaga. Katulad din nito ang palagiang pagsusuri para sa isang mamahaling makinarya

23. "Ang wikang ginamit ni Wesley tungkol sa mga banal na aksyon na 'dumadaloy' mula sa mga banal na timplada ay nagsasabi na pinahahalagahan niya ang kahulugan kung saan ang mga nakasanayang pagpapakita ng mabuting damdamin ay nagdudulot ng 'kalayaan' para sa mga pagkilos ng tao—ang kalayaan na nagmumula sa disiplinadong kasanayan (hal., Ang kalayaan na tumugtog ng isang piyesa ni Bach sa konsiyerto)." *Maddox, Responsible Grace*, 69.

upang maiwasan ang sakuna. Sa buong kasaysayan ng Biblia, binibigyan ng apatnapung araw ang mga tao para sa mga panahon ng paghahanda, paglilinis, at pagsusuri sa kalagayang espirituwal ng isang tao.[24] Maaaring ganapin ang mga pananambahan at gawain para sa kabanalan upang suriin ang mga espirituwal na kalagayan at paglago ng bawat Kristiyano. Sa aklat ng mga Taga-Corinto, sinabi ni Pablo na nangangailangan ng paglagong espirituwal upang lumago sa espiritu. Sa diwa ng paalala ni Pablo, ang pagpupumilit ni Wesley na ang mga mananampalataya ay dapat magtipon-tipon bilang maliliit na mga grupo (tinawag niyang "mga pagpupulong sa klase") upang magkaroon ng disiplina sa pagsusuri para sa isang matatag na espiritu.

Ano ang mga babalang palatandaan ng may karamdamang espirituwal? Ayon sa mga unang iklesia ng ika-anim na siglo, ang mga babalang ito ay kinilala bilang "nakamamatay na kasalanan" o "nakamamatay na kasamaan." Tulad ng mataas na kolesterol na isang babala para sa sakit sa puso, at ng isang umaandap-andap na ilaw na isang palatandaan na ang bombilya ay malapit nang mapundi, ang mga palatandaang ito ay mga pahiwatig ng hindi malusog na pagdidisipulo, at maliban kung sila ay harapin, maaaring humantong sa kamatayang espirituwal. Ang makasaysayang pag-unawa ng iklesia sa kasamaan—karaniwang tinatawag na "pitong nakamamatay na kasalanan"—ay mas malawak at mas higit pa sa pito:

**Pagmamataas:** paglalagay ng sarili sa lugar ng Diyos bilang sentro at ang pangunahing layunin ng buhay ng isang tao; pagtanggi na kilalanin ang katayuan ng isang tao bilang nilalang na nakaasa sa Diyos.

**Kawalan ng Paggalang:** sinasadyang kapabayaan sa pagsamba sa Diyos, o kasiyahan sa pagpapakita ng walang interes na pakikilahok

24. Ang panahon ng Kuwaresma sa kalendaryong Kristiyano ay batay sa apatnapung araw na konsepto ng pagsusuri sa sarili.

dito; pagpapakita ng pangungutya sa mga banal na bagay o paggamit ng Kristiyanismo alang-alang sa pansariling interes.

**Sentimentalidad:** kasiyahan sa mga maka-Diyos na pakiramdam at magandang seremonya nang walang pagsisikap para sa personal na kabanalan; walang interes sa pagpasan ng krus ng isang tao o personal na sakripisyo; isang higit na pagkahumaling sa kabanalan ayon sa emosyon kaysa mga pangakong may pagsasakripisyo.

**Kawalang-tiwala:** pagtanggi na kilalanin ang karunungan at pag-ibig ng Diyos; hindi karapat-dapat, labis na pag-aalala, pagkabalisa, mabusisi, o pagiging perpekto; pagtatangka upang makuha o makontrol ang buhay ng isang tao sa pamamagitan ng espirituwalismo, labis na pagkamahiyain, o kaduwagan.

**Pagsuway:** pagtanggi sa hayagang kalooban ng Diyos; pagtanggi na malaman ang kalikasan ng Diyos na isiniwalat sa Banal na Kasulatan; pagsira sa pagtitiwala sa pagiging iresponsable, pagtataksil, at sanhi ng pagkabigo ng iba; paglabag sa mga ligal o moral na kontrata.

**Kawalan ng Pagsisisi:** pagtanggi na saliksikin ang sarili at harapin ang mga kasalanan, o upang ipagtapat sa harapan ng Diyos; pagbibigay-katuwiran sa paniniwala na ang kasalanan ng isang tao ay hindi dapat binibigyang-pansin, ito ay likas, o hindi mapigilan; tumatanggi na humingi ng paumanhin at makipagkasundo sa kapwa o hindi nais na patawarin ang kanyang sarili.

**Kapalaluan:** pagkabigo na kilalanin ang Diyos at ang iba pa sa kanilang naiambag sa buhay ng isang tao; pagmamayabang, pagmamalabis, at mapagmataas na pag-uugali; labis na pag-aalala sa "mga bagay."

**Pagiging Arogante:** pagiging mapagmataas at palaging nakikipagtalo; hindi nagpapatalo at sutil.

**Sama ng loob:** pagtanggi sa mga talento, kakayahan, o pagkakataong inaalok ng Diyos at ng iba para sa ating kahusayan; paghihimagsik at poot sa Diyos o sa iba pa; pangungutya.

**Inggit:** hindi nasisiyahan kung saan tayo inilagay ayon sa pagkakasunud-sunod ng paglikha ng Diyos; nagpapakita ng paninibugho, masamang hangarin, at paghamak sa iba o sa mga "bagay" na para sa iba.

**Pag-iimbot:** ang pagtanggi na igalang ang integridad ng iba pang mga nilalang, na ipinahayag sa pag-iipon ng mga materyal na bagay upang patunayan ang pagpapahalaga sa sarili; ang paggamit ng iba sa pansariling kalamangan; ang paghahanap para sa katayuan at kapangyarihan sa kapinsalaan ng iba.

**Kasakiman:** pag-aaksaya ng mga likas na yaman o personal na pag-aari; labis na pamumuhay o pamumuhay na lampas sa kakayahan ng isang tao; pagpapakita ng labis na ambisyon o pangingibabaw laban sa iba, at walang pangangalaga sa mga "pag-aari "ng ibang tao; kuripot; kasakiman sa pera.

**Katakawan:** labis na gana sa pagkain at inumin; labis na paghahanap para sa kasiyahan at kaginhawahan na nakikita sa pag-uugali, at kawalan ng disiplina.

**Pagnanasa:** pagsiping sa hindi asawa; kalaswaan, kahalayan, at kalupitan; hindi kinikilala ang kasal bilang relasyon na itinatag ng Diyos para sa sekswalidad.

**Katamaran:** ang pagtanggi na tumugon sa mga pagkakataon para sa paglago, paglilingkod, at sakripisyo; kasama ang katamaran sa mga gawaing pang-espirituwal, kaisipan, o pisikal; pagpapabaya sa pamilya; pagwawalang-bahala sa kawalan ng katarungan o sa mga naghihirap na tao sa buong mundo; napapabayaan ang mga nangangailangan, nag-iisa, at hindi kinagigiliwan.

Maaaring maging banayad ang mga paalalang ito ngunit kapahamakan sa kaluluwa. Kung nais nating maging malusog ang ating mga pisikal na pangangatawan, babaguhin natin ang ilang mga pamamaraan pati na sa pagkain para sa ating mga bagong hangarin at pag-inom ng iba pang makatutulong na gamot upang

mapalitan ang mga nawalang sustansya sa ating katawan. Kung nais nating mamunga ang ating mga halaman sa hardin, nagdadagdag tayo ng pataba at tatanggalin natin ang mga natutuyong bahagi ng mga halaman. Kailangan ang regular at patuloy na pag-aalaga. Sa parehong paraan gumagana ang pagdidisipulo. Aminin natin na hindi ganoon kadali tanggalin ang ilang mga hindi malulusog na mga nakagawian para sa isang mas mahusay na kalalabasan. Ganoon din sa pagdidisipulo. Mayroon dapat isang mas mataas na espirituwal na pagkauhaw upang mabago ang marupok at makasalanang pagkatao, isang regular na programa sa pangangalaga at pagpapanatili sa ating paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos sa pinakamataas nitong antas.

Ano ang maaaring ipalit na mabuti sa mga kasamaang nagdudulot ng kamatayan? Ano ang hangarin ng nagtataguyod na kagandahang-loob ng Diyos? Kinikilala ng Bagong Tipan ang pagwaksi sa kasamaaan bilang bunga ng Espiritu—mga kabutihan na pumapalit sa mga likas na ugali ng ating pagiging makalaman. Ang regular at sistematikong paraan upang mapanatili ang kabutihan ay tinatawag na mga disiplinang espirituwal. Nakikipagpaligsahan sa pamamagitan ng pagtakbo ang mga propesyonal na atleta, nag-eehersisyo at bumubuhat ng mga mabibigat upang lumakas at lumaki ang katawan—hindi para sa kasiyahan o dahil wala lang silang magawa ngunit dahil sila ay determinadong makamit ang isang layunin. Ang mga espirituwal na pagsusuri ay hindi kailangang mabibigat. Makatutulong ang mga disiplinang espirituwal para sa ating kabutihan at sa pagpapanatli ng Espiritu para sa gawain ng Diyos. Mahalaga ang mga elementong ito sa pagtataguyod ng kagandahang-loob ng Diyos.

## Ang disiplina bilang pamamaraan ng kagandahang-loob ng Diyos

Kinikilala ng manunulat ng Mga Hebreo ang kahalagahan ng espiritwal na disiplina: "Habang tayo'y itinutuwid, hindi tayo natutuwa

kundi naghihinagpis, ngunit pagkatapos niyon, mararanasan natin ang kapayapaang bunga ng matuwid na pamumuhay" (12.11). Maaaring magkaroon ng negatibong konotasyon ang disiplina kung titingnan ito bilang parusa sa nagawang pagkakamali. Gayunpaman, tulad ng binanggit sa Mga Hebreo, ginamit ang disiplina upang mapangalagaan o maging mas matatag ang isang Kristiyano. Ito ang aspeto ng disiplina na tinutukoy ng Mga Hebreo: "Tiisin ninyo ang lahat ng hirap bilang pagtutuwid ng isang ama, dahil ito'y nagpapakilalang kayo'y tinatanggap ng Diyos bilang tunay niyang mga anak. Sinong anak ang hindi dinidisiplina ng kanyang ama? Kung ang pagdidisiplina na ginagawa sa lahat ng anak ay hindi gagawin sa inyo, hindi kayo tunay na mga anak kundi kayo'y mga anak sa labas" (12.7–8).

Dalawang bagay: (1) hindi sukat maisip ng manunulat ng Mga Hebreo ang mga bata na hindi nakikinabang sa disiplina ng magulang; (2) sinasalamin ng manunulat ang disiplina bilang isang uri ng banal na pag-ibig. Kasama sa pagmamahal sa isang bata ang disiplina. Hindi isang parusa para sa isang bata na hindi silang bigyan ng *pizza* sa hatinggabi, magkaroon ng *curfew* sa pag-uwi, o tumanggi upang malaya silang makapanood kung ano ang pipiliin nilang palabas sa *Netflix*. Alam ng matalinong magulang na ito ay hindi parusa; paghahanda ito para sa kanilang kinabukasan. Maaaring hindi ito patas sa bata, at malupit para sa kanila, ngunit darating ang isang araw na matututunan nilang pahalagahan ang mga hangganan na itinakda ng mapagmahal nilang mga magulang upang sila ay pangalagaan at tulungang kumilos nang maayos at makatulong na magkaroon ng sapat ang pag-iisip. Sa katulad na paraan, dinidisiplina tayo ng Diyos tungo sa kabanalan. Maaaring hindi ito kaaya-aya sa pagkakataong iyon, ngunit itinatanim nito ang mga binhi na magdudulot ng mapayapang bunga tungo sa isang matuwid na buhay,—at kailangan tayong masanay dito.

Matalinong sinabi ni E. Stanley Jones ang ganito: "Hindi mo makakamtan sa sariling kakayahan ang kaligtasan sa pamamagitan ng mga disiplina—ito ay kaloob ng Diyos. Ngunit hindi mo ito maaaring panatilihin nang walang mga disiplina."[25] Tungkol sa pagbuo ng pag-uugali, kinilala si Augustine nang kanyang tinukoy ang birtud bilang "isang mabuting ugali na naaayon sa ating likas na kapaligiran." Dagdag pa ni Jones, ang mga simpleng ginawa ni Jesus ay isang halimbawa ng lubos na pagtitiwala sa Diyos at pagtataglay ng disiplina para sa kanyang sarili: "Tatlong bagay na nakagawian niyang gawin: (1) 'Tumatayo sa tuwing magbabasa ng Salita ng Diyos.' (2) 'Umaakyat sa bundok upang manalangin.' (3) 'Ipinasa kung ano ang mayroon siya at kung ano ang nalalaman niya'. Ito ay ang mga simpleng pundasyon na kanyang nakagawian sa kanyang buhay.[26] Nagbubunga ng matatatag na mga alagad ang maka-Diyos na mga gawi. Kung babalikan muli ang ideya ni Wesley tungkol sa mga banal na timplada naniniwala siya na ang mga iyon ay nabuo sa mga Kristiyano habang sila ay nakikilahok sa gawain ng iklesia sa pamamagitan ng mga nakagawiang kasanayan na tinawag niyang "ang paraan ng kagandahang-loob ng Diyos"—kilala rin bilang mga disiplinang espirituwal. Ang mga paraan ng kagandahang-loob ng Diyos ay mga padaluyan ng nakapagpapabagong kagandahang-loob ng Diyos—ang mga gawain na nagiging daluyan ng mga ipinagagawa ng Diyos sa atin sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos.

Para kay Wesley, ang mga pamamaraang ito ay naiparating sa pamamagitan ng tinatawag niyang mga gawang maka-Diyos at mga gawang habag. Ang mga gawang maka-Diyos ay pangunahing ginagawa natin upang mapalalim ang ating personal na ugnayan

25. E. Stanley Jones, *Conversion* (Nashville: Abingdon Press, 1991), quoted in Richard J. Foster and James Bryan Smith, eds., *Devotional Classics: Selected Readings for Individuals and Groups* (Englewood, CO: Renovaré, 1990), 281.

26. Jones, Conversion, binanggit sa Foster at Smith, *Devotional Classics*, 282.

kay Cristo. Ang mga gawang habag ay konektado sa mga ginagawa natin upang makalahok sa ministeryo at misyon ng Diyos sa mundo. Ang parehong mga gawang maka-Diyos at mga gawang habag ay may isang indibiduwal na bahagi (kung ano ang maaaring gawing mag-isa) at isang bahagi na pangkalahatan (kung ano ang dapat gawin sa tulong ng iba).

Kasama sa mga indibiduwal na gawang maka-Diyos ay ang pagmumuni-muni sa banal na kasulatan, pagdarasal, pag-aayuno, pagbabahagi ng pananampalataya sa iba (pag-eebanghelismo), at pagbibigay nang kusang-loob. Sa pangkalahatang gawain, kasama naman sa mga gawang habag ang sama-samang pagsamba, paglahok sa mga sakramento ng Banal na Komunyon at pagbabautismo ng Kristiyano, pananagutan sa isa't isa (kilala rin bilang "Kristiyanong pagpupulong"), pag-aaral ng Biblia, at pangangaral. Muli, ginagawa natin ang mga gawaing panrelihiyon na ito hindi lamang dahil tayo ay mga Kristiyano ngunit dahil ang mga ito din ay "mula sa Espiritu na nag-aayos muli nang anumang may kaugnayan sa pag-ibig. . . upang salungatin ang mga gawi na nakasanayan na, mga ritwal na nagdudulot ng pagkauhaw at mga liturhiya na humuhubog ng pag-ibig "sapagkat sa pamamagitan niyan ay isinusuot natin si Cristo" (tingnan sa Colosas 3.12–16).[27]

## Mga sakramento bilang kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos

Ang karagdagang detalye sa kahalagahan ng mga sakramento ay makatutulong sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Ang salitang "sakramento" ay nagmula sa isang salitang Latin na nangangahulugang "upang gawing banal, italaga" o "gawing sagrado, banal," na nagmula naman sa salitang Griyego para sa salitang

---

27. James K. A. Smith, *You Are What You Love: The Spiritual Power of Habit* (Grand Rapids: Brazos Press, 2016), 68–69.

"misteryo." Kapag pinagsama, ang sakramento ay "isang sagradong misteryo." Hiniram ni John Wesley ang kahulugang ito ng sakramento mula sa katekismo ng *Anglican Book of Prayer* (na hiniram mula sa maikli ngunit malinaw na kahulugan ni Augustine), na binigyan ng higit na kalinawan: "Isang panlabas na palatandaan ng isang panloob na kagandahang-loob ng Diyos, at isang kaparaanan kung saan pareho nating tinatanggap."[28] Kung pagsasamahin ang ideya ng sagradong misteryo at mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos, inilarawan ni N. T. Wright ang mga sakramento bilang "mga pagkakataong ang buhay sa kalangitan ay mahiwagang nagkakaroon ng kaugnayan sa buhay sa kalupaan."[29] Mas marami pang sinusunod na sakramento kaysa sa iba ang ilang mga tradisyong Kristiyano. Dalawa ang mga karaniwang ginagawa ng mga Protestante: bautismo at Eukaristiya (tinatawag ding Banal na Hapunan o Banal na Komunyon).[30]

Mariing hinimok ni John Wesley "ang pagdalo sa lahat ng mga ordenansa (mga disiplina sa espiritu),"[31] lalo na ang Eukaristiya. Tinukoy niya ito bilang "ang dakilang daluyan" kung saan naiparating sa atin ang kagandahang-loob ng Diyos at kinilala pa ang pakikibahagi sa Komunyon bilang unang hakbang upang pagsumikapan ang ating kaligtasan.[32] Ang nasabing pananaw ay batay sa kanyang paniniwala na ang Komunyon ay higit pa sa isang simbolikong pag-alaala sa kamatayan ni Cristo, ngunit ang tunay na presensya ni Cristo, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay naranasan kapag tumanggap

---

28. Rob L. Staples, *Outward Sign and Inward Grace: The Place of Sacraments in Wesleyan Spirituality* (Kansas City, MO: Beacon Hill Press of Kansas City, 1991), 21. May idinagdag na pagbibigay-diin.

29. Wright, *After You Believe*, 223.

30. Ang dahilan para sa dalawang sakramento ay para lamang sa mga itinatag ni Jesu-Cristo (kilala rin bilang "mga buhay na sakramento").

31. Wesley, *A Plain Account of Christian Perfection*, Annotated.

32. Maddox, *Responsible Grace*, 202.

ng Banal na Hapunan ng Panginoon.[33] Nagbunsod ito kay Wesley ng dalawang mahalagang konklusyon. Una, dahil ang kasalukuyang kagandahang-loob ng Diyos ay naipaaabot upang magbigay ng kapangyarihang mamuhay bilang mga tunay na Kristiyano, dapat na tanggapin ang Komunyon nang madalas hangga't maaari. Pangalawa, dahil ang presensya ng Banal na Espiritu sa Komunyon ay ang katumbas ng pagliligtas ng Diyos na laging nakalaan, ng kanyang pagpapabanal at ng kanyang nagtataguyod na kagandahang-loob, maaari itong maituring na isang "nagpapabagong ordinansa o *converting ordinance*."[34]—ang isang taong nagsisi nang buong puso ay maaaring maligtas, at sa paraang ito ay maging daan tungo sa kabanalan. Ang mataas na pagtingin sa Komunyon na ito ang nag-udyok kay Rob Staples, isang teologo ng Nazarene upang tawagin ang Eukaristiya bilang "sakramento ng pagpapabanal."[35]

Higit pa sa isang simpleng ritwal o patotoo sa publiko ang bautismo. Ito ay nangangahulugan ng ating pagkamatay sa ating mga kasalanan at pagkabuhay na muli kasama ni Cristo. "Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay" (Roma 6.4). Hindi para

33. Kapag sinabi ni Jesus na 'pag-alaala,' ang salitang Griyego ay *anamnesis*. Higit pa ito sa paggunita sa kasaysayan. Tinutukoy nito ang isang alaala na gawa ng Banal na Espiritu na naghahatid ng kaganapan mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan sa paraang literal na 'nangyayari muli.' "JD Walt," Wonder Bread, "*Seedbed Daily Text*, April 24, 2020, https : //www.seedbed.com/ ilang-Wonder-tinapay /.

34. Ang "Nagpapabagong ordinansa" ay mga salitang ginamit ni John Wesley nang personal. Staples, *Outward Sign at Inward Grace,* 252. Mula sa patotoo ng kanyang sariling ina na nakamtan ang buong katiyakan ng kanyang pananampalataya habang nakikibahagi sa Komunyon, at maraming iba pang mga patotoo ng mga karanasang tulad nito, naging kumbinsido si Wesley na ang karanasang Eukaristika "'ay nagpapakita ng 'sakripisyo-para-sa-lahat ni Cristo sa isang madamdaming pagpapahayag at paghahatid ng kapangyarihang makapagligtas." Maddox, *Responsible Grace,* 203.

35. Tingnan ang Staples, *Outward Sign and Inward Grace*, 201–249.

lang sumabay sa agos ang isang tao upang makarating sa kaharian ng Diyos—kailangan niyang mamatay mula sa kasalanan at sa kanyang pagiging makalaman upang magkaroon ng bagong buhay.[36] May mahalagang papel ang bautismo sa karanasang iyon. "Nililinaw ng bautismo na ang pamumuhay Kristiyano ay may lagda ng krus, ng pakikibahagi sa krus, ng pagpasan ng krus at pagsunod kay Jesus."[37] Hindi isinama ni Wesley ang bautismo sa alinman sa kanyang pormal na listahan ng mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos, hindi dahil sa pinawawalang-halaga niya ang bautismo kundi dahil ito ay isang gampanin kaugnay sa pagsasali ng mga mananampalataya sa kanilang komunidad, at bilang isang natatanging karanasan sa buhay ng isang mananampalataya. Sa gayon, para kay Wesley, pinasisimulan ng bautismo ang buhay na may kabanalan, habang nakikita ni Wesley ang iba pang mga kaparaanan ng kagandagang-loob ng Diyos na kinakailangang paulit-ulit na gawin para sa patuloy na paghahangad ng kabanalan.[38] Lubos na nakaayon ang pananaw ni Wesley sa mga *English Reformer* pagdating sa bautismo, ngunit may dalawang mahahalagang kaparaanan ng pananaw kung saan siya ay naiiba. Ayon kay Maddox, binibigyang-halaga ni Wesley ang "pagbabago ng ating buhay" dulot ng kagandahang-loob ng Diyos, nang higit sa pagkakaloob ng "kapatawaran ayon sa kautusan (isang pagtuon sa pagkakasala at ang pangangailangan ng kapatawaran)." Mahalaga ang pagkakaibang ito sapagkat nangangahulugan ito na ang bautismo ay hindi lamang isang palatandaan na ang ating mga kasalanan ay napatawad na ngunit tayo din ay napagaling mula sa ating makasalanang likas at sa pagkasirang naidulot sa atin ng kasalanan.[39]

---

36. Wright, *After You Believe*, 281.

37. Wright, *After You Believe*, 281.

38. Staples, *Outward Sign and Inward Grace*, 98; Maddox, *Responsible Grace*, 222.

39. Mayroong mga makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *Western* (Latin) at *Eastern* (Griyego) na Kristiyanong tradisyon patungkol sa kahulugan ng kaligtasan.

Bilang karagdagan, para kay Wesley, bagaman ang kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng bautismo ay "sapat para sa pagpapasimula ng buhay Kristiyano," dapat na lumalahok ang tao nang may pagtugon at may pananagutan sa kagandahang-loob ng Diyos na ipinagkaloob upang ang mga kaparaanan ng kagandahang-loob ng Diyos na ito ay magamit at maranasan nang mahusay.[40] Sa puntong ito, ang bautismo ay tanda at simbolo ng pagpayag ng isang tao na ganap na makilahok sa kung ano ang kinakailangan upang pangalagaan ang isang banal na pamumuhay.

Minsan ay sinabi sa akin ng historyano at iskolar ng *Nazarene* na si Paul Bassett na ang pinakasinaunang naitalang liturhiya sa pagbabautismo, mula sa huling bahagi ng ika-apat na siglo, ay kasama ang pagpatong ng mga kamay ng namamahala at sinasabi ang mga salitang ito (aking pagsasalin): "At ngayon tanggapin ninyo ang kagandahang-loob ng Diyos at pagpapagaling ng ating Panginoong Jesu-Cristo, at nawa ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay kumilos sa inyo upang ang kapanganakan sa tubig at Espiritu ay maging isang matapat na pagpapatunay. Sa madaling sabi, nakatanggap ako ng kagandahang-loob ng Diyos; ako ay pinagaling; magiging alagad ako ni Jesus.

## Mga pakikipag-ugnayang may pananagutan

Ang anumang talakayan tungkol sa pagpapanatili ng kagandahang-loob ng Diyos sa buhay ng pagdidisipulo ay hindi magiging kumpleto, lalo na para sa mga nasa *Wesleyan-Holiness* na tradisyon, nang walang pagbanggit sa kahalagahan ng mga

---

"Ang *Western Christianity* (parehong Protestante at Katoliko) ay nailalarawan sa pamamagitan ng isang nangingibabaw na pagbibigay-diin sa pagkakasala at kapatawaran, habang ang *Eastern Orthodox soteriology* ay karaniwang binibigyang diin ang pagpapagaling ng ating makasalanang likas." Maddox, *Responsible Grace*, 23. Parehong kasama sa pananaw ni Wesley ang kahulugan ng bautismo ngunit binibigyang-diin ang aspeto ng pagpapagaling at pagbibigay-buhay.

40. Maddox, *Responsible Grace*, 23.

pananagutang may espirituwal na pakikipag-ugnayan. Bumuo si Wesley ng isang praktikal na balangkas na pinaniniwalaan niyang kinakailangan para sa bawat lumalagong Kristiyano. Sa pag-unawa sa pagiging makasarili (na hindi namamalayan), at ang pamumuhay nang nakabukod at hiwalay sa iba, itinatatag ni Wesley ang limang antas ng tinawag niyang "Kristiyanong pagpupulong." Ito ay ang mga samahan (katulad ng mga klase sa *Sunday school* na idinisenyo para sa Kristiyanong edukasyon at pagtuturo), mga maliliit ng pagpupulong (higit pa ang tungkol dito sa mga sumusunod), mga grupo (maliliit na grupo), mga piling samahan (paano manguna sa pamumuno at pagtuturo), at mga grupo para sa mga nagsisi (mga samahan para sa mga nais makabangon).

Habang ang lahat ng mga antas ng Kristiyanong pagpupulong ay kapaki-pakinabang bilang isang pamamaraan ng kagandahang-loob ng Diyos, naniniwala si Wesley na ang mga maliliit na pagpupulong ay ang pinakasentro ng pamayanang Kristiyano at mahalaga sa paglago sa pagiging kawangis ni Cristo. Naging "kaparaanan" ito ng buhay na samahan ng mga Metodista, at ang higit na pinanatili, ay ang pinakamalaking kontribusyon ni Wesley sa organisasyon pagdating sa kabanalan. Ang pangunahing tuon nito ay hindi sa Kristiyanong pagtuturo lang, kundi sa bawat pag-uugali na binibigyang-diin ang praktikal na kaparaanan at kapaligiran na pinakaangkop para sa espirituwal na pagbabago. Mahalaga ang mga pag-aaral tungkol sa Biblia at ang pagtuturo tungkol sa doktrina, subalit nakalaan lang ito para sa nakararami. Magtatanungan sila tungkol sa espirituwal na kalagayan ng bawat miyembro, "Kumusta ang kalagayan ng iyong kaluluwa?" Pananagutan nila ang isa't isa upang lumago sa kagandahang-loob ng Diyos at magbigay ng anumang kinakailangan

upang mapalakas ang bawa't isa patungo sa kabanalan ng puso at pamumuhay.[41]

Ang pinakatanyag na mangangaral ng Protestante noong ikalabing-walong siglo ay hindi si John Wesley. Ang titulong iyon ay para sa isang *Englishman*, si George Whitefield. Isang mahusay at magaling na mangangaral, itinuring si Whitefield bilang unibersal na tinig ng Protestantismo sa mga *Western* at isa sa mga nanguna sa *The Great Awakening* sa Hilagang Amerika.[42] Matalik na magkaibigan sina Wesley at Whitefield at sila ay humanga sa ambag ng isa't isa upang palakasin ang iklesia. Gayunpaman, sa bandang huli, ang gawain ni Wesley ang nanatili samantalang hindi ang kay Whitefield. Si Adam Clarke, isang mas bata na kapanahon ni Wesley, ay iniugnay ang mga naging bunga ng Wesleyan revival sa maliliit na pagpupulong.

Ayon sa malawak na karanasan, alam ko ang pagiging wasto ng payo ni Mr. Wesley: "Magtaguyod ng mga maliliit na pagpupulong saan man kayo mangaral at tiyakin na kayo ay pakikinggan; sapagkat saan man tayo mangaral nang hindi ito ginagawa, ang salita ng Diyos ay matutulad sa binhi sa tabi ng daan." Sa pamamagitan ng pamamaraang ito [ng kagandahang-loob ng Diyos] nakapagtatag tayo ng pangmatagalan at nanatiling mga iklesia na nagtuturo ng kabanalan sa buong mundo. Nakita ni Mr. Wesley ang pangangailangang ito mula sa simula. Si Mr. Whitefield ... ay hindi sumunod dito. Ano ang kinahinatnan? Namatay ang mga bunga ng ginawa ni Mr. Whitefield

41. Ang bahaging ito na tungkol sa maliit na pagpupulong ay inangkop mula sa aking aklat tungkol sa pagmiministeryo sa lunsod. Para sa higit na detalye sa Kristiyanong pagpupulong at ang epekto ng maliit na pagpupulong sa Metodismo, tingnan ang David A. Busic, *The City: Urban Churches in the Wesleyan-Holiness Tradition* (Kansas City, MO: The Foundry Publishing, 2020).

42. Harry S. Stout, *The Divine Dramatist: George Whitefield and the Rise of Modern Evangelicalism* (Grand Rapids: Eerdmans, 1991), xiii–xvi.

kasabay ng kanyang pagkamatay. Nananatili at dumami ang kay Mr. Wesley.[43]

Si Whitefield mismo, bilang tugon sa isang katanungan tungkol sa epekto ng Wesleyan revival ay kalaunang napagmuni-muni ang ganito: "Matalinong kumilos ang aking kapatid na si Wesley; ang mga kaluluwang nagising sa ilalim ng kanyang ministeryo na kanyang isinali at pinadalo sa mga maliliit na pagpupulong, ay napanatili ang mga bunga ng kanyang pagpapagal. Pinabayaan ko ito at dito ako nagkulang, at ang mga tao sa ilalim ng aking ministeryo ay tulad ng isang lubid ng buhangin."[44]

Maaaring maging personal ang pagdidisipulo, ngunit hindi ito dapat maging pribado. May panganib ang mga Krstiyanong ihinihiwalay ang kanilang mga sarili sapagkat mawawalan ng kabuluhan ang kanilang pananampalataya at walang magiging mga tagasunod na mga alagad. Ang sama-samang pagsamba at edukasyong pang-Kristiyano ay kapaki-pakinabang at kinakailangan, ngunit kung walang pakikibahagi sa buhay ng bawat isa na may pag-iibigan at malalim na kaugnayan, na sinamahan ng natanggap na mga kaalaman, mahihirapan tayong "maging ganap ang ating kaligtasan" (Mga Taga-Filipos 2.12). Ang sikreto sa mayabong at masayang paglago ng kagandahang-loob ng Diyos ay mula sa paulit-ulit na sinabi ni Wesley na "pagbabantay sa isa't isa sa pag-ibig."[45]

## Ang kahabagan ng pagpipigil sa sarili

Ang matutong manalangin, pag-aayuno, pagbabasa ng Banal na Kasulatan, pagmuni-muni, pag-aaral, pagiging simple, pag-iisa, pagpapasakop, paglilingkod, pagtatapat, pagsamba, at pakikipag-

43. J. W. Etheridge, *The Life of the Rev. Adam Clarke* (New York: Carlton and Porter, 1859), 189.

44. Etheridge, *The Life of the Rev. Adam Clarke*, 189.

45. John Wesley, "The Nature, Design, and General Rules of the United Societies," *Works,* 9.69.

ugnay na may pananagutan ay mga halimbawa ng pamamaraan ng kagandahang-loob ng Diyos. Ang mga ito at iba pang mga katulad na disiplinang espirituwal ay bahagi ng nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos.

Maaari mong sabihin, "Wala akong kakayahan para sa mga bagay na iyon!" Hindi ka nag-iisa. Ang katotohanan ay walang sinuman ang may kakayahan para sa mga iyon sa simula pa lang. Hindi katuwa-tuwang gawin ang mga iyon at kailangan ng lakas at ibayong pagsisikap upang ang mga iyon ay magawa. Huwag nating kaligtaan, sa tulong ng Espiritu, na nagkaroon tayo ng bagong katauhan hanggang ang mga dating hindi natin nakasanayan ay nagiging pangalawang kalikasan "hanggang sa ganap kayong mahubog kay Cristo" (Mga Taga-Galacia 4.19). Marahil ang dahilan kung bakit ang pagpipigil sa sarili ang panghuling katangian na binanggit bilang bunga ng Espiritu. Kailangan ang pagpipigil sa sarili sapagkat ang bunga ay hindi agad-agad lumalabas o nangyayari nang mabilisan. Ang mga halamang umuusbong ay mga paunang palatandaan ng pagpapakita ng bunga, ngunit kung hindi ito tututukan at bibigyan ng pansin, malabong mamunga ito nang maayos.

Sa katunayan, ipinunto ni Wright na ang ilang bunga ay maaaring gayahin: "Ang lahat ng mga iba't ibang uri ng bunga na binanggit ni Pablo ay maaaring agad gayahin, lalo na sa mga kabataan, sa mga maayos ang kalusugan at masasayahing tao—maliban sa bunga ng pagpipigil sa sarili. Kung wala ang bunga ng pagpipigil sa sarili, dapat tanungin kung dahil ba sa anyo kaya nakikilala ang bunga, tulad ng iba pang mga uri ng bunga, sa halip na isang tunay na tanda ng pagkilos ng Espiritu.[46] "Hindi kataka-taka, kung gayon, na dahil sa pagpipigil sa sarili ay nakakamit ang pagnanais na mamuhay nang may kabanalan.

---

46. Wright, *After You Believe*, 196.

Maraming mga parasitiko o *parasites*, mga gumagapang na maliliit na palumpong o 'halamang mapanira' ang pupulupot sa mabungang puno o halaman, mga hayop na kukutkutin nang pakagat hanggang masira ang mga ugat, o nanakawin ang bunga nito bago mahinog. May kamalayan dapat sa isip, puso, at hangarin kung paano mapuksa ang lahat ng gayong mga walang awa sumisira. Hindi dahil sa "nabubuhay ka sa Espiritu," hindi awtomatikong mangyayari ang pagsunod sa Espiritu. Kailangan mong piliing gawin ito. At makakaya mo.[47]

## Nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos: espirituwal at praktikal

Kapwa espirituwal at praktikal ang nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos. Ito ay espirituwal sapagkat tinataglay nito ang Espiritu. Tulad ng pisikal na bunga na likas na produkto ng isang bagay na may buhay, gayon din ang bungang espirituwal ng Banal na Espiritu. Hindi natin maaaring gayahin ang malalim na gawain ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu—ito ay nakikita sa panlabas at isang ganap na kaloob. Gayunpaman praktikal din ito; hindi naman ito ganoon kahirap, nangangailangan lang ng mga pagsasanay. Ang mga pagsasanay na ito ay tulad ng isang uri ng paghahardin o pangangalaga ng halaman upang ang mabuting gawa na pinasimulan sa inyo ng Diyos ay "kanyang lulubusin" (Mga Taga-Filipos 1.6) at maging "sagana sa magagandang katangian" (Mga Taga-Filipos 1.11). Walang magsasakang nagtanim ng mais ng Lunes ang umaasang makakain na ito agad sa susunod na Linggo. Nangangailangan ng pangangalaga at sapat na panahon mula sa pagtatanim ng binhi hanggang sa pag-ani. Kinakailangan ang tubig at sikat ng araw, pataba, at pag-alis ng mga damo sa paligid kung nais nating matamasa ang masaganang bunga.

47. Wright, *After You Believe*, 196–197.

Tayo ay nasa isang kultura na nabubuhay sa puro *instant*: *instant* na kape, *microwave popcorn, at high-speed internet*. Gamit ang mga *laptop*, pumupunta ang mga tao sa mga *coffee shop* at mabilis na nakakakonekta sa *Wi-Fi internet*. Nagiging mainipin ang lahat dahil sa mga *instant* na ito. Saan ito nagmula? Masasabi ko na ito ay nag-ugat sa pagnanais na matamo ang agarang kasiyahan, na hindi lang sa ngayon nagaganap—ngunit sa loob ng mahabang panahon. Habang maraming mga halimbawa sa Banal na Kasulatan ng nakamamatay na *virus* tulad ng agarang kasiyahan—si Esau—na kilalang may karapatan sa pagkapanganay—ang pinakasikat na tauhan patungkol dito. Nabago ang kanyang reputasyon matapos ang isang mahaba at hindi matagumpay na pangangaso. Siya ay gutom nang bumalik sa kanilang tahanan. Nagluluto ng pulang lentil ang kanyang tusong kapatid na kambal na si Jacob. Humiling si Esau na siya ay bigyan ng pagkain. Planado na, nakipagkasundo si Jacob sa isang kasunduan: "Ibigay mo muna sa akin ang iyong karapatan bilang panganay" (Genesis 25.31).

Ang karapatan ng pagiging panganay (kilala rin bilang batas ng *primogeniture*), ay isang patakaran sa pamana na ginagarantiyahan ang mga pribilehiyong pampinansyal at awtoridad ng pamilya sa pinakamatandang lalaking anak—isang prestihiyoso at kapaki-pakinabang na pagpapala. Upang hilingin ni Jacob kay Esau na ibenta ang isang mahalagang pag-aari para sa isang mangkok ng sinabawang pulang patani ay mapangahas. Mapangahas din ang tugon ni Esau: " "Payag na ako," sabi ni Esau, "aanhin ko pa ang pagiging panganay kung mamamatay naman ako sa gutom?" " (25.32). Handa siyang ipagpalit ang kanyang pinaka-pinahahalagahang pag-aari para sa isang sandali ng instant na kasiyahan—na literal, isang mangkok ng sinabawang pulang patani.

Hindi maaaring ipagwalang-bahala ang kasalungatan sa pangyayaring iyon. Anong uri ng pabigla-biglang tao ang ipagpapalit

ang isang bagay na pangmatagalan at napakahalaga para sa isang sandali ng mabilisang kasiyahan na hindi nagtatagal? Gayunpaman pinaiiral ng lahat ngayon bilang bahagi ng ating kultura ang makamit ang mabilisang kasiyahan: ipinagpapalit ang isang bagay na hindi masukat ang kahalagahan sa mga bagay na walang halaga at kabuluhan—pangmatagalan para sa panandalian. "Gusto kong makuha agad ang gusto ko; gusto ko ngayon na! Gusto kong matugunan agad kung ano ang hinahanap-hanap ng aking panlasa at katawan kahit ano pa ang kapalit." Hindi nakapagtataka na itinulad ng manunulat ng aklat ng Mga Hebreo ang ginawa ni Esau tulad sa isang imoralidad at isang taong walang kinikilalang diyos: "Pag-ingatan ninyo na huwag makiapid ang sinuman sa inyo, o pawalang-halaga ang mga bagay na espirituwal, tulad ng ginawa ni Esau. Ipinagpalit niya sa pagkain ang kanyang karapatan bilang panganay. Alam ninyo ang nangyari pagkatapos. Hiningi niya sa kanyang ama na igawad sa kanya ang pagpapalang nauukol sa panganay, ngunit ito'y itinanggi sa kanya sapagkat hindi na niya mababago ang kanyang ginawa, anuman ang gawin niyang pakiusap at pagluha" (Mga Hebreo 12.16–17). Ito ay isang nakalulungkot at hindi malilimutang aral na dapat tandaan at bigyan ng pansin. Kinakailangan ang disiplina para sa banal na pamumuhay at hindi maaaring idaan sa mabilisan ang proseso ng pagdidisipulo.

Kinilala bilang isa sa mga dakilang manlalaro ng *golf* sa kasaysayan si Tiger Woods. Noong ako ay isang binatilyo na nag-aaral mag-*golf*, sinubukan kong gayahin ang kanyang istilo. Nais kong maging katulad ni Tiger tuwing hahampas ako gamit ang mga bakal na ginagamit sa paglalaro ng *golf*; kawastuhan sa pagtira sa bola tulad ni Tiger, tumira nang patapyas at banayad tulad ni Tiger, at tumbukin nang maingat at may kumpiyansa ang bola ng *golf* tulad ni Tiger (Bumili pa ako ng mga sombrerong pang-*golf* na *Nike* na tulad ng kay Tiger para maging katulad ko siya). Mayroon lamang isang problema:

Maraming oras araw-araw ang ginugugol ni Tiger at sinimulan niya ito nang bahagya pa lamang siyang naglalakad.[48] Kahit na naging pinakamahusay siyang manlalaro ng golf sa buong mundo, ayon sa mga nakakikilala sa kanya, mas masipag pa siyang magsanay kaysa sa iba. Maaari kong sabihing gusto kong maglaro ng *golf* tulad ni Tiger Woods, ngunit wala itong kabuluhan maliban kung ang aking pangako at dedikasyon sa pagsasanay ay naaayon sa aking hangarin. Hindi sapat ang mabilisang kasiyahan. Kahit na gaano ang aking kagustuhan na mas gumaling pa, ang aking paglalaro ng *golf* ay dapat maging ayon sa aking hangarin na magsanay pa nang mabuti.

Minsan sasabihin ng mga tao, "Gusto kong maging katulad ng kapatid na ito sa pananampalataya. Tila napakalapit niya sa Diyos. Nakikita ko si Jesus sa kanya. Isa siyang santo." Hindi masama na tingnan siya bilang isang mabuting halimbawa ng pagiging kawangis ni Cristo at gayahin ang kanyang pamumuhay, ngunit maaaring hindi mo alam ang mga oras na ginugugol niya kasama ang Panginoon sa pagmumuni-muni at pananalangin—ang mga taon na ginugol niya sa espirituwal na kasanayan, na hinubog kung ano siya sa nakikita mo ngayon. Hindi siya nakarating sa kinaroroonan niya nang mabilisan. Ang mga espiritwal na kasanayan ang bumuo ng mga banal na timplada sa kanya na ngayon ay naging birtud. Inalagaan niya tulad ng paghahardin ang bunga ng Espiritu, at iyon ang dahilan kung bakit ang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, at pagpipigil sa sarili ay tunay na nasa kanya.

Hindi mabilisang nangyayari ang kabanalan na parang nandyan na agad at *viola*—ang birtud ay taglay na. Hindi gayon: ito ay kung paano tayo hinuhubog nito. "Ang pagbabalik-loob ay isang kaloob. Nangyayari ito sa oras ng pagpapasya at nagiging panghabang buhay."[49]

---

48. Lumabas si Woods sa isang kilalang palabas sa telebisyon sa edad na dalawa at ipinakita ang kanyang kahusayan sa golf.

49. Jones, *Conversion,* quoted in Foster and Smith, *Devotional Classics,* 281.

Ang pagtitiyaga sa malawak na pananaw ay ang kinakailangan para sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Dapat nating alagaan at palaguin ang bunga.

Nararapat lamang na wakasan ang kabanatang ito tungkol sa nagbibigay lakas na kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng isang panalangin na idinalangin para sa pagdadalisay ng mga mananampalataya nang higit sa isang libong taon na:

> Makapangyarihang Diyos, nakikita nyo ang aming mga puso, alam nyo ang lahat ng aming mga hangarin, at walang maililihim sa inyo; linisin nyo ang mga saloobin ng aming mga puso sa pamamagitan ng inyong Banal na Espiritu, upang kami ay ganap na mahalin kayo, at karapat-dapat na itaas ang inyong banal na Pangalan; sa pamamagitan ni Cristo na aming Panginoon. Amen.[50]

50. *The Book of Common Prayer* (Cambridge: Cambridge University Press, n.d.), 97–98.

## 6

# SAPAT NA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

*Ngunit sinabi ng Panginoon sa akin, "Sapat na sa iyo ang aking kagandahang-loob, dahil ang kapangyarihan ko'y nakikita sa iyong kahinaan."*
*—2 Corinto 12.9*

Sinimulan natin ang aklat na ito sa pamamagitan ng pagsasabi na ang kagandahang-loob ng Diyos ay personal, nararanasan, at inihayag sa pamamagitan ng persona at gawain ni Jesu-Cristo, na ipinakita sa presensya ng Banal na Espiritu. Tulad ng nabanggit ni Thomas Langford, hindi kilala ang kagandahang-loob ng Diyos bilang isang prinsipyo na mahirap unawain, "kundi sa aktwal na pagbibigay ng sarili ng Diyos na nangyari sa kasaysayan."[1] Kay Jesu-Cristo at sa Espiritu ay ang presensya, ang pagbabago ng buhay ng tao ay naranasan sa pamamagitan ng naghahanap, nagliligtas, nagpapabanal, at nagpapanatiling kagandahang-loob ng Diyos. Ang huling biblikal na pagpapahayag ng kagandahang-loob ng Diyos, para sa akin, ang pinaka-mahiwaga sa lahat.

---

1. Thomas A. Langford, *Reflections on Grace* (Eugene, OR: Cascade Books, 2007), 107.

Naisip mo na ba kung bakit ang mga taong may maayos na pamumuhay ay maaaring napakalayo sa Diyos, habang ang mga dumaranas ng pinakamalalim na pagsubok at personal na pakikibaka ay madalas na mas malapit sa Diyos? Sa unang tingin, ang parehong mga obserbasyon ay magkasalungat. Ito ang paliwanag kung bakit ang mga may mas kaunting problema ay nagiging mas masaya at nakararanas ng higit na kapayapaan kaysa sa mga may matinding paghihirap, ngunit madalas kabaliktaran nito ang totoo. Paano natin ipaliliwanag ang gayong kasalungatan?

Ang pananalangin ng, "Ang iyong kalooban ay maganap sa lupa tulad ng sa langit" ay pagpapahayag na hindi lahat ng nangyayari sa mundo ay kalooban ng Diyos. Hindi natin iniuugnay sa Diyos ang anumang kasamaan. Tuwing ganoon ang gagawin natin, nilalapastangan natin ang kalikasan ng Diyos. Ipinagbabawal ng pangatlong utos na gamitin ang pangalan ng Diyos nang walang kabuluhan, na walang pinagkaiba sa pagsasalita ng masasama at sa maling pagkilala at paglalarawan sa Diyos. Isang seryosong bagay na sabihin na ang masasamang nangyayari sa atin ay mula sa Diyos. Gayunpaman, dapat nating alalahanin na kahit na hindi lahat ng nangyayari ay kalooban ng Diyos, subalit dahil ang ating Diyos ay makapangyarihan at mapagmahal sa lahat, may kinalaman ang Diyos sa lahat ng mga bagay-bagay lalo na sa mga itinuturing Niya na sa kanya at sa mga nananatili kay Cristo. Ipinaaalala sa atin ng Banal na Kasulatan na ang isa sa mga ninanais na gawin ng Diyos ay tubusin ang mga makasalanan kahit na kasamaan ang kanilang mga hinahangad. Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid na nainggit, "Masama nga ang inyong ginawa sa akin, subalit ipinahintulot iyon ng Diyos para sa kabutihan, at dahil doo'y naligtas ang marami ngayon" (Genesis 50.20). Muli, pina-aalalahanan tayo ni Pablo, "Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin"

(Mga Taga-Roma 8.28). Hindi sinabi ni Jose na ang Diyos ang naging sanhi na siya ay ibenta ng kanyang mga kapatid upang maging alipin sa Ehipto; sinabi niya na hindi hahayaan ng Diyos na manaig ang kanilang masasamang hangarin hanggang sa huli. Hindi sinabi ni Pablo na ang Diyos ang naging sanhi ng mga masasamang bagay na nangyayari sa kanyang mga anak; sa halip, sinabi niya na tapat ang Diyos sa lahat, kapwa mabuti o masama, na mula sa pagkawasak ay mapatawad sa kanilang mga kasalanan at mapabanal. Ipinaliliwanag sa Banal na Kasulatan kung bakit ang mga nakakilala kay Cristo na nahaharap sa pinakamatinding pagdurusa at paghihirap ay ang mga nakararanas din ng walang hanggang kapayapaan. Mayroong isang bagay na nangyayari sa buhay ng isang ganap na itinalagang alagad ni Jesus, sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos na dumadaan sa mahihirap na kalagayan ayon sa sitwasyon. Nararanasan nila ang sapat na kagandahang-loob ng Diyos sa kanilang kahinaan upang sila ay panatilihin at pagkalooban kung ano man ang kanilang kinakailangan sa kanilang mga pakikibaka.

## Kalakasan na pinapaging-ganap sa panahon ng kahinaan

Nagsalita si apostol Pablo tungkol sa sapat na kagandahang-loob ng Diyos ayon sa konteksto ng kanyang pangalawang liham sa iklesia sa Corinto noong unang-siglo. Ayon kay Pablo, labing-apat na taon bago niya isulat ang kanyang liham sa mga taga-Corinto, nakatanggap siya ng isang pangitain mula sa Diyos kung saan siya "dinala sa ikatlong langit" (2 Corinto 12.2).

Hindi naniniwala ang karamihan sa mga iskolar ng Biblia na iminumungkahi ni Pablo na marami ang antas ng langit, ngunit ito ay pagpapahayag higit sa karaniwang kakayahan ng tao na ito ay makita, at kanya namang naunawaan, sa tulong ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, ang mga bagay na higit sa mundo ng pisikal. Ang kanyang punto ay upang sabihin sa kanila, at sa atin, na sa

kapangyarihan ng Diyos, nasumpungan niya ng presensya ng Diyos, nakita ang muling-nabuhay na Cristo, at hindi na siya magiging katulad nang dati sapagkat nabago nito ang kanyang buhay.[2]

Ang gayong kakaibang karanasan sa Daan patungong Damasco ay maaaring maging sanhi upang ang isang tao ay maging mapagmataas at maging mayabang sa espiritu. Kaugnay sa kaalamang panganib na maaaring dala nito, at upang maiwasan ang pagkatisod sa walang kabanalan na pagmamataas, idinagdag ni Pablo na siya ay binigyan ng isang "tinik sa laman" (12.7). Hindi ganap na malinaw ang pinagmulan o ang mga detalye ng salitang tinik na ginamit. Hindi natin alam kung ang suliraning tinutukoy dito ay pisikal, emosyonal, o sa pakikipag-ugnayan.[3] Ang malinaw dito ay naging isang mabigat na pasanin ito para kay Pablo na tinukoy niya bilang "isang sugo ni Satanas upang pahirapan ako" at ipaalala sa kanya ang kanyang kahinaan (12.7). Nakiusap siya sa Diyos na alisin ito, tanggalin ang kanyang kakulangan—at gawin siyang mas malakas at mahusay na pinuno para sa iklesia. Bago natin tuklasin pa ang salitang tinik, tandaan natin na isang matatag na tao si Pablo. Hindi siya mahina sa espiritu. Detalyadong inilarawan ni Pablo ang kanyang mga pagdurusa bilang isang apostol:

> Naranasan ko rin ang labis na hirap at pagod, malimit na pagpupuyat, at matinding gutom at uhaw. Naranasan ko ang ginawin ngunit wala man lamang maibalabal. Sa malimit kong paglalakbay, nalagay ako sa iba't ibang

---

2. Douglas Ward, "The 'Third Heaven,'" *The Voice: Biblical and Theological Resources for Growing Christians*, 2018, https://www.crivoice.org/thirdheaven.html. Pinaninindigan ng maraming mga iskolar na ang pangitain na inilalarawan ni Pablo sa 2 Mga Taga-Corinto ay mula sa Daan sa Damasco nang kanyang makatagpo ang Cristong nabuhay muli.

3. Ipinapalagay ng ilan na ang tinik ni Pablo sa laman ay pisikal: isang kondisyon sa balat, matinding problema sa paningin, o epilepsy. Sinasabi naman ng iba na ang tinik ay ang memorya ng kanyang nakaraan bilang isang tagausig ng iklesia at ang mga mga relasyonal na paghihirap na maaaring mangyari sa mga Hudyong Kristiyano.

> panganib sa mga ilog, sa mga tulisan, sa mga kapwa ko Judio at sa mga Hentil; mga panganib sa lunsod, sa ilang, sa dagat, sa mga nagpapanggap na mananampalataya. Tatlong ulit kong naranasang hagupitin ng mga Romano, at minsan namang binato. Tatlong beses kong naranasang mawasak ang barkong aking sinasakyan, at minsa'y maghapo't magdamag akong lulutang-lutang sa dagat. Limang beses akong tumanggap ng tatlumpu't siyam na hagupit mula sa mga Judio. Nagsasalita akong parang isang baliw, ngunit ako'y mas mabuting lingkod ni Cristo kaysa kanila. Higit ang aking paghihirap kaysa sa kanila; makailang ulit akong nabilanggo, hinagupit nang maraming beses, at madalas na nabingit sa kamatayan.[4]

Hindi pa binanggit sa sinabi ni Pablo ang nagpapatuloy na panggigipit at pagkabalisa sa kanyang pakikitungo sa mga iklesiang may suliranin at sa mga hindi mapagtiis na kasapi ng iklesia!

Basahin muli ang listahan ng mga pagsubok na dinanas ni Pablo. Tiniis niya ang lahat nang iyon at marami ang mas higit pa (bigla kong naisip ang mga kagat ng ahas). Naiisip mo na ba na hindi tulad ng isang maselang bulaklak si Pablo o isang reklamador na magaling magpalusot? Pinapalagay nito na anuman ang tinik na tinutukoy ni Pablo, hindi ito isang bagay na walang halaga sa kanya. Hindi kukulangin sa tatlong beses, ibinunyag ni Pablo, umapela siya sa Diyos na alisin ang tinik (isang biblikal na paraan ng pagsasabi: "Patuloy lang akong humihiling"). Pinararating sa atin ni Pablo na naranasan niya ang isang matinding panganib. Dala niya ang isang pasanin na dumudurog sa kanya, at ramdam na ramdam niya ang pagkadapa sa bigat ng kanyang dinadala. Hindi ito isang maliit na bagay sa paningin ni Pablo, at nanalangin siya ng kagalingan. Sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin ngunit hindi sa

4. Peterson, *The Message*, 2 Corinthians 11.23–27.

paraang inaasahan niya: "Hindi, Pablo, hindi ko aalisin ang tinik sa iyo, ngunit ito ang dapat mong malaman: ang pagpapala ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina" (2 Mga Taga-Corinto 12.9). Mas malakas ka sa mga pinakamahina mong sandali na kasama kita kaysa sa iyong pinakamalakas na sandali na wala ako. Ang aking lakas ay nahahayag sa iyong kahinaan.

## Sapo ng mga bisig ng Diyos

Sapat na kagandahang-loob ng Diyos ang paraan ng Panginoon upang sabihin sa atin, "Kapag nasa dulo ka na ng iyong lakas, ibibigay ko sa iyo ang aking lakas. Kapag naubos na ang iyong lakas, pasisiglahin at bubuhayin ka ng aking lakas. Kapag hindi ka na makapagpatuloy, bubuhatin at dadalhin kita. Magpahinga ka sa aking mga bisig panandali."

Mayroong isang tanyag at kilalang kanta na patula na pinamagatang "*Footprints in the Sand.*"

> Isang gabi, nanaginip ang isang lalaki. Napangarap niyang naglalakad siya sa may dalampasigan na kapiling ang Panginoon. Lumitaw mula sa kalawakan ang mga kaganapan mula sa kanyang buhay. Sa bawat kaganapan, nakapuna siya ng dalawang pangkat ng mga yapak sa buhangin; sa kanya ang isang tambalan, at sa Panginoon ang isa pa.
>
> Noong lumitaw sa harapan niya ang huling kaganapan ng kanyang buhay, muli niyang tiningnan ang mga bakas ng mga paang nasa buhanginan. Napansin niya na maraming ulit sa kahabaan ng daanan ng kanyang buhay na mayroon lamang isang pangkat ng mga yapak. Napansin din niya na nangyari ito sa pinakamababaaba at pinakamalulungkot na mga panahon sa kanyang buhay.
>
> Talagang ikinababahala niya ito at tinanong niya ang Panginoon hinggil dito. "Panginoon, sinabi mo na kapag nagpasya akong

> sumunod sa iyo, palagi kang maglalakad na kapiling ko. Subalit napuna kong sa panahon ng pinakamasuliraning mga panahon sa aking buhay, mayroon lamang isang pangkat ng mga yapak sa buhangin. Hindi ko maunawaan kung bakit iiwanan mo ako sa panahong kailangan kita."
>
> Tumugon ang Panginoon, "Pinakamamahal kong anak, iniibig kita at hindi ko magagawang lisanin ka kailan man. Sa panahon ng iyong mga pagsubok at paghihirap, noong makita mo ang isang pangkat lamang ng mga bakas ng mga paa sa buhangin, ito ang panahong pinapasan kita."

Kung mailalarawan ang naghahanap na kagandahang-loob ng Diyos sa isang larawan, magiging katulad ito ng isang pastol na naghahanap, isang amang naghihintay, isang halik na gumigising. Kung ang nagliligtas na kagandahang-loob ng Diyos ay isang larawan, magiging katulad nito ang isang yakap, isang pagkupkop, at pakikipagkasundo. Kung ang sapat na kagandahang-loob ng Diyos ay isang larawan, magiging katulad nito ang isang tao na binubuhat ng mga banal na bisig.

Higit pa sa isang talinghaga ang "*Footprints in the Sand*"—ito ay isang tunay na kasaysayan ng buhay na aking narinig nang paulit-ulit. Sa mga taon na ako'y naging pastor, may mga tao sa aking mga kongregasyon na dumaranas ng matinding pagdurusa at kalungkutan—at labis akong namamangha kung paano sila nagkaroon ng lakas ng loob na gumising sa umaga; mga taong suko na, na para kay Eugene Peterson, "Nararamdaman ko ang kanilang kawalan ng pag-asa sa aking mga buto."

Pagkatapos ay maririnig kong sasabihin nila, "Pastor, hindi ko ito maunawaan. Wala itong katuturan. At pakiramdam ko ay"—para bang ako ay nadadala sa kanilang mga sinasabi. "Labis akong nalulungkot sa pagkawala ng aking mahal sa buhay, sa karamdamang ito, sa pagtataksil na ito, at hindi ko na alam ang aking gagawin,

ngunit may kapayapaan sa aking isipan at kapanatagan na hindi ko maipaliwanag. Parang may mga bisig na nakasapo sa akin." Isang bakas ng paa: sapat na kagandahang-loob ng Diyos.

Kung may isang bagay na aking natuklasan pagdating sa pagdurusa, ito ay sa pamamagitan ng sapat na kagandahang-loob ng Diyos na mananatiling isang katotohonang intelektuwal hanggang sa kailanganin natin ito. Maaaring nasa isip ng isang tao ang isang bagay nang wala sa kanyang puso. Maipapaliwanag lamang ito kapag ito ay naranasan na, at ito ay kanyang mapagtitiisan. Iyan ay ang sapat na kagandahang-loob ng Diyos. Kausap ko ang isang kaibigan kamakailan lamang na nagsabing, "Hindi ko alam kung ano ang aking gagawin kapag nawala ang isa sa aking mga anak. Wala akong lakas upang magpatuloy."

Sumagot ako, "Tama ka. Wala kang lakas ngayon dahil hindi mo pa iyon nararanasan. Sana nga ay hindi mo maranasan iyon, ngunit kung sakaling mangyari iyon, sapat ang kagandahang-loob ng Diyos."

## "Sapat lang" na kagandahang-loob ng Diyos

Ang sapat na kagandahang-loob ng Diyos ay kung ano lang ang kailangan mo ngayon. "Sapat lang" para sa pang-araw-araw. Ito ay tulad ng mana sa ilang. Nasa isang paglalakbay sa ilang na lugar ang mga tao ng Diyos. Kakaunti ang pagkain at maliban kung magbigay ang Diyos, mamamatay sila sa gutom, kaya pinaulanan sila ng Diyos ng tinapay mula sa langit. Tuwing umaga sa kanilang paggising, nasa lupa sa labas ng kanilang mga tolda ang mana, bago para sa araw na iyon. Hindi nila ito pinaghirapan, pinagtrabahuhan, o binayaran. Nariyan ito bilang isang kaloob mula sa kamay ng Diyos. Ang kailangan lang nilang gawin ay tipunin ito. Ang isang kondisyon ay hindi nila ito maaaring iimbak. Hindi nila maaaring punuin ng mga matatamis na tinapay ang isang lata at itago ito para sa panahon ng tag-ulan. Hindi nila maaaring maitago ang mana sa ilalim ng kanilang mga higaan kung sakaling hindi sila bigyan ng Diyos sa susunod na

araw; kapag ginawa nila ang mga iyon, hindi magiging maganda ang kahihinatnan. Mapupuno ng uod ang mga mana at magiging pangpain sa pamimingwit ng isda. Dapat lamang silang maniwala na ibibigay ng Diyos ang lahat ng kanilang pangangailangan sa ngayon, at magtiwala na gagawin muli ng Diyos ang parehong bagay para sa bukas. Ang kanyang mga habag ay bago tuwing umaga.

Iyon ang sapat na kagandahang-loob ng Diyos. Hindi ito maiiimbak para bukas. Sapat na ito para sa ngayon. Ibinibigay sa atin ng Diyos ang lahat ng pangangailangan natin ngayon at iyon ay sapat na. Ang para sa bukas ay sapat na din. Ito ay ang "kahit ano pa ang pangangailangan mo, ako nga" na kagandahang-loob ng Diyos na bubuhat sa atin kapag hindi na tayo makapagpatuloy pa. Hindi kataka-taka na tiwalang sinabi ni Pablo, "Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang lalo kong madama ang kapangyarihan ni Cristo. Dahil kay Cristo, walang halaga sa akin kung ako ma'y mahina, kutyain, pahirapan, usigin at magtiis. Sapagkat kung kailan ako lalong mahina, saka naman ako nagiging malakas" (2 Mga Taga-Corinto 12.9–10).

## Ang humahawak na kagandahang-loob ng Diyos

Ilang taon na ang nakalilipas, napansin ng isang pastor sa Pennsylvania ang isang lalaki pagkatapos ng pananambahan na may nakalagay na isang *bulldog pin* sa kanyang jacket. Hindi alam ng pastor na ang lalaki ay nagtatrabaho para sa isang kumpanya ng *trucking* na ang *logo* ng negosyo ay isang *bulldog*, kaya walang muwang niyang tinanong ang lalaki, "Ano ang sinasagisag ng *bulldog pin* sa iyong *jacket*?"

May kislap sa kanyang mata, pilyong sumagot ang lalaki, "Alam mo Pastor, sumasagisag ang *bulldog pin* na ito sa tibay nang hawak ko kay Jesu-Cristo."

Sumagot ang pastor, “Ito ay isang magandang simbolo—ngunit masamang teolohiya.” Nagulat ang lalaki at nagtanong, “Ano ang ibig mong sabihin?”

“Hindi ito dapat ang paninindigan ng simbolo sa pagiging matatag mo kay Jesu-Cristo,” paliwanag ng pastor. “Ito dapat ang paninindigan para sa pagiging matatag ng paghawak sa iyo ni Jesu-Cristo.”

Sa mga mahihirap na pagkakataon, ang pananampalataya ay hindi kung gaano tayo kalakas o kung gaano tayo nananampalataya. Nararanasan ang pananampalataya sa pinakamadilim na sandali kung saan nahahayag ang kapangyarihan ng Diyos. Anuman ang ating pinagdaraanan sa paglalakbay, sapat ang kagandahang-loob ng Diyos upang tayo ay kanyang akayin, at upang maranasan natin ang kanyang malalim na pag-ibig. Alalahanin natin na “kahit ano pa” ang mangyari, tayo ay matatag na hawak ni Jesu-Cristo at hindi niya tayo bibitawan.

Isang kaibigang babae sa isang iklesia kung saan ako ay nagpastor ang biglang nagkasakit. Pinayuhan siya ng mga doctor na sumailalim sa iba’t ibang mga pagsusuri upang makita kung ano ang kanyang karamdaman. Natuklasan nila na mayroon siyang isang bihirang kondisyon na nagiging sanhi ng pagkakaroon ng matinding *allergic reactions* sa kanyang katawan anuman ang kainin niya. Ito ay seryoso at maaari niyang ikamatay. Noong mga panahong iyon, ang kanyang asawa ay na-*deploy* sa Afghanistan upang tumugon sa isang tungkuling militar. Ipinasok ang babae sa ospital at kailangang dumaan sa isang pagsusuri na inaasahan nilang magkakaroon ng matinding *allergic reaction* na magdudulot ng pansamantalang pagtigil ng kanyang paghinga. Walang sino man ang nais makakita kung ano ang magiging reaksyon, lalo pa na alam ng babae na mangyayari ito. Sinabi niya sa akin, “Pastor, takot na takot ako at awang-awa sa aking sarili at nagtatanong kung bakit nangyayari sa akin ito. Bukod pa dito, wala ang aking asawa sa aking tabi sapagkat milya-milya ang

kanyang layo mula sa akin. Natatakot ako at pakiramdam ko ay nag-iisa ako."

Dumating ang oras ng pagsusuri. Labis ang kanyang takot: "Alam ko na ngayon kung ano ang ibig sabihin ng salitang 'hindi makakilos sa takot.' Literal na hindi ako makagalaw at maka panalangin. Hindi pa ako kailanman naka panalangin nang husto. Ang tanging panalangin lamang na nasabi ko ay, 'Diyos ko, tulungan mo ako.'"

Kinausap niya ang nars na magbibigay ng pagsusuri at nagtanong, "Ikaw ba ay isang Kristiyano?"

"Oo, ako nga ay isang Kristiyano," sagot ng nars.

"Maaari mo ba akong ipanalangin?"

Tumugon ang nars nang walang pag-aalangan, "Oo naman, bakit hindi," at nanalangin siya ng simpleng panalangin para sa kanyang kagalingan.

Nang maglaon sinabi sa akin ng aking kaibigan, "Habang ipinapanalangin ako ng nars, nakadama ako ng hindi malirip na kapayapaan na tila ipinatong ng Diyos ang kanyang mga kamay sa akin at itinaas ako sa kanyang presensya" (ginamit niya ang mga salitang iyan). "Alam kong kasama ko ang Diyos, at biglang nawala ang takot ko."

Inumpisahan na siyang suriin at sa pagkamangha ng lahat, walang reaksyon na nangyari sa kanyang katawan. "Pastor, bigla kong naramdaman ang naguumapaw na kagalakan. Ganap na kagalakan. Kung puwede lang akong sumayaw, sasayaw ko!"

Sa sandaling iyon, hinubad ng kanyang nars ang *radiation vest* na kanyang suot, at nakakuwintas sa kanyang leeg ang isang malaking palawit na krus.

May luha sa kanyang mga mata habang inaalala niya ang pangyayaring iyon, sinabi sa akin ng aking kaibigan, "Natauhan ako, palagi ko palang kasama ang Diyos—hindi ko lang siya nakikita. Hindi ko maramdaman ang kanyang presensya, ngunit nandoon

siya sa lahat ng pagkakataon. Kahit na ang aking asawa ay nasa Afghanistan, si Cristo ang aking kasama at gabay nang panahong iyon."

Kasabay ng paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos, ang sapat na kagandahang-loob ng Diyos ang humahawak sa atin sa iba't ibang mga paraan, ngunit ang isa sa pinakamahalagang paraan ay sa pamamagitan ng katawan ni Cristo. Hindi dapat natin ikagulat na kapag tayo ay nananalangin sa Diyos sa gitna ng sakit o kalungkutan, ang katugunan ay dumarating sa pamamagitan ng isang tawag sa telepono mula sa isang kasapi ng ating iklesia na magsasabing, "Mahal kita. Ipinagdarasal kita. Ang Panginoon ay sumasa iyo." Minsan sa pagtungo natin sa pagtitipon sa iklesia, dala-dala natin ang tila mabigat na pasanin, at pagkatapos ay aakbayan tayo ng isang kapatid kay Cristo at sasabihing, "Palagi kang nasa aking isipan nitong mga nakaraang araw. Nais kong malaman mo na mahal ka namin at ipinapanalangin ka namin." At tulad ng isang himala, madarama natin ang walang hanggang presensya ni Jesus na nagbibigay ng kalakasan sa pinakamahirap na sandali ng ating buhay.

Noong maliit pa ang isa sa aking mga anak na babae, natatakot siya sa dilim. Patutulugin namin siya ng aking asawa sa kama at sasabihin, "Huwag kang matakot. Narito si Jesus kasama mo."

Sasagot siya, "Okay, Mommy, Daddy. Hindi ako matatakot." Subalit hindi pa nagtatagal, maririnig namin ang katok sa pinto ng aming kwarto. "Mommy, Daddy alam kong kasama ko si Jesus, ngunit ang kailangan ko ay isang katulad ninyo."

Tama siya. Minsan kailangan natin ng isang taong katulad natin. Iyon ang mga kapatiran kay Cristo–ang pamayanang Kristiyano kung saan nakikita sa kanilang buhay ang patotoo ni Jesus. Sa pamamagitan ng presensya ng mga kapatiran na puno ng walang hanggang kahabagan at pag-ibig, nadarama natin ang pagyakap at tulong ng Diyos.

## Pagtitiis, pag-uugali, at pag-asa

Ang sakit at pagdurusa ay mga bagay na karaniwang nais nating iwasan. Hindi masamang maghangad ng kaginhawahan at kalusugan. Gayunpaman nalalaman din natin na makasusumpong tayo ng kagalakan, at maging pag-asa, sa masasakit at nakalulungkot na mga pangyayari sa ating buhay sapagkat nalalaman natin na sa ating mga kahinaan, inihahayag ni Jesus ang kanyang kapangyarihan. Sa isa pang liham sa mga Kristiyano noong unang siglo sa bansang Roma, sinabi ni Pablo, "Ikinagagalak din natin ang mga kahirapang ating tiniis, dahil alam nating ito'y nagbubunga ng pagtitiyaga. At ang pagtitiyaga ay nagbubunga ng katatagan, at ang katatagan naman ay nagbubunga ng pag-asa. At hindi tayo binibigo ng pag-asang ito sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos na sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob sa atin ng Diyos" (Mga Taga-Roma 5.3-5). Muli, tinukoy ni Pablo ang kabutihan at pagbabago na mga katangian sa pagiging kawangis ni Cristo.

Una, ang pagdurusa ay nagbubunga ng pagtitiis. Hindi nagkataon lang o itinakda ng kapalaran ang mga suliranin, pagkabahala, at pagsubok na makatutulong sa ating layunin (*telos*) na maging kawangis ni Cristo. Sa orihinal na wika ng Bagong Tipan, ang "pagtitiis" ay ang salitang *hypomone*, na nangangahulugan ng katatagan kahit ano pa man ang mangyari—maging matatag kahit na dumarating ang mga suliranin at pagkabahala sa buhay. Ang mga kahirapan ay nagbubunga ng pagtitiis, at ang pagtitiis ang nagtutulak sa atin upang sabihing, "Hindi ako susuko, anuman ang mangyari." Katulad ito ng pagtakbo sa malayong distansya. Nararamdaman mong bumibigat ang iyong mga binti, nauubusan ka ng hininga, kumakabog ang iyong dibdib na parang gustong sumabog, at gusto mo nang sumuko. Sa kabila nito, alam mong kailangan mong magpatuloy sa pagtakbo upang makamit ang minimithi mong lakas. Ang tawag diyan ay

*hypomone*—pagtitiis sa kabila ng paghihirap. Nagagalak tayo sa ating mga suliranin at pagsubok na nagbubunga ng pagtitiis at pagtitiyaga.

Pangalawa, ang pagtitiis ay nagbubunga ng magandang pag-uugali. Orihinal na tumutukoy ang salitang Griyego na *dokime* sa isang metal na pinino at tinanggal ang lahat ng mga dumi at kalawang. Nagbubunga ng pagtitiis ang mga suliranin at pagsubok, at ang pagtitiis ay nagbubunga ng magandang pag-uugali. Sa bawat antas ng lipunan, lubhang kinakailangan ngayon ang magagandang pag-uugali. Binigyang diin ni Richard John Neuhaus ang puntong ito: "Na tayo ay mga bagong nilalang kay Cristo ay isang kaloob ng Diyos; ang pagkakaroon ng magandang katangian ay ang pagsasakatuparan ng kaloob na iyon. Kinakailangan nito ng pagpapahalaga sa mga nagiging karanasan natin sa araw-araw, mga aspeto ng pananaw sa paglalakbay ng Kristiyano."[5] Patuloy ni Neuhaus: "Ang pagkakaroon ng magandang pag-uugali ay nagbubunga ng lakas ng loob at kagandahang-loob ng Diyos na mamuhay nang maayos kung saan hindi ito nararanasan nang karamihan"[6] Hindi nakukuha sa ibang tao ang matibay na pag-uugali. Ang pagkakaroon ng pagsubok sa mga sitwasyon sa buhay ay nagbubunga ng pagtitiis, at ang pagtitiis kapag ipinamuhay nang matuwid, ay magbubunga ng integridad at malalim na katangian.

Pangatlo, ang magandang pag-uugali ay nagbubunga ng pag-asa. Ang pag-asa ay ang tiyak na paniniwala na ang Diyos ay kasama natin anuman ang mangyari sa hinaharap, at sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos para sa kinabukasan. Ang pangunahing suliranin sa kasalukuyan nating panahon ay hindi ang labis na pag-aalala kundi ang kakulangan ng pag-asa. Sa katunayan, malinaw na sinabi ito ni Thomas Langford: "Hindi inaantala ng pag-asang ito

---

5. Richard John Neuhaus, *Freedom for Ministry* (Grand Rapids: Eerdmans, 1979), 90.

6. Neuhaus, *Freedom for Ministry*, 88.

ang para sa hinaharap; ito ay nagbibigay ng panibagong pagkaunawa tungkol sa nakaraan at tumutukoy sa buhay sa kasalukuyan. Tayo ay nabago ng pag-asang ito."[7]

Maaaring makatulong ang isang ilustrasyon upang lalo itong malinawan.[8] Isipin mo ang isang silid na puno ng mga *high school seniors*. Tinanong mo ang nasa kaliwa mo, "Kumusta ang huling taon mo sa *high school*?"

Sumagot ang estudyante: "Hindi ganoon kaayos. Bagsak ako sa maraming *subjects*, at kapag bumagsak pa ako sa isa, hindi ako makapagtatapos. Kailangan kong ulitin ang huli kong taon."

Tinanong mo siya ulit, "Ano ang nakikita mo para sa kinabukasan mo?"

"Umaasa akong makapagtatapos sa buwan ng Mayo at susubukan kong makapasok sa isang kolehiyo sa susunod na pasukan."

Isang babaeng estudyante sa bandang kanan naman ang iyong tinanong ng parehong katanungan. "Kumusta ang iyong pag-aaral sa iyong huling taon?"

"Ayos naman," sabi niya.

"Naisip mo bang mag-aral sa kolehiyo?"

"Siyempre! Natanggap na ako sa Harvard University. Naghihintay pa rin ako ng sagot mula sa Princeton, Stanford, at MIT, at ako'y umaasa."

"Napakahusay mong estudyante. Maaari mo bang sabihin sa akin kung pang-ilan ka sa iyong klase?"

"Sa anim na daang mag-aaral, pangalawa ako sa aking klase, na may 4.3 *grade-point average*."

"Wow! Iyan ay kahanga-hanga! Maaari mo bang sabihin sa akin kung ano ang score mo sa iyong SAT?"

---

7. Langford, *Reflections on Grace*, 107.

8. Narinig ko ang ilustrasyong ito sa isang sermon ni Rev. Dr. Thomas Tewell noong 1990s na pinamagatang "The Tenacity of a Bulldog."

"Ang *score* ko ay 780 sa matematika at 760 sa wika, 1540 ang *total score* sa lahat." (800 ang *perfect score* sa bawat kategorya.)

"Iyon ay halos kagaya ng *score* ko sa aking SAT," mabilis mong sinabi. "Ano ang nakikita mo para sa kinabukasan mo?"

"Inaasahan kong makapagtapos sa buwan ng Mayo at pagkatapos ay magpapatuloy akong mag-aral sa isa sa mga unibersidad upang maging isang *research scientist*."

Sa palagay mo, "makapagtatapos siya"? Walang kaduda-duda magagawa niya ito!

Nakita mo ba ang pagkakaiba? Ang unang estudyante ay hindi ganoon kalaki ang pag-asa; ang pangalawa naman ay malaki ang pag-asa na makakamit niya ang kanyang hinahangad. Hindi dapat ipinagpapaliban ang ganitong uri ng pag-asa. Tayo ay nababago ng pag-asang tulad nito. Minsan sinasabi ng mga tao, "Umaasa akong mahal ako ng Diyos at hindi niya ako tatalikuran. Inaasahan kong hindi ako pababayaan ng Diyos kapag hindi maganda ang sitwasyon. Inaasahan kong hahawakan ako ng Diyos at palalakasin sa pinakamadilim na oras." Nakabatay ang pag-asa ng Kristiyano sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap na pag-ibig na nakatuon sa krus ni Jesu-Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na muli. Hindi tayo nabigo ng pag-asang ito (Mga Taga-Roma 5.5). Nasa mahigpit na hawak tayo ng sapat na kagandahang-loob ng Diyos.

## Sa iyong mga kamay, ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu

Hindi sa nagkataon, naisulat ko ang kabanatang ito sa panahon ng pandemya ng *COVID-19*, isang kawalan ng katiyakan at may tiyak na pagdurusa. Ang Sabado de Gloria, isang araw bago ang Pasko ng Pagkabuhay ay inilaan para sa tahimik na pagninilay ng kadiliman ng libingan at kamatayan ni Jesus. Ang isa sa mga panalangin para sa araw na ito, ang Awit 31, ay naglalaman ng mga salitang sinabi ni Jesus mula sa krus bago siya namatay: "Ama, sa mga kamay mo'y

ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu" (Lucas 23.46). Mula ito sa Awit 31:5 na direktang binanggit ni Jesus; idinagdag lamang ang salitang *Abba* ("Ama").

Sa mga bagay na matututunan mula sa sinabing ito ni Jesus, ang isang napuna ko tungkol sa mga nangyayari sa panahon ng *COVID-19* ay ang malawak na pagkakaiba sa pagitan ng isang namatay at isang buhay na inialay. Nilinaw ito ni Jesus sa Ebanghelyo ni Juan: "Walang makakakuha ng aking buhay; kusa ko itong ibinigay" (10.18). Malaya at kusa niyang ibinigay ang kanyang buhay. Ang pagkamatay ni Jesus sa krus ay hindi isang malungkot na pagtatapos ng isang buhay na may pag-asa o isang nabigong layunin. Ito ang banal na layunin para sa lahat ng panahon. Sa pamamagitan ng krus tayo ay naligtas mula sa kamatayan at kapangyarihan ng kadiliman. Sa gayon, hindi ipinilit ang kanyang sakripisyo—ito ay kusang-loob niyang tinanggap para sa atin. Alam niyang nasa kamay siya ng Diyos, kaya masasabi niyang, "Sapagkat inialay ko ang aking buhay upang ito'y kunin kong muli" (10.17).

Dapat tayong magtanong, ang ating bang buhay ay ibinibigay o kinukuha? Mayroong isang malaking pagkakaiba sa pagitan ng dalawa, higit sa lahat tungkol sa usapin ng pagtitiwala. "Ama, sa mga kamay mo'y ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu" ay nangangahulugan na nagtitiwala tayo na ang ating buhay ay ibinibigay para sa isang bagay na mas malawak at mas mainam kaysa sa magagawa natin na hiwalay sa ating Ama sa langit. Masasabing pinakamahirap na sandali ng kanyang buhay ang ginawang panalangin ni Jesus sa hardin ng Gethsemane, isang matagal na niyang panalangin. Ang "sa iyong mga kamay" ay isang panalangin ng buong pagsuko, isang pagpapahayag na inaalis natin ang ating sarili mula sa kamay ng ibang tao at mga pangyayari—kasama na ang ating sariling mga plano at hangarin—at kusang loob na inilalagay natin ang ating buhay sa mga kamay ng Diyos. Sa katotohanang ito binibigyang

kahulugan nito muli ang mga karanasan ng ating buhay at kung nais nating pangalagaan at ayusin ng Diyos ang ating mga hakbang. Ang isa ay kinuha—ang isa naman ay inialay. Ito ay maaaring pagkawala o pagsuko.

Ipinakita sa atin ni Jesus ang kapangyarihan ng pagsasakripisyo. Sa pamamagitan ng pagsuko ng ating buhay sa Diyos, maaari nating gawing kapakinabangan ang isang bagay na kawalan. Nang sinabi ni Frederick Buechner na, "Gawing banal ang pagsasakripisyo ng isang bagay sa pamamagitan ng pagbibigay nito para sa pag-ibig," ang ibig niyang sabihin ay kahit na may isang taong sumusubok na kunin ito mula sa ating mga kamay, kahit na nararamdaman natin na wala ito sa ating kontrol, maaari pa rin tayong magpasya kung paano natin ito bibitawan.[9] Maaari pa rin nating buksan ang ating mga kamay sa huling sandali at ibigay kung ano sa tingin ng iba ang kinukuha mula sa atin at ang mga pangyayaring nawala sa atin. Maaari nating gawin itong may kabanalan sa pamamagitan ng pag-ibig at pagsuko sa Diyos.

Sa hindi kapani-paniwalang karanasan ng *COVID-19* pandemya, habang tumatagal ang mga araw at mga linggo, nararamdaman natin kaagad na parang may kinuha sa atin. Nakaramdam tayo ng takot, galit, walang katiyakan, at naalis mula sa ating mga komportableng pamumuhay. Kailangang mamili. Maaari tayong gumanap na biktima at sabihing, "May isang bagay na nawala sa akin," o maaari nating isuko ito sa Diyos at sabihing, "Ama, sa iyong mga kamay ay ipinagkakatiwala ko ang aking espiritu. Sinusuko namin ang aming sarili sa iyong mga plano at hangarin. Hindi kami ang nagmamay-ari ng aming buhay. Isinusuko namin ito sapagkat kami ay pag-aari mo, alang-alang sa pag-ibig upang pabanalin mo ito." Kailangan nating magtiwala bilang ating bahagi at ang kapalit ay

9. Frederick Buechner, *Wishful Thinking: A Seeker's ABC* (New York: HarperOne, 1973), 10.

ang ganap na kapayapaan sapagkat nalalaman natin na niluwalhati natin ang Diyos, na hindi nagkataon lang ang ating mga buhay at walang lakas na harapin ang hamon ng buhay. Sapo niya tayo sa kanyang bisig sa kabila ng mga paghihirap. Hindi madidiktahan ng isang pandaigdigang pandemya ang layunin at kahulugan ng ating buhay. Walang sinuman ang maaaring makakuha ng ating buhay—ibinibigay natin ito. Ito ang katotohanan ng ating pag-asa.

## Ang kagandahang-loob ng Diyos sa pagtangis

Hindi matatanggal ng sapat na kagandahang-loob ng Diyos ang lahat ng ating takot at pagdududa. Hindi natin ito maitatanggi: may mga katanungan pa din sa gitna ng pag-asa. Maaaring manampalataya kahit na maraming katanungan kaysa kasagutan. Maaaring magdalamhati at mapanatili ang pag-asa nang sabay. Hindi lamang ito possible—ito rin ay biblikal. Pagtangis ang tawag dito. Sa kabuuang 150 ng Mga Awit, may mga iba't ibang mga salmo, pasasalamat, tungkol sa mga hari at reyna, pagbangon, panaghoy, at pati na ang pagsumpa (mga panalangin natin kapag galit tayo). Nag-aalok sa atin ang mga salmo ng mga halimbawa mula sa Salita ng Diyos, at kung paano manalangin sa bawat situwasyon ng buhay.

Ang mga salmo ng pasasalamat (*hallel*—kung saan natin nakuha ang salitang (*hallelujah*) ay ang mga panalangin ng papuri kapag maayos ang ating buhay at nadarama natin ang malapit na presensya ng Diyos. Ang mga pagtangis na salmo, sa kabilang banda, ay ang mga panalangin na isinisigaw natin sa Diyos sa ating mga pasakit, kapag mahirap at hindi maayos ang buhay na walang katugunang natatanaw. Ang dalawang pangunahing tanong sa pagtangis ay, "Bakit ito nangyayari?" at "Gaano katagal ito magpapatuloy?" Hindi lamang pinapayagan ng Diyos ang mga ganitong uri ng mga katanungan, kapansin-pansin din na 70 porsyento ng mga salmo sa Biblia ay mga panalangin tungkol sa pasakit, hindi mga panalangin ng papuri—pagdalamhati, hindi *hallel*. Si Jesus mismo ay nanalangin

nang may pagtangis (Awit 22) sa panahon ng kanyang pagdurusa sa krus.

Hindi pag-aalinlangan ang pagtangis ngunit pagtitiwalala na malalim na nakaugat sa katapatan ng Diyos. Habang maaaring magsimula ang pagtangis bilang isang panalangin ng desperasyon, ang pinakamahalagang katangian nito ay ang malalim na pagtitiwala sa kalikasan, katauhan, at kapangyarihan ng Diyos na nararanasan natin sa kadiliman, kahinaan, at pagdurusa ng buhay. Ang pagtawag sa Diyos na may pagtangis ay lubos na pagtitiwala at ganap na pagsuko sa isang Diyos na tila malayo ngunit palagi nating kapiling.

Mayroon akong isang kaibigan na na-*diagnose* ng isang bihirang uri ng *cancer*. Dahil sa hindi pangkaraniwang sakit, sinubukan ng kanyang mga doktor ang iba't ibang uri ng *therapy*, na karamihan ay eksperimento. Nakalulungkot na sa kabila ng pinakamahusay na pangangalaga at kaalaman sa siyensiya, patuloy na kumalat ang *cancer* sa kanyang katawan. Isang araw, pagkatapos ng isa pang hindi magandang balita tungkol sa kanyang sakit, sinulat ng kanyang asawa ang patotoong ito at inilagay sa *Facebook:* "Habang lumiliit ang pag-asa sa patuloy na gamutan ng aking asawa, ang pagpapatunay ng presensya ng Diyos ay lalong lumalawak." Isang tunay at matuwid na pagpapahayag ng pagtangis at pag-asa sa sapat na kagandahang-loob ng Diyos.

Higit na malakas tayo sa ating pinakamahinang sandali kapag kasama natin ang Panginoon kaysa sa ating pinakamatibay na sandali na siya ay wala. Ang katiyakang ito ang pinanghahawakan natin para sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos: lalong nahahayag ang kanyang kapangyarihan kung tayo ay mahina. Hindi tayo binibigo ng pag-asang ito. Mula kay apostol Pedro, narito ang panghuling salita tungkol sa sapat na kagandahang-loob ng Diyos: "Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos, na siyang pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala, ang siyang magbibigay sa

inyo ng kaganapan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag. Siya ang tumawag sa inyo upang makibahagi kayo sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian, kasama ni Cristo" (1 Pedro 5.10).

# PANGHULING SALITA: SI JESU-CRISTO AY PANGINOON

*Ang isang buhay na lubos na nakatuon sa Diyos ay may higit na mahalaga sa Kanya kaysa sa isang daang buhay na pinukaw lamang ng kanyang Espiritu.*
*—Oswald Chambers*

Napakaraming nagbago sa nakaraang mga daang taon. Isipin mo kung ikaw ay ipinanganak noong 1920 at buhay pa din sa taong 2020. Sa isang siglo ang konteksto ng kultura sa bawat rehiyon ng mundo ay nabago mula sa mga bagay na pang-industriya patungo sa impormasyon (*Gutenberg* hanggang sa *Google*), mula sa kanayunan patungo sa lungsod, at mula sa modernong pag-iisip patungo sa postmodernong (*postmodern*) pag-iisip. Ang mga ito ay bahagi ng proseso na naging katanggap-tanggap subalit nanatiling hindi nagbabago sa nakaraang limang daang taon. Ang isang nakagawian na patuloy na pagbabago (na kung saan ay may nabuo mula sa pinanggalingan nito, samakatuwid ito ay maaaring asahan, hintayin, at pamahalaan) sa kalahati ng isang sanlibong taon ay naganap tungo sa isang sitwasyon na mabilis, walang pagtutuloy na pagbabago

na mapag-gambala at hindi inasahan.[1] Karamihan ay hindi alam ang gagawin.

Ang mga malalaking pagbabagong ito ay nakalikha ng mga bagong sitwasyon na naging hamon sa mga dating palagay kung paano gumagana ang mundo. Bilang resulta, ang *ecclesiology* (ang likas na katangian at istraktura ng iklesia) at *missiology* (kung paano nakikilahok ang iklesia sa misyon ng Diyos), dahil sa pangangailangan ay lubos na umangkop nang hindi nailagay sa kompromiso. Gayunpaman, ang nananatili sa mabilis na panahong ito at walang tigil na pagbabago ay ang walang hanggang paniniwala na si Jesus ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay—o sa mga salita ng mga pinakaunang mga Kristiyano: "Si Jesu-Cristo ay Panginoon."

Kung sino ang itinuturing natin na "Panginoon" ay isang malaking batayan para sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Kung sasabihin nating, "____________ [lagyan ito ng salita] ay 'panginoon'" (hindi mahalaga kung ito ay tao, bagay, o sarili), binabago nito ang buong pangyayari, kasama na ang pangunahing layunin at ang kalalabasan. Ngunit kung tayo ay tunay na naniniwala na si Jesu-Cristo ay Panginoon, itinalaga na may walang katapusang layunin, mayroon lamang isang tamang tugon: *pagdidisipulo*. Ipinaaalala sa atin ni Richard John Neuhaus na ang pagiging panginoon ay "hindi lamang isang pagpapahayag ng katotohanan ngunit isang personal na pangako at pangkalahatang katapatan."[2] Dahil si Jesu-Cristo ay Panginoon, nais nating maging kawangis niya. Nais nating gawin ang ginawa ni Jesus at mamuhay tulad ng ginawa niya. Iyon ang kahulugan ng pagdidisipulo ng mga Kristiyano at ito pa rin ang paraan nang pag-abot ni Jesus sa kanyang iklesia.

---

1. Alan J. Roxburgh, *The Missional Leader: Equipping Your Church to Reach a Changing World* (San Francisco: Josey Bass, 2006), 7.

2. Neuhaus, *Freedom for Ministry*, 98.

Ayon sa nakahihimok na argumento ni Dallas Willard, ang Bagong Tipan ay isang koleksyon ng mga aklat tungkol sa mga disipulo, na ginagawa ng mga disipulo, at para sa mga disipulo ni Jesu-Cristo.[3] Kaya ang layunin ng pagdidisipulo ay hindi pagpapatunay ng sarili ("Kailangan kong hanapin ang aking tunay na sarili at kung ano ang pinakamahusay para sa akin") o pagsuko sa mga pwersa ng determinismo ("Hindi ko mapigilan ang sarili ko; ganyan lang talaga ako."). Sa katunayan, mula sa pananaw ng Kristiyanismo, ang pagiging totoo sa sarili ay pagtugon sa tawag ng Diyos Ama na maging muling kawangis ng kanyang Anak. Ang pagsunod kay Jesus at maging kawangis niya ay layunin na kailanman hindi natin pagsisisihan sa paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos. Sinabi ng manunulat ng Ebanghelyo na si Juan, kawangis ni Jesus ang kanyang Ama at kumikilos syang katulad ng kanyang Ama: "Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama" (14.9), at si Jesus ay ang Salitang nagkatawang-tao at nagmula sa kanyang Ama na puno ng kagandahang-loob ng Diyos at katotohanan (1.14). Kung sino si Jesus at kung ano ang kanyang ginagawa ay isang katotohanan na nagsasabi ng mahahalagang punto para sa likas na katangian ng ating pagdidisipulo.

Taliwas sa pag-iisip ng nakararami, ang Diyos ay hindi isang matandang lalaki na may isang mahaba, puting balbas na parang nakakalokong kumakaway at nagsasabing, "Hindi mahalaga kung ano ang ginagawa nila; nais ko lang na masiyahan sila." Hindi rin ito tulad ng tila galit na Diyos, mapusok, at galit na Ama na hindi makapaghintay na magwala at manggulo ang kanyang mga anak upang maipakita ang kanyang galit at sila ay parusahan. Ang una ay

---

3. Willard, *The Great Omission*, 3. Inulit ni Willard na ang salitang "alagad" ay matatagpuan nang 269 beses sa Bagong Tipan, habang ang "Kristiyano" ay matatagpuan nang tatlong beses at ipinakilala upang tiyak na tumukoy sa mga disipulo ni Jesus sa Antioch (tingnan sa Mga Gawa 11.26).

kagandahang-loob ng Diyos na walang katotohanan—malumanay na pagpapakalinga nang walang pagpapakita ng apoy ng kabanalan, na humahantong sa mga walang pananagutan na pagpapahintulot. Ang pangalawa ay ang katotohanan na walang kagandahang-loob ng Diyos—walang habag na relihiyoso na humahantong sa mahigpit na ligalismo na may pagpapakita ng hindi lubos na pag-ibig. Hindi madaling mapanatili ang balanse sa pagitan ng kagandahang-loob ng Diyos at katotohanan, ngunit dapat silang paigtingin para sa integridad ng kabanalan ng pag-ibig.

Isang katotohanan na maraming tao sa ating mga iklesia na Kristiyano lang sa pangalan ngunit hindi mga disipulo ni Jesu-Cristo na siyang Panginoon. Ito ang malaking suliranin ng iklesia ngayon. Ang pagdidisipulo (isang pag-aaral kung paano mamuhay sa kaharian ng Diyos tulad ng ginawa ni Jesus) ay nagiging opsyonal, maliban sa ilang mga radikal sa atin. Ito ay nakapipinsala—hindi lamang dahil sa nagpapanatili ito ng ideya na si Jesus ay maaaring maging iyong Tagapagligtas nang hindi mo Panginoon, at ipinapalagay din nito na ang kagandahang-loob ng Diyos ay ibinibigay upang tanggapin kung ano man tayo subalit walang kinalaman kung ano ang mangyayari sa atin.

Ang obserbasyon ni C.S. Lewis na "hindi iniisip ng Kristiyano na mamahalin tayo ng Diyos dahil tayo ay mabuti ngunit gagawin tayo ng Diyos na mabuti sapagkat mahal niya tayo" ay isa pang paraan upang masabing mahal tayo ng Diyos kung ano man ang ating kalagayan, ngunit mas labis ang kanyang pagmamahal sapagkat hindi niya tayo iiwan sa ganoong kalagayan. Ang pag-ibig ng Diyos ay banal na pag-ibig, kaya't mahalaga ang lahat ng uri ng tao sa Diyos. Ang banal na pag-ibig ay puno ng kagandahang-loob ng Diyos at katotohanan. Ang banal na pag-ibig ay nagtataboy sa isang kagandahang-loob na walang halaga. Ang banal na pag-ibig ang nagiging batayan at

paraan para sa pagdidisipulo. Kinakailangan ng banal na pag-ibig upang pasanin natin ang ating krus at sumunod kay Jesus.

Kung ang pagpapasan ng ating krus ay tila isang mensahe na mahirap nating maunawaan o maipamuhay sa ating kapanahunan, bigyan ng masusing pag aaral ang alternatiba sapagkat mapanganib ito: ang mga nabubuhay nang walang direksyon at kabuluhan ay nabubuhay para sa sarili lamang: relihiyon na walang relasyon. Hindi ko makalimutan ang mga komento ni Dallas Willard tungkol sa kabayaran o dulot ng "hindi-pagdidisipulo" (sarili niyang salita):

> Ang kapalit ng hindi pagdidisipulo ay higit na malawak… kaysa sa kapalit ng paglakad kasama si Jesus. … Ang kapalit nang hindi pagdidisipulo ay kawalan ng kapayapaan, ng isang buhay na binabalot ng pag-ibig, pananampalataya na nakikita ang lahat ng pamamahala na Diyos para sa mabuti, pag-asa na tumatayo sa mga pinakamahirap na mga pangyayari, kapangyarihan na gawin kung ano ang tama at mapagtagumpayan ang mga masasamang puwersa ng kasamaan. Sa madaling sabi, ang kabayaran nang hindi pagdidisipulo ay ang tiyak na hindi pagkakaroon ng masaganang buhay na pinangako ni Jesus, na kanyang ibibigay (Juan 10.10). Ang hugis-krus na pamatok ni Cristo ay isang paraan ng pagpapalaya at kapangyarihan na ipinamumuhay ito kasama niya at matutunan nang may kahinahunan ng puso at kababaang-loob na nagdudulot ng kapahingahan sa kaluluwa.[4]

Ang pagdidisipulo ay isang paglalakbay sa kagandahang-loob ng Diyos na nagsisimula at nagtatapos kay Jesus, na siyang Daan, Katotohanan, at Buhay. Ang layunin ng pagdidisipulo ay sumunod kay Jesus habang tayo, sa pamamagitan ng kagandahang-loob ng Diyos, ay nagiging higit na kawangis niya. Ang paglalakbay ay pinasimulan at napananatili ng kagandahang-loob ng Diyos ngunit

4. Dallas Willard, *The Great Omission*, 8.

naisasakatuparan habang malaya tayong nakikipagtulungan kay Jesus bilang Panginoon.

Ang mga Kristiyano ay ipinapanganak; ang mga alagad ay ginagawa. Tinawag tayo upang maging kawangis ni Cristo.